# ANG SINING MILITAR NG DIGMANG BAYAN

## Piling mga Akda
## ni Heneral Vo Nguyen Giap

★

2012
Palimbagang Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas

# PAMBUNGAD

Naririto ang salin sa mga akdang militar ni Heneral Vo Nguyen Giap. Ang isinalin ay ang *Sining Militar ng Digmang Bayan - Piling mga Akda ni Heneral Vo Nguyen Giap* na inedit at binigyan ng introduksyon ni Russell Stetler, at inilimbag ng Monthly Review Press, New York, noong 1970.

Laman nito ang unang apat na artikulo ng nabanggit na libro. Ang iba pang artikulo ay titipunin ayon sa kabuluhan sa pagsusulong ng ating digmang bayan at ililimbag sa susunod na tomo.

Para mapahusay ang ating gawaing pagsasalin, mangyari lamang na ipaabot kung may mga puna at mungkahi sa salin at kung may mga panukalang ibang pormulasyon, gayundin kung may mga bahaging kailangang lagyan ng paliwanag.

Pambansang Kawanihan sa Salin-
Pambansang Kagawaran sa Edukasyon

# NILALAMAN

**Introduksyon 5**
**1. Ang mga Pinagmulan ng Hukbong Bayan 45**
**2. Ang Digma ng Pagpapalaya 1945-1954 99**
**3. Digmang Bayan, Hukbong Bayan 129**
**4. Dien Bien Phu 151**

# INTRODUKSYON

"Sa tunay na buhay", minsa'y tila patuyang sinabi ni Mao Zedong, "hindi tayo maaaring humiling ng 'laging matagumpay' na mga heneral".[1] Nagmumula ang partikular na realismong ito sa deka-dekada ng masikhay na pakikibaka kung saan sinusukat ang pag-unlad hindi alinsunod sa nakaugaliang estadistiko ng labanan o sa nakamit at nasakop na kalupaan kundi sa pagpupunyagi ng mga rebolusyonaryong pwersa, sa kanilang lubos na kakayahang manatili hanggang sa wakas. Gaya sa Tsina, ganoon din sa Byetnam: ang mga rebolusyonaryong pwersa ang lumitaw na matagumpay sa pamamagitan ng pagpapakita ng kanilang kakayahang maipagpatuloy ang matagalang digma. Naranasan ng Byetnam ang halos walang tigil na digmaan simula noong kalagitnaan ng dekada 1940, at palawak nang palawak na nagkabisa ang mga naghihimagsik. Sa mas malalim na pananaw, nakipaglaban ang Byetnam ng dalawang libong taon para sa kanyang kasarinlan. Malimit na tukuyin ng kanyang mga estadista ang mahabang kasaysayang ito ng digma ng pagtatanggol at ginagawa nila ito hindi lamang para sa higit na epektong panretorika. Mula sa mahabang kasaysayang ito, umunlad ang isang katangi-tanging syensyang militar na may tuwirang kabuluhan sa kasalukuyang sitwasyon.

Sa lahat ng digma ng Byetnames, nilabanan nila ang isang kaaway na mas makapangyarihan, sa bilang man tulad sa kaso ng sinaunang Tsino, o sa teknolohiya tu-

1 Sinipi sa *Digmang Bayan: Ang Kalagayan at mga Bunga nito sa Tsina at sa Timog-Silangang Asya* ni J. S. Girling (London, 1969), p. 58.

lad sa kaso ng kasalukuyan nilang mga kalaban. Hindi kailanman naging mabisa ang isang estratehiya ng pasibong depensa kung saan umaasa ang sinuman sa mga muog, at itinuturing ang mga rekursong materyal at kalupaan bilang mga layunin mismo. Dumanas ang mga Byetnames ng kanilang sariling Dien Bien Phu lima't kalahating siglo bago ang mga French, nang bumagsak ang di magagaping muog ng Da Bang sa interyor ng Thanh Hoa sa ilalim ng pagkubkob ng Tsino. Malinaw na malinaw ang mga karaniwang katangian ng matatagumpay na digma ng pagtatanggol. Sumalig ang lahat sa taktikal at kadalasa'y estratehikong pleksibilidad. (Ipinaliwanag nang mabuti ang konseptong ito sa unang Byetnames na manwal ng propesyong militar noong ika-13 siglo!) Ginamit ng lahat ang natural na mga bentahe ng kalupaan at kapaligiran para pahintulutan ang isang makilos na depensa. Ginamit ng lahat ang haba ng panahon sa bentahe ng pagtatanggol, sa pagpapaunlad ng malalakas na pwersa sa isang matagalang digma upang malagay sa isang mapagpasyang pusisyon sa kritikal na panahon. Lahat ay nagkaroon ng popular na katangian na nakabase sa suporta ng uring magsasaka sa pamamagitan ng isang pangkalahatang mobilisasyon. (Umiral sa Byetnam mula noong ika-10 siglo ang isang sistema ng sapilitang pagpapasundalo na may bisa sa lahat ng baryo.) Naunawaan ng lahat ng matagumpay na pinuno ang pulitika bilang susi sa tagumpay.[2]

---

2 Ang pinakamahusay na pagsusuri sa epekto ng kasaysayang militar ng Byetnam sa kasalukuyang estratehiya ay iyong kay Georges Boudarel, "Essai sur la Pensee Militaire Vietnamienne" (Mga Sanaysay hinggil sa Kaisipang Militar ng Byetnam) sa L'Homme et la Societe, n. 7 (Enero-Pebrero-Marso, 1968). Bagamat nababahiran ng maliliit na kamalian ang artikulo, ito ay isang primera-klaseng kontribusyon.

Tanyag ang pagiging mapanlikha ng mga Byetnames. Pamilyar tayo sa paggamit ng libu-libong bisikleta para maghatid ng mga munisyon at panustos sa Dien Bien Phu at sa pakikidigmang tunel ng Pambansang Mapagpalayang Prente (National Liberation Front). Ang lahat ng ito ay may pasumundan sa pinagdaanan ng Byetnam. Noong dekada 1780, binigla ni Quang Trung ang isang hukbo ng 200,000 Tsino sa pamamagitan ng pagtatatag ng isang napakalaking hukbo at pagdadala nito sa layong 500 milya sa loob ng isang buwan at sampung araw. Hinati niya sa tig-tatlo ang kanyang mga tauhan: sa mahaba, mabilisang martsa, kinarga sa duyan ng dalawang tao ang kanilang ikatlo. Ilan lamang sa Kanluran ang nakaunawa sa kabuluhan ng tradisyong ito. Mula sa isang panlipunan at pangkasaysayang punto de bista, namumukod-tangi ang kakayahan ng mga Byetnames para maunawaan ang mga nagbabagong aspetong militar at ipaglaban ang kasalukuyang digmaan.

Kamangha-mangha ang pagkakaiba ng mga estratehista at popular na pag-iisip ng mga Amerikano. Bilang kalihim ng depensa noong 1962, sinabi ni Robert S. McNamara: "Lahat ng kantitatibong panukat na mayroon tayo ay nagpapakita na nagwawagi tayo sa gerang ito."[3] Walang saysay na magmuni-muni kung hanggang sa anong antas naging biktima ng kanilang sariling propaganda ang sunud-sunod na administrasyon: parang walang kakayahan ang Pentagon na unawain ang mga nagbabagong aspeto ng digmang bayan. Hindi ito talagang dahil sa pinalaki o mali pa nga ang mga estadistika ni McNamara. Inutil mismo ang kanyang alhebra. Hindi natagalan ng Amerika ang gera ng Byetnam; gayunman,

3 Sinipi sa *Isang Libong Araw: Si John F. Kennedy sa White House* (A Thousand Days: John F. Kennedy in the White House) ni Arthur M. Schlesinger (Boston, 1965), p. 549.

hindi kailanman lumitaw ang moral na kainutilang ito sa mga punchcard ng IBM. Lubos itong naunawaan sa Hanoi bago pa man ang unang pag-aalsa ng mga GI sa Da Nang dahil mas malalim ang pag-unawa ng mga Byetnames sa gera kaysa sa mga talaan ng pagsusuma at tantos ng napatay. Higit dito, sa tunay na buhay, ang kanilang nakatataas na estratehista ay papalapit sa katayuan ng isang laging matagumpay na heneral.

Ang buhay ni Vo Nguyen Giap, sa kabuuan, ay nagpapakita ng kahanga-hangang kasiglahan at determinasyon. Bagamat wala pa siyang 60 anyos noong panahong isinusulat ito, nakatulong siya sa paghuhugis ng mga mapagpasyang pangyayari sa kasaysayan ng kanyang bansa sa ika-20 siglo. Isinilang si Giap noong 1912 sa baryo ng An Xa, probinsya ng Quang Binh, isa sa pinakahikahos na rehiyon noong mga araw ng paghahari ng French. Matatag na makabayan ang kanyang magsasakang pamilya. Iginagalang sa hanay ng mga magsasaka ang ama ni Giap hindi lamang dahil sa kanyang karunungan kundi dahil din sa kanyang paglahok sa huling pakikipaglaban sa paghahari ng France noong huling bahagi ng dekada 1880. Nanatili siyang isang aktibong makabayan at pinag-aral ang batang Giap sa Quoc Hoc o Lycee National sa Hue noong 1924. Dahil sa pagbibigay-diin ng paaralan sa pagsasanib ng tradisyunal (Byetnames) at ng modernong (Kanluraning) pag-aaral, magsisilbi itong larangan ng pagsasanay sa halos lahat ng mahahalagang tao sa pambansang pulitika matapos ang kasarinlan, kabilang sina Ho Chi Minh at Ngo Dinh Diem. Sa paaralan, si Giap ay nagkaroon ng kaalaman sa iba't ibang tunguhin ng opinyong makabayan. Ipinapakita ng mga rekord na iniwan ng French Surete na kahit noong isang mag-aaral, napansin na subersibo ang kanyang ideyalismo. Kahanga-hanga rin

ang kanyang dinamismo mula sa isang murang edad.[4]

Bilang kabataan, pinaalis sa paaralan si Giap dahil sa kanyangpapelsalumalakingkilusangestudyante.Kagyat na pagkatapos nito, nakahatak ng pansin ng pulisya ang kanyang pagkakasangkot sa lihim na makabayang organisasyon, ang Tan Viet (Rebolusyonaryong Partido para sa Isang Dakilang Byetnam (Revolutionary Party for a Great Vietnam). Noong 1930, niyanig ng isang pagsiklab ng mga makabayang paghihimagsik ang buong kolonya ng Indotsina. Pinasigla ng mga pangyayaring ito ang kabataang si Giap na pinabalik ng Tan Viet sa Hue. Ang Vietnam Quoc Dan Dang (VNQDD), isang makabayang partido na itinulad sa Guomindang ng Tsina, ay nagsimula ng isang di matagumpay na paghihimagsik sa pamamagitan ng isang pag-aalsa noong Pebrero 9, sa garisong Byetnames sa Yen Bai, sa tabi ng hangganang Tsina. Walang-awang dinurog ito,

4 Kakaunti ang mapagkukunang materyales hinggil sa buhay ni Vo Nguyen Giap, at hindi kapani-paniwala ang karamihan sa mga Kanluraning salaysay. Sa gayon, saanman posible ay sumalig kami sa mga pakikipag-usap at panayam sa mga kaibigang Byetnames na personal na nakakakilala kay Heneral Giap. Siya mismo ay nakapag-ambag ng dalawang maikling talambuhay, pero nauukol lamang ang mga ito sa limitadong panahon ng kanyang buhay. Isinama ang isa bilang unang kabanata ng tomong ito, at ang isa pa ay lumabas sa dalawang bahagyang magkaibang bersyon bilang "Nagmumula sa Mamamayan" sa Isang Magiting na Mamamayan (Hanoi, Foreign Languages Publishing House, n.d.) at bilang "Naissance d'une armee" sa Recits de la Resistance Vietnamienne (Paris, Maspero, 1966). Babanggitin namin sa ibaba ang mga pamantayang tekstong Kanluranin na aming sinanggunian. Para sa isang pagtalakay sa pamilya ni Giap at kanyang kabataan, halimbawa, tingnan si Bernard Fall, "Vo Nguyen Giap: Tao at Alamat" sa Digmang Bayan, Hukbong Bayan (New York, Praeger, 1962), pp. xxix – xxx; Philippe Devillers, L'Histoire du Vietnam de 1940 a 1952 (Paris, 1952), p. 70; at Robert J. O'Neill, *Heneral Giap, Pulitiko at Estratehista* (Melbourne, 1969), pp. 1-4.

at talagang hindi na umiral ang VNQDD sa kasunod na 15 taon. Sinubukan ng batang Partido Komunista na panatilihin ang rebolusyonaryong kalagayan. Nang magwelga ang mga manggagawa ng perokaril sa Vinh at sinundan ng iba pang manggagawa ng mga pabrika ng posporo sa Ben Thuy, nag-organisa ang mga komunista ng mga nagkakaisang pagkilos sa hanay ng magsasaka sa mga probinsya ng Ha Tinh at Nghe An sa Annam, na mismong matinding nakaramdam sa epekto ng pandaigdigang depresyon sa agrikulturang Byetnames. Dahil nakaharap sa kagyat napanunupil ng mga French, nagtatag ng panimulang "mga sobyet" ang mga grupo ng magsasaka para ituloy ang himagsikan. Habang nagmamartsa ang 6,000 magsasaka sa Nghe An, kasunod na inorganisa at pinamunuan ni Giap ang isang demonstrasyon ng pagkakaisa ng estudyante sa Hue, na naging dahilan para arestuhin siya sa unang pagkakataon ng mga awtoridad na French. Nasentensyahan siya ng tatlong taong pagkabilanggo, ngunit habang tila humuhupa ang rebolusyonaryong kalagayan, pinawalan siya matapos makulong ng ilang buwan.[5]

Mahirap ang mga unang taon ng Partido Komunista. Upisyal itong itinatag sa Canton noong 1930, na may kasapiang 211, bilang resulta ng mga pakikipagnegosasyon ni Ho Chi Minh sa iba't ibang grupo ng Komunista na umiral mula 1925 pataas. Di naglaon, natuon ang oras ni Ho sa iba pang aktibidad, at sa kasunod na panahon, pinangasiwaan ang Partido nina Tran Phu at Le Hong Phong, na kapwa sinanay ng Comintern. Sa buong unang dekada ng pag-iral ng Partido, nakalala-

5 Tingnan si Fall, op. cit., p. xxx; O'Neill, op. cit., pp. 5-10; at Jean Chesneaux, "Ang Istorikong Bakgrawn ng Komunismong Byetnames" sa Gubyerno at Oposisyon, v. 4, n. 1 (taglamig 1969) p. 121.

mang ang impluwensya ng Comintern (laluna sa pagpapamagitan ng Partido Komunista ng France). Sa kalagitnaan ng dekada 1930, lumikha ang Partido ng isang ligal na organisasyong nakilala bilang Demokratikong Prente ng Indotsina (Indochinese Democratic Front). Naging aktibo si Giap sa Prente at malamang na sumapi sa Partido bilang resulta ng ugnayang ito.[6]

Noong 1936, lumuwag ang kalagayan sa pamamagitan ng pagtatatag ng Prente Popular sa France. Pinalaya mula sa bilangguan ang mahahalagang kadreng tulad nina Pham Van Dong at Tran Van Giau, at inalis ang maraming pagbabawal sa pampulitikang aktibidad. Sa unang pagkakataon, kumilos nang semiligal ang Partido Komunista. Noong panahong ito, nakarating sa Hanoi si Giap matapos makapasa sa mahirap na titulong batsilyer sa Hue. Isang taon siyang nag-aral sa Lycee Albert Sarraut bago nagpalista sa unibersidad bilang isang estudyente sa abogasya. Sa isang panahon, nangasera siya sa tahanan ng isang bantog na manunulat na Byetnames, si Propesor Dang Thai Mai, na ang anak ay kanyang pakakasalan sa bandang huli. Tumanggap siya ng kanyang titulo ng abogasya noong 1937 at ipinagpatuloy ang abanteng pag-aaral sa ekonomyang pampulitika noong sumunod na taon. Noong panahong ito, naobliga siya ng kahirapan sa pinansya na magtrabaho bilang isang guro ng kasaysayan, at naglaan rin siya ng isang papalaking bahagi ng kanyang oras sa dyornalismong pampulitika. Dahil nagsusulat si Giap sa wikang Byetnames para sa *Tin Tuc* (Ang Balita – The News) at sa *Thoi The* (Kasalukuyang Kalagayan – Current Situation) at sa wikang French para sa *Le Travail*

---

6 Chesneaux, op. cit., p. 119, at *Ang Bansa ng Sambayanang Byetnames: Ambag sa isang Kasaysayan* (Sydney, 1966), p. 144; Devillers, loc. cit.; at Fall, op. cit., xxxi.

at sa *Notre Voix*, di naglaon, lumitaw siya bilang isang nangungunang intelektwal ng Partido.[7] Sa panahong ito, nakatapos siya ng kanyang unang mayor na aklat, isang pagsusuri na binubuo ng dalawang tomo na may pamagat na *Ang Usapin ng Magsasaka*, kung saan nagtulungan sila ni Truong Chinh. Nilagdaan ang aklat na ito sa ilalim ng mga pangalan sa panulat na Van Dinh at Qua Ninh. Nang bumagsak ang gubyerno ng Prente Popular, naglabas ng isang atas na kumpiskahin at sunugin ang lahat ng kopya ng aklat. Iyong mga nailigtas ang nagbigay ng mga tagubilin para sa sumunod na komunistang patakaran sa mga rehiyon ng magsasaka.[8]

Noong Setyembre 26, 1939, ipinagbawal ang mga Komunistang partido sa France at sa mga kolonya. Sa kasunod na panunupil, mahigit sa isang libong kasapi ng Partido ang inaresto sa Byetnam lamang. Marami, kabilang ang pangkalahatang kalihim na si Tran Phu, ang agad na binaril. Nalagay sa panganib si Giap at ang kanyang batang asawa na si Nguyen Thi Minh Giang. Siya at ang kanyang kapatid na babae na si Minh Khai ay mga kasapi rin ng Partido; sa katunayan, nag-aral si Minh Khai sa Unyong Sobyet at naging kagawad ng Komite Sentral. Umiwas ang magkapatid na babae patungo sa Vinh kasama ang maliit na sanggol ni Giap. Noong Mayo 1941, nadakip sila ng mga French at dinala sa Hanoi upang litisin sa pamamagitan ng korteng militar. Ang dalawa ay napatunayang nagkasala sa mga paratang na sedisyon. Pinugutan ng ulo si Minh Khai. Nahatulan si Minh Giang ng 15 taon ng sapilitang paggawa sa Maison Centrale. Namatay ang kanyang sang-

7 Fall, op. cit., pp. xxxi-xxxii, at O'Neill, op. cit., pp. 10-11.
8 Wilfred G. Burchett, *Magtatagumpay ang Byetnam* (New York, 1968) p. 161.

gol at siya mismo ay nasawi sa bilangguan noong 1943.[9]

Higit na mapalad si Giap mismo na nakaiwas patungong Tsina noong Mayo 1940. Gayunman, hindi dapat maliitin ang hirap at panganib ng pag-iwas. Nakapasok ng husto ang mga Hapones sa katimugang Tsina noong Nobyembre 1939, nasakop ang Nanning, isang lunsod na 147 milya lamang ang layo mula sa hangganang Byetnames. Ang panloob na mga pampulitikang pangyayari lamang sa Tokyo ang pumigil sa pagsulong ng mga Hapones tungo sa Indotsina noong panahong iyon. Ang isang bigwas ng mga Hapones sa loob ng anim na buwan mula Nobyembre hanggang Mayo ay malamang na magsasara sa hangganan o magpapalaki man lang sa panganib ng paglabas. Gayunman, ilang ulit na hinalughog ng pulisyang French ang tren na sinakyan nina Giap at Pham Van Dong tungo sa Kunming.[10]

Di magtatagal ay makakatagpo ni Giap ang maalamat na si Nguyen Ai Quoc, alyas Ho Chi Minh. Nagtuturo si Ho ng mga kursong pampulitika sa isang paaralan ng pagsasanay militar ng Guomindang noong panahon ng mabuway na tigil-putukan sa pagitan ng mga Komunistang Tsino at ni Chiang Kai-shek. Nagtipon siya ng isang kagulat-gulat na grupo ng mga dayuhan sa Kunming, at sila ang partikular na magiging mahalaga sa pag-oorganisa ng unang mga yunit militar ng Vietminh. Higit na mas maraming panahon silang nanirahan sa mga hangganang rehiyon ng Tsina-Byetnam, nahaharangan ng iisang etnikong minorya sa magkabilang panig ng nagkataong hangganan. Nang mabuwag ang alyansa sa pagitan nina Mao at Chiang, niligalig ng Guomindang ang mga komunistang Byetnames at madalas na tumawid pabalik sa Indotsina – na babalik la-

9 Devillers, op. cit., pp. 72-73 at 264.

10 O'Neill, op. cit., pp. 16-17.

mang kapag naghalughog ang mga French sa kanilang panig ng hangganan.[11]

Nahantad mismo sa malaking panganib ang karamihan ng Komite Sentral dahil sa pananatili sa Byetnam sa kabuuan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Araw-araw, inilalagay sa panganib ni Truong Chinh, na pumalit sa binitay na si Tran Phu bilang pangkalahatang kalihim, ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pananatili sa kapaligiran ng Hanoi. Sa Europa, bumagsak ang France noong 1940, at di nagtagal ay sumuko ang gubyernong Vichy sa mga kahingian ng Japan sa kolonyang Indotsina na may estratehikong kahalagahan. Nang halinhan ng mga Hapones ang garisong French sa Lang Son, ispontanyong naghimagsik noong Setyembre 1940 ang lokal na mga Montagnard (mga taong naninirahan sa pagitan ng hangganang rehiyon ng Byetnam, Laos at Cambodia) ng Bac Son.[12] Sumunod ang iba pang makabayang pag-aalsa na ispontanyo ang katangian sa Do Luong at My Tho. Noong Oktubre, idinaos sa Kweilin ang isang pulong ng mga nakatataas na pinuno para pag-usapan ang bagong kalagayan sa Byetnam na ipinakita ng pagdating ng halos 35,000 tropang Hapones at ng makabayang reaksyon. Sa kabila ng hangganan sa Bac Ninh, sumang-ayon ang Ikapitong Pulong ng Komite Sentral na dapat suportahan ng Partido ang maquis (mga mandirigma para sa pagtatanggol) ng Bac Son. Para sa layuning ito, ipinadala doon si Tran Dang Ninh, na siyang nag-organisa ng lohistika sa Dien Bien Phu sa dakong huli. Dagdag pa, malikot na nagmumuni-muni ang Guomindang ng ilang panghihimasok sa Indotsina. Sa ilalim ng pamumuno ng dala-

11 Tingnan si Jean Lacouture, Ho Chi Minh (London, 1968), pp. 55-56, 60-61.

12 Boudarel, op. cit., p. 188.

wang upisyal ng Guomindang, sina Truong Boi Cong at Ho Ngoc Lam, isang maliit na pwersang militar na Byetnames ang inoorganisa na noon sa bayan ng Tsing-si, 20 milya ang layo mula sa hangganan ng Byetnam. Inugnayan ng mga komunistang Byetnames na nasa Tsina ang grupong ito na ang hanay ay kinabibilangan na ng kalilikas na mga komunista. Bilang paghahanda sa napipintong pagbabalik sa Byetnam, nag-organisa sina Giap, Phan Van Dong, at iba pang nakatataas na kadre ng isang kurso para sa halos 40 bagong dating na kasama ni Truong Boi Cong sa pagkilos. Upang magka-roon ng mas mahigpit na koordinasyon sa pagitan ng mga nakadistyero at ng kanilang mga kasama sa Byet-nam, bumalik si Ho sa unang pagkakataon sa loob ng maraming dekada sa Byetnam para mamatnugot sa Ikawalong Pinalaking Pulong ng Komite Sentral na idi-naos sa Pac Bo noong Mayo 1941.[13]

Ang pulong na ito ang naghudyat ng muling pag-usbong ng impluwensya ni Ho Chi Minh sa Partido at sa pambansang pagpapalaya bilang nangingibabaw na paksa sa patakaran ng Partido.[14] Napagkasunduan na dapat mag-organisa ang Partido ng isang malawak na makabayang prente, na tatawaging Liga para sa Kasarin-lan ng Byetnam (League for the Independence of Viet-nam) (o Vietminh), na ang layunin ay ang pagkaisahin ang "lahat ng makabayan, nang walang pagtatangi sa yaman, edad, kasarian, relihiyon o pananaw sa pulitika upang sama-sama silang kumilos para sa pagpapalaya ng ating sambayanan at sa pagliligtas sa ating bansa."[15]

13 Ibid.; Lacouture, op. cit., pp. 57-58; O'Neill, op. cit., pp. 21-24; Hoang Quoc Viet, "Peuple Heroique" sa Vo Nguyen Giap et al., Recits, pp. 162, 165; at Ellen J. Hammer, *Ang Pakikibaka para sa Indo-tsina*, 1940-1955 (Stanford, 1966), pp. 95-96.

14 Chesneaux, "Istorikong Bakgrawn", p. 119.

15 Lacouture, op. cit., p. 55.

Pagkatapos, mapagpasyang sumulong sa armadong pakikibaka ang Partido. Mula nang itatag, tinanggap na nito ang armadong pakikibaka bilang kinakailangang pamamaraan ng pagpapalaya. Kasing-aga ng Mayo 1930, binalangkas na ang perspektibang ito sa unang mga dokumento ng konstitusyon ng Partido, ngunit naghintay pa ng mga pasya ng 1941 ang unang mga aktibidad militar. Si Phung Chi Kien, isang beteranong kadre na nagsanay sa akademyang militar ng Whampoa at naglingkod bilang pinuno ng Pulang Hukbo ng Tsina sa Kwangsi mula 1927 hanggang 1934, ang itinalaga sa tungkuling pagreorganisa ng mga gerilya ng Bac Son tungo sa isang Hukbo ng Pambansang Kaligtasan. Agad na nalipol ang kalahati ng grupong ito; halos walong buwan na nagpatuloy ang natitira bago inobligang maghiwa-hiwalay.[16] Isang mas matagumpay na pagsisimula ang isinagawa sa Cao Bang, isang bulubunduking probinsya sa tabi ng hangganan, kung saan tradisyunal na ipinagtanggol ng mga armadong pangkat ng mga minoryang etniko ang lokal na mga karapatan at awtonomya. Ang pinuno ng isang mahalagang pangkat ng Nung, si Chu Van Tan, ay naglakbay patungong Kwangsi noong 1942 para sa pakikipag-usap sa mga kinatawan ng Vietminh. Sumang-ayon siyang makipagtulungan sa Vietminh, at kanyang nakasama si Giap sa gawain sa Cao Bang. Ang dalawa ay halos nasa 30 taong gulang ngunit mga taong may natatanging kakayahan. Matiyaga at napakamatagumpay silang nagtrabaho pabagtas sa isang malawak na erya sa hilagang Tonkin.[17]

Habang ang Vietminh ay maingat na sumusulong tungo sa insureksyon sa Tonkin, maraming pwersa ang kumikilos sa ibayong dagat na huhubog sa kinabukasan

16 Boudarel, op. cit., p. 188.

17 Devillers, op. cit., pp. 102, 105.

ng Byetnam sa mahigit dalawang dekada. Ipinapalagay na ng Amerika na nasa kanya mismo ang pribilehiyo ng pagtatakda ng kinabukasan ng Byetnam. Sa kanyang tabi nakatayo ang mga may mas mahinang kapangyarihan na naghahangad ding pangalagaan ang kanilang interes sa Indotsina. Kaya, ang mga pampulitikang pangyayari kaugnay sa Byetnam noong gitnang mga taon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay napakakumplikado. Sa isang negatibong pakahulugan, kahit paano'y kinilala ng lahat ng tagagawa ng patakaran ng Allied Forces ang Indotsina. Nakita nila ang halaga ng kanyang hilaw na materyales at itinuring na estratehiko ang kanyang lokasyon, ngunit ang kanilang pangunahing layunin noong maaagang yugto ng digmaan ay ang ipagkait sa Japan ang pagpasok ng sa mga base at rekursong ito kaysa tangkaing samsamin ang mga ito para sa mga layunin ng Allied. Naisagawa ito sa pamamagitan ng mga tagumpay US Navy sa Pasipiko.[18]

Ang mga layuning pampulitika ay naging talagang mas masalimuot. Galit si Roosevelt sa Vichy French dahil isinuko ang Indotsina sa Axis at walang simpatya kay de Gaulle sa panahong iyon. Ang patakarang Amerikano sa Asya ay kasalungat niyong sa British, at madalas na itinuturing ng mga tagagawa ng patakaran ng United States si de Gaulle bilang mas maliit sa isang kasangkapan ng pangmatagalang mga layunin ng British sa Malayong Silangan (Far East). Sa kontekstong ito, ipinahayag ni Roosevelt ang kanyang lantarang deklarasyon hinggil sa karapat-dapat na pagwawakas ng paghahari ng France sa Indotsina.[19] Noong digmaan, ang ganoong

18 Tingnan si Gabriel Kolko, Ang Pulitika ng Digmaan: Ang Daigdig at Patakarang Panlabas ng United States 1943-1945 (New York, 1968), kabanata 4, 9, at 24 (laluna, pp. 607-610).
19 Ibid.

mga deklarasyon ay tiyak na nakarating sa Vietminh, at madalas na naipapaabot ang mga ito sa pamamagitan ng di sopistikadong mga Kanluraning simpatisador ng Vietminh na nagpapalamuti sa mga ito o naglalagay ng kanilang sariling optimistikong interpretasyon sa malalabong parirala. Pinag-aralan nina Giap, Ho at iba pa sa pamunuan na nakauunawa sa ilang magkakasalungat na pamana ng mga Kanluraning demokrasya na kung saan magkasabay na umiiral ang mga mithiin ng kalayaan at ang rasismo at kawalang-katarungang panlipunan, pinag-aralan ang mga pangyayaring ito nang may malaking interes laluna ang hinggil sa pagsasabwatan ng mga kapangyarihang Anglo-Amerikano at ng mga Sobyet.[20]

Ang panulukang bato ng patakarang Asyano ng Amerika ay ang Nasyunalistang Tsina. Matapos ang digmaan, palalong inasam ng mga tagagawa ng patakaran sa Washington na gawing isang malaki at lubos na matapat na kapangyarihan sa Pasipiko ang Tsina ni Chiang. Kaya, ang unang kongkretong pagkilos ni Roosevelt hinggil sa Indotsina ay ang kanyang panukala sa Kumperensya sa Tehran na si Chiang Kai-shek ang dapat mangalaga dito pagkatapos ng digmaan. Matapos lamang tanggihan ng heneralismo ang ganoong responsibilidad saka ihinapag ni Roosevelt ang ideya ng isang pamahalaan sa isang bayan sa ilalim ng isang dayuhang

---

20 Ang mga mamamahayag at mananaysay na French na nagsusulat noong digmaan (kabilang sina Devillers, Fall, at Lacouture) ay may iisang pananaw na talagang anti-French ang OSS at, sa pahiwatig, ay isang ahente ng Vietminh. Makikita rin ang pananaw na ito sa istandard na mga akdang Amerikano na nakasalig nang husto sa mga panggagalingang French (hal., si Hammer, op. cit.). Kung gayon, hindi kataka-taka sakaling nalito ang Vietminh kaugnay ng mga layunin ng Amerikano.

bayan, na hahantong sa kasarinlan sa loob ng 30 taon, na tumanggap ng pagsang-ayon nina Chiang at Stalin. [21] Sa buong digmaan, nagpatuloy si Chiang na magkaroon ng kanyang sariling medyo naiibang patakaran. Sa kabalintunaan, kinatatangian ito ng isang mas mataas na antas ng realismo kaysa ng kay Roosevelt. Samantalang sa salita ay kanyang sinang-ayunan ang lahat ng panukalang Amerikano, kanyang itinaguyod ang sariling mga interes at layunin nang walang pasubali. Noong 1942, kanyang iniutos ang pag-aresto kay Ho Chi Minh, na ang pinal na paglaya noong 1944 sa pangkalahatan ay maidadahilan sa presyur ng Allied. Ikinatwiran ng ilan na ang kanyang pagpapaaresto kay Ho ay resulta ng kanyang pagtutol sa sabwatang Vietminh-OSS sa pagbawi sa mga pilotong Amerikano na napabagsak sa mga lugar na hawak ng Hapones. Ngunit tiyak na mas malalim pa ang motibasyong pampulitika. Batid ni Chiang ang potensyal ng Vietminh at hinahangad niyang muling buhayin ang isang nasyunalistang Byetnames na ipinadron sa kanyang sariling estilo. Sa katunayan, ang paglaya ni Ho ay ginawang kundisyon sa kanyang pangakong makipagtulungan sa bagong nasyunalistang grupo. Ang lahat ng intrigang ito ay nagdulot ng maliit na epekto sa panloob na pangyayari ng Byetnam noong kalagitnaang mga taon ng digmaan. Sa pagsapit lamang ng 1945-1946 saka nagkaroon ng malaking kahalagahan ang panghihimasok ng Tsina.[22]

Gayunman, pinag-alala ang mga French ng mga intriga. Natural na naalarma ang mga maka-Gaulle sa kanilang di pagkakasama sa mga talakayan ng Malalaking Kapangyarihan tungkol sa kahihinatnan ng kanilang kolonyang kapaki-pakinabang. Mula taglagas

21 Kolko, loc. cit.

22 Tingnan ang kabanata anim ni Hammer, op. cit.

ng 1944 pataas, tumugon sila sa pamamagitan ng isang biglaa't pagkarami-raming propaganda sa *Mga Usaping Panlabas* (Foreign Affairs)[23] at sa iba pang dyornal na pang-iskolar na malawakang binabasa sa mga sirkulo ng Kagawarang Pang-estado. Mayroong dalawang mahalagang mensahe. Ang una ay isang katalogo ng mga benepisyong idinulot ng kolonyalismong French sa mga mamamayan ng Byetnam sa paraan ng klasikong mga rasistang pangangatwiran. Ang ikalawa ay para ipakita na umaalinsunod sa malinaw na mga interes at pagkiling ngayon ng Amerika ang mga hangarin ng maka-Gaulle para sa kinabukasan ng kolonya. Sa mga di upisyal na palatandaan ng mga patakarang ito, kumikilos ang France para mabuksan ang teritoryo tungo sa mas malawak na pagpasok sa ekonomya at para magarantyahan ang kasarinlan pagkatapos ng isang naaangkop na panahon ng pagsasaayos. Sa kasamaang-palad ng France, madalas na walang-dahilang nag-sisingit ng ikatlong mensahe. Dahil sensitibo sa aku-sasyon na kusang loob na nakipagsabwatan sa Axis ang makinarya ng France, ang mga maka-Gaulle ay nagsimulang magpahayag na lantay na taktikal ang pakikipagsabwatang ito na idinikta ng pagkabigo ng pagtatanggol nang walang suportang Amerikano at British noong 1940. Kanilang ikinatwiran na ang mga *colon* ng France sa kanilang mga puso ay nakatalaga sa adhikain ng Allied at mag-aalsa laban sa Japan sa isang mas angkop na sandali sa pagsulong ng digmaan. Kung hindi man naantig ng dalawang pangunahing punto ng pangangatwiran ang nakararaming Amerikano, malalim na itinanim sa isip ng Hapones ang huli. Bunga nito, nagsagawa sila ng isang biglaang kudeta noong Marso

23 Halimbawa, Gaston Rueff, "Ang Kinabukasan ng Indotsinang French", Ugnayang Panlabas, v. 23, n. 1 (Oktubre 1944).

9, 1945, at ibinilanggo ang mga pangunahing elemento ng makinaryang French sa Byetnam.

Ang kudetang Hapones ay may nag-iisang kahalagahan: ito ang magbibigay ng *thoi co*, o mapagpasyang sandali, ng rebolusyong Byetnames. Ang mga estratehistang Byetnames ay laging nagbibigay ng malaking kahalagahan sa tamang panahon, na nagbibigay-diin sa pangangailangan kapwa ng pag-unlad ng isang matagalang perspektiba at ng pagkilala sa mapagpasyang sandali kung kailan kinakailangan ang mapagpasyang pagkilos. Tuluy-tuloy na umunlad ang gawain ni Giap sa mga hangganang rehiyon, at pagsapit ng tag-init ng 1944, ang Partido ay nagsusulong na ng isang kapasyahang maglunsad ng isang pangkalahatang insureksyon. Nagpulong ang Komite Sentral noong Disyembre 1944 at nagbalangkas ng ganoong perspektiba. Pagkabalik na pagkabalik ni Ho mula sa Tsina, iginiit niya ang isang mas maingat na paraan, pangunahin kaugnay ng tamang panahon. Iniatas niya ang paglikha ng *Tuyen truyen Giai phong quan* (Mga Detatsment ng Armadong Propaganda at Pagpapalaya – Armed Propaganda and Liberation Detachment) sa ilalim ng kumand ni Giap. Ang mga pangkat na ito ay nasa pagitan ng mga organisasyong pangmilitar at pampulitika. Dalawang klase ang kanilang mga layunin: para ipabatid ang mga layunin ng Vietminh at para itayo ang isang ligtas na linya ng komunikasyon sa pagitan ng matataas na kalupaan at ng delta (kalupaang nasa bunganga ng ilog). Ang unang upisyal na yunit militar ay nabuo mula pa noong Disyembre 22, 1944. Ang platun na ito sa Lambak ng Dinh Ca ay binubuo ng 34 na tauhan lamang, ngunit, pagkaraan ng dalawang araw, nagtagumpay sa pagdurog sa dalawang garison ng France sa kahabaan ng hangganang Tsino. Patuloy na binigyang-diin ni

Ho na dapat hintayin ng pangkalahatang insureksyon iyong sandali kung kailan hinog na ang mga kalagayan kapwa sa pambansa at sa internasyunal antas. Lumikha ng ganoong pagkakaugnay-ugnay ng kalagayan ang kudetang Hapones.[24]

Sa magdamag ay naitransporma ang buong sitwasyon ng Indotsina. Binalak ng Japan na lansagin ang administrasyon at ang istrukturang panseguridad ng France, at itayo ang isang mas maaasahang kapalit sa buong panahon ng digmaan. Batay sa sikolohiya, nadurog ng Japan ang alamat ng walang-hanggang kapangyarihan at pagkadimagagapi ng France. Sa isang mas praktikal na antas, naobliga ang Japan na hikayatin ang paglahok ng mga Byetnames sa bawat antas ng pamamahala at kahit sa pagtatayo ng lokal na mga pwersang milisya. Lantarang hinikayat ng propaganda ng Japan (sa ilalim ng pangkalahatang panawagang ng "Asya para sa mga Asyano") ang nasyunalismo, at ang walang katulad na mga tungkuling itinalaga sa mga Byetnames ay nagbigay sa lokal na mamamayan ng tiwala sa kanilang sariling mga kakayahan. Kasabay nito, ang kabiguan ng Japan na magbigay ng ganap na kasarinlan sa kolonya ay nagpalakas lamang sa pusisyon ng mga pwersang pampulitika na mula't mula'y laban sa Axis: ang Vietminh.[25]

Sa labas ng mga kalunsuran, ang epekto ng kudetang Hapones ay umabot sa mabilis na pagkawasak ng lambat paniktik ng France at pagkabilanggo ng kanilang mga pwersang panseguridad. Ang mga pwersang ito ay pinalakas sa loob ng maraming dekada, at kinilala na ang kanilang kasanayan sa pagdurog ng mga insu-

24 Boudarel, op. cit., pp. 188-189; Fall, op. cit., pp. xxxiv-xxxv; Hammer, op. cit., pp. 99-102.
25 Hammer, op. cit., pp. 101-103.

reksyon. Nang tanggalin sila sa eksena, walang kapantay na lambat na maipapalit sa kanila ang Japan. Ang resulta ay isang bagung-bagong pagkakataon para sa pag-oorganisa at pagrereklutang pampulitika at pangmilitar sa hanay ng uring magsasakang Byetnames. Lubos na sinamantala ni Vo Nguyen Giap at ng kanyang mga kasama ang pagkakataong ito: kanilang naitayo ang isang hukbo ng sampung libong tauhan noong kalagitanaan ng 1945. Hindi nakayanan ng Japan na magpadala ng mga tropa para salakayin ang mga baseng purok ni Giap sa Tonkin. Pagsapit ng Mayo 1945, napalaya na ang pitong pinakahilagang probinsya – Cao Bang, Lang Son, Ha Giang, Bac Can, Tuyen Quang, Thai Nguyen, at Bac Giang.[26]

Sa buong tagsibol at tag-init, tumindi ang kampanyang gerilya laban sa Japan. Noong maagang bahagi ng tag-init, idinaos ang isang kumperensyang militar sa Hiep Hoa. Bilang resulta ng mga talakayan sa kumperensyang ito, nakipagsanib ang Mga Armadong Pangkat Pampropaganda sa mga tropa ng Pambansang Kaligtasan (na iniluwal sa gerilyang purok ng Bac Son) para buuin ang Hukbong Mapagpalaya. Sapat ang mga yunit na maaari nitong italaga. Halimbawa, noong Hunyo 17 ay nakapagtalaga ang mga ito ng isang pwersa ng 500 tauhan laban sa garison ng Japan sa bundok-bakasyunan ng Tam Dao. Sa pulitika, nakonsolida ng Vietminh ang pusisyon nito sa buong bayan. Napasok nang husto ang mga organisasyong tinangkilik ng Japan kabilang na ang mga milisya at ang mga brigada ng kabataan. Inasahan ng Vietminh ang isa pang *thoi co* sa sandaling sumuko ang Japan sa Allies at kumilos ito upang mapunta sa pusisyon para tanggapin ang pagsuko ng Japan at mapunan ang ispasyo ng kapangyarihan. Itinatag sa

26 Ibid., p.100.

lahat ng lugar ang mga rebolusyonaryong komite para magbuo ng isang aktwal na gubyernong probisyunal.[27]

Noong Agosto, inilarga ang rebolusyon. Pagsapit ng ika-15 araw, nagmartsa sina Heneral Giap at ang kanyang tropa patungo sa Hanoi, na sinalubong ng malalaking demonstrasyon. Sa pagitan ng Agosto 19 at Agosto 25, naluklok sa kapangyarihan ang Vietminh mula sa Pulang Ilog hanggang sa Mekong. Noong Agosto 26, si Bao Dai, na nagmula sa lahi ng sinaunang mga emperador, pinuno ng gubyernong pinagtibay ng Japan sa Hue, ay nagbitiw sa tungkulin pabor sa rebolusyonaryong gubyerno. Sa puntong ito, naramdaman sa Byetnam ang kumplikadong mga pusisyon ng mga Allied Powers. Walang sinuman ang napakatinding nakaramdam ng nagtutungaliang mga presyur na tulad ni Giap. Bilang pinuno ng isang hukbong bayan, batid niya ang dinamismo ng mga rebolusyonaryong pwersa. Bilang ministrong panloob sa gubyernong probisyunal, araw-araw siyang nakikipag-ugnayan sa lahat ng klase ng Kanluraning diplomata at upisyal na, handang pwersahang ipataw ang bagay na tatanggihan ng Byetnames ang makipagnegosasyon. Sa mga kritikal na buwang ito, mabilis na naghustong-gulang ang pag-unawang pampulitika ni Giap.[28]

Noong Agosto 27, nagsagawa ang French ng kanilang nakakahiyang pagbabalik sa Tonkin: gamit ang parasyut, dali-daling dumating sa Hanoi ang bagong komisyonado ng France na si Jean Sainteny. Pinamunuan ni Giap ang delegasyon ng Komite sa Pagpapalaya na nagtungo doon para salubungin siya. Makabuluhan mara-

27 Boudarel, op. cit., pp. 188-189; Fall, op. cit., pp. xxxiv-xxxv; Hammer, op. cit., pp. 102-105.

28 Truong Chinh, Ang Rebolusyong Agosto (Hanoi, 1947); Boudarel, op. cit., pp. 188-189; Devillers, op. cit., p. 151; Hammer, op. cit., pp. 102-105.

hil na ang pinuno ng misyong OSS ng Amerika na si Medyor Archimedes Patti ay ipinakilala si Sainteny kay Giap. Si Medyor Patti ay itinuturing na may simpatya sa Vietminh, at lumilitaw na nagngingitngit si Sainteny sa mapagkasundong pagsisikap ni Patti. Sa napakagulong sitwasyong ito, ang Vietminh ay nagdeklara ng kasarinlan ng kanilang bansa noong Setyembre 2. Nagsimula ang bantog na deklarasyon ni Ho Chi Minh sa pamamagitan ng isang mahabang sipi mula sa Deklarasyon ng Kasarinlan ng Amerika at nagpatuloy pamamagitan ng pagtukoy sa mga mithiin ng Rebolusyon ng France ng 1789. Sa kabuan, tinantya ito para magbigay-lugod sa matagumpay na Allies.[29]

Nang matapos si Ho, nagsalita si Giap. Lalo't higit kay Ho, sa talumpati ni Giap, binanggit niya ang lahat ng nagtutunggaliang pwersang kumikilos at tinukoy ang nakatagong mga panganib sa umiiral na sitwasyon. Kanyang marubdob na ipinahayag ang nadaramang pagnanais sa kasarinlan, ngunit punung-puno ng pagpapaalala ang kanyang mga salita. Batid ni Giap na dumating nang mabilisan ang rebolusyon at hindi pa sapat na nasusubukan ang pang-organisasyong lakas nito. Nauunawaan niya ang mga hatian, kapwa sa pulitika at sa lipunan, na maaaring pumaimbabaw at gawing mas mahirap ang pakikibaka sa darating na panahon. Kaya ang kanyang talumpati ay muli't muling nagbigay-diin sa pagkakaisa. Kanya ring binigyang-diin ang pangangailangang itigil ang mga kalabisan upang malikha ang pag-unlad ng mapayapang pakikipagkasundo. Sa pagbaling sa mga usaping internasyunal, kanyang ipinahayag:

> Hinggil sa mga relasyong panlabas, ang ating opinyong publiko ay nagbibigay ng napakalaking

29 Hammer, op. cit., pp. 105, 128-131; Devillers, op. cit., p. 182.

pansin sa mga misyon ng Allied... at ng Hanoi dahil sabik na malaman ng lahat ang resulta ng mga negosasyong panlabas ng gubyerno.

Wala siyang ibinigay na ebidensya ng pag-asa tungkol sa France. Ang kanyang mga pakikipagpulong kay Sainteny ay maaaring nagpatunay lamang sa kanyang mga inaasahan hinggil sa mga layunin ng France. Nagpatuloy ang kanyang talumpati:

> Sila [ang mga French] ay gumagawa ng mga paghahanda para idaong sa Indotsina ang kanilang mga pwersa. Sa madaling sabi, at ayon sa pinakabagong impormasyong-paniktik, ihinahanda ng France ang kanyang sarili para muling sakupin ang ating bayan.... Ang mamamayang Byetnames ay makikipaglaban para sa kasarinlan, kalayaan at pagkakapantay-pantay ng katayuan. Kung hindi magiging matagumpay ang aming mga pakikipagnegosasyon, maaari kaming bumaling sa pag-aarmas.[30]

Ang pusisyon ng gubyerno ng United States ay di gaanong malinaw kaysa mga di upisyal na usapan ng mga Amerikano sa Hanoi nang panahong iyon. Noong Setyembre 20, si Brig. Hen. Philip Gallagher, ang nakatataas na upisyal ng United States sa Tonkin, ang nagpabatid sa Washington na si Ho Chi Minh "ay isang lumang rebolusyunista ... isang produkto ng Moscow, isang komunista".[31] Hindi kailanman nilayon ng Allies na hayaang tanggapin ng Vietminh ang pagsuko ng Japan at kamtin ang kanilang mga armas. Kasing aga ng Kumperensya sa Potsdam, napagkasunduan na pa-

---

30 Devillers, op. cit., p. 182; Hammer, op. cit., p. 131. Sinipi ang mga sinabi ni Giap sa akda ni Hammer, mula sa D.R.V., Mga Dokumento, n. d.

31 Binanggit ni Kolko, op. cit., p. 610.

pasok sa hilagang kalahati ng bayan ang mga tropa ng Guomindang at pangangasiwaan ng mga pwersa ng Britain mula sa teatrong Burmes ang pagsuko sa Timog. Ang di makatwirang hangganang ito ng Allied sa *sixteenth parallel* ay nagsilbing pampatatag sa mga tunguhing konsentrasyon ng kapangyarihan na nabuo na ng Vietminh noong huling mga buwan ng paghahari ng Japan.[32]

Di halos naapektuhan ang pinakamatatatag na muog ng Vietminh sa hilagang Tonkin. Sa upisyal na antas, ang Guomindang ay epektibo nang nanyutralisa sa pamamagitan ng umiiral na pakikipagnegosasyon ni Ho sa mga nasyunalistang Byetnames na nagtatamasa ng kanilang supporta. Iginalang ng Vietminh ang mga kasunduang pinasok ni Ho noong panahon ng kanyang paglaya sa bilangguan at itinalaga sa mga kinatawan ng VNQDD ang mas maraming pusisyon sa bagong gubyerno kaysa nararapat batay sa kanilang lakas sa loob ng bayan. Sa praktikal na antas, wala sa pusisyon ang Guomindang para manghimasok nang husto gamit ang mga epektibong tropa. (Bagamat halos 300 dibisyong Tsino ang nakasaad sa papel noong katapusan ng digma, tinaya ni Hen. Albert Wedemeyer na lima lamang ang epektibong yunit militar – at tatlo sa mga ito ay nasa India sa ilalim ng kumand ng Amerikano!) Halos 185,000 tropang Guomindang ang naiulat na nakaabot sa Byetnam, ngunit marami ang saglit na tumigil lamang sa hangganan para ibenta ang kanilang mga armas sa Vietminh. Malaking bilang niyong mga pumasok sa Byetnam ang aktibong sumabak sa pandarambong; talagang wala silang pakialam tungkol sa panunumbalik ng pangingibabaw ng France. Sa isang banda, literal na ipinatupad niyong disiplinadong mga

32 Ibid., pp. 609-610.

yunit ang kanilang upisyal na mga tagubilin at pinangasiwaan ang mabilis na pagpapauwi sa mga tropa ng Japan.[33]

Sa Timog, radikal na naiiba ang sitwasyon. Matagal nang nakatala na sinusuportahan ng Britain ang pagbabalik ng France sa Indotsina. Tinanggap ito ng kanilang kumand sa katimugang Byetnam bilang kanilang pangunahing tungkulin at napilitan pa ngang gamitin ang mga tropang Hapones para pwersahang pabagsakin ang gubyernong probisyunal ng Vietminh. Tiyak na nagkaroon ng pagtutol sa muling panunumbalik ng France sa Timog, at nagkaroon ng matinding labanan. Ngunit ang mabilis na muling pagtatayo ng lambat panseguridad ng France at ang maagang pagdaong ng mga tropang French ang nagpahirap sa pangkalahatang mga tungkulin ng pag-oorganisang militar. Nagpatuloy si Giap sa pagtatayo ng kanyang hukbo sa Hilaga. Ang ibinungang kalagayan na naglarawan sa hatiang pampulitika ng bayan ang iiral pagkaraan ng dalawang dekada. Nanumbalik ang kapangyarihang French sa Cochin China sa sandaling panahon, at napilitan ang Vietminh na maglunsad ng isang pakikibakang pampulitika, sa harap ng di-mawaring kahirapan, upang mapigil ang mabilis na muling pagsakop sa buong kolonya.[34]

Sa buong panahon ng taglagas ng 1945, habang naglilingkod bilang ministrong panloob, nagsagawa si Giap ng impormal na mga pakikipagtalakayan sa komisyonado ng France sa Tonkin. Bagamat hawak ni Chu Van Tan ang pusisyon ng ministro ng depensa, nanatili kay Giap ang epektibong kontrol sa hukbo, at ang kanyang mabigat na pasaning resposibilidad sa tensyonadong kapaligirang ito ay hinding-hindi maaaring maliitin.

33 Ibid., p. 202; Hammer, op. cit., kabanata anim.

34 Hammer, op. cit., kabanata lima.

Kaalinsabay, kinailangan niyang itayo ang isang hukbo at panatilihin ang kapayapaan, ihanda ang kanyang sambayanan para sa isang di maiiwasang digma, at rendahan ang kanilang galit para ipakita ang kakayahang mamahala ng bagong gubyerno. Noong Enero 1946, nag-organisa ng halalan sa buong bansa kung saan nakaungos nang husto ang mga kandidato ng Vietminh. Nagwagi si Ho bilang walang kaduda-dudang lider ng bagong bansa. Nakatanggap lamang siya ng isang mas mataas na porsyento ng mga boto kumpara kay Giap na nagtamo ng 97 porsyento ng bilangan sa kanyang probinsya ng Nghe An. Nagpatuloy ang diplomasya sa loob ng gubyerno habang pinananatili ng Vietminh ang matatagal nang mga pag-asang makukumbinsi ang mga Kanlurang kapangyarihan at ang gubyernong koalisyon sa France sa kanilang kakayahang mamahala nang responsable at may kahinahunan.[35]

Tinanggal si Giap bilang ministrong panloob at pinalitan ng isang di komunista.[36] Kanyang naunawaan ang umuusbong na malalang krisis. Noong Pebrero 27, 1946, kinapanayam siya ni Jean Lacouture para sa Paris-Saigon, at nagpahayag siya sa gayon tungkol sa progreso ng mga usapan sa pagitan ng Vietminh at ng France:

> Kapag ang mga kundisyon kung saan hindi tayo makikipagkompromiso at kung saan maaaring sumahin sa dalawang salitang ito, kasarinlan at alyansa, ay hindi tatanggapin, kung talagang napakakitid ng pananaw ng France para maglunsad ng isang labanan, dapat ipabatid na makikibaka tayo hanggang kamatayan, nang hindi hinahayaan ang ating sarili na tumigil para sa anumang konsiderasyon sa mga

35 Devillers, op. cit., p. 201.
36 Hammer, op. cit., p. 144.

tao, o anumang pagkawasak.[37]

Noong Marso 2, itinalaga siyang pinuno ng Komite ng Pambansang Pagtatanggol (Committee of National Resistance), bilang pagsasaalang-alang sa lumalaking panganib ng pagsiklab ng digma.[38]

Naging mahirap ang mga negosasyon. Nasa di paborableng pusisyon ang Vietminh. Ilang buwan nang di nakukumpuni ang mga dike sa bunganga ng Pulang Ilog at nagdulot ng taggutom sa Tonkin ang mga pagbaha. Naputol ng pambobomba ng United States sa Japan ang mga komunikasyon sa pagitan ng Hilaga at Timog kaya naging mahirap na magluwas ng kinakailangang bigas sa Tonkin; bilang resulta, lampas sa isang milyong mamamayan ang namatay. Hindi malulunasan ang taggutom nang walang panunumbalik ng normal na mga ugnayan sa pagitan ng Hilaga at ng Timog dahil naging tradisyon na ng Cochin China na tustusan ng sarplas na bigas nito ang Tonkin. Sa gayon, ginagamit ng mga Tsino ang Indotsina nang panahong iyon bilang isang piyon sa isang mas malaking laro ng ahedres, yumuyukod sa mga kahingian ng France doon kapalit ng mahahalagang konsesyon hinggil sa kanilang sariling teritoryo. Nagpakabingi ang mga Amerikano at ang Mga Nagkakaisang Bansa (United Nations) sa mga panawagan ng Vietminh ng tulong at suporta. Ang mga kalaban sa pulitika ng mga Komunista kapwa sa Kaliwa at Kanan ay inakusahan ng pagtataksil ang Vietminh dahil sa pagpayag na makipag-usap sa France. Sumiklab sa Hanoi at Haiphong ang mga kaguluhan ukol sa pagkakaiba ng lahi, ang pamana ng isang siglo ng pang-aapi sa lahi; at nagpatuloy ang matinding labanan sa Timog.[39]

37 Binanggit sa akda ni Devillers, op. cit, p. 221.

38 Hammer, op. cit., p. 144; Devillers, op. cit., p. 220.

39 Hammer, op. cit., pp. 144-156; Girling, op. cit., p. 120.

Sa wakas, nagkaroon ng kasunduan noong Marso 6. Sa isang madramang pulong sa Hanoi nang sumunod na hapon, humarap sina Ho at iba pang lider para ipaliwanag kung bakit sila pumirma sa kasunduan. Isang daang libong mamamayan ang nagtipon. Unang nagsalita si Giap, at nasala ng kanyang talumpati ang lahat ng tensyon noon na hinaharap ng Byetnam. Katangitangi ito dahil sa kanyang katapatan sa pagsasalita:

> Una sa lahat, naririyan ang kaguluhan ng sitwasyong internasyunal na kinatatangian ng tunggalian ng dalawang pwersa sa daigdig. Ang isang pwersa ay nagtutulak sa atin tungo sa pagpapatigil sa mga labanan. Nais man natin o hindi, kailangan nating kumilos tungo sa pagtigil ng mga labanan. Pumanig ang United States sa France, gayundin ang England. Ngunit dahil magiting tayong nagtanggol at nang matatag, napagtibay natin ang panimulang kasunduang ito.
>
> Sa kasunduang ito, may mga napagkasunduan na kasiya-siya sa atin at may ibang hindi kasiya-siya. Ang kasiya-siya sa atin, nang hindi naman nag-uumapaw ang kagalakan, ay iyong kinilala ng France ang Demokratikong Republika ng Byetnam bilang isang malayang bayan. Ang kalayaan ay hindi awtonomya. Higit pa ito sa awtonomya, ngunit hindi pa ito kasarinlan. Kapag nakamit na ang kalayaan, magpapatuloy tayo hanggang sa kasarinlan, hanggang sa ganap na kasarinlan.
>
> Ang malayang Byetnam ay may isang gubyerno, isang Parlamento, pinansya – na nangangahulugan ng pagsasabi na ang lahat ng panloob na kapangyarihan ay buung-buong nasa ating mga kamay. Dagdag pa, tayo ay may mga tropang nakapailalim sa atin na nangangahulugang napanatili natin ang

ating mga pwersa at maaaring dagdagan ang mga ito.

Hinggil sa usapin ng unipikasyon ng tatlong *ky*, masyado nang naging mainit ang mga talakayan sa pagitan ng gubyerno at ng mga kinatawan ng France. Nais ng France na manatiling kanila ang Cochin China ngunit matatag na idineklara ng gubyerno: kung paghihiwa-hiwalayin ang Cochin China, Annam at Tonkin, determinado tayong lumaban hanggang sa wakas. Sa pinakahuling pagtaya, kinailangang sumang-ayon ang France na kilalanin ang unipikasyon ng tatlong *Ky* matapos ang isang reperendum ng lahat ng mamamayan ng Byetnam.

Maaga pa ay alam na natin ang resulta ng reperendum na ito. Mayroon bang sinuman sa Byetnam ang hindi nagnanais na maging iisang bayan ang Annam, Cochin China at Tonkin?

Balingan naman natin ngayon ang mga pinagkasunduang hindi kasiya-siya sa atin. Una, ang pagbabalik ng mga tropa ng France. Dapat nating tanggapin ang probisyong ito bagamat labag ito sa ating kalooban. Gayunman, ginawa natin ito nang batid na inako natin ang responsibilidad para dito sa harap ng ating bayan. Bakit pinahintulutan ng Gubyerno na pumasok ang mga tropa ng France? Higit sa lahat, dahil kung hindi natin pinirmahan ito, anu't anuman ay darating din sila. Ang Tsina ay pumirma sa isang kasunduan sa France na nagpapahintulot sa mga tropa ng France na pumasok para palitan ang mga tropa ng Tsina. Dagdag pa, marami nang konsesyon ang ibinigay sa atin ng France. Kaya sinang-ayunan natin ang pagpasok ng mga tropa ng France. Kung hindi, wala sanang naging kasunduan....

Ang mga mamamayang hindi nasisiyahan ay

may pag-unawa sa kasarinlan bilang isang bukambibig, isang islogan, sa papel o sa bibig lamang ninuman. Hindi nila nakikita na ang kasarinlan ng bayan ay resulta ng mga obhetibong kundisyon at na sa ating pakikibaka upang makamit ito, may mga sandaling dapat tayong magpakatatag at iba pang sandali na dapat tayong magpakahinanhon.

Sa kasalukuyang mga sirkunstansya, mayroong tatlong solusyon: mahabang panahon ng pagtatanggol; pagtatanggol, ngunit hindi pangmatagalan; at pakikipagnegosasyon kapag dumating ang panahong dapat makipagnegosasyon.

Hindi natin pinili ang matagalang pagtatanggol dahil hindi pabor sa atin ang sitwasyong internasyunal. Ang France ay pimirma sa isang tratado sa Tsina, sumama ang Amerika sa pangkating French. Sa maraming buwan, kasama ng France ang England. Kung gayon, halos nakabukod tayo. Kung lumaban tayo, lahat ng makapangyarihan ay laban sa atin.

Pagkatapos, sa ilang lugar kung saan hindi malalim na nakatagos ang rebolusyonaryong kilusan, maraming mamamayan ang hindi sumiseryoso dito, at kapag pinatagal natin ang pagtatanggol, naganap marahil ang pagbagsak ng ilang sektor o kahit ang pagkawala ng diwang mapanlaban. Sa pagpapatuloy ng pakikibakang militar, marahil ay naubos natin ang ating mga pwersa at, unti-unti, ang ating kalupaan. Marahil ay ang ilang rehiyon lamang ang nakayanan nating hawakan.

Ang pagtatanggol sa paraang ito marahil ay naging napakamagiting, ngunit kinailangan sigurong pagtiisan ng ating mamamayan ang matitinding hirap dahil hindi natin makikinita kung magagantimpalaan sila.

Sa punto de bistang pang-ekonomya, sa katotohanang ang isang matagalang pagtatanggol ay may kasamang mga taktika ng tigang-na-lupa, saanman tayo umatras, marahil ay kinakailangang wasakin ang lahat-lahat. Naabo na siguro ang mga panustos at tirahan. Kinailangan marahil na ilikas ang buong populasyon.

Naging imposible marahil ang buhay. Dahil wala pa tayong solidong mga baseng pang-ekonomya, magdudulot ng panganib sa ekonomya ang matagalang pagtatanggol na patindi nang patindi araw-araw. Kaya hindi pinili ng gubyerno ang paraang ito upang makaiwas ang mamamayan sa matitinding pagpapakasakit.

Kung ating ninais na magsagawa ng ilang buwang pagtatanggol, marahil ay sumuko rin tayo dahil mayroong napakamodernong armas ang France na kanyang magagamit.... Kaya pinili natin ang ikatlong paraan, iyong mga pakikipagnegosasyon.

Pinili nating makipagnegosasyon para makalikha ng paborableng mga kundisyon upang makibaka para sa ganap na kasarinlan, para mahintay ang kaganapan ng lubos na kasarinlan.

Ang mga pakikipagnegosasyon ay humantong na sa pagtigil ng mga paglalabanan at ng pag-iwas sa pagdanak ng dugo. Ngunit higit sa lahat ay nakipagnegosasyon tayo upang mapangalagaan at mapatibay ang ating pusisyong pampulitika, pangmilitar at pang-ekonomya. Ang ating bayan ay isang malayang bayan, at nasa ating mga kamay ang lahat ng ating kalayaan. Nasa atin ang lahat ng kapangyarihan at lahat ng panahon (na kailangan natin) upang maorganisa ang ating panloob na administrasyon, mapalakas ang ating kagamitang militar,

mapaunlad ang ating ekonomya, at maitaas ang pamantayan ng kabuhayan ng ating sambayanan. Di magtatagal at muling magkakaisa ang tatlong *Ky*. Ang bigas ng Cochin China ay makakarating na sa Tonkin, maglalaho ang multo ng kagutuman.

Kapag isinasaalang-alang natin ang kasaysayan ng daigdig, nakikita natin na ang maraming mamamayang nasa masamang pusisyon ay nakaigpaw sa mga kahirapan sa pamamagitan ng pagkatuto kung paano maghintay ng isang pagkakataong mas paborable sa kanilang pag-unlad. Ang Rusya, halimbawa, ay pumirma sa Brest-Litovsk noong 1918 para mapigilan ang pananakop ng Germany, upang mapalakas ang kanyang hukbo at ang kanyang kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng tigil-putukan. Hindi ba naging napakalakas ng Rusya dahil sa kasunduang ito?

Ang patnubay na ideya, ang layunin ng gubyerno ay ang kapayapaan para sa pag-unlad. Ang landas na binuksan ng kasunduan ay iyong sa kasarinlang abot kamay at ganap, at ito ay nananatiling ating layunin.[40]

Sa paglingon sa nakaraan, malinaw ang estratehiya ng France. Una, hinangad nilang hawakan ang Cochin China, kung saan nakakonsentra ang karamihan ng kanilang pamumuhunan sa mga plantasyon ng palay, pataniman ng goma, at ang malawak na lambat pangkomersyo. Maliwanag na hindi maipatutupad ang kanilang pangakong reperendum para maitakda ang katayuan sa hinaharap ng rehiyong ito. Gayundin, ang pangakong nakasaad sa susog militar na pinirmahan

40 Sinipi sa akda ni Devillers, op. cit., pp. 228-230, gaya ng pagkasalin sa bersyong Byetnames mula sa Quyet Chien, Hue, Marso 8, 1946.

nina Giap, Sainteny, at Hen. Raoul Salan para pauwiin ang mga tropang French sa loob ng limang taon ay nakasalalay lamang sa katapatan ng France. Ang mahalagang punto ay iyong napahintulutan ang France na magpasok ng mga tropa sa Tonkin. Sa pangyayaring ito, nangako ang Vietminh na pananatilihin ang kaayusan; ibig sabihin, para tiyakin na mapipigil ang galit ng mamamayan laban sa French. Hinggil sa pangkalahatang usapin ng mga pwersang militar, itinakda ng kasunduan na: "Ang kabuuan ng mga pwersang ito ay ipapailalim sa superyor na kumand ng France katulong ang mga delegadong Byetnames."[41]

Walang-galang na tinrato ng kumander na French ang itinalagang Byetnames. Nang iwan ni Giap ang unang delegasyon para makipagpulong kay Leclerc sa Haiphong noong Marso 6, limang minuto lamang silang hinarap ng general na French at simpleng nagpaliwanag na, "Darating at darating ako mayroon man o wala kayong pahintulot.' Nang bumalik si Giap sa Hanoi sa pamamagitan ng lansangan para makipagpulong kay Leclerc nang sumunod na araw, siya ay higit pa sa diplomatiko. Kanyang ipinakilala ang sarili bilang "unang tagapagtaguyod ng Byetnam" at tinawag si Leclerc na "unang tagapagtaguyod ng France'. Nagpatuloy siyang tukuyin ang Paris bilang isang kabisera ng kultura at kalayaan, at binigyang-diin ang epekto ng pagkamalaya nito sa kanyang mga pwersa sa Tonkin. Hindi natigatig si Leclerc. Kanyang binigyang-diin na masaya siyang kamtin ang kooperasyon ng Vietminh, na dapat kanilang ituring siyang isang kaibigan ngunit isang kaibigang itinuturing ang kanyang sarili na French bago ang lahat. Nang iwan ni Giap si Leclerc at bumalik sa

41 Girling, op. cit., p. 17; Hammer, op. cit., pp. 148-156; Devillers, op. cit., p. 225.

Hanoi gamit ang sasakyang panlupa, ikinamangha niya ang nakitang mga tangke at armored cars na naglalabasan sa mga LST patungo sa mga aplayang nakapalipot sa Haiphong.[42]

Sa sumunod na mga araw, determinadong nagpunyagi si Giap para mapiga ang lahat ng posible mula sa mga garantiya ng kasunduan noog Marso 6 at sa Susog Militar nito. Kanyang iginiit ang karapatan niyang makonsulta tungkol sa lahat ng kilos ng tropa ng France. Ngunit wala halos magawa ang Vietminh kundi ang bumili ng oras. Ang French ang humalili sa mga tungkulin ng mga pwersa ng Guomindang sa Tonkin. Pinalaya at muling inarmasan ang lahat ng French na ibinilanggo ng Hapones. Nagtrabaho nang husto ang Vietminh para mahadlangan ang mga pangyayaring magpapagalit na maaaring samantalahin ng France. Kaalinsabay, naghanda sila para sa di maiiwasang pagbabalik sa mga lumang baseng gerilya sa kabundukan.[43]

Sa isang rali noong Marso 22, sina Leclerc at Giap ay nag-alay ng bulaklak sa mga libingan ng mga namayapang French at Byetnames, at magkasamang pinanood at sinuri ang kanilang mga tropa. Hindi pa nagwawakas ang diplomasya at negosasyon. Noong Abril 3, pinirmahan nina Giap at Salan ang Convention d'Etat-Major, na nagpapatungkol sa pagpapatupad ng Susog Militar sa kasunduan noong Marso 6. Hindi na gaanong mahalaga sa hinaharap ang mga puntong nakamit at nawala sa mga kasunduang ito. Ang pampulitikang hinaharap ng Timog Byetnam ay nanatiling mapagpasyang isyu gaya noon pa man. Ang ikalawa mula sa huling pagtatangka ng isang kasunduang idinaan sa negosasyon ay naganap sa Da Lat, kung saan lumitaw si Giap bilang isang

42 Devillers, op. cit., pp. 234-235.
43 Ibid., pp. 236-237.

napakatalinong pulitiko.[44]

Ang kumperensya ay nagbukas noong Abril 17. Hindi katangi-tangi ang delegasyong French at kagyat na naggiit na wala itong awtoridad na talakayin ang usapin ng Timog. Nang itanggi ng French na nagpapatuloy ang mga labanan sa Cochin China (nagsasabing nangyayari lamang ang panaka-nakang "mga operasyon na pampulisya"), matinding namagitan si Giap:

> Ang magsabing wala nang mga labanan sa Cochin China ay pagsalungat sa katotohanan. Sa katunayan, nagpapatuloy ang mga pagsalakay saanmang lugar sa Nambo. Tiyak na maaaring sabihin na inilulunsad ang mga ito laban sa mga lumalabag sa batas at na mahirap pag-ibahin ang mga ito.
>
> Kaya, ang ating mga elemento ay maaaring itulad sa mga pangkat ng mga lumalabag sa batas dahil lamang sa katwirang nakikipaglaban sila sa *maquis*,[45] na nagtataglay sila ng walang-takot na mga kaluluwa at mga nakayapak na paa. Sa puntong ito, ang inyong FFI ay maaari ding mga di regular. Nagpapahayag lamang ng tungkol sa mga tropang Vietminh ang Radyo Saigon. Ang aming mga elemento ay mga sundalong Byetnames ng Hukbong Byetnames.... Hindi kailanman namin isusuko ang aming mga armas.... Nais namin ng kapayapaan, tama, ngunit kapayapaan sa kalayaan at katarungan, isang kapayapaang umaalinsunod sa diwa ng kumbensyon ng Marso 6, at hindi kapayapaan sa pagsuko, kasiraang-puri at pagkabusabos... .
>
> Malinaw ang aming pusisyon. Isang buwan at kalahati matapos ang kumbensyon ng Marso 6, hiningi

44 Ibid., p. 250; Hammer, op. cit., p. 159.

45 *maquis* - mga French na nagtanggol laban sa mananakop na mga German noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. - [Nagsalin]

namin na itigil ang mga digmaan laban sa aming mga tropa sa Nambo, nang nananatili sa magkabilang panig ng kanilang kinauukulang pusisyon. Hiningi namin na itatag sa Saigon ang isang komisyong pang-armistiyo dahil dapat nang itigil ang kalunus-lunos na kahihiyang ito... .

Di nalaon, ang mga usapan ay di nagkasundo sa eksaktong kalikasan ng asambleyang pederal na itatatag para sa bagong Pederasyon ng mga Indotsino. Hinggil sa susing usapin ng kinabukasan ng Cochin China, magsisinungaling lamang ang French. Walang-pagod na nakipagtalo si Giap, at noong Hunyo 25, inilarawan siya ng *Le Monde* bilang "isang pulitiko sa lahat ng pakahulugan ng salita". Nang matapos ang kumperensya, si Giap ay napaiyak. Batid niyang hindi magkakaroon ng kapayapaan.[46]

Noong huling bahagi ng Mayo, lumisan si Pangulong Ho patungong Fontainbleau para sa ibayong mga pakikipag-usap sa French. Tumagal hanggang tag-init ang mga negosasyong ito, at inilinaw ng saray kung saan hinango ang delegasyong French na hindi nila gaanong binigyan ng importansya ang kumperensya. Sa Byetnam, si Giap ay isang tunay na pinuno ng estado. Bilang tagapangulo ng Kataas-taasang Konseho para sa Pambansang Depensa (Supreme Council for National Defense), kumilos siya para mapalakas at makonsolida ang pusisyon ng Byetnam. Narating ang isang pansamantalang kasunduan sa Fontainebleau noong Setyembre, ngunit sa panahong iyon, walang sinuman ang seryosong nagturing na maipatutupad ito. Halos ilang linggo lamang ang nakaraan bago upisyal na nagsimula ang unang digmaang Indotsino.[47]

46 Hammer, op. cit., pp. 159-165; Devillers, op. cit., pp. 256-257.
47 Hammer, op. cit., pp. 165-174 at kabanata pito; Devillers, op. cit.,

Magmula noon, si Vo Nguyen Giap ay nakilala sa daigdig hindi bilang isang diplomatiko, kundi bilang punong kumander ng Hukbong Bayan ng Byetnam. Bilang ganoon, hindi na gaanong alam ang kanyang pang-araw-araw na buhay. Iilang dayuhang mamamahayag ang nagkaroon ng pagkakataon na makita siya, at may iilang personal na kwento ng makasaysayang sandali kung saan tuwiran siyang nakalahok. Kahit ang kasaysayan ng digmaang Indotsino ay hindi detalyadong naitala mula sa panig ng Vietminh. Mas lalong di malinaw ang maagang bahagi. Ang mga ito ang mahihirap na buwan kung saan kinailangang itayo ng Vietminh ang mga base nito sa Tonkin at simulan ang magpadala ng mga organisadong yunit patimog. Hindi lamang praktikal ang sariling gawain ni Giap; ang pagtatayo ng hukbo ay nangangailangan din ng pagpapaunlad ng isang pag-unawa sa digma at isang pagsusuri sa pakikibakang dapat ilunsad. Noong 1947, kanyang inilimbag, sa isang limitadong edisyong Byetnames, ang isang akdang may pamagat na Hukbong Mapagpalaya, na magsisilbi bilang isang susing teksto para sa mga kadreng militar.[48] Unti-unting nagtayo ng mga regular na yunit ang Hukbong Bayan. Isang piramid ang istruktura nito. Ang base ay ang masang magsasaka na lumikha ng kanilang sariling lokal na mga pwersang pandepensa. Mula sa mga ito, maaaring organisahin ang mga pwersang gerilya at makilos. Ang proseso ng pagpipili ay humantong hanggang sa punto ng pagrerekluta ng mga regular na pwersa mula sa pinakasubok nang mga yunit. Ang isang hukbong itinayo sa ganitong istruktura ay hindi mawawasak. Ang mga regular na yunit ay tuluy-tuloy na pinupunuan ng mga beterano

---

pp. 256-257; Fall, op. cit., p. xxxvi.

48 Burchett, op. cit., p. 163 et seq.; Hammer, op. cit., p. 232.

sa labanan mula sa ibaba. Noong 1950, pinalakas ng Vietminh ang mga pwersa nito hanggang sa punto ng pag-oorganisa ng unang regular na mga dibisyon nito. Pagsapit ng 1951 – sa loob ng dalawang taon – apat na beses na pinalakas ng Hukbong Bayan ang mga regular na pwersa nito.[49]

Ang pangkalahatang hugis ng digma ay inilarawan ni Heneral Giap sa susunod na mga akda. Kinakatawan ng mga artikulo, panayam, at talumpating ito ang pinakakumpletong nilalaman ng mga akdang sumusuri sa da-lawang digmaang Indotsino na sinulat mula sa punto de bista ng mga pwersang insurekto. Ang mga aral sa nabi-gong mga negosasyon at mga sirang pangako na inilahad sa pambungad na ito ay nasasalamin sa mga prinsip-yong ipinaliwanag sa mga akdang ito. Nang pumasok ang Byetnames sa kanilang ikalawang rawnd ng mga pakikipagnegosasyon sa French noong 1954, ginawa nila ito mula sa isang pusisyong walang katulad na mas malakas, na dramatikong pinatingkad ng tagumpay ng Dien Bien Phu. Ngunit sa maraming paraan, may depek-to rin na katulad sa kasunduan ng 1946 ang kasunduan sa Geneva. Ang mga konsesyong ginawa ng Kanluran ay muling hindi maipatutupad. Bilang kumandante ng Hukbong Bayan, paulit-ulit na nanawagan si Heneral Giap sa Komisyon ng Pandaigdigang Kontrol (International Control Commission) na itinatag sa Geneva upang igiit ang pagpapatupad ng mga probisyon ng kasunduan at upang iprotesta ang mga paglabag ng rehimeng Diem sa kasunduan. Nang lumubha ang kalagayan sa Timog at ang pag-aalsa laban sa rehimeng Diem ay nagresulta ng pag-iral ng isang

49 George K. Tanham, *Ang Rebolusyonaryong Pakikidigmang Komunista: Ang Vietminh sa Indotsina* (New York, 1961), p. 102; Girling, op. cit., pp. 131-135.

bagong organo ng pakikibaka – ang Pambansang Prente sa Pagpapalaya, noong Disyembre 1960 – naiatang kay Giap ang tungkuling ipaliwanag sa ICC ang mga bagong sirkunstansya. Sa isang makasaysayang liham noong Enero 26, 1961, kay Embahador M. Gopala Menon, tagapangulo ng ICC, sinulat ni Giap na "ang karahasan at pang-aapi ang nagpahantong sa kanila [ang mga mamamayan ng katimugan] sa isang kalagayan kung saan wala silang ibang paraang masusulingan kundi hawakan sa kanilang sariling mga kamay ang pagtatanggol sa kanilang (mga) buhay, ari-arian at kalagayan ng pamumuhay."[50]

Ang ikalawang digmaang Indotsino ay inilagay sa isang bagong pandaigdigang konteksto pagkatapos ng matatagumpay na rebolusyon sa Cuba at Algeria, at sa panahon ng kaguluhan sa buong Ikatlong Daigdig. Lubos na isinasalaysay ng huling mga akda ni Giap ang mga pangyayaring ito at lipos ng isang malalim na internasyunalismo ang mga ito. Labingwalong buwan bago nanawagan si Che Guevarra ng "maraming Byetnam", isinaalang-alang ni Giap kung gaano "karaming mga Santo Domingo" ang makapagpapatalas ng mga kontradiksyong kinalalagakan ng imperyalismo.[51] Ngunit hindi kailanman pinalabo ng internasyunalismo ang paggalang ni Giap sa soberanya at kasarinlan ng mga bansa sa pakikibaka para sa sosyalismo.[52] Malakas ang

50 Vo Nguyen Giap, Buksan Natin ang Dokumento (Hanoi, 1961), p. 16.

51 Tingnan sa ibaba ang "Ang Digmang Pagpapalaya sa Timog Byetnam".

52 Sa pagdiriwang ng Araw ng Hukbo ng Prague noong taglagas ng 1968, si Giap ay personal na nagpahatid sa kanyang katapat na Czech, si Heneral Martin Dzur, ng kablegrama na nanghihikayat sa kanya na konsolidahin ang pambansang depensa at ipagtanggol ang mga tagumpay ng sosyalistang konstruksyon ng mamama-

kanyang determinasyon, at alam niya na hindi maaaring maging malaya ang kanyang bayan hanggat ang kahuli-hulihang dayuhan sundalo ay hindi lumilisan. Inaasahan namin na ang mga akdang ihinapag dito ay makakatulong sa mambabasa na maunawaan ang determinasyong ito at magkaroon ng ilang ideya sa estratehiyang nagpahantong sa Byetnam sa tagumpay nito laban sa United States. Inaasahan din namin na ang mga akdang ito ang magbubuo sa pinakahuling kabanata ng dalawang-libong taong kasaysayan ng digmaan at kawalang-katarungan ng Byetnam, at nagtitiwala kami na makapagsisimula ng isang bagong panahon ng pagpapalaya ang dekada 1970.

Russell Stetler

London Nobyembre 1969

---

yang Czech sa pamamagitan ng pagpapalakas ng hukbo. Tingnan ang balita ng Reuters, HongKong, Oktubre 5, 1968, na nagsisipi sa Ahensyang Pambalitaan ng Byetnam (Vietnam News Agency).

# ANG MGA PINAGMULAN NG HUKBONG BAYAN[1]

Sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Buong-lupit na sinupil ang rebolusyonaryong kilusan sa Byetnam; ang lahat ng ligal at semiligal na organisasyon ng Partido ay nagtungo sa kilusang lihim. Noong 1938, sa panahon ng Demokratikong Prente ng Indotsina, lumitaw sa Byetnam ang isang malaking kilusang masa na wala pang kahalintulad, samantalang sa France, sumuko ang gubyernong Daladier sa mga pasista at naging pasista mismo. Sa Indotsina, naghihintay ng isang paborableng pagkakataon ang mga pasistang Hapones para salakayin ang bayang ito. Sinalakay nila ang Lang Son noong 1940.[2] Nangayupapa ang mga kolonyalistang French sa mga pasistang Hapones sa isang banda at sa kabilang banda, naghangad na napakarahas na pakitunguhan ang kilusang popular. Tumindi ang kabangisan ng mga pang-aaresto at teror. Sa harap ng ganoong kalagayan,

---

1 Lumabas ang talambuhay na ito sa ilalim ng pamagat na "Presidente Ho Chi Minh, Ama ng Rebolusyonaryong Hukbo ng Byetnam" sa koleksyong *Mga Araw na Kasama si Ho Chi Minh – Days with Ho Chi Minh* (Hanoi: Foreign Languages Publishing House, rev. ed., 1962), pp. 179-228. Hindi ito isinulat ni Giap kung tutuusin, pero nakatala ang kanyang mga salaysay at isinaayos ng mga sumulat ng orihinal na tomo.

2 Sa kabila ng katotohanan na si Admiral Decoux, ang French na gubernador-heneral sa Indotsina, ay bumigay sa kanilang ultimatum at lumagda sa isang kasunduan na ipinagkakaloob sa Japan ang karapatang magtayo ng tatlong baseng panghimpapawid at igarison ang anim na libong tropa sa Byetnam, naglunsad ang Hapon ng pag-atake noong araw ding iyon, Setyembre 22, sa mga lungsod ng Lang Son at Dong Dang sa hilagang Tonkin. Sumuko ang Lang Son noong September 24, at gumuho nang sumunod na araw ang lahat ng pagtatanggol ng French laban sa Hapon.

kinailangang ipagpatuloy ng Partido ang lihim na rebolusyunaryong mga pagkilos.

Batay sa isang pasya ng Partido, si Pham Van Dong at ako ay tatawid sa hangganan at pupunta sa Tsina. Napakahirap ng aming mga kalagayan noon. May sakit si Pham Van Dong at nagtuturo ako sa pribadong paaralan ng Thang Long; mahigpit na sinusubaybayan ng lihim na mga ahente ang bawat kilos ko tulad nang dati na nilang ginawa noong kami ay hayagang nagsagawa para sa Partido ng pampahayagang mga aktibidad sa Hanoi. Pero sa kabila ng lahat ng kahirapan, maisasagawa nang buong lihim ang maingat na mga paghahanda para sa aming pag-alis.

Bago kami umalis, nagawa ko pang muling makipagkita kay Hoang Van Thu sa huling pagkakataon sa aking buhay. Naganap ang pagkikita sa sementeryo ng Quang Thien sa kalsada ng Hanoi-Ha Dong. Pumasok ako sa sementeryo sa agaw-dilim ng takipsilim. Isang lalaking nakasuot ng isang mahabang itim na damit ang humakbang patungo sa akin: siya ay si Thu na naghihintay sa akin.

Sinabi ni Thu, "Dapat tayong gumawa ng mga paghahanda para simulan ang pakikidigmang gerilya. Sa kasalukuyan, nakaambang sakupin ng mga pasistang Hapones ang Indotsina, kaya't naroroon ang lahat ng posibilidad na darating dito ang mga tropang Allied. Dapat magkaroon ng mga sandatahang pwersa ang ating rebolusyonaryong kilusan. Dapat nating ihanda ang ating sarili sa lahat ng paraan, nang sa gayon ay mapasimulan ang digmang gerilya sa tamang panahon".

Bago kami naghiwalay, sinabi ni Thu, "Kapag kayo ay nangibang-bayan, maaaring makatagpo mo si Nguyen Ai Quoc. Sikaping makakuha ng impormasyon sa mga aktibidad ng Liga ng Inaaping mga Mamamayan ng

Silangang Asya".

Noong linggong iyon, nagturo ako noong Biyernes para mailibre ang Sabado at Linggo. Kaya, sa Lunes ng umaga, kapag nalaman nang nawawala ako, malayo na ako sa Hanoi. Noong Mayo 3, 1940, sa ikalima ng hapon, pagkatapos ng oras ng klase, agad akong dumiretso sa Malaking Lawa na parang namamasyal o pangkaraniwang aktibidad lamang. Hinihintay ako ni Kasamang Thai[3], na kalung-kalong ang sanggol na si Hong Anh, sa kalsadang Co Ngu. Sa pagpapaalam, ipinahayag namin ang pag-asa na magkikita kaming muli sa lihim na gawain kapag naipagkatiwala na niya ang sanggol sa isang tagapag-alaga. Wala kaming anumang hinagap na ito na ang aming huling pagkikita. Tinawag ko ang isang *rickshaw* na mabagal na umuusad tungo sa aking direksyon. Iyong *rickshaw* na hila-hila ni Kasamang Minh ang nagdala sa akin sa Chem, sa karatig ng lunsod tulad nang dating napagkasunduan.

Kinabukasan, si Pham Van Dong at ako ay sumakay ng tren sa Istasyon ng Dulo ng Tulay patungo sa Lao Cai. Sa panahon ng pagbibiyahe, kinailangan naming bumaba nang dalawang beses nang rekisahin ang tren. Panahon ito ng tag-ulan.

Baha ang mga ilog. Sa Lao Cai, tinawid namin ang Ilog Nam Ti sa isang balsang kawayan tungo sa teritoryo ng Tsino. Mula roon, sumakay kami ni Pham Van Dong sa tren papuntang Kunming. Higit na mas mahirap ang bahaging ito ng aming biyahe. Sa sandaling namataan namin na sumasakay sa kabilang dulo ng tren para maghalughog ang mga empleyado ng perokaril at mga pulis, palihim kaming pumupunta sa likuran nila. Sa wakas, narating namin ang Kunming.

3 Ang asawa't anak ni Giap, kapwa mamamatay sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Sa Kunming, naugnayan namin sina Phung Chi Kien[4] at Vu Anh[5] na nagsasagawa ng rebolusyonaryong gawain doon. Sinabihan kami na kailangang hintayin namin si Vuong bago makagawa ng anumang desisyon.

Sa panahong iyon, nagpapanatili ang ating mga kasama sa Kunming ng lihim na mga ugnay sa sangay sa lokalidad ng Partido Komunista ng Tsina. Dahil sa tulong ng ating mga kasamang Tsino, nakapag-ayos kami ng aming tirahan, nakakuha ng mga aklat at papel at gayundin, nakapag-organisa ng mga linya ng komunikasyon, atbp. Siyempre, dapat kaming kumilos nang lihim na lihim para maiwasan ang mapagbantay na mga mata ng pangkating Guomindang upang hindi nila kami mapaslang. Napakahirap ng buhay sa aming tirahan. Kailangang kami ang mamalengke at magluto. Nang dumating ang aking toka, napakasama ng aking niluto kaya't mula nang araw na iyon, ipinagkatiwala na lamang sa akin ang paghuhugas. Sabik kaming nag-aral ng Tsino habang hinihintay si Vuong.

Hindi ko itinanong kung sino si Vuong. Sa isip, mapusyaw ko siyang hininagap habang nagugunita ko ang mga sinabi ni Thu sa Hanoi na maaaring makatagpo ko si Nguyen Ai Quoc.

Noon, para sa mga kabataan ng aming panahon, si Nguyen Ai Quoc ang aming naging ideyal, ang adhika ng aming mga pangarap. Nang mga taong 1926-1927, habang umuunlad ang kilusang estudyante sa Hue dahil sa napakalaking impluwensya ng mga rebolusyong Tsino at Ruso, malimit kaming bumisita kay Phan Boi Chau[6] sa

---

4 Isang kagawad ng Komite Sentral, nasawi noong Hulyo 1941 sa isang pakikipaglaban laban sa mga French.

5 Isang beteranong kadre at kawal; isang opisyal ngayon sa Hukbong Bayan ng Byetnam.

6 Pinuno ng kilusang Dong Du (Tumungo sa Silangan - Go East) at

Hue kung saan siya dinala mula sa Hanoi at ipinailalim sa *house arrest*. Malimit niya kaming kwentuhan tungkol sa mga pangyayari sa daigdig. Nakasabit sa mga dingding ng kanyang bahay ang mga larawan nina Sun Yat-sen, Lenin at Sakyamuni. Kabilang kami sa ganoong mga kabataang sabik na sabik na naghahanap ng katotohanan. Pero ang higit na kasiya-siya sa amin ay ang mga kwentong bulung-bulungan sa hanay ng mga estudyante hinggil sa rebolusyonaryong si Nguyen Ai Quoc. Isang araw, nakakuha si Nguyen Khoa Van ng isang polyeto, na hindi ko alam kung saan nagmula, na may pamagat na *Paglilitis sa Kolonyalismo (Colonialism on Trial)* na isinulat ni Nguyen Ai Quoc. Pinagpasa-pasahan namin ito. Ang pabalat ng polyeto ay may nakaimprenta ring sulat Arabiko. Ang mabasa sa unang pagkakataon ang isang librong tumutuligsa sa kolonyalismo ay pumukaw sa aming napakalaking pagkamuhi at gumising sa amin. Di naglaon, nakaabot sa aking pandinig ang maraming kawili-wiling kwento hinggil kay Nguyen Ai Quoc. Ikinuwento ito ng ilan sa aking mga kaibigan nang punung-puno ng kagalakan at kasiglahan na para bang nakita nila mismo si Nguyen Ai Quoc na naglalathala ng *Ang Itinakwil (Le Paria)* sa Paris, o naglalakbay sa buong daigdig. Ipinakita pa nga sa amin ni Nguyen Khao Van ang isang malabong litrato ni Nguyen Ai Quoc na may suot na sumbrerong mabalahibo. Pero taglay ang aming aktibong imahinasyon at pagpipitagan sa kanya, para sa amin, ito ay malinaw na larawan ng isang tapat at may marangal na kaisipang rebolusyonaryong kabataan.

Kasunod ng kilusang lisanin-ang-paaralan na inilunsad ng mga estudyante sa Hue noong 1927,

---

maraming iba pang kilusan laban sa French mula 1904 hanggang 1925, nang madakip siya sa Shanghai. Namuhay siya sa ilalim ng *house arrest* sa Hue at nasawi noong Oktubre 29, 1941.

pinatalsik ako sa paaralan at kinailangang bumalik sa aking sinilangang baryo. Noon, nagpapanatili rin ng mga ugnay ang kilusang estudyante sa Hue sa mga rebolusyonaryong organisasyon sa ibang bayan. Marami, kabilang na ako, ang nagpasyang lumabas ng bayan pero hinadlangan kami ng mga kahirapan. Gayunman, patuloy kaming nag-aasam at naghihintay ng isang paborableng kalagayan. Samantala, bumalik ako sa aking sinilangang baryo. Isang araw, dumating sa bahay si Nguyen Chi Dieu, isang napakalapit kong kaibigan sa Hue, nakipag-usap tungkol sa kalagayang pampulitika, at tinanggap ako sa kasapian ng Partido Tan Viet na ang layunin ay isagawa ang "una, isang pambansang rebolusyon at kasunod, isang pandaigdigang rebolusyon." Ibinigay ni Dieu sa akin ang isang librong nakasulat sa French na tumatalakay sa komunismo, isang polyeto na inilathala sa Brussels ng Pandaigdigang Liga ng Inaaping mga Mamamayan, at mga dokumento ng pulong sa Canton kasama ang isang talumpating binigkas ni Nguyen Ai Quoc. Pumunta ako sa bukid na dala ang mga dokumentong ito, umakyat sa isang puno, at binasa ang mga ito. Maaaring sabihin na sa pamamagitan ng mga pahina ng libro ay luminaw nang luminaw sa akin ang internasyunalistang mga ideya at unti-unting kumintal sa akin, at ang bawat pahina ng aklat ay isang napakalakas na pwersang pang-inspirasyon. Pagkaraan ng ilang panahon, bumalik ako sa Hue, hindi para ipagpatuloy ang pag-aaral kundi para magsagawa ng lihim na mga pagkilos bilang isang kasapi ng Partido Tan Viet. Dito, ikinuwento ni Phan Dang Luu,[7] na kababalik lamang mula sa Canton, ang maraming istorya hinggil kay Nguyen Ai Quoc.

7 Isang kagawad ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Indotsina, binitay ng mga French noong Mayo 24, 1941.

Pero hindi lamang noong maagang mga panahon ng aking rebolusyonaryong buhay na magiging pamilyar sa akin ang pangalan ni Uncle. Kalaunan, sa panahon ng kilusang demokratiko sa Hanoi, nang nagsulat ako para sa *Notre Voix* (Ang Aming Tinig - Our Voice), ang opisyal na organo ng Partido na inilathala sa French, ang patnugutan ay malimit na makatanggap ng mga artikulo na may lagdang "P. C. Lin" na ipinadala mula sa ibang bayan bilang mga kontribusyon sa pahayagan. Ang makinilyadong mga dokumentong ito ay maingat na binabasa nang paulit-ulit dahil alam naming isinulat ni Kasamang Nguyen Ai Quoc ang mga ito. Ipinahayag ni Uncle sa mga ito ang kanyang mga opinyon tungkol sa isang malapad na demokratikong prente, o ang kanyang mga opinyon sa kalagayang pandaigdig, at ang mga karanasang ibinibigay ng rebolusyong Tsino. Ang bawat isa sa mga artikulong ito ay nagsisimula sa mga pangungusap na matalas na kumukuha sa atensyon ng mga mambabasa, tulad ng "Kung ako ay isang rebolusyonaryong Byetnames . . ." o, "Kung ipakikilala ang karanasan sa Yenan ng Partido Komunista ng Tsina, hindi sasapat ang kahit na isang makapal na aklat para ipaliwanag ang lahat, dito nais ko lamang na magbigay ng isang pagbubuod ...".

Ang lahat ng larawan, ideya, lahat ng tungkuling aking ginampanan noong panahong iyon ay sariwa pa sa aking alaala. At hanggang sa araw na magkikita kami ni Vuong, umasa ako at nadama ko ang katiyakan na siya ay si Nguyen Ai Quoc mismo, laluna nang magunita ko ang mga sinabi ni Thu noong papaalis na ako ng bayan. Naging mainipin ako dahil sa lahat ng iyon.

Hunyo na, kalagitnaan ng tag-init sa Kunming. Isang araw, nakiusap si Phung Chi Kien na samahan ko siya sa Tsuy Hu kung saan kami hinihintay ni Vuong.

Banayad kaming naglakad sa pampang ng Tsuy Hu at sinalubong namin ang isang payat na taong nasa katanghaliang-gulang na suot ang ternong estilong Europeano at isang abuhing sombrerong mabalahibo. Ipinakilala siya ni Kien sa akin bilang si "Kasamang Vuong." Kagyat kong nakilala ang tao bilang si Nguyen Ai Quoc. Kumpara sa larawang nakita ko, higit siyang mas aktibo, mas alisto. At kumpara sa kung ano siya dalawampung taon na ang nakaraan, payat pa rin siya tulad ng dati, ang pagkakaiba lamang sa panahong iyon ay bata pa siya at walang balbas. Natatandaan ko pa iyon, noong makilala ko siya, wala akong partikular na naramdaman na tulad ng aking inaasahan, maliban sa nakita ko sa kanya ang kasimplehan ng pag-uugali, ang kalinawan ng karakter na kalaunan, noong katabi ko siyang nagtatrabaho ay ganoon pa rin ang malakas na epekto sa akin. Sa mismong unang pagkikitang iyon, kagyat kong nadama na napakamalapit niya sa akin, na para bang matagal na kaming magkakilala. Inisip kong ang isang dakilang taong kagaya niya ay laging simple, napakasimple kaya't walang partikular na mapapansin sa kanya. Gayunman, ang isang bagay na tumimo sa akin ay ang paggamit niya ng maraming katagang natatangi sa gitnang Byetnam. Hindi ko inaasahan na ang isang taong malaon nang nangibang bayan ay magsasalita pa ng mga wika ng kanyang lugar na pinagmulan kasama ang partikular na mga punto ng mga ito.

Sina Vuong, Kien, at ako ay nag-usap habang malumanay na naglalakad sa kahabaan ng pampang ng Tsuy Hu tulad ng mga nakapaligid sa amin na naghahanap ng sariwang hangin. Nagtanong siya tungkol sa aming paglalakbay, sa mga kahirapang aming nakaharap. Nagtanong siya hinggil sa mga bagong pangyayari sa Demokratikong Prente at sa kilusan sa sariling bayan.

Tungkol sa rebolusyonaryong gawain ay sinabi niya, "Isang mabuting bagay na nakarating kayo; mahigpit kayong kailangan dito." Tulad ng iminungkahi ni Thu, kindi ko siya nakalimutang tanungin tungkol sa Liga ng Inaaping mga Mamamayan. Sinabi niya, "Isang tunay na mahalagang usapin, pero hindi pa sapat na hinog ang mga kalagayan para sa pagbubuo nito."

Naghiwalay kami pagkatapos. Kasunod niyon, malimit ko na siyang makita kasama sina Phung Chi Kien, Vu Anh, at Pham Van Dong. Malimit siyang magpaliwanag tungkol sa kalagayan ng daigdig, masusing nagsusuri sa kalagayan sa Tsina, at sa digma ng pagtatanggol ng Tsina laban sa mga Hapones. Partikular siyang nagbigay diin sa doble-karang aktitud ng Guomindang, na tila nakikipagtulungan sa Partido Komunista ng Tsina sa paglaban sa mga Hapones ngunit sa katotohanan ay nagsisikap na wasakin ito. Ang dakilang tungkulin ng Partido Komunista ng Tsina ay ang pagkaisahin ang lahat ng pwersa ng bansa laban sa mga Hapones. Kaugnay sa Guomindang, dapat din itong makipagkaisa rito, magpunyaging makabig ang progresibong mga elemento sa kanilang hanay para sa pangkalahatang pakikibaka laban sa mga Hapones. Pero kailangang kaalinsabay ng pagkakaisa ang pakikipagtunggali laban sa kanilang maling mga ideya at mas partikular, ang pagbabantay laban sa maka-kanang mga tunguhin sa kanilang hanay, ang pagbabantay laban sa mga grupong maka-Hapones at doon sa mga may tendensyang magbigay ng mga konsesyon at tumigil sa pakikipaglaban.

Kaugnay ng aming gawain, sinabi niya, "Pupunta kayo sa Yenan. Doon ay papasok kayo sa paaralan ng Partido para mag-aral ng pulitika. Sikapin ding mag-aral ng teknikang militar."

Sa kasunod na mga pulong bago kami pumunta sa

Yenan, paulit-ulit ding hiningi ni Uncle sa amin na mag-aral ng teknikang militar.

Kaya, kaming tatlo, sina Pham Van Dong, Cao Hong Lanh, at ako ay umalis ng Kunming para sa Kweiyang. Inabot ng tatlong araw sa kainitan ng araw ang paglalakbay. Sa Kweiyang kinailangan naming maghintay ng isang bus para sa Yenan.

Sa Kweiyang, kami ay tumigil sa upisina ng Hukbo ng Ikawalong Ruta.[8] Mula nang dumating ako sa Tsina, higit ko pang naunawaan nang mas malinaw kung hanggang saan ang higpit ng relasyon sa isa't isa ng mga rebolusyong Tsino at Byetnames. Nabatid ko laluna ang ipinakitang taus-pusong pangangalaga ng Partido Komunista ng Tsina sa rebolusyong Byetnames. Napakamatulungin ng ating mga kasamang Tsino. Saanman kami magawi, itinuturing nila kaming mga kapatid sa dugo. Sa upisina ng Hukbo ng Ikawalong Ruta sa Kweiyang, nagkaroon ako ng oportunidad na basahin sa unang pagkakataon ang dyaryong *Pagpapalaya (Liberation)* at malaman ang kalagayan sa Yenan. Isa pang bagay na tumawag sa aming atensyon ay ang ibinibigay na mataas na pagpapahalaga ng ating mga kasamang Tsino kay Uncle. Hindi namin alam kung ilang ulit na siyang pumunta sa Kweiyang, pero doon, kilalang-kilala ng lahat si Ho Quang, mula sa taong nangangasiwa sa upisina hanggang sa mga nagluluto. (Ho Quang ang pangalan sa pakikibaka ni Uncle.) Ang bawat isa sa kanila ay may kwento tungkol kay Ho Quang sa iba't ibang paraan pero mahal siya ng lahat. Marami ang may nais na malimit na magawi si Ho Quang sa kanilang upisina para magtrabaho at turuan

8 Kasunod ng inabot na kasunduan sa Nanking ng mga Komunistang Tsino at ng Guomindang noong Setyembre 22, 1937, ang Pulang Hukbo sa Yenan ay muling pinangalanan na Hukbo ng Ikawalong Ruta.

sila ng Ruso at Ingles.

Dahil napakahirap hanapin ang mga suplay ng pagkain sa isang rehiyong nasa liblib ng bayan tulad ng Kweiyang at limitado ang pinansya ng Partido, kailangan naming magtanim ng sariling gulay. Bihirang-bihira ang karne. Ngunit ang usapin ng transportasyon ang pinakamalaki sa aming mga kahirapan. Kailangang maghintay kami ng matagal-tagal para sa isang bus.

Nang papaalis na kami para sa Yenan, nakatanggap kami ng isang mensahe mula kay Ho Quang na nagsasabi sa amin na hintayin na lang namin siya. Noong panahong iyon, bumagsak ang Paris, nasakop na ng mga pasistang German ang France; inisip namin na dahil sa bagong pangyayaring ito ay nagkaroon na ng isang bagong pagpapasya. Ilang araw pa ang nagdaan ay dumating din sina Phung Chi Kien at Vu Anh sa Kweiyang. Sinabi nila na sa harap ng bagong kalagayan, dumating sila sa tagubilin ni Uncle upang sumama sa amin pagpunta sa Kweilin at mula roon ay sikaping bumalik sa Byetnam. Dahil sumuko na ang France, dagdag nila, maaaring mayroong mga pagbabago sa kalagayan sa Indotsina.

Kaya, hindi kami pumunta sa Yenan at sa halip ay sa Kweilin.

Sa Kweilin, umugnay kami sa upisina ng Hukbo ng Ikawalong Ruta. Kagaya sa Kweiyang, napakalaki ng ginawa ng ating mga kasamang Tsino para tulungan kami. Malimit silang mag-organisa ng mga pulong sa mga mamamahayag na nabibigyan natin ng impormasyon hinggil sa kalagayan sa Byetnam at sa rebolusyonaryong kilusan sa Byetnam. Bilang mga rebolusyonaryong Byetnames, umugnay kami kay Hen. Ly Tji-shen, ang direktor ng Timog-kanlurang Punong Himpilan ni Chiang Kai-shek. Sa pag-uusap, inihapag ni Ly Tji-shen ang usapin ng pagpasok ng mga tropang Allied sa

Indotsina at hiniling ang aming tulong sa pagpapahusay ng mga plano para sa pagdating ng mga tropang Tsino sa Byetnam.

Nang dumating si Uncle sa Kweilin at matapos naming banggitin ang kahilingang ito, sinabi niya, "Dapat may malinaw na malinaw tayong pagkakaunawaan kaugnay ng usaping ito. Tanging ang Pulang Hukbong Sobyet at Pulang Hukbong Tsino ang praternal sa atin, ang ating tunay na mga kaalyado. Sila ay ating tunay na tinatanggap. Kaugnay ng mga tropa ni Chiang Kai-shek, bagama't anti-Hapones sila sa isang antas, ang kanilang kalikasan ay reaksyunaryo. Sa pagtutulungang Nasyunalista-Komunista, kanilang binabanggit ang pakikipaglaban sa mga Hapones pero sa katotohanan ay naghahanap ng lahat ng maaaring paraan para durugin ang mga Komunista. Kailangan nating kilalanin ang kanilang reaksyunaryong kalikasan; kung hindi ay magiging mapanganib ito."

Sa sandaling iyon, kung kaming lahat ay mananatili sa Kweilin sa isang mahabang panahon, matutuklasan kami ng mga awtoridad ng Guomindang. Dagdag pa, "ang insidente ng Kiangnan" ay naganap nang maglunsad ng isang biglaang pagsalakay ang mga tropa ni Chiang Kai-shek laban sa isang yunit ng Bagong Ikaapat na Hukbo na pinamumunuan ni Seng Yang sa mismong lunsod ng Kweilin. Arogante nilang kinumpiska at ipinagbawal ang lahat ng libro at papel sa mga aklatan sa lokalidad. Ang teror ay naghari. Malubha ang kalagayan. Nasa balag kami ng alanganin. Maaari kaming arestuhin anumang oras na matunugan kami ng mga Guomindang.

Si Uncle ay nagmungkahi na lumapit kami sa hangganan ng Byetnam at doon ipagpatuloy ang aming rebolusyonaryong gawain. Makaiiwas kami kung ganoon sa kahirapan. Pero ang pangunahing dahilan na

nagbibigay-matwid sa desisyon ay kailangang gawin ito dahil hinihingi ng kalagayan sa sariling bayan.

Ang heneral ni Chiang Kai-shek na si Chiang Fa-kwei ay nagbuo na ng isang Grupo sa Gawaing Panghangganan na ipinailalim sa pangangasiwa ni Truong Boi Cong, na binigyan ng tungkuling hawanin ang daan para sa pagtagos ng mga tropang Guomindang sa Byetnam sa utos ng kapangyarihang Allied. Kilalang-kilala namin ang pangkating ito at lubos naming batid na sila ay walang mabuting gagawin. Gayunman, ginamit namin ang aming pagkikilala upang humingi ng masasakyan para mas madaling makarating sa hangganan ng Byetnam. Pagdating sa Tsingsi, itinayo namin ang isang upisina ng Liga sa Pagpapalaya ng Byetnam at pinanatili ang mga ugnay sa mga Guomindang. Di naglaon, nang si Nguyen Hai Than[9], na dumating din sa Tsingsi, ay nagsumbong sa Guomindang na mga Komunista kami, kagyat na nagbago ang pakikitungo sa amin ng mga tauhan ng Guomindang.

Nang kami ay nasa Kweilin, dumating si Uncle at nakipagtalakayan sa amin para sa paghahanda sa mga haharaping gawain kapag bumalik na kami sa bayan.

Ang aming mga pakikipagpulong sa kanya ay karaniwang nagaganap sa mga karatig ng Kweilin. Tuwing darating siya ay kalimitang tumitigil siya sa isang bahay ng sangay sa lokalidad ng Partido Komunista ng Tsina. Nagpapanggap bilang mga mamamasyal, mauupo kami sa damuhan na napapayungan ng isang puno. Pinakinggan ni Uncle ang aming ulat hinggil sa natapos na mga gawain at ibinigay niya ang kanyang mga opinyon

9 Isang may edad na makabansa na tumigil sa Tsina bago pa noong Unang Digmaang Pandaigdig. Siya ang itinalaga ng Guomindang na pinuno ng moderatong makabansang koalisyon na inorganisa sa ilalim ng kanilang pagtangkilik noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig (kilala bilang Vietnam cach Menh Dong Minh Hoi).

at mungkahi. Minsan, nang tinagpo ko siya na kasama sina Phung Chi Kien at Vu Anh, kanyang sinabi, "Sa harap ng bagong kalagayan, nagiging higit na mahalaga ang pambansang pagkakaisa, dapat nating pag-isipan ang pag-oorganisa ng isang malapad na pambansang nagkakaisang prente na may angkop na anyo at pangalan. Tatawagin ba itong Liga sa Pagpapalaya ng Byetnam? o Liga ng Byetnam Laban sa Imperyalismo? o Liga sa Kasarinlan ng Byetnam? Sa tingin ko ay mas mahusay na Liga sa Kasarinlan ng Byetnam ang itawag natin dito. Pero napakahaba nito para sa isang pangalan, kaya paiigsiin natin ito at tatawagin na Byetminh. Madali itong matatandaan ng mamamayan."

Kinalaunan, ang palitan ng opinyong iyon ay tinalakay sa Ikawalong Plenum ng Komite Sentral ng Partido na idinaos sa Pac Bo kung saan pinagpasyahan na itatag ang Liga sa Kasarinlan ng Byetnam o Byetminh sa maigsi.

Ilang araw matapos ang aming pagdating sa Kweilin, ang mga pahayagan ay punung-puno ng mga balita tungkol sa insureksyong Nam Ky sa Byetnam. Hindi pa nakauugnay sa aming bayan, nakaramdam kami ng matinding pagkainip.

Sa sandaling iyon, dumating si Uncle, tinipon kami at sinabi sa amin ang kanyang mga pagtingin sa pangyayari sa mga sumusunod: "Ang pangkalahatang kalagayan sa daigdig at sa Indotsina ay nagiging higit na paborable para sa atin, pero hindi pa dumarating ang panahon, hindi pa dapat sumiklab ang pag-aalsa. Pero dahil nangyari na, kailangang gawin ang pag-atras sa isang matalinong paraan para mapanatili ang kilusan." Gumawa siya ng isang mensahe alinsunod rito pero sa kasawiampalad ay nabigo ang aming mga pagsisikap na maipadala ito sa sariling bayan.

Napukaw ng mga balita sa kilusang nagaganap sa

aming bayan, sinubok namin ang lahat ng paraan para makaugnay sa Komite Sentral sa sariling bayan.

Samantala, nakaabot sa amin ang mga balita na sinupil ng mga imperyalistang French ang mga rebolusyonaryong organisasyon sa Cao Bang. Maraming kabataan mula sa iba't ibang nasyunalidad ng Cao Bang ang tumawid ng hangganan para sa kaligtasan at nagtungo sa himpilan ni Truong Boi Cong. Sinabi ni Uncle, "Mag-oorganisa tayo ng isang kurso ng pagsasanay para sa kanila. Pagbalik nila sa Cao Bang, higit nilang kokonsolidahin at pauunlarin ang kilusan at oorganisahin ang mga linya ng komunikasyon sa mga dayuhang bayan." Ang kanyang mungkahi kaugnay ng Cao Bang bilang isang rebolusyonaryong base ay nagbukas ng malilinaw na prospek para sa rebolusyong Byetnames, dahil matagal nang may matatag na rebolusyunaryong kilusan[10] sa Cao Bang, at malapit sa hangganan at paborable kung gayon sa pagpapanatili ng mga relasyon sa mga dayuhang bayan. Pero kailangan ding palawakin ang kilusan mula doon tungo sa Thai Nguyen at sa mas malayong Timog para maitatag ang mga pag-uugnayan ng kilusan sa buong bayan. Matapos lamang na makamit ito at saka tayo makapagsisimula ng isang armadong pakikibaka at makapaglulunsad ng opensiba kapag paborable ang mga kalagayan at magpupunyagi kapag naganap ang

10 Ang mga rebolusyonaryong tradisyon ng Cao Bang ay nagmula pa noong 1929, nang maraming tagapagtaguyod ang Kapisanan ng mga Kabataang Kasama (Young Comrades Association) sa rehiyong ito. Nang itatag ang Partido Komunista sa kasunod na taon, ilang mga selula ang naorganisa sa Cao Bang at marami ang napangalagaan sa pinakamahirap na mga taon ng dekadang 1930.
Noong panahon ng Prenteng Popular, maraming pulong ang naidaos doon bilang suporta sa Kongreso ng Partido ng Buong Indotsina. Sa mga panunupil na sumunod, napilitan ang mga kadre na lihim na kumilos pero pinanatili nila ang kanilang pampulitikang lakas.

kabaligtaran.

Ang mga mungkahing iyon na ginawa bago kami pumasok ng Cao Bang ay pinakamalinaw na nagbigay-diin sa mahalagang katangian ng magiging pinalayang purok ng Viet Bac sa kalaunan.

Nagtagumpay kaming mailayo sa kontrol ni Truong Boi Cong ang lahat ng kasamang nagmula sa Cao Bang. Dati silang mga kadre ng Partido at partisano na nalito matapos ang kanilang pagtawid sa hangganan at pansamantalang pagsalig kay Truong Boi Cong matapos mabalitaan ang tungkol sa Grupo sa Gawaing Panghangganan nito. Tinipon namin silang lahat, 40 lahat-lahat, kabilang sina Le Quang Ba, Hoang Sam, Bang Giang,[11] at iba pa, at kasama sila, lumipat kami sa Tsingsi. Ginawa ang mga plano para sa pagtatayo ng isang kurso ng pagsasanay sa isang rehiyon ng nasyunalidad ng Nung[12] na nasa ilalim ng impluwensya ng Pulang Hukbo ng Tsina. Minsan nang hinimpilan

11 Si Le Quang Ba ay isang kumander ngayon ng hukbong panghimpapawid ng Demokratikong Republikang Bayan ng Byetnam. Si Hoang Sam ay isang heneral ngayon sa Hukbong Bayan ng Byetnam. Si Bang Giang ay isang heneral ngayon sa Hukbong Bayan ng Byetnam, responsable para sa pamamatnugot ng mga usaping militar sa lugar ng Viet Bac.

12 Ang pambansang minoryang Nung, Tho, at Man (tingnan sa ibaba) ay mga grupong etnikong tradisyunal na namumuhay sa mga bulubunduking hangganang rehiyon ng Tsino-Byetnames.

Karaniwang galit ang mga tribung ito sa etnikong Byetnames; may awtonomya sa kanilang buhay pangkultura, pang-ekonomya at pampulitika at napapabayaan ng sentral na awtoridad.

Kalimitang hindi maalam magsalita ng Byetnames ang mga kasapi ng tribu (laluna ang kababaihan), at ang mga organisador ng Byetminh, kasama na si Giap, ay naobligang mag-aral ng lokal na mga wika at gumamit ng simpleng mga drowing para maipalaganap ang kanilang mga ideya. Sa kabila ng mga kahirapang ito, gagampanan ng mga tribung ito ang isang mahalagang papel sa unang mga araw ng Byetminh.

ng mga tropa ng Komunistang Tsino ang rehiyon ng Longchow at nagpakita ng malaking simpatya sa rebolusyong Byetnames ang lokal na naninirahan mula sa nasyunalidad ng Nung. Tumigil kami roon, hiwa-hiwalay sa dalawang baryo.

Ang pagbubuo ng isang kurso ng pagsasanay ay nagdulot ng dalawang mahalaga at mahirap na problema – suplay ng pagkain at programa ng pagsasanay – na dapat lutasin una sa lahat. Sa ganoong mga baryo sa hangganan na manipis at mahirap ang populasyon, hindi madali ang magpalitaw ng pagkain para sa 50 katao sa loob ng 15 araw, kahit na sa kalagayan na kapwa may rebolusyonaryong diwa at simpatya sa mga rebolusyonaryo ang mga naninirahan sa lokalidad. Kay Kasamang Cap ibinigay ang trabaho at tuwing umaga, kaming lahat ay nagdadala ng palay at mais sa aming tirahan, nagbabayo ng palay, naggigiling ng mais at namumulot ng kahoy na panggatong. Napakaaktibo rin ni Uncle. Marami siyang sinibak na kahoy na panggatong.

Sina Phung Chi Kien, Vu Anh, Pham Van Dong, at ako ang nagbalangkas ng programa sa pagsasanay sa ilalim ng paggabay ni Uncle. Ang bawat isa sa amin ay kailangang magpalawig ng isang programa: propaganda, organisasyon, pagsasanay o pakikibaka.

Matapos balangkasin ang pangunahing mga punto, nag-usap kami para pagtibayin ang plano at simulan ang pagsusulat. Nang natapos ang pagsusulat, muli kaming nag-usap para magrepaso. Matiyaga at maingat na nagtrabaho si Uncle. Binigyan niya ng napakalaking pansin ang pampulitikang nilalaman, gayundin ang pagiging malinaw, maigsi at madaling maunawaan ng naisulat. Kaugnay ng anumang gawain, anumang naisulat namin, nagtanong siya nang nagtanong

at nagtuon ng partikular na pansin sa praktikal na gawain. "Magiging epektibo lamang ang pagsasanay sa pamamagitan ng pagsasanib nito sa praktikal na gawain," sabi niya. Bawat talaan ay nagtatapos sa katanungang: "Matapos ang pag-aaral, ano ang gagawin mo sa inyong lokalidad?" o "Matapos ang unang hakbang na ito, ano ang iyong kasunod na gagawin"? Kung hindi malinaw na naipaliwanag ang ikalawang hakbang, kailangang isulat ito o talakaying muli. Mula nang unang nakasama ko siya sa gawain, malalim na nakintal sa akin ang kanyang mga pamamaraan: kongkreto at maingat hanggang sa matapos. Ang estilo ng paggawang ito sa maliit na kursong iyon ng pagsasanay ay nagkaroon ng malaking epekto sa akin at gumabay sa aking gawaing militar sa buong digma ng pagtatanggol. Mula sa kurso ng pagsasanay na iyon, luminaw rin sa akin na sa pamamagitan lamang ng mga salitang madaling maunawaan, sa pamamagitan lamang ng pagsang-ayon sa mga mithiin ng masa, mapupukaw natin ang kanilang diwa. Dahil sa diwang iyon, sa karanasang nakuha ko mula sa aking gawain sa unang kurso ng pagsasanay para sa 40 kasama – at para na rin sa aking sarili – kaya sa hinaharap ay magkakamit ako ng tagumpay sa aking praktikal na gawain sa pinalayang purok.

Nang matapos ang kurso ng pagsasanay, ang lahat ng 40 kasama ay punung-puno ng kasigasigan. Dahil sa tigib ng damdamin noong araw ng pagtatapos, kaming lahat ay pumaligid kay Uncle at buong-kasiglahang nagpatuloy sa seremonya ng pagtataas ng aming watawat.

Kagyat na pagkatapos niyon, bumalik ang lahat ng 40 kasama sa kanilang dating base sa Cao Bang. Para naman sa amin, kami ay naiwan upang makisaya sa pagdiriwang ng Bagong Taon (Lunar New Year) at gumawa ng higit na paghahanda para sa darating na gawain. Ayon sa

kaugaliang Nung, binisita ng bawat isa sa amin ang ilang pamilya sa baryo. Dahil mayroon na silang simpatya sa rebolusyong Byetnames at wasto naming sinunod ang patakarang nangingibabaw sa mga relasyon sa masa, higit na tumaas ang kanilang pagpapahalaga sa amin nang namuhay kami nang malapit sa kanila.

Ayon din sa kaugalian, dapat makisalo ang mga bisita sa Bagong Taon sa maraming pagkain ng mga pamilyang kanilang dinalaw. Isa rin sa mga bisita sa Bagong Taon si Uncle, mabilis na lumalakad, hawak ang tungkod, simpleng nakasuot ng isang asul na damit ng mga taong Nung, at nakalupi nang hanggang tuhod ang pantalon. Nagunita ko ang araw na nasa Kunming siya, nakasuot ng damit Europeano na may matigas na kuwelyo, nakasumbrerong mabalahibo, at nabatid ko na madali siyang makaangkop sa lokal na mga estilo ng buhay sa isang napakanatural na paraan. Imbitado siyang kumain sa bawat bahay na kanyang binisita at nagregalo siya ng isang pulang papel na may tatak ng tradisyunal na "Manigong Bagong Taon" na kanyang isinulat mismo.

Matapos ang pagdiriwang, kami ay naghati sa dalawang grupo. Ang unang grupo, na binubuo nina Phung Chi Kien at Vu Anh kasama si Le Quang Ba na naggigiya sa daan, ay nagtungo sa Cao Bang dala ang misyon na ugnayan ang mga rebolusyonaryong organisasyon doon at itayo ang himpilan ng Partido. Pagkaraan, sasama sa kanila si Uncle. Iyon ay sa rehiyon ng Pac Bo,[13] sa distrito ng Ha Quang. Nanatili sa Tsingsi para magtrabaho ang ikalawang grupo, na binubuo nina Pham Van Dong, Hoang Van Hoan,[14] at ako.

13 Walang isang milya mula sa hangganang Tsino.

14 Isang beteranong kadre, isang kasapi ng Kawanihang Pampulitika at pangalawang tagapangulo ng Pambansang Asembleya ng D.R.B. ngayon.

Dumating si Uncle sa Pac Bo. Ang rehiyong Pac Bo na may matataas na taluktok ay hindi lamang ang lugar na pinagsimulan ng rebolusyonaryong base ng Cao-Bac-Lang kundi ang purok tagpuan din ng Ikawalong Pinalaking Plenum ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Indotsina. Idinaos noong Mayo 1941 sa pamumuno ni Uncle, pinagpasyahan ng plenum noong Mayo 19, 1941, ang pagtatatag ng Prenteng tinawag na Liga sa Kasarinlan ng Byetnam at binalangkas ang bagong mga patakaran ng Partido. Pinagpasyahan din na ang pambansang pagpapalaya ang magiging sentral at kagyat na tungkuling kaharap ng mamamayan sa kabuuan at dapat gawin ang mga paghahanda para sa isang armadong pag-aalsa.

Sa pulong na iyon, pinagpasyahan din ng Komite Sentral na dapat panatilihin at palawakin ang mga baseng gerilya sa Bac Son at Vu Nhai kasabay ng konsolidasyon at ekspansyon ng base ng Cao Bang, at na ang dalawang baseng ito ay dapat gawing mga sentro ng paghahanda para sa armadong pag-aalsa sa Viet Bac.

Mula sa Tsina ay nagtungo kami sa hangganan ng Byetnam at natagpuan ang isang batong palatandaan matapos tawirin ang isang malawak na maisan at bumaba sa isang dalisdis. Ito ang hangganang Byetnam-Tsina, isang hangganang likha ng tao dahil kapwa nabibilang sa iisang nasyunalidad ng Nung ang nakatira sa magkabilang-panig. Nang matawid ang hangganan, kagyat kaming pumasok sa distrito ng Ha Quang, sa probinsya ng Cao Bang. Ang rehiyon ng Pac Bo ay namumutiktik sa mga bundok at burol at pinaninirahan ng mangilan-ngilang taong Nung. Sila ay mga taong may mabubuting-loob na matagal nang sumisimpatya sa rebolusyon at nagpapanatili ng mga ugnay sa mga rebolusyonaryo. Kaya kagyat namin silang naugnayan

pagdating na pagdating namin sa rehiyon. Kahit nasa napakalayong lugar ang Pac Bo, malimit itong bisitahin ng mga French at kanilang mga tropang nagmumula sa kanilang himpilan sa baryo ng Soc Giang para arestuhin ang mga kontrabandista at hanapin ang mga rebolusyonaryo.

Tumira kami sa isang kuweba sa isang bundok. Napakarami ng ganoong mga kuweba sa mabatong mga kabundukang ito, at napakalamig ng hangin dito. Hindi madaling makita ang mga kuwebang ito. Mula sa aming tinitigilan, natatanaw namin sa maraming lugar ang malilinaw na agos ng tubig at isang ilog na paliku-liko sa paanan ng bundok. Tinawag ito ni Uncle na ilog ni Lenin.

Araw-araw siyang bumabangon nang maaga at ginigising kaming lahat. Kalimitang naliligo siya sa ilog pagkaraang mag-ehersisyo kahit na malamig na panahon, at magtatrabaho na pagkatapos. (Hindi nagbago ng kahit bahagya ang kanyang ugaling ito, kahit sa kasalukuyang nasa Hanoi siya). Palagi siyang napakaaktibo, laging may ginagawa, nagpupunta sa trabaho o nagdaraos ng mga pulong, nag-aaral, namumulot ng panggatong, o dumadalaw sa mga may-edad na tao gayundin sa kanyang maliliit na pamangkin sa baryong nasa lambak. Nag-oorganisa siya paminsan-minsan ng isang kurso sa pagsasanay pampulitika para sa mga may-edad o nagtuturo sa mga bata ng pagbasa at pagsulat. Kung hindi siya lumabas, maghapon siyang nagtatrabaho sa kanyang lamesa na isang malapad na batong malapit sa batis, at humihinto lamang para kumain. Sa gabi, natutulog ang lahat sa higaang gawa sa mga sanga na simpleng ibinalumbon, natural, higaang hindi malambot o mainit! Napakalamig kapag gabi. Kinakailangan naming magsiga at pumaligid rito para idarang ang aming sarili

hanggang magbukang-liwayway. Sa ganitong mga oras, ikukuwento ni Uncle sa amin ang kasaysayan ng mga mamamayan ng daigdig na sapul ng kanilang pagsisimula ay dumaan sa maraming digma at rebolusyon. Nakinita niya na sa loob ng apat o limang taon, ang digma sa ating bayan ay papasok sa mapagpasyang yugto nito, at magiging napakapaborable ng panahon iyon para sa ating rebolusyon. Paulit-ulit niya itong sinasabi sa amin, tulad ng mga alamat, habang nakaupo kami nang nakapaligid sa siga sa aming kuweba kung gabi.

Malimit na hinahalughog ng mga imperyalistang tropa ang mga lugar sa hangganan. Kapag nakita naming hindi na kami ligtas, lumilipat kami sa ibang lugar, paminsan-minsan ay kahit sa isang lugar na nasa gitna ng isang talon na napakahirap ang daan. Kailangang tawirin namin ang ilog at akyatin ang mga batuhan at sa dulo ay abutin ang itaas ng isang matarik na bato sa pamamagitan ng isang hagdanang lubid. Doon nakatayo ang aming tirahan. Madilim at mahalumigmig ang mga ito, nakatago sa ilalim ng lambong ng malalapad na dahon ng uway. Paminsan-minsan, kapag nakaramdam na nasusundan kami ng kaaway at hindi pa yari ang aming titigilan, kailangan naming magtrabaho at tumira nang hiwa-hiwalay sa magkakaibang kuweba. Bumalik ako roon nang minsang nanggaling ako mula sa gawain sa ibang rehiyon, at dahil bumubuhos ang ulan, nakita ko ang mga ahas at insekto na gumagapang papasok ng aming kuweba. Parang hindi nababahala si Uncle sa lahat ng ito at nagpatuloy na para bang walang nangyayari. Malimit niyang sabihin, “Ang tunggalian sa pagitan natin at ng kaaway ay buhay at kamatayan; dapat matapang nating batahin ang lahat ng pagpapakasakit, pangibabawan ang lahat ng kahirapan at ipagpatuloy ang paglaban hanggang sa wakas.”

Gaano mang kahirap ang sitwasyon, hindi nagbago ang kanyang simpleng estilo ng buhay. Matipid ang kanyang mga pagkain; kumakain siya ng kanin na may kapirasong inasnang karne o isang isdang kahuhuli sa ilog. Para sa kanya, dapat nangunguna sa lahat ang rebolusyonaryong gawain. Hindi kailanman niya inintindi kung saan siya titira o ang mga pagkaing inihahain sa kanya.

Matapos ang kanyang pagdating sa Cao Bang, ang kauna-unahan niyang ginawa ay ang ilathala ang dyaryong *Viet Lap,* ang pinaigsing anyo ng *Vietnam Doc Lap* (Nagsasariling Byetnam – Independent Vietnam), isang tungkuling may pangunahing kahalagahan na mahigpit na kaugnay ng pagkokonsolida sa Cao Bang bilang isang base. Isang patag na bato, isang bote ng tinta, at ilang papel lamang ang bumubuo ng lahat ng materyales sa pag-iimprenta. Kahit na maliit lamang ang sukat nito, napakalaki ng epekto nito. Parang isang kadre ang *Viet Lap* na napakaepektibo at mabilis na nagsagawa ng gawain sa organisasyon at sa propaganda, na nakipaglaban para sa, at nagpatingkad sa impluwensya ng rebolusyon. Matapos ang aking pagdating mula sa Tsingsi at ng panahong naglagi ako sa upisina, ipinagkatiwala sa akin ang pagsusulat ng mga balita para sa dyaryo o mga artikulo sa gawaing pananggol-sa-sarili, sa gawain sa kababaihan, o pagsusulat sa mga krimeng ginawa ng mga French at Hapones. Tinakdaan ako ni Uncle para sa bawat isa ng mga artikulong ito: 50 salita, 100 salita at di na lalampas pa. Syempre pa, hindi madaling makamit ito. Hindi lamang iisang beses na ako ay nalito. Sa panahong nasa Tsingsi kami, naglathala rin kami ng isang nakalimbag na dyaryo. Maliit ang pagkakalimbag pero malaki ang papel na ginamit. Nang bumalik ako sa Cao Bang para sa gawain, ngumiti siya

at nagsabi, “Natanggap namin ang iyong mga artikulo pero hindi ko binasa ang mga ito, gayundin ang ibang mga kasama. Kalimitan ay mahaba ang mga ito at hindi maintindihan. Kahit na isinulat sa mga simpleng kataga, ang *Viet Lap* ay naiintindihan at madaling maunawaan.” Kalaunan, noong pumunta ako sa iba’t ibang lokalidad para sa gawain ay nakita ko mismo na tinatanggap ng malawak na masa ang *Viet Lap*. Nagpasya si Uncle na dapat ibenta ang dyaryo sa halip na ipamudmod nang libre. “Magugustuhan ito ng sinumang bibili nito,” sabi niya. Unti-unti, ang *Viet Lap* ay naging napakaepektibong propagandista, ahitador at organisador. Regular itong binabasa sa lahat ng baryo at sa lahat ng grupo para sa pambansang kaligtasan.

Ang pagyabong ng *Viet Lap* ay nangahulugan din ng pagyabong ng rebolusyon. Lumaganap na ang kilusang Byetminh sa maraming distrito sa bulubunduking rehiyon gayundin sa wawa. Lumitaw ang mga samahan para sa pambansang kaligtasan sa lahat ng baryo. Binuo ang mga selula ng Partido kung saan umunlad ang kilusan. Mayroong buu-buong mga baryo, munisipyo, at distrito sa bulubunduking rehiyon kung saan ang bawat tao ay kasapi ng isang organisasyon para sa pambansang kaligtasan. Umiral ang dalawahang kapangyarihan sa halos lahat ng lokalidad kung saan may mga sangay ang Partido. Pumanig ang mga awtoridad ng baryo sa rebolusyon, naging mga kasapi ng mga organisasyon para sa pambansang kaligtasan at kinonsulta muna ang mga komite ng Byetminh sa lahat ng kanilang ginagawa. Sa katotohanan, pinamahalaan ng ating sariling administrasyon ang halos lahat ng kapakanan ng mamamayan. Pumunta sa atin ang mga naninirahan para sa rehistro sa kasal at para ayusin ang kanilang mga pagtatalo sa lupa. Naglabas ng mga kautusan ang

pamprobinsya at pandistritong awtoridad sa militar ng mga French na magtayo ng mga detatsment sa bawat baryo bilang pandepensang mga hakbang laban sa mga rebolusyonaryong aktibidad. Pero sa kanilang kasawiang-palad, umiiral mismo sa loob ng baryo ang mga rebolusyonaryo kung saan may simpatiya kapwa ang mga milisya at ang mga taumbaryo. Bunga nito, ang mayorya ng mga detatsment na ito ay hindi naghatid sa mga nagtayo nito ng inaasahan nilang resulta. Sa maraming lokalidad, ang mga ito ay naging sarili nating mga linya ng komunikasyon o posteng gwardyahan.

Kasabay sa pagpapalawak ng mga organisasyon natin para sa pambansang kaligtasan, nagtayo tayo ng mga yunit pananggol-sa-sarili, at nagsikap na mabigyan sila ng mga armas. Noong katapusan ng 1941, sa loob ng mahigit na kalahating taon lamang pagkatapos ng Ikawalong Plenum ng Komite Sentral at pagtatatag ng Prenteng Byetminh, dumami ang mga base ng armadong mga yunit pananggol-sa-sarili sa probinsya ng Cao Bang. Ang unang naitayo sa Cao Bang ay sinlaki ng isang seksyon.

Maraming polyeto tulad ng *Mga Taktikang Gerilya, Karanasan sa Pakikidigmang Gerilya sa Rusya, Karanasan sa Pakikidigmang Gerilya sa Tsina* ang isinulat ni Uncle at inilimbag para sa layunin ng pagpapalaganap ng kaalamang militar sa hanay ng mamamayan. Pinahalagahan nang malaki ang mga ito at buong pananabik na binasa ng mga kasapi ng mga yunit pananggol-sa-sarili at ng mga samahan para sa pambansang kaligtasan.

Ang kilusan ay lumaganap. Unti-unting lumipat ang ating punong-himpilan tungo sa wawa kasabay ng patimog na pagpapalawak ng kilusan, ayon sa desisyon ng Ikawalong Plenum ng Komite Sentral.

Kami ay lumipat sa Lam Son.

Ang Lam Son ay isang rehiyon na maraming bundok ng pulang lupa (laterite mountains). Sa rehiyong ito ng pulang-blokeng-tanggulan, gaya ng tawag namin dito, itinayo ang punong-himpilan ng ating unang Komiteng Interprobinsya ng Partido. Ang mga probinsya ng Cao Bang, Lang Son, at Bac Can ay mayroon nang kanilang namumunong organo kung saan naging komiteng tagapayo kami na itinalaga ng Komite Sentral para tulungan ang Komiteng Interprobinsya. Kami ay nasa isang makapal na gubat sa hangganan sa pagitan ng mga distrito ng Boa An at Nguyen Binh. Kasama rin namin si Uncle. Una kaming tumigil sa isang bahay na nakatiyakad sa isang dalisdis ng bundok. Para sa amin, isa na itong pag-unlad na higit na mas mahusay kaysa Pac Bo.

Ngunit habang mas yumayabong ang kilusan, higit namang pinatitindi ng mga French ang kanilang teror laluna nang mas nakalapit na kami sa namumunong organo ng probinsya nila. Medyo nakalapit na sa aming lugar ang kanilang mga patrulya at nang-aresto ng maraming tao. Maraming beses kaming napilitang lumipat sa rehiyon ng mga mamamayang Man Trang, sa isang napakalawak at makapal na gubat na noon lamang napuntahan ng tao kung saan ay paminsan-minsang nabubuwal ang mga dantaon nang puno dahil sa katandaan at pagkabulok. Uminom kami ng tubig mula sa batis. Napakahirap ng suplay ng pagkain. Mais o nilugaw na mais ang aming pagkain. Minsan, mayroon kaming kaunting bigas at nagpasyang ibigay ito kay Uncle pero kanyang tinanggihan. Hindi kailanman siya nag-isip na may-edad at mahina siya at masayang nakibahagi sa amin sa kahirapan. Kung minsan, mais at mga ubod ng saging-ligaw lamang ang aming pagkain sa loob ng isang buwan.

Habang pinatitindi ng kaaway ang kanilang teror,

higit namang detalyadong pinagtuunan ng pansin ni Uncle ang kilusan. Makikita ito hindi lamang sa lahat ng kanyang ideya hinggil sa rebolusyonaryong gawain kundi maging sa espesyal na pangangalagang ibinigay niya rito. Nang dumating ang mga kadre mula sa iba't ibang rehiyon, detalyado siyang nagtanong tungkol sa kanilang gawain, sa kanilang kalagayan sa pamumuhay, sa mga kahirapang kinaharap nila at sama-samang nagtalakayan sa mga paraan ng paglutas dito, maging mahalaga man o hindi ang mga ito.

Nang dumaluyong ang kilusan, lahat kami ay masaya, nakikibahagi sa kasiglahan ng mamamayan. Masaya rin siya pero nanatiling mahinahon, gaya ng kanyang ugali, at kalimitan, sa ganoong mga panahon, nakinita niya ang mga kahirapang nag-aabang.

Malimit niya kaming paalalahanan: ang isang rebolusyonaryo ay dapat laging matiyaga, matiwasay at mapagbantay.

Naaalala ko noong minsang kami ay nasa Kwangsi, katagpo namin sa Tsingsi ang isang tagapag-ugnay mula sa Komite Sentral sa ating bayan. Ginawa ang pagkikita sa palengke ng Lu Sung, sa araw ng tiangge. Nakadamit kaming tulad ng mga taong Nung. Si Uncle ay 100 porsyentong katulad ng isang matandang Nung sa kanyang asul na damit, nakalupi ang pantalon nang lampas-tuhod at may hawak na tungkod. Pagkakita pa lamang ng tagapag-ugnay kay Uncle ay nagmamadali niyang sinabi, "Nadakip si Kasamang T." Pero mahinahon kaming niyaya ni Uncle sa isang malapit na tindahan para magpahinga nang kaunti tulad ng karaniwang ginagawa ng mga tao sa lokalidad. Matapos kaming kumain ng sotanghon, banayad kaming humigop ng tsaa; saka niya sinabing, "Ngayon, sabihin mo sa amin ang nangyari sa ating bayan. Huwag magmamadali."

Sa isa pang pangyayari, nang makabalik kami sa Cao Bang matapos ang Ikawalong Plenum ng Komite Sentral, ipinadala ng Komite Sentral sina Phung Chi Kien at iba pang mga kasama sa Bac Son para tumulong sa konsolidasyon at ekspansyon ng baseng gerilya roon. Nagpatupad siya ng isang kurso sa pagsasanay militar na katatapos lamang, nang maglunsad ang mga imperyalista ng mabangis na operasyong *mopping-up* sa lokalidad. Bahagi ng platun ng Bac Son ng Hukbo ng Pambansang Kaligtasan, habang paatras na nakikipaglaban patungong Cao Bang, ang inatake ng kaaway sa Bac Can at nasawi si Phung Chi Kien sa isang ambus ng kaaway sa Lung Sao, distrito ng Ngan Son. Ang makabagbag-damdaming balita ay nakaabot sa amin habang papunta kami sa isang kumperensya. Biglang huminto si Uncle at dumaloy ang luha sa kanyang mga pisngi. Matagal-tagal din bago siya nakapagtuloy sa paglakad.

Sa tuwing bumabalik kami sa aming punong-himpilan at nakikita siya, ang pakiramdam namin ay parang bumalik kami sa aming sariling tahanan, isang tahanang namumuhay nang sama-sama ang mga rebolusyonaryo tulad ng magkakapatid sa isang pamilya, laging isinasaisip na dapat nilang mabata ang mga kahirapan at dapat matiyaga sa rebolusyonaryong gawain. Malimit niyang sabihing, "Dapat, ang interes ng Partido ang nagdidikta sa atin sa lahat ng bagay. Ang Partido ay tulad ng ating sariling pamilya." Napakalaki ng aming natutunan mula sa kanyang katiyagaan, sa kanyang kahinahunan. Ang mainit na damdamin ng pagkakaisa kapag kami ay magkakasama ay nagbigay sa amin ng pagtitiwala sa kahihinatnan ng rebolusyon at nanuot sa lahat ng aming pag-iisip, sa aming mga salita, sa aming mga gawa.

Dumating kami sa Lam Son sa panahong mabilis

na umuunlad ang kilusang popular. Umabot sa 50 hanggang 60 katao ang dumadalo sa bawat buwanang kurso sa pagsasanay militar na inorganisa ng Komiteng Interprobinsya. Ang pangatlong kursong unang idinaos sa distrito ng Kim Ma ay napilitang ilipat sa ibang lugar bago ito sinira ng kaaway. Nang dumating sa lugar, hindi maitago ng kaaway ang kanilang pagkabigla nang kanilang makita na kahit nasa liblib ng kagubatan, naroroon ang lahat: bulwagang panlektura, mga silid-kainan, dormitoryo, at isang lugar ng pagsasanay na kasya ang ilang daang tao.

Habang lumalaki ang kilusan, ang konsolidasyon nito ay isang tungkuling may pangunahing kahalagahan. Noong una, nag-organisa kami ng mga kurso sa pagsasanay sa distrito o pamprobinsyang punong-himpilan lamang na pinangkat-pangkat ang mga mag-aaral mula sa iba't ibang lugar. Di naglaon, minabuti ni Uncle na mag-organisa ng makilos na grupo sa pagsasanay na lumilipat-lipat sa ibang lugar, mga maiiksing kurso na pang-ilang araw kahit para sa dalawa o tatlong katao lamang. Ang mga ito ay tinipon para sa pagsasanay o makadadalo sa pagitan ng kanilang trabaho. Sa ganitong paraan, sunud-sunod na masasanay ang mga kasapi ng mga organisasyon sa pambansang kaligtasan at yunit pananggol-sa-sarili ng baryo. Dahil kami ay nagmula sa iba't ibang bahagi ng bayan, laging iginigiit ni Uncle ang aming pagbibigay ng partikular na pansin sa usapin ng pambansang pagkakaisa. Inilarawan ni Uncle ang ganoon kalaking usapin sa anyo ng kongkreto, epektibo at magaan na mga gawain. Halimbawa, sabi niya, "Maging praktikal sa gawain, itugma sa masa ang inyong estilo ng pamumuhay at pakikitungo sa tao." Para sa akin, nagsikap akong matutunan ang mga wika ng Tho, Man Trang, at Man Tien sa panahon ng mga kurso ng

pagsasanay mula sa mga estudyante mismo at bahagyang nakapagsasalita sa bawat wikang ito. Kaya, sa ilalim ng tuwirang pamumuno ni Uncle, ang diwa ng pagkakaisa sa pakikibaka ay pinanghawakan ng mga kadre at masa ng iba't ibang nasyunalidad ng probinsya ng Cao Bang.

Noong lumalawak ang kilusan, nagbigay siya ng partikular na pansin sa gawain sa organisasyon at mahigpit na sumubaybay sa mga aktibista at kadre. "Ang kilusan ay parang pagtataeb," kanyang malimit na sabihin, "ang mga aktibista ay parang mga istakang itinulos sa lupa, sa pamamagitan lamang ng mga istakang ito maiiwan ang banlik kapag naghihibas." Bilang isang panuntunan, halos sa bawat pagkakataong makarinig siya ng isang ulat hinggil sa kilusan ay kanyang itinatanong, "Gaano karaming kadre ang nasanay? Gaano karaming aktibista ang napalitaw? Gaano karaming tao ang napili para ipaloob sa Partido?" Kasunod ay nagpaalala siya sa amin sa paglilihim at ang paraan para gawin ito. Ipinaunawa nito sa amin ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga aktibista ng mga selula ng Partido. Ang kanyang bawat tanong o munting payo ay nagdulot ng bagong mga tungkulin na may bagong mga solusyon, dahil hindi siya sumusunod sa lumang kalakaran at isinaalang-alang ang bagong kalagayan.

Sunud-sunod na nagawa ang lahat ng tungkuling itinakda ng Ikawalong Plenum ng Komite Sentral ng Partido habang umuunlad ang kilusan. Tumampok ang usapin ng Martsang Patimog. Bukod sa pagpapanatili ng mga ugnay sa pamamagitan ng dating lihim na mga linya ng mga tagapag-ugnay, itinuring naming kagyatan ang mag-organisa ng ugnayang patimog mula sa Cao Bang sa pamamagitan ng malawak na masa.

Sumabak kami sa gawain. Nagtungo si Uncle sa ibang bayan. Mabilis na lumipas ang panahon habang ibinuhos

namin ang lahat ng aming lakas sa aming gawain.

Isang araw, noong nakabutas kami hanggang naabot namin ang distrito ng Ngan Son at nag-oorganisa ng isang kurso ng pagsasanay para sa mga kadreng lokal, nakatanggap kami ng isang mahalagang sulat mula kay Pham Van Dong na humihinging bumalik kami agad sa Cao Bang. Pagdating, nalaman namin na inaresto sa Tsina ng mga tropa ni Chiang Kai-shek si Uncle at namatay sa kulungan. Nahimatay ako. Labis kaming nagdalamhati at nalito kami. Nagpasya kaming iulat ang balita sa Komite Sentral at nagplano na magdaos ng pulong parangal para sa kanya. Si Pham Van Dong ang pinagkatiwalaang sumulat ng talumpati sa libing. Binuksan namin ang kanyang takbang uway para tingnan kung ano ang kanyang naiwan na iingatan bilang alaala. Gayunman, gusto naming magpadala ng tao sa Tsina para mapatotohanan ang balita at malaman din ang lugar ng kanyang libingan. Sariwa pa ang lahat ng ito sa aking alaala. Matapos ang ilang araw ng pagkabahala, bumalik akong muli sa distrito ng Ngan Son, kasabay ng isang kasama ng grupong Martsang Patimog. Naglakad kami nang gabi, sa kahabaan ng kaparangan sa gilid ng kabundukang natatakpan ng talahib, sa nanunuot na lamig, sa lambong ng isang mapayapang langit. Sinaklot ako ng kalungkutan. Dumaloy sa aking mga pisngi ang aking mga luha. Paglipas ng ilang panahon, nakatanggap kami ng isang di inaasahang papel mula sa Tsina. Nakasulat sa pabalat nito ang mga katagang ito na dagli naming nakilalang isinulat ni Uncle, "Minimithi ang magandang kalusugan ng lahat ng kapatid sa sariling-bayan. Sana ay nagpupunyagi kayo sa gawain. Mabuti ang aking kalagayan." Kasunod nito ang isang tulang kanyang ginawa:

Yakap-yakap ng mga ulap ang mga taluktok, yapos-yapos ng mga taluktok ang mga ulap,
Kumikinang ang ilog sa ibaba na parang isang salamin, walang-dungis at malinis.
Sa tagaytay ng Kanluraning Bulubundukin, kumikirot ang aking puso habang ang diwa'y naglalakbay
Nakatanaw sa Katimugang langit at ginugunita ang matatagal nang kaibigan.

Labis ang aming kagalakan pero malaki ang pagtataka. Nagtinginan kami sa isa't isa at nagtanong, "Bakit nangyari iyon? Anong ibig nitong sabihin?" Nagtipon kami sa paligid ni Cap, ang tao na naghatid sa amin ng balita ng pagkasawi ni Uncle sa Tsina at hiningi ang kanyang paliwanag. Sinabi ni Cap, "Hindi ko mismo alam ang nangyari. Sinabi ito sa akin ng isang upisyal ng Guomindang."

Sinabi namin sa kanya na ulitin ang mismong sinabi ng upisyal ng Guomindang. Inulit niya. Inisip namin na maaaring ipinagkamali niya ang salitang *su lo, su lo,* na "oo, oo," ang kahulugan sa *su la, su la,* na "patay na" ang kahulugan. Bunga nito, ilang buwan kaming dumanas ng hapdi at kalungkutan.

Tuluy-tuloy na sumusulong ang aming Martsang Patimog. Humatak ito ng papalaking bilang ng mga kadre at nagtamasa ng higit na malakas na pagtugon mula sa kabataan. Daan-daang kabataang lalaki at babae sa probinsya ng Cao Bang ang lumisan sa kanilang mga pamilya at sumapi sa iba't ibang grupong pambutas (*shock-operative groups*). Nabuksan na noon ang daan na tumatagos mula sa Kabundukan ng Phia Biooc patimog hanggang sa mga hangganan ng Cho Chu. Dumating kami sa baryo ng Nghia Ta, sa distrito ng Cho Don. Mula sa Nghia Ta, dumiretso kami sa paanan ng burol na tinawag

na Lang Coc at pumasok sa isang hawang sinunog sa loob ng gubat kung saan namin tinagpo sina Chu Van Tan at ilang mandirigma ng Hukbo para sa Pambansang Kaligtasan na nagmula sa Bac Son. Kaya, nabuksan ang dalawang daan na ang kahabaaan ay natayuan ng lokal na mga organisasyon, at naorganisahan ng mga armadong pwersa. Sa wakas, nagtagpo rin kami, nagdurugtong ng isang daang nakapalibot sa mga probinsya ng Cao Bang, Bac Can, at Lang Son na pinagpasyahan sa Plenum ng Komite Sentral, ibig sabihin, ang magbukas ng daan para sa patimog na pagpapalawak, at para sa komunikasyon sa Komite Sentral at sa pambansang-saklaw na kilusan. Sa makasaysayang tagpuang iyon, nakipagpulong kami sa mga kadre ng Bac Son na kumikilos sa rehiyon at iyong sa grupo ng Martsang Patimog para makipagpalitan ng karanasan. Matapos ang pulong, idinaos ang isang maliit na pagdiriwang. Napaawit kami sa galak. Kaya, tinaguriang "Baryo ng Tagumpay" ang Nghia Ta.

Di naglaon, bumalik ako sa Cao Bang. Ito ay araw ng Bagong Taon. Dumating din ang mga kadreng kabilang sa may 20 grupo ng Martsang Patimog na nakabutas na patimog para makipagsaya sa kanilang tagumpay. Hinandugan sila ng Komite Sentral ng Prenteng Byetminh at ng Sangay ng Partido sa Cao-Bac-Lang ng isang bandila na nakasulat ang "Matagumpay na gawaing pagbutas."

Habang tuluy-tuloy at masigasig na umuunlad ng kilusan, sinimulan ng kaaway ang kanilang teroristang mga pagsalakay.

Matapos kaming humiwalay sa mga mandirigma para sa pambansang kaligtasan at noong dumaan kami sa palengke ng Ra, dumating ang balita na nasawi si Duc Xuan, ang pinuno ng Martsang Patimog sa lokalidad, sa isang ambus malapit sa Phu Thong. Sa

Cao Bang, kinubkob ang punong-himpilan ng Komiteng Interprobinsya. Minsan, kinanyon ang palimbagan ng *Viet Lap.*

Sa lahat ng lokalidad, naglabas ng mga proklamasyon at babala ang mga imperyalista na nagbabanta sa populasyon na huwag makisimpatya sa Byetminh at ipagpatuloy ang kanilang pang-araw-araw na gawain. Dapat pabalikin ng mga pamilya ang kanilang mga kaanak na sumama sa Byetminh. Pero walang tumugon sa panawagang ito. Kahabag-habag na nabigo ang imperyalistang pakana.

At dumating ang teror. Inaresto ang mga kadre, inaresto ang buu-buong pamilyang may mga kaanak na lihim na sumapi sa kilusan, sinunog ang kanilang mga bahay at kinumpiska ang kanilang mga ari-arian. Maraming baryo at sityo ang winasak. Iyong mga inarestong nakuhanan ng mga rebolusyonaryong babasahin ay dagliang binaril, pinugutan ng ulo o pinutulan ng mga braso at itinanghal sa mga palengke. Ipinangako ang libu-libong piaster at tone-toneladang asin bilang gantimpala sa sinumang makapagdadala ng ulo ng isang rebolusyonaryong kadre. At tulad ng ginawa nila sa Vu Nhai at Bac Son, sinimulan ng mga imperyalista ang pagkokonsentra ng populasyon sa mga kampo para mas mapadali nila ang pagkontrol.

Sa ilalim ng ganoong mga kalagayan, itinayo ang mga Komite ng mga Boluntir Laban sa Teror. Sumilakbo ang mapanlabang diwa ng mamamayan laban sa teror. Ang mahigpit na ugnayan sa kanila ay pinanatili ng lihim na mga grupo, isinasagawa ang gawaing pampropaganda at pang-organisasyon, hinihikayat, kinokonsolida at pinalalakas ang kanilang diwa, kaya ligtas na nakasanib ang propesyunal na mga kadre at ang kabataan sa mga base. Dahil doon, lumiit pero konsolidado ang mga rebolusyonaryong base sa ilang rehiyon. Sa maraming

lokalidad na dumanas ng teroristang operasyon ng kaaway, muling dumaluyong ang kilusan at nagsimula ang armadong pakikibaka.

Ang kasapian ng lihim na mga grupo na siyang bag-as ng rebolusyonaryong kilusan sa lahat ng lokalidad ay higit na masigasig na nagsanay pangmilitar ng kanilang sarili at nagtaas ng kanilang pagkaunawa sa pulitika. Inorganisa sa mga distrito ang regular na mga armadong seksyon na laking-platun ang ilan. Ang lokal na mga armadong platung ito ay nagsagawa ng gawaing pampropaganda, lumipol sa pinakareaksyunaryong mga elemento, o nanambang ng mga patrulya ng kalaban. Sa kanilang bahagi, muling binuo ng grupong Martsang Patimog ang maraming magkakakawing na daan na pinutol ng teroristang operasyon ng mga kaaway. Kaya ang masaklaw na teroristang kampanya na inilunsad ng mga imperyalista, kahit na lumikha ng mga kahirapan para sa atin, ay lalong pumanday sa diwang palaban kapwa ng mga kadre at ng sambayanan, sa sandaling malagpasan natin ang pagsubok. Ang diwang iyon ang esensyal na kundisyon para sa ating pagsulong tungo sa armadong insureksyon.

Noong Hunyo 1944, nananalasa pa ang kampanyang terorista.

Ngunit ang pangkalahatang kalagayan ay naging higit na di paborable sa mga pasista. Sa Europa, dumanas ng mabibigat na pagkatalo ang mga pasistang German sa Stalingrad. Naglunsad ng sunud-sunod na opensiba ang Pulang Hukbo. Nabuksan ang ikalawang larangan. Sa lugar ng Pasipiko, ilang mahahalagang baseng nabal sa paligid ng teritoryong pandagat ng Japan ang nagpalit-kamay. Bumagsak noong Hulyo 1944 ang reaksyunaryong gubyernong French na pinamunuan ni Petain. Bumalik si Heneral de Gaulle sa France kagyat

na kasunod ng mga tropa ng United States at Britain at nagtayo ng isang bagong pamahalaan. Pinatindi ng kalagayan ang kontradiksyon sa pagitan ng mga pasistang Hapon at mga kolonyalistang French sa Indotsina. Nakinita ng Partido ang isang di maiiwasang kudeta na inilunsad ng pasistang Hapon para durugin ang kapangyarihang French. Lumaganap sa buong bayan ang rebolusyonaryong kilusan, at nagsulputan ang mga organisasyong Byetminh.

Sa ilalim ng mga kalagayang iyon, ipinatawag ng Komiteng Interprobinsya ng Cao-Bac-Lang ang isang kumperensya noong katapusan ng Hulyo 1944, para talakayin ang usapin ng armadong insureksyon. Dumalo ang maraming grupo ng distrito at kaalinsabay ay ginampanan ang pagbabantay. Walang-hanggan ang aming kasiyahan, naming lahat, na magkita-kita para talakayin ang isang paksang malaon na naming inasam, matapos ang mga buwan ng masikhay na pakikibaka laban sa teroristang kampanya. Nagtapos ang pampulitikang ulat sa kumperensya sa mga sumusunod: "Sa batayan ng sitwasyon sa daigdig at sa bayan at ng rebolusyonaryong kilusan sa mga probinsyang Cao-Bac-Lang, masasabi na hinog na ang mga kalagayan para simulan ang pakikidigmang gerilya sa mga probinsyang ito." Tuwirang tumungo ang mainit na debate ng kumperensya sa desisyon na ilunsad ang insureksyon para makasabay sa pangkalahatang sitwasyon na paborableng umuunlad. Ipinaliwanag niyon kung bakit buhay na buhay ang debate kahit hindi pa nakikita ang solusyon sa mahahalaga at kongkretong gawain tulad ng paano ipagtatanggol ang mga pinalayang purok laban sa kontra-atake ng kaaway? Ano ang mga hakbang na dapat pagtibayin, ang mga tungkuling gagawin, para maisagawa ang isang matagalang labanan? Gayunman,

napakasigla ng mga kadre, nag-aapoy ang kanilang pagnanais na pinakamabilis maipaabot ang mahalagang desisyong ito sa kanilang kaukulang lokalidad.

Nagbalak ang Komiteng Interprobinsya ng Cao-Bac-Lang na magdaos ng isa pang kumperensyang kabilang kami, para sa paghahanap ng isang solusyon sa mga nakabiting usaping ito at sa pagpapasya kung kailan sisimulan ang pakikidigmang gerilya.

Samantala, nalaman namin na kababalik lamang ni Uncle sa bayan.

Ipinadala ako sa Pac Bo na kasama si Vu Anh at iba pang kasama para mag-ulat ng kalagayan sa kanya at hingin ang kanyang mga tagubilin.

Tulad ng dati, kagyat niyang ibinigay ang kanyang opinyon matapos naming makapag-ulat. Pinuna niya ang desisyon namin sa pagsasabing ang pagsisimula ng pakikidigmang gerilya sa mga probinsya ng Cao-Bac-Lang ay pagkilos lamang sa batayan ng isang lokal na kalagayan at hindi sa kongkretong kalagayan ng buong bayan.

Sa ilalim ng kasalukuyang kalagayan, sabi niya, kung kagyat na ilulunsad ang pakikidigmang gerilya sa buong bayan sa antas at saklaw na binanggit sa desisyon, malalaki at marami ang haharapin nating kahirapan. Higit na malaki pa ang mga ito kaysa dinanas natin sa panahon ng nakaraang kampanya ng teror. Ito'y dahil wala kahit isang lokalidad sa labas ng Cao-Bac-Lang ang sapat na nakahanda para sa armadong pakikibaka upang makatugon sa desisyon kahit na lumalaki ang kilusan sa buong bayan. Mabilis na ikokonsentra ng mga imperyalista ang kanilang pwersa para angkupan ang sitwasyon. Para sa mismong erya ng Cao-Bac-Lang, kung sa pananaw militar ang pag-uusapan, hindi pa natin kayang ikonsentra ang ating mga pwersa, habang

nakakalat pa ang ating mga kadre at armas, at wala pa tayong pwersang bag-as.

Ang kanyang pagsusuri ay ang mga sumusunod: "Ngayon, tapos na ang panahon ng mapayapang pag-unlad ng rebolusyon, pero hindi pa nagsisimula ang sa pambansang pag-aalsa. Ang paglilimita ng ating sarili ngayon sa pagpapatuloy ng ating gawain sa ilalim ng anyong pampulitika lamang ay hindi sapat para pabilisin ang kilusan. Ngunit kung ngayon na natin sisimulan ang armadong insureksyon, dudurugin ng kaaway ang mga pwersa natin. Ang kasalukuyang pakikibaka ay kinakailangang magsimula sa anyong pampulitika tungo sa anyong pangmilitar. Pero sa kasalukuyan, dapat ibigay pa ang higit na malaking pagpapahalaga sa anyong pampulitika. Dapat nating pagtibayin, kung gayon, ang isang mas angkop na anyo para maisulong ang kilusan."

Sa pulong ding iyon, inihapag ni Uncle ang usapin ng pag-oorganisa ng Pambansang Hukbong Mapagpalaya. Sabay lingon sa akin, sinabi niya sa pagtatapos, "Ikaw ang dapat gumawa nito. Magagawa mo ba iyon? Mahina pa tayo, malakas ang kaaway. Pero hindi tayo papayag na lipulin nila tayo, hindi ba?"

Sumagot ako, "Oo, gagawin ko ito."

Sa ganoon isinilang ang Mapagpalayang Yunit ng Byetnam. Muling pinag-isipan ito ni Uncle at nagmungkahi kinabukasan na idagdag ang salitang "propaganda" sa pangalan nito dahil sa gawain nito sa kasalukuyan. Ang Mapagpalayang Yunit ng Byetnam ay naging Yunit Pamproganda at Pagpapalaya ng Byetnam. Ang tungkulin nito ay gamitin ang armadong pakikibaka para pakilusin at pukawin ang sambayanan, pero nakasalalay ang ating prinsipyong gumagabay sa pagbibigay ng higit na kahalagahan sa mga pampulitikang

pagkilos, sa propaganda kaysa armadong pag-atake. Mula sa pusod ng gubat, nagsulat siya ng mga tagubilin para sa pagtatayo ng mga regular na yunit, ang gulugod ng pwersang militar. Ang mga tagubiling ito ang naging pangunahing linya ng ating hukbo hindi lamang sa panahong iyon kundi sa panahon din ng mahirap at matagalang digma ng pagtatanggol na inilunsad ng ating hukbo at mamamayan.

Nagpaiwan pa kami ng isang araw para tasahin ang kalagayan at gumawa ng lahatang-panig na plano sa pagtatayo ng hukbo sa hinaharap. Binalik-aralan namin ang kalagayan ng kaaway, ang ating sariling kalagayan, ang lakas ng ating mga kadre, ang problema ng suplay ng pagkain, ang mga rehiyon kung saan unang palalawakin ang ating mga baseng gerilya, at iba pa. Sa malamig at madilim na kubo, hinimlay namin ang aming mga ulo sa mga unang kahoy at nag-usap hanggang sa kalaliman ng gabi. Matapos mapakinggan si Uncle, may kainipan naming inasam ang darating na mga aktibidad ng mga yunit. Paulit-ulit niyang iginiit, "Kailangang may aksyong militar sa loob ng isang buwan, dapat maglunsad ang yunit ng isang biglaang pag-atake at dapat matagumpay ang unang laban. Ang tagumpay sa militar na ito ang magbibigay sa atin ng pinakamahusay na laman para sa ating gawaing propaganda."

Nang kasunod na araw, bago kami umalis, kanyang muling sinabi, "Maging malihim, mabilis, aktibo, ngayon nasa Silangan, ngayon nasa Kanluran, dumating nang di inaasahan, umalis nang di namamalayan." Nang ako'y pabalik na, pinag-isipan at isinulat ko ang sampung-artikulong sumpa para sa Yunit Pampropaganda.

Nang dumating kami sa Komiteng Interprobinsya ng Cao-Bac-Lang para iulat ang desisyon ni Uncle, labis na nagalak ang lahat. Mabilis na naitayo ang Yunit

Pampropaganda. Tinipon ang mga kadre at armas. Ang 34 na kasamang orihinal na bumuo ng unang yunit ay pinili mula sa mga lider ng seksyon, kumander ng platun, o mula sa natatanging mga kasapi ng lokal na mga armadong grupo. Dagdag pa, mayroon ding ilang kadre na kababalik lamang sa bayan matapos ng kanilang pagsasanay militar sa Tsina. Kaya, sa purok ng Cao-Bac-Lang, nagkahugis ang tatlong anyo ng armadong grupo: ang Yunit Pamproganda at Pagpapalaya ng Byetnam na pangunahing armadong pwersa, ang mga armadong grupo ng mga distrito, at ang mga yunit pananggol-sa-sarili ng baryo na mala-armado. Mahigpit na kinoordina ng tatlong pwersang ito ang kanilang mga aktibidad. Itinanong ko na dati kay Uncle, "Ngayong kumikilos na ang Yunit Pampropaganda ayon sa plano ng Komiteng Interprobinsya, ano ang magiging obligasyon at karapatan nito kaugnay ng lokal na mga armadong grupo sa lokalidad kung saan nito isasagawa ang mga aktibidad nito?" Ang sagot niya ay, "Kailangang magkaroon ng unipikadong kumand." Daglian itong isinagawa. Sa panahon ng mahirap at matagalang digma ng pagtatanggol na isinagawa ng ating sambayanan sa kabuuan, ang islogang ito ng pakikibaka ay lubusang inilapat at nanatiling napakabisa ng epekto nito.

Noong kalagitnaan ng Disyembre 1944, sa bisperas ng pagtatatag ng Yunit Pampropaganda at Pagpapalaya, natanggap ko ang mga tagubilin ni Uncle na nakasulat sa isang maliit na papel na nakasingit sa isang kaha ng sigarilyo. Ang mga tagubilin ay ang sumusunod: "Ang Yunit Pampropaganda para sa Pambansang Pagpapalaya ng Byetnam ay ang unang silang. Inaasahan ko na marami pa ang isisilang sa madaling panahon. Maliit ang bilang nito pero maningning ang hinaharap nito. Ito ang binhi ng Hukbong Mapagpalaya at maaaring kumilos sa buong

bayan mula sa hilaga hanggang sa timog."

Dalawang araw matapos ng pagkakatatag ng yunit, sinimulan namin ang aming pagkilos at ipinagwagi ang unang mga tagumpay sa Phai Khat at Na Ngan.

Ang dalawang biglaang pag-atake sa mga himpilan ng Phai Khat at Na Ngan, na nagresulta sa pagkalipol ng mga ito, ay mabilis at matagumpay na mga operasyon. Dahil nangyari ang mga ito sa hangganang purok sa pagitan ng mga probinsya ng Cao Bang, Bac Can, at Lang Son, mabilis na kumalat ang mga balita ng tagumpay at pinukaw ang tatlong probinsya.

Matapos ng tagumpay, nagtungo kami sa baseng Thien Thuat para palakihin ang yunit tungo sa isang kumpanya. Dumating ang dagdag na mga tauhan mula sa iba't ibang lokalidad. Ang makita ang ating bagong kumpanya na nakahilera nang maayos at armado ng mga bagong riple at makikintab na bayoneta ay nagbigay sa amin ng kasiyahan at tiwala. Matapos ang ating mga unang tagumpay sa Phai Khat at Na Ngan, nakakumpiska kami ng maraming bala. Noon, mas mahalaga ang mga bala kaysa baril.

Di naglaon, nagmartsa kaming pahilaga sa distrito ng Bao Lac na malapit sa hangganan ng Byetnam-Tsina. Dumaan ang ating mga tropa sa mga baryong nasa matataas na bundok na pinaninirahan ng mga taong Man. Kahit saan kami pumunta, tinanggap at ipinagbunyi kami ng mga tao sa lokalidad, laluna ng mga nanay na Man na nagpakita ng mataas na pagpapahalaga sa mga rebolusyonaryong tropa, binabati kami nang napakagiliw at nakikipagsaya sa amin. Sa Bao Lac, naglunsad kami ng isang biglaang pag-atake sa himpilan ng Dong Mu. Masayang umawit ang ating mga tropa habang nakikipaglaban. Nasugatan ako sa binti.

Dahil nasa Bao Lac kami, maaaring isipin ng mga

imperyalista na nandoon kaming lahat. Para iligaw sila, mabilis at lihim na lihim kaming bumalik sa distrito ng Hoang Hoa Tham, sa bisperas ng Bagong Taon. Sa kagubatan ng Hoang Hoa Tham, naitayo na ang mga bahay at naipon na ng masa sa lokalidad ang mga suplay, marami sa kanila, kahit matatanda na, ang iniwan ang kanilang mga pamilya para makipagdiwang sa amin ng Bagong Taon sa kagubatan.

Sina Vu Anh, Pham Van Dong, at iba pa sa Komiteng Interprobinsya ng Cao-Bac-Lang ay dumating din para dalawin ang aming tropa. Tinalakay namin ang pagpapatuloy ng Martsang Patimog. Pagkatapos na pagkatapos ng kanilang pag-alis, aming nabalitaan na kagaganap lamang ng kudetang Hapon noong Marso 9, 1945.

Umalis ang Yunit Pampropaganda at Pagpapalaya ng Byetnam mula sa gubat patungo sa Kapatagang Kim Ma sa kasikatan ng araw, na nakaladlad ang kanilang pulang bandila na may ginintuang bituin. Labis ang kagalakan ng sambayanan.

Nagmartsa kaming patimog tungo sa wawa. Sa lahat ng dinaanan naming lokalidad, nagtayo kami ng rebolusyonaryong kapangyarihan, dinis-armahan ang kalaban, at nanawagan sa mga labi ng tropang French na makipagtulungan sa amin sa pakikipaglaban sa Hapones. Inorganisa ang mga bagong yunit ng rebolusyonaryong hukbo. Nag-atas ang Komiteng Interprobinsya ng Cao-Bac-Lang na magtayo ng kapangyarihang bayan at naglunsad ng isang napakalawak na kilusang gerilya laban sa Hapones. Binuo ang mga kumpanya ng Hukbong Mapagpalaya sa mga distrito ng Soc Giang, Cao Bang, Bao Lac, Nguyen Binh, at That Khe. Sinalakay ng lokal na mga armadong yunit ang Soc Giang at ilang kabayanan ng distrito. Sa Nuoc Hai, sa isang panawagan na sumapi

ang kabataan sa Hukbong Mapagpalaya, mahigit tatlong libo ang nagboluntaryo.

Ito ay isang walang katulad na tagpong pang-kasaysayan.

Sa pagpapatuloy ng aming martsang patimog, nakarating kami sa Cho Chu at sa Tan Trao.

Sa Tan Trao, nagalak kami nang makita na napalawak na hanggang doon ang mga base ng Bac Son. Nasimulan na ang pakikidigmang gerilya at naitayo ang rebolusyonaryong kapangyarihan sa lahat ng distrito ng probinsya ng Thai Nguyen. Ang rehiyon ng Tan Trao ay nasa ilalim ng pamamatnubay ni Song Hao. Sa gayon, nagsanib ang mga pwersa ng Pagpapalaya at mga pwersa ng Pambansang Kaligtasan.

Ngayon, kami ay nagtagpo sa isang sitwasyong kakaiba kaysa noong unang mga araw. Nakasulong na ang rebolusyon. Nailunsad na ang buhay at kamatayang pakikibaka laban sa mga Hapones. Ang mga Hapones mula sa mga lunsod ng Thai Nguyen at Bac Giang, sa kanilang mga pagtatangka na durugin ang rebolusyon, ay naglunsad ng sunud-sunod na pag-atake sa pinalayang purok pero pawang nabigo. Ang kilusan sa purok ng Cao-Bac-Lang ay hindi na tulad ng dati nang pinakawalan ng mga imperyalistang French ang kanilang kampanya ng teror. Mayroon nang rebolusyonaryong kapangyarihan ang populasyon sa pinalayang purok at magiting nang nag-alsa ang mamamayan sa buong bayan laban sa mga Hapones.

Inabot ng Martsang Patimog ang Tan Trao, kaya't nagkawing ang mga sentro ng Cao Bang at Bac Son at nabuksan nang maluwag ang pinto para makasulong kami sa wawa.

Noong Abril 15, 1945, ipinatawag ng Komite Sentral ang Rebolusyonaryong Kumperensyang Militar ng

Hilagang Byetnam sa distrito ng Hiep Hoa, probinsya ng Bac Giang. Matapos ang kumperensya, sa aming pagbalik sa Cho Chu, huminto kami para dumalo sa isang pulong noong Araw ng Mayo (Mayo Uno). Sa oras na iyon, sumuko na ang mga pasistang German sa mga Allies sa Europa. Iniulat din na natawid na ni Uncle ang hangganan ng Tsina at papunta sa amin, sa pamamagitan ng daan na siya mismo ang nagplano para sa Yunit Pampropaganda.

Kagyat kaming tumulak para tagpuin siya, pumapaspas ang aming mga kabayo, at walang nag-iisip ng pagpapahinga. Inabot namin ang Deo Re, nilampasan ang Nghia Ta, at tinagpo siya sa Ha Kien kung saan siya ay kararating lamang.

Ito ang unang pagkakataon na kami ay nagkita mula noong araw na ipinagkatiwala niya sa akin ang pag-oorganisa ng Yunit Pampropaganda. Kay raming kahirapan ang aming pinagdaanan, kay raming tagumpay mula noon! Nagmadali akong iulat sa kanya, "Napalawak na ang pinalayang purok. . . ." Sinabi ko sa kanya ang mga nangyari mula nang itagubilin niya ang pagtatatag ng Yunit Pampropaganda at Pagpapalaya ng Byetnam, tungkol sa tuluy-tuloy na pag-unlad ng kilusang popular sa mga rehiyong aming dinaanan. Matama at malumanay siyang nakinig, sumisilay sa kanyang mukha ang kasiyahan.

Sinabi niyang paborable rin sa atin ang sitwasyon ng daigdig. Dagdag pa, kinakailangan naming pumili ng isang lugar sa mga purok ng Cao-Bac-Lang o Tuyen Quang-Thai Nguyen na masasaligan ang mamamayan, isang lugar na napalilibutan ng matitibay na rebolusyonaryong organisasyon at paborableng heograpikong mga kalagayan; sa maigsi, isang lugar na maaaring gamitin bilang isang sentro para paunlarin

ang mga relasyon sa daigdig sa isang banda at sa ibang bahagi ng bayan sa kabilang banda. Kailangang maagap na gawin iyon. Hinihingi ito ng maraming kagyat na gawain.

Bumalik ako sa Kim Quan Thuong at nakipag-usap kay Song Hao. Iminungkahi namin ang Tan Trao, isang rehiyon na maraming matatarik na bundok at makakapal na gubat na nasa pagitan ng mga probinsya ng Tuyen Quang at Thai Nguyen, malayo sa haywey. Doon sa Tan Trao, naitayo na ang rebolusyonaryong kapangyarihan at masiglang sinusuportahan ng sambayanan ang rebolusyon. Dahil nalamang darating para humimpil ang mga rebolusyonaryong organo sa kanilang lokalidad, dumagsa ang bultu-bultong kasapi ng iba't ibang organisasyon ng mamamayan para sa pambansang kaligtasan, tumutulong sa maraming paraan, nagtatayo ng mga bahay para sa mga namumunong organo, para sa mga paaralang militar at pampulitika laban sa mga Hapones, at marami pang iba.

Dumating si Uncle sa Tan Trao. Ang panahon mula 1941 hanggang 1945 ay mga taon ng kahirapan sa pagbubukas mula Pac Bo hanggang Tan Trao kung saan ang populasyon ng mga lalawigan ng Cao Bang, Bac Can, Lang Son, Tuyen Quang, at Thai Nguyen, laluna sa mga distrito ng Bac Son at Vu Nhai, ay magiting na nakipaglaban at ginawang isang bag-as ng pambansang kilusan laban sa mga Hapones ang sona ng Viet Bac.

Matapos marinig ang isang detalyadong ulat sa kalagayan, sinuring muli ni Uncle ang desisyon ng Rebolusyonaryong Kumperensyang Militar ng Hilagang Byetnam na idinaos noong Abril. Kanyang sinabi, "Ang pagkakahati-hati ng mga probinsya sa maraming sonang militar ay nakakasagabal at di paborable para sa pagkakamit ng iisang kumand". Ngayon, dahil sumaklaw

ng maraming probinsya ang pinalayang purok – Cao Bang, Bac Can, Lang Son, Ha Giang, Tuyen Quang, at Thai Nguyen – mas mahusay kung ibilang ang mga ito sa baseng tinatawag na "Pinalayang Purok"; sa gayon, ang ating tropa ay tatawaging "Hukbong Mapagpalaya". Noong Hunyo 4, 1945, iminungkahi niya na gumawa ng isang borador ng pagsususog kaugnay sa desisyon ng Kumperensyang Militar ng Hilagang Byetnam hinggil sa pagtatatag ng Pinalayang Purok at magpatawag ng isang kumperensya ng lahat ng kadre sa lugar para talakayin ang pagbubuo ng unipikadong kumand. Pero ang mga sona ng digma sa Pinalayang Purok ay talagang nasa estado ng kagipitan; walang sinuman ang makakayang dumalo. Nag-iisa akong umako sa permanenteng tungkulin sa Probisyunal na Komite sa Kumand ng Pinalayang Purok na itinayo sa Tan Trao, nagpapanatili, sa isang panig, ng ugnay sa Cao Bang, Bac Son, at ibang bayan, at sa kabilang panig, sa mga sona kung saan kumikilos sina Le Thanh Nghi at Tran Dang Ninh, sa Komite Sentral at sa iba pang bahagi ng bayan. Araw-araw, pumupunta ako sa upisina ni Uncle para mag-ulat sa kalagayan at makipagtalakayan sa kanya sa mga gawaing dapat magampanan. Noong makakuha lamang ng isang pares ng telepono sa isang pag-atake sa himpilan ng Tam Dao at saka kami nagkaroon ng isang 300-yardang linya ng telepono sa pagitan ng kanya at aking upisina.

Sa mahigit na dalawang buwan, mabilis na naganap ang mga pangyayari. Sa Tan Trao, dahil sa bagong kalagayan at sa ating bagong mga tungkulin, inilathala namin ang dyaryong *Vietnam Moi* (Ang Bagong Byetnam).

Ayon sa desisyon ng Komite Sentral, dapat gawin ang aktibong paghahanda para tipunin ang Pambansang

Kumperensya ng Partido at ang Kongreso ng mga Kinatawan ng Mamamayan. Hinimok ni Uncle na gawin ang mga paghahanda para sa dalawang pulong na ito upang makapagsimula sa Hulyo. Sinabi niya na dahil sa napakahigpit ng kalagayan, dapat idaos ang mga pulong kahit hindi makadadalo ang ilang delegado. Kung hindi ay di tayo makasasabay sa mabilis na umuunlad na pangkahalatang kalagayan. Kalagitnaan lamang ng Agosto naidaos ang mga pulong sa kabila ng madaliang mga paghahanda dahil hindi nakaabot sa Tan Trao nang mas maaga ang mga delegado ng Partido at iba pang demokratikong organisasyon ng Prenteng Byetminh.

Kahit na napakaabala, si Uncle ay tuluy-tuloy sa napakasipag na paggawa at nagtutuon ng espesyal na pansin sa kongkretong mga detalye. Siya mismo ang sumulat at nagmakinilya ng mga liham at dokumento na nilalagyan ang bawat isa ng sunud-sunod na numero. Tuluy-tuloy ang pagdaloy ng mga mensahero at sulat sa lahat ng bahagi ng bayan, at nag-anyo sa isang katangiang higit na may kakagyatan.

Sa kalagitnaan ng ganoong tindi ng trabaho, si Uncle ay nagkasakit. Ilang araw na siyang nakaramdam ng pagkapagod at nilagnat pero nagpatuloy pa sa pagtatrabaho. Tuwing pumupunta ako sa kanya para makipagtalakayan sa gawain at nagtatanong sa kanyang kalusugan, ang simpleng sagot niya ay pumunta lamang ako tulad ng dati dahil maigi naman ang kanyang pakiramdam. Pero nakita kong malaki na ang inilugso ng kanyang kalusugan at mukha siyang hapis na hapis. Isang araw, nang dumating ako, nakahiga siya at inaapoy ng lagnat na may kasamang pagdedeliryo. Mayroon lamang kaming ilang tableta ng aspirin at kinina na hindi naman makapagpagaling sa kanya. Dati-rati, nahihiga lamang siya kapag oras ng pamamahinga, pero ngayon

lagi siyang nakahiga. Sa kanyang pinakamalalapit na kabalikat, ako lamang ang kasama niya noon sa Tan Trao. Isang araw, humingi ako ng pahintulot na samahan siya sa gabing iyon dahil malala ang kanyang sakit. Matapos lamang akong naggiit, nagsabi na hindi ako abala sa gabing iyon, at saka siya nagbukas ng kanyang mata at bahagyang tumango. Sa gabing iyon, sa kanyang kubo sa tagiliran ng bundok sa pusod ng kagubatan, sa tuwing panumbalikan ng malay-tao, nagsasalita siya tungkol sa kalagayan: "Ngayon, dumating na ang paborableng kalagayan, anuman ang sakripisyong kailangang gawin, anuman ang obligasyong dapat harapin, kahit sumugod pa tayo sa isang labanang tutupok sa buong bulubundukin ng Truong Son, susuungin natin iyon hanggang sa ang kasarinlan ay makamit." Tuwing mayroon siyang naaalala, nais niyang tandaan namin iyon. Hindi kami nangahas isipin na iyon na ang kanyang huling mga habilin. Pero pagkaraan, napagtanto namin na dahil nakakaramdam ng matinding pagod, talagang nais niyang ipaalala sa amin ang gawain at ang gawain lamang. Sinabi niya na para makonsolida ang kilusan, kailangang laging pagyamanin ang mga aktibista at kadreng lokal. Kanyang sinabi, "Sa pakikidigmang gerilya, dapat tayong magpunyaging paunlarin ang kilusan kapag ito ay nasa taeb. Samantala, dapat ibuhos ang ating makakaya para konsolidahin ang ating mga base na nagiging tuntungan natin kung magaganap ang kabaligtaran".

Sa buong gabing iyon, siya ay paulit-ulit na hinimatay nang may sandaling mga pagitan lamang. Kinabukasan, sumulat ako ng isang kagyat na liham sa Komite Sentral. Sinubukan ko ring maghanap ng ilang gamot sa mga naninirahan sa lokalidad. Nang malaman ko na may malapit na silanganing manggagamot ng minoryang Tho

na napakagaling sa paggamot sa lagnat, daglian ko siyang ipinatawag. Dinama niya ang pulso at noo ni Uncle, at binigyan siya ng isang gamot na ugat na hinukay niya sa gubat. Dapat sunugin ang ugat at isama sa malabnaw na kaning-lugaw. Makalipas ang ilang araw, unti-unting humupa ang kanyang lagnat, at di naglaon ay bumalik na sa kanyang arawang gawain. Noong araw na dumalo siya sa Pambansang Kumperensya ng Partido na idinaos noong maagang bahagi ng Agosto, siya ay napakaputla pa at patpatin.

Napakakagyat ng kalagayan sa sariling bayan at sa ibayong dagat, at ng pag-unlad ng rebolusyonaryong kilusan.

Natapos ang Pambansang Kumperensya ng Partido at ang Kongreso ng mga Kinatawan ng Mamamayan. Mula sa Tan Trao ay ipinahatid ang atas sa buong bayan para sa isang pangkalahatang pag-aalsa. Natanggap ko ang atas mula sa Komite Sentral na maghanda para sa labanan. Noong Agosto 16, kasama ng Hukbong Mapagpalaya, nilisan namin ang Tan Trao para salakayin ang mga Hapones sa Thai Nguyen, ang unang kabayanang napalaya mula sa mga kamay ng kaaway sa aming pagmamartsa tungo sa Hanoi.

Mabilis na umuunlad ang kalagayan. Habang pinaliligiran ang mga Hapones sa Thai Nguyen, tumanggap kami ng balita na naganap na ang pag-aalsa sa maraming lokalidad. Naitatag na ang kapangyarihan ng mamamayan sa Hanoi. Ayon sa isang bagong desisyon, isang bahagi ng Hukbong Mapagpalaya ang nagpatuloy sa mga operasyon laban sa Thai Nguyen, habang ang natitira, kabilang na ako ay dumiretso sa Hanoi.

Magdamag kaming nagmartsa mula sa Thai Nguyen hanggang Lu Van, dumaan sa napakalawak na palayan, paminsan-minsang tumitingala sa kalangitang

natatanglawan ng mga bituin na nakadukwang sa parang walang-katapusang hilera ng mga poste ng telegramang nakahanay sa aming daan. Kahit saan ay may gubat ng mga pulang bandilang may gintuang bituin. Punung-puno ng damdamin at kasiglahan ang pakikipaglaban ng inang bayan na binabawi ang kasarinlan! Ito ang pangalawang pagkakataon na nagkaroon ako ng di pangkaraniwang mga damdamin mula nang maibagsak ng kudeta ng mga Hapones ang mga French. Umalis ang aming Yunit Pampropaganda at Pagpapalaya sa kagubatan ng Hoang Hoa Tham at nagmartsa sa kasikatan ng araw patawid sa Kapatagang Kim Ma habang lampas-ulong nagwawagayway ang pulang bandilang may ginintuang bituin.

Ang rebolusyong Agosto ay nagtagumpay. Nag-uumapaw sa galak ang buong bayan sa panandang sandali ng ating pambansang kasaysayan. Pero lumitaw sa mga unang araw na ito ng rebolusyon ang samu't saring kumplikadong mga problema. Bumalik si Uncle sa Hanoi. Hindi pa siya nakakabawi mula sa karamdamang dinanas niya noon sa Tan Trao. Gayunman, kailangan niyang dumalo sa mga kumperensya, tumanggap ng lahat ng klase ng bisita at mag-asikaso ng napakaraming usapin. Araw-araw, abala siya hanggang sa tanghali o ala-una ng hapon. Kalimitan ay lumamig na ang pagkain (kapareho ng hinahain sa mga kawani) kapag kinain niya. Pagkakain, uupo na siya sa kanyang lamesa, sasandal sa likuran ng silya, iidlip sandali, at ipagpapatuloy ang kanyang gawain para sa araw (pakikipagpalitan ng mga pananaw sa Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral at iba pa) hanggang sa kalaliman ng gabi. Pero siya ay laging masigla at maliwanag ang isip sa pakikitungo sa lahat ng bagay. Mapagtatanto lamang na talagang pagod na pagod siya kapag nakikita ang kanyang noo

na tigmak ng pawis habang umiidlip.

Kagaya ng kanyang sinabi noong nakaraang ilang taon, kailangang magtungo mula hilaga hanggang timog ang Hukbong Mapagpalaya ng Byetnam. Matapos ang tagumpay ng rebolusyon, lumitaw ang mga tropang mapagpalaya sa lahat ng lokalidad. Sa mga unang araw ng rebolusyon, noong ang digma sa Timog Byetnam ay pinasimulan ng mga kolonyalistang French na mabilis na dumating kasunod ng mga tropang British, maraming yunit ng Hukbong Mapagpalaya ng Byetnam ang naghandang pumunta sa timog. Hindi ito mga platun lamang ng ilang dosena tulad ng dati kundi libu-libong kabataang makabayan mula sa lahat ng lokalidad, na tumutugon sa panawagan ng rebolusyon, ang may kapasyahang nagtungo sa timog para labanan ang mga mananalakay. Sa buong bayan, saksi ang bawat araw sa nakababagbag-damdamin, nakapagpapasiglang mga eksena ng mga kabataang ito na nagsisiksikan sa mahahabang tren na naghatid sa kanila sa katimugang bahagi ng kanilang inang bayan para makapiling sa pakikibaka ang kanilang mga kababayan doon para sa pambansang kasarinlan. Sa gayon, ang lupa ng Timog Byetnam ay dinilig ng dugo ng mga mandirigma ng Hukbong Mapagpalaya ng Byetnam.

At dumating ang pambansang pagtatanggol. Sa buong daloy ng matagalan at mahirap na digma, tinamasa ng hukbo ng Byetnam ang pagmamalasakit ni Uncle gaya rin noong ito ay nag-umpisa bilang isang maliit na armadong yunit sa pinalayang purok. Wastong sabihin na ang ating hukbo, na nagmumula sa mamamayan, ay wastong pinalaki sang-ayon sa mga ideya at sa estilo ng buhay ng Partido at ni Uncle.

Siya ay sanay sa maagap at napapanahong mga pagpapasya. Sa taglamig ng 1947, nagparakayda ang

mga tropang French sa maraming lokalidad ng Viet Bac (hilagang Byetnam) na may layuning sumalakay sa kaloob-looban ng ating base. Sa kainitan ng labanan, isang ulat sa sitwasyong militar ang iniharap sa Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral at sa kanya, kalakip ang mungkahi ng pagtatayo ng "mga nagsasariling kumpanya"[15] para mapaigting ang pakikidigmang gerilya sang-ayon sa sitwasyon sa larangan ng labanan. Kagyat na pinagtibay ang panukala.

Nang magpasya ang Komite Sentral sa paglulunsad ng kampanya sa hangganang Cao-Lang noong 1950, nagbigay ng mga tagubilin si Uncle sa mga tropa na, "magtagumpay lamang"; pagkatapos ay dumiretso siya sa larangan, dinalaw ang halos lahat ng yunit ng hukbo, at nanatili sa larangan sa buong panahon ng kampanya. Ang kanyang tirahan na inililipat-lipat sang-ayon sa takbo ng labanan ay isang *canvass* na toldang nakalantad sa kalikasan.

Muli, nang magsimula ang kampanya sa hilagang-kanluran, nagbigay ng tagubilin si Uncle na ipamahagi ang Walong-Puntong Tagubilin ng Gubyerno ng Demokratikong Republika ng Byetnam sa mga tropa na pinagkatiwalaan sa pagpapalaya ng kanlurang purok. Sariwa pa sa alaala ng maraming kadreng kabilang sa kampanyang iyon ang kanyang pagdalo sa kumperensyang magpapasya sa paglulunsad ng kampanya. Iyon ay isang pangyayaring hindi malilimutan. Ilang araw na bumuhos ang ulan bago ang pagdaraos ng kumperensya. Hinati ng lumaking mga

15 Noong taglagas-taglamig ng 1947, nagpasya ang Komite Sentral na maglunsad ng malaganap na pakikidigmang gerilya sa lahat ng lugar na okupado ng mga French.

Isang bahagi ng regular na hukbo ang ikinalat sa mga nagsasariling kumpanya upang tagusin nang malalim ang likuran ng kaaway at magsagawa ng mga aktibidad sa propaganda at sa militar.

sapa ang mga daan. Kinailangan niyang tawirin ang mga sapang lumaki at bumilis ang agos para makarating sa kumperensya. Ikinuwento niya sa amin ang lahat ng nangyari at kung gaano siya ka-determinadong tawirin ang mga sapa. Maraming taong tagaroon na nauna nang dumating sa lugar bago sa kanya at hindi alam ang gagawin, ang sumunod sa kanyang halimbawa, at lahat ay matagumpay na nakatawid sa kabilang pampang. Alam na ang pagtawid sa lumaking mga sapa sa panahon ng tag-ulan ay hindi isang madaling bagay, at nakita na kanyang narating ang kumperensya sa tamang panahon, nadama naming lahat ang pagmamalasakit na ipinakita niya sa hukbo. Higit pa, itinuring namin iyon bilang isang napakahalagang aral sa amin bago kami tumungo sa labanan. Kagaya ng malimit niyang sabihin, ang aral ay, "Determinasyon, determinasyon; kung may determinasyon ay matagumpay na magagawa ninuman ang lahat."

Siya ang larawan ng isang malaking enerhiya, isang enerhiyang nagtataglay ng isang malaking pwersang pampakilos at walang bagay na makakahadlang sa landas nito. Noong mismong unang araw na nakita ko siya sa Kunming ay nagkaroon ako ng impresyong hindi ko naintindihan, ang impresyon na nakatayong kaharap ang isang tao na biniyayaan ng isang simple, maningning, matatag, at mahinahong kaisipan. At ngayon, siya pa rin ang taong iyon.

Ilang taon na ang nakaraan, sa pagtatayo ng Yunit Pampropaganda at Pagpapalaya ng Byetnam, paulit-ulit niya kaming pinayuhan na maging aktibo, mabilis sa pagkuha ng inisyatiba, kumilos nang malihim sa panahon ng pakikipaglaban, dumating nang di nakikita at umalis nang di napapansin, at pumunta sa buong bayan mula sa hilaga hanggang sa timog. Pagkaraan ng mahigit

siyam na taon, nang maging lubos at makapangyarihang pwersang panlaban ang rebolusyonaryong hukbo, sa mismong pananagumpay ng ating mga tropa sa Dien Bien Phu at pagsuko ng mga tropa ng kaaway, natanggap namin ang kanyang mensahe na nagsasabi, kabilang ang iba pang bagay, "Kahit napakalaki na ng tagumpay, ito'y panimula pa lamang".

Ang bawat butil ng payo niya sa isang takdang panahon ay may sariling partikular na kahulugan. Pero mayroon kaming iisang bagay na natuklasan sa kanyang mga aral, ilang taon na ang nakakaraan o sa panahon ng pananagumpay sa Dien Bien Phu, at iyon ay ang diwang likas sa mga ito: ang pagiging matibay, kahinahunan, katatagan, kasimplehan, katapatan, pagpupunyagi sa pakikipaglaban hanggang sa tagumpay, pagtataguyod sa dakilang diwa ng Partido, ng uring manggagawa, at ng ating mamamayan sa kabuuan.

# ANG DIGMA NG PAGPAPALAYA 1945–1954[1]

### *I. Ilang Konsiderasyong Istorikal at Heograpikal*

Ang Byetnam ang isa sa pinakamatatandang bayan sa Timog-silangang Asya.

Nakalatag na parang isang napakalaking "S" sa kahabaan ng gilid ng Pasipiko, kabilang dito ang Bac Bo o Hilagang Byetnam, na kasama ang wawa ng Pulang Ilog ay isang rehiyong mayaman sa mga posibilidad sa agrikultura at sa industriya; ang Nam Bo o Timog Byetnam, isang napakalawak na kapatagang banlikan na tinudlingan ng mga bisig ng Mekong at partikular na mainam sa agrikultura; at ang Trung Bo o Gitnang Byetnam, isang makitid na mahabang kalupaan na nagdurugtong sa mga ito. Para ilarawan ang hugis ng kanilang bayan, gusto ng Byetnames na gunitain ang isang imaheng pamilyar sa kanila: ang isang pingga na may kargang buslo ng palay sa magkabilang dulo.

Sumasaklaw ang Byetnam ng lampas sa may 330,000 milya kuwadrado at may populasyon na tinatayang 30,000,000 naninirahan. Sa panahon ng libu-libong taon ng kasaysayan nito, tuluy-tuloy na napanatili ng

1 Ito ay isang isinaayos na pinaigsing sanaysay na may pamagat na: "Ang Digma ng Pagpapalaya ng Mamamayang Byetnames Laban sa mga Imperyalistang French at sa mga Interbensyunsi-tang Amerikano—The Vietnamese People's War of Liberation Against the French Imperialists and the American Interventionists" at kabilang sa koleksyon, Digmang Bayan, Hukbong Bayan (Hanoi, Foreign Languages Publishing House, 1961), pp. 11-37.

mga Byetnames ang isang magiting na tradisyon ng pakikibaka laban sa dayuhang agresyon. Noong ika-13 siglo sa partikular, nagtagumpay silang biguin ang pagsalakay ng mga Mongol na nagpalawak ng kanilang kaharian sa buong pyudal na Tsina.

Mula sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo, sinimulan ng mga kolonyalistang French ang pananakop sa bayan. Sa kabila ng pagtatanggol na tumagal ng ilang dosenang taon, unti-unting bumagsak ang Byetnam sa katayuang kolonyal at pagkaraan noon ay nakabilang sa "French Indotsina" kasama ng Cambodia at Laos. Pero mula sa unang araw ng agresyon ng mga French, walang-hintong umunlad ang kilusan sa pambansang pagpapalaya ng mamamayang Byetnames. Ang panunupil na ginamit para sugpuin ang kilusang ito ay higit na nagpalaki lamang dito; kung kaya't pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig, nagsimula itong magkaroon ng isang makapangyarihang katangiang pangmasa. Nakabig na nito ang malalapad na sirkulo ng mga saray ng intelektwal at petiburges, habang malalim na tumatagos sa masang magsasaka at sa bagong nabubuong uring manggagawa. Nasaksihan ng taong 1930 ang isa pang pasulong na hakbang sa pagtatatag ng Partido Komunista ng Indotsina, ang Partido ng Manggagawa ng Byetnam ngayon, na humawak sa pamumuno sa pambansa-demokratikong rebolusyon ng mamamayang Byetnames laban sa mga imperyalista at sa uring pyudal na panginoong maylupa.

Pagkaraan lamang ng pagsisimula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1939, sinakop ng mga Nazi ang France, habang unti-unting bumabagsak ang Byetnam sa pagiging isang kolonya ng mga pasistang Hapones. Maagap na pinahalagahan ng Partido ang nilikhang kalagayan ng bagong pangyayaring ito. Sa pagtataya

na nagsimula na ang isang bagong serye ng digma at rebolusyon, itinakda nito ang tungkulin para sa buong bansa na palawakin ang Pambansang Nagkakaisang Prente laban sa imperyalismo, maghanda sa armadong insureksyon, at pabagsakin ang mga imperyalistang French at Hapones para muling mapagtagumpayan ang pambansang kasarinlan. Itinatag ang Vietnam Doc Lap Dong Minh (Liga para sa Kasarinlan ng Byetnam, pinaigsi sa Byetminh) at kinabig ang lahat ng makabayang uri at saray ng lipunan. Inilunsad ang pakikidigmang gerilya sa mataas na rehiyon ng Bac Bo, at naitayo ang isang pinalayang purok.

Noong Agosto 1945, ang pagsuko ng mga pwersang Hapones sa hukbong Sobyet at sa pwersang Allied ay tumapos sa digmaang pandaigdig. Ang pagkagapi ng mga pasistang German at Hapones ang panimula ng isang malaking panghihina ng kapitalistang sistema. Matapos ang dakilang tagumpay ng Unyong Sobyet, umiral ang maraming demokrasyang bayan. Ang sistemang sosyalista ay hindi na lamang nalimitahan sa mga hangganan ng isang bayan. Isang bagong istorikong kapanahunan ang nagsisimula sa buong daigdig.

Sa pagsasaalang-alang sa mga pagbabagong ito, sa Byetnam, ang Partido Komunista ng Indotsina at ang Byetminh ay nanawagan sa buong bansang Byetnames ng isang pangkalahatang insureksyon. Sa lahat ng dako, sama-samang nag-alsa ang mamamayan. Walang tigil ang sunud-sunod na mga demonstrasyon at pagpapakita ng lakas. Noong Agosto, pumutok ang rebolusyon, na nagnyutralisa sa natarantang mga pwersang Hapones, nagpabagsak sa pyudal na mga awtoridad na maka-Hapones, at nagluklok sa kapangyarihang bayan sa Hanoi at sa buong bayan; sa mga kabayanan gayundin sa kalunsuran, sa Bac Bo gayundin sa Nam Bo. Sa Hanoi,

ang kabisera, itinayo noong Setyembre 2 ang gubyernong probisyunal sa pangunguna ni Presidente Ho Chi Minh; iniharap nito ang sarili sa bansa, idineklara ang kasarinlan ng Byetnam at nanawagan sa bansa na magkaisa, ihanda ang sarili para ipagtanggol ang bayan, at labanan ang lahat ng pagtatangka ng imperyalistang agresyon. Isinilang ang Demokratikong Republika ng Byetnam, ang unang demokrasyang bayan sa Timog-silangang Asya.

Pero hinangad ng mga imperyalista na pugtuin ang unang hininga ng republikang pamahalaan at muling itransporma ang Byetnam tungo sa isang kolonya.

Hindi pa man nakalilipas ang tatlong linggo, noong Setyembre 23, 1945, ang Saigon ay pinaputukan ng Pwersa ng Ekspedisyong French. Biglaang nagbangon ang buong bansang Byetnames para labanan ang dayuhang agresyon. Nagsimula sa araw na iyon ang isang digma ng pambansang pagpapalaya na isinulong sa loob ng siyam na taon sa kabayaran ng walang katulad na kagitingan at sa gitna ng di maliliming kahirapan na nagwakas sa ating maningning na tagumpay at sa matinding pagkatalo ng agresibong mga imperyalista sa Dien Bien Phu.

Ngunit habang pinahihigpit ng mamamayang Byetnames ang kanilang pagkakaisa sa panig ng gubyernong probisyunal sa kahanga-hangang kasiglahan na pinukaw ng rebolusyong Agosto, nanghimasok ang isang panibagong salik na higit na magpapalala at magpapasalimuot sa kalagayan sa pulitika. Sang-ayon sa mga termino ng kasunduan sa pagitan ng mga Allies para tanggapin ang pagsuko ng Hapones, pumasok nang maramihan sa Byetnam ang mga tropang Tsinong Goumindang sa hilaga ng ika-16 na *parallel*, habang pumasok ang mga tropang British sa Timog. Sinamantala ng mga tropa ni Chiang Kai-shek ang pagkakataon para mandambong sa mamamayan at magnakaw sa bayan,

habang ginagamit ang lahat ng paraan para tulungan ang sagad-saring reaksyunaryong mga elemento sa hanay ng burgesya at panginoong maylupang Byetnames – ang mga kasapi ng Vietnam Quoc Dan Dang (ang Byetnames na Guomindang) at ang maka-Hapones na Phuc Quoc (Partidong Byetnames para sa Pambansang Pagpapanumbalik) – para mang-upat ng kaguluhan sa buong bayan. Matapos sakupin ang limang probinsya sa hangganan, lumikha sila ng mga insidente kahit na sa kabisera at nagkukumahog na naghanda para pabagsakin ang kapangyarihang bayan. Sa Timog, aktibong ginamit ng mga tropang British ang sariling lakas para pabilisin ang pagbalik ng mga imperyalistang French. Hindi pa kailanman nagkaroon ng ganoon karaming dayuhang tropa sa lupain ng Byetnam. Pero hindi pa rin kailanman nagkaroon ng ganoong kapasyahan ang mamamayang Byetnames na magbangon sa pakikipaglaban para ipagtanggol ang kanilang bayan.

### *II. Pagsusuma ng Pagsulong ng Digma para sa Pambansang Pagpapalaya*

Sa simula ng digma, ang plano ng mga imperyalistang French ay ang sumalig sa mga tropang British para muling sakupin ang Nam Bo at gamitin ito pagkaraan bilang lundagan upang maihanda ang kanilang pagbalik sa Hilaga. Kahiya-hiya silang sumuko sa mga pasistang Hapones, pero pagkaraan ng digmaang pandaigdig, itinuring nila na isang di mababaling karapatan ang muling pagbalik sa kanilang pusisyon bilang namumuno sa kanilang dating kolonya. Tinanggihan nilang kilalanin na radikal nang nagbago ang kasalukuyang kalagayan.

Noong Setyembre 1945, ang mga tropang kolonyal ng French na inarmasan ng British at pinalakas, di

naglaon, ng Pwersa ng Ekspedisyong French sa ilalim ng pamumuno ni Heneral Leclerc,[2] ay naglunsad ng kanilang agresyon sa Saigon, nang may tuwirang suporta ng hukbong British. Kagyat na nagbangon para lumaban ang populasyon ng Nam Bo. Sa pagsasaalang-alang sa malaking kahinaan ng mga pwersa nito sa simula, ang kapangyarihang bayan ay kinailangang umatras sa kanayunan matapos ang paglulunsad ng magigiting na labanan sa kalsada ng Saigon at sa malalaking kabayanan. Unti-unting bumagsak sa kamay ng kaaway ang halos lahat ng kabayanan at mahahalagang linya ng komunikasyon sa Nam Bo at sa timog ng Trung Bo.

Inakala ng mga kolonyalista na nasa yugto na sila ng pagtatapos sa pagsakop sa Nam Bo, at idineklara ni Heneral Leclerc na malulubos ang pasipikasyon-pananakop sa loob ng sampung linggo. Pero iba ang itinakbo ng mga pangyayari. Tiwala sa suporta ng buong bayan, patuloy na nakipaglaban ang mamamayan sa katimugan. Sa lahat ng kampanya ng Nam Bo, lumakas nang lumakas ang mga pwersang gerilya, nakonsolida at napalawak ang mga base nila, at nanatili at napalakas ang kapangyarihang bayan sa loob ng siyam na taon ng pagtatanggol hanggang sa muling maitatag ang kapayapaan.

Alam na ang pagsalakay sa Nam Bo ay panimula lamang ng isang plano ng agresyon ng mga imperyalistang French, ginabayan ng ating Partido ang buong bansa tungo sa paghahanda ng matagalang pagtatanggol. Para

---

2 Itinalagang kumander ng mga tropang French sa Malayong Silangan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, si Marshal Philippe de Hautecloque "Leclerc" ay nagsilbing punong kumander sa Indotsina mula 1945 hanggang 1947.

Sinimulan niya ang muling pananakop sa Indotsina noong Oktubre 25, 1945, hinuhulaan niyang matatapos ang kanyang "mga operasyong *mopping-up*" sa loob ng isang buwan.

matipon ang lahat ng pwersa laban sa imperyalismong French, itinaguyod ng Partido ang pagkaisahin ang lahat ng elemento na maaaring mapagkaisa, nyutralisahin ang lahat ng maaaring manyutralisa, at palawakin ang Pambansang Nagkakaisang Prente sa pagtatayo ng Lien Viet[3] (Prente ng Mamamayang Byetnames). Kagyat itong nag-organisa ng mga pangkalahatang eleksyon na may unibersal na pagboto para maitayo ang unang Pambansang Asembleya ng Demokratikong Republika ng Byetnam, na siyang may pananagutan sa pagpapatibay ng Saligang Batas at pagtatayo ng isang may malawak na kinatawang gubyerno ng pagtatanggol na nagtitipon sa pinakamagkakaibang mga elemento, kabilang kahit na iyong Vietnam Quoc Dan Dang (ang Byetnames na Goumindang). Noon, iniwasan namin ang lahat ng insidente sa mga tropa ni Chiang Kai-shek.

Ang usaping nakahain noon sa Pwersa ng Ekspedisyong French ay ang malaman kung magiging madali para sa kanila ang bumalik sa Hilagang Byetnam sa pamamagitan ng dahas. Tiyak na hindi, dahil mas malakas ang ating mga pwersa roon kaysa nasa Timog. Sa kanyang panig, hangad ng ating gubyerno na gawin ang lahat ng makakaya nito para mapanatili ang kapayapaan upang magkonsolida sa sarili ang katatayong kapangyarihang bayan at para muling itayo ang bayang winasak ng mahahabang taon ng digma. Sa ganito naganap ang mga negosasyong nagtapos sa panimulang kasunduan noong Marso 6, 1946,[4] sa pagitan

3 Sa Ang Pakikibaka para sa Indotsina (The Struggle for Indochina), 1940-1955, inilalahad ni Ellen Hammer na binuo ang Lien Viet sa Hanoi noong Mayo 1946 at kinabilangan ng mga kinatawan mula sa maraming mahahalagang grupong pampulitika, kasama ang maka-Guomindang na VNQDD. (Tingnan sa Hammer, pp. 175-176.) Unti-unting sumanib ang Byetminh sa Lien Viet.

4 Dalawang kasunduan ang pinirmahan. Ang una ay pinagkasun-

ng mga kolonyalistang French at ng ating gubyerno. Ayon sa nilalaman ng kapulungang ito, papayagan ang limitadong pangkat ng mga tropang French na humimpil sa ilang lokalidad sa Hilagang Byetnam para makipagtulungan sa mga tropang Byetnames sa paghalili sa mga pwersa ni Chiang Kai-shek na pinauwi na. Kapalit nito, kinikilala ng gubyernong French ang Byetnam bilang isang malayang estadong may sariling gubyerno, may sariling pambansang asembleya, may sariling hukbo at pananalapi, at nangakong aalisin ang mga tropa nito sa Byetnam sa loob ng limang taon. Pagpapasyahan ang pampulitikang katayuan ng Nam Bo sa pamamagitan ng isang reperendum.

Ang mga relasyon sa pagitan ng Demokratikong Republika ng Byetnam at France noon ay nasa isang mapagpasyang sandali. Magkakaroon ba ng isang pagsulong sa konsolidasyon ng kapayapaan o isang pagpapatuloy ng digma? Itinuring ng mga kolonyalista ang panimulang kasunduan bilang isang pansamantalang paraan upang maipasok nila ang bahagi ng kanilang mga tropa sa Hilagang Byetnam, isang pambalam na pakana para paghandaan ang digma na siyang balak nilang ipagpatuloy. Kaya, walang ibinunga ang mga pag-uusap sa Kumperensyang Dalat[5], at iyong sa Kumperensyang

duan sa pagitan nina Jean Sainteny, ang komisyonado ng French sa hilagang Indotsina, at Ho Chi Minh at Vu Hong Khanh (ng VN-QDD). Ang pangalawa ay aneks sa mga usaping militar (military annex) na pinirmahan nina Sainteny at Heneral Raoul Salan at Giap.

5 Ang Unang Kumperensyang Dalat, kung saan aktibong lumahok si Giap, ay nagsimula noong Abril 18, 1946. Ang layunin nito ay ang malampasan ang malalabong pahayag ng kasunduang Marso 6 sa pagtatakda ng katayuan ng Indotsina sa hinaharap.

Tinawag ang ikalawang kumperensyang Dalat noong Agosto 1, kung saan inimbita ng mga French ang mga kinatawan mula sa Laos at Cambodia, gayundin ang kanilang mga Timog Byetnames

Fontainebleau[6] ay nagresulta lamang sa pirmahan ng isang mabuway na kompromiso. Sa buong panahong ito, tuluy-tuloy na isinulong ng kolonyalistang mga tagapagtaguyod ng digma ang kanilang mga taktika ng lokal na mga panghihimasok. Sa halip na ipatupad ang tigil-putukan, ipinagpatuloy nila ang mga operasyong *mopping up* sa Nam Bo at nagtayo roon ng isang lokal na gubyernong papet[7]; dinagdagan nila sa Bac Bo ang mga pambubuyo at umatake sa ilang probinsya, nandarambong at nagmamasaker ng mamamayan sa purok minahan ng Hon Gai, at lumilikha kahit saan ng isang atmospera ng tensyon bilang paghahanda sa mga pag-atake sa pamamagitan ng dahas.

Matapat sa ating patakaran ng kapayapaan at kasarinlan, bigong nagsikap ang ating gubyerno na maisaayos sa isang mapagkaibigang paraan ang mga tunggalian, maraming ulit na humiling sa gubyernong French na pinamumunuan noon ng SFIO (Partido

na alipures. Kaunti lamang ang makatutulong na nagawa sa alinman sa dalawang pulong.

6 Nagsimula ang Kumperensyang Fontainebleau noong Hulyo 6, 1946, at nagtuloy hanggang Agosto nang ganap na nasira ang negosasyon. Pinamunuan nina Ho at Pham Van Dong at kinabilangan ng ibang ministro ng gabinete ang delegasyong Byetnames.

Nang bumalik sa Byetnam ang delegasyon, nagpaiwan si Ho, na umaasam na may mapakikinabangan mula sa mga pag-uusap. Ang tanging resulta ay ang kapus-palad na kompromisong kanyang nilagdaan kasama ng mga French noong Setyembre 14. Nakatali ito sa mga usapin sa kultura at sa ekonomya at kagyat na mga usapin sa kaayusang publiko.

7 Kinilala ng France ang isang "malayang republika" ng Cochin China noong Hunyo 1, 1946, na si Nguyen Van Xuan, isang koronel sa Hukbong French ang bise-presidente at si Dr. Nguyen Van Thinh, isang mamamayang French ang presidente. Nilabag ng aksyong ito ang pangako ng mga French noong Marso 6 na paninindigan ang mga resulta ng isang reperendum hinggil sa katayuan ng timog Byetnam.

Sosyalista) na baguhin ang kanilang patakaran upang maiwasan ang isang digmaang makapipinsala sa magkabilang panig. Kaalinsabay, ibinuhos natin ang ating sarili sa pagpapalakas ng ating likuran bilang pagtanaw sa pagtatanggol. Nakakuha tayo ng magagandang resulta sa pagpapasigla sa produksyon. Binigyan natin ng higit na pansin ang pagpapalakas ng pambansang depensa. Matagumpay ang pagpaparusa sa mga reaksyunaryong Vietnam Quoc Dan Dang, at napalaya natin ang lahat ng purok na nahulog sa kanilang mga kamay.

Lumala ang kalagayan noong Nobyembre 1946. Sinakop ng mga kolonyalistang nasa Haiphong ang kabayanan sa pamamagitan ng dahas. Matapos lumahok sa mga labanan sa kalsada, umatras ang ating mga pwersa sa karatig. Noong Disyembre, naghasik ng tensyon ang mga kolonyalista sa Hanoi, nagmasaker ng mga sibilyan, sinakop ang ilang upisinang pampubliko, nagpadala ng isang ultimatum na hinihingi ang pagdidis-arma ng ating mga grupong pananggol-sa-sarili at ang karapatang magtiyak ng kaayusan sa kabayanan, at sa huli'y nag-udyok ng armadong labanan. Tigas-ulong pinili ng mga kolonyalista ang digma na humantong sa kanilang kapahamakan.

Noong Disyembre 19, sumiklab ang pagtatanggol sa buong bayan. Nang sumunod na araw, sa ngalan ng Partido at ng gubyerno, nanawagan sa mamamayan si Presidente Ho Chi Minh na magbangon para lipulin ang kaaway at iligtas ang bayan, na lumaban hanggang sa huling patak ng dugo at anuman ang maging kabayaran, na tanggihan ang muling pagpapaalipin.

Sa panahon na naging pangkalahatan ang labanan sa buong bayan, ano ang balanse ng pwersa? Mula sa punto de bista ng materyales, mas malakas ang kaaway kaysa atin. Sa gayon, inatasan ang ating mga tropa na labanan

ang kaaway saanman sila nakagarison upang pahinain sila at mapigilan ang kanilang mabilis na pagkalat at pagkatapos noon, noong naging hindi paborable sa atin ang mga kalagayan, ang paatrasin ang bulto ng ating mga pwersa tungo sa ating likuran para mapanatiling buo ang ating mga pwersa bilang pagtanaw sa isang matagalang pagtatanggol. Naganap sa Hanoi ang pinakamariringal at pinakapambihirang labanan, kung saan matagumpay na hinawakan nang matatag ng ating mga tropa ang isang malaking sektor sa loob ng dalawang buwan bago umatras nang walang pinsala mula sa kabisera.

Nanatiling matatag na nagkakaisa ang buong sambayanang Byetnames, sa isang labanan hanggang sa kamatayan, sa mga panahong iyon na nanganganib ang bayan. Sa pagtugon sa panawagan ng Partido, puspusan nilang pinili ang landas ng kalayaan at kasarinlan. Matapos umatras sa mga base sa bulubunduking rehiyon ng Viet Bac, ang sentral na gubyerno ay nagbuo ng mga sonang militar na agad pinaglakip sa mga intersona, at pinalakas ang kapangyarihan ng lokal na mga awtoridad para sa pagpapakilos ng buong sambayanan at pag-oorganisa sa pagtatanggol. Nagpatuloy ang ating gubyerno sa paghiling sa gubyernong French na huwag ipaggiitan ang kanilang pagkakamali at muling buksan ang negosasyong pangkapayapaan. Ngunit hiningi ng kaaway, sa pagdadahilan ng negosasyon, na disarmahan ang ating mga tropa. Sinagot natin ang pagmamatigas ng mga kolonyalista sa pamamagitan ng pagpapaigting ng pagtatanggol.

Sa katotohanan, nagsimulang muling tipunin ng Punong-Kumand ng mga French ang mga pwersa para paghandaan ang isang may kalakihang mabilis na opensiba sa pag-asang tapusin ang Digma. Noong Oktubre 1947, naglunsad sila ng isang malaking kampanya laban

sa ating prinsipal na base, ang Viet Bac, para wasakin ang pinakaulo ng pagtatanggol at durugin ang ating mga pwersang regular. Pero nagwakas ang malakihang saklaw na operasyong ito sa malalang pagkatalo. Dumanas ang mga tropa ng Pwersa ng Ekspedisyon ng malalaking pinsala nang hindi nagtatagumpay na gambalain ang ating namumunong mga organisasyon o pinsalain ang ating mga regular na yunit. Isang bigwas ito sa estratehiya ng mabilisang digma at mabilisang solusyon ng kaaway. Higit na naging determinado ang ating mamamayan na magpunyagi sa landas ng matagalang pagtatanggol.

Mula 1948, nang mapagtanto na pinatatagal ang gera, binago ng kaaway ang kanilang estratehiya. Ginamit nila ang pangunahing bahagi ng kanilang pwersa para sa "pasipikasyon" at para sa pagkokonsolida ng nasakop na mga purok, laluna sa Nam Bo, nang inilalapat ang prinsipyong: ilaban ang Byetnames sa Byetnames, gatungan ang digma ng digma. Nagtayo sila ang isang papet na gubyernong sentral, aktibong nag-organisa ng suplementaryong lokal na mga yunit, at nagpakasasa sa pang-ekonomyang pandarambong. Unti-unting nilang pinalawak ang kanilang sona ng pananakop sa Hilaga at ipinailalim sa kanilang kapangyarihan ang malaking bahagi ng wawa ng Pulang Ilog. Sa loob ng mga taong ito, sinunod ng Pwersa ng Ekspedisyong French ang isang pamamaraan ng malawakang pagkalat, pinaghiwa-hiwalay ang kanilang pwersa sa libu-libong himpilang militar para sakupin ang teritoryo at kontrolin ang mga lokalidad. Pero ang tuluy-tuloy na lumalaking mga kahirapan sa militar at sa pananalapi ang unti-unting nagganyak sa mga imperyalistang French na pabayaang manghimasok sa labanan ang mga imperyalistang Amerikano.

Binago ng kaaway ang kanilang estratehiya, at

itinaguyod naman natin ang malawakang pagpapaunlad ng pakikidigmang gerilya na nagtransporma sa likuran ng kaaway tungo sa ating *frontline*. Nag-operasyon ang ating mga yunit sa maliliit na grupo, tinatagos nang malalim ng mga nagsasariling kumpanya ang mga sonang hawak ng kaaway para maglunsad ng pakikidigmang gerilya, magtayo ng mga base, at pangalagaan ang lokal na kapangyarihang bayan. Isa itong digmang labis na mahirap sa kabuuang saklaw: sa militar, sa ekonomya at sa pulitika. Nag*mop-up* ang kaaway; lumaban tayo sa *mopping-up*. Nag-organisa sila ng suplementaryong lokal na mga tropang Byetnames at nagluklok ng mga papet na awtoridad; mahigpit nating itinaguyod ang lokal na kapangyarihang bayan, ibinagsak ang mga papet, pinarusahan ang mga taksil at isinagawa ang aktibong propaganda para malansag ang suplementaryong mga pwersa. Unti-unti nating nabuo ang isang lambat ng mga baseng gerilya. Sa mapa na ipinakikita ang teatro ng labanan, liban sa mga pinalayang purok, nagsimulang lumitaw ang mga "pulang purok" na walang tigil na kumalat at dumami sa mismong pusod ng sinakop na mga larangan. Unti-unting pinalalaya ang lupa ng amang bayan sa mismong likurang linya ng kaaway. Walang malinaw na depinidong larangan ng labanan sa digmaang ito. Ito ay kahit saan naroon ang kaaway. Wala saanman ang larangan, ito ay kahit saan. Lumikha ang ating bagong estratehiya ng malalalang kahirapan para sa plano ng kaaway na gatungan ang digma ng digma at ilaban ang Byetnames sa Byetnames at sa ultimo ay nagdulot ng kanilang pagkagapi.

Ang sentro de grabidad ng larangan ay unti-unting tumutungo sa likuran ng kaaway. Sa panahong ito, tuluy-tuloy na kinokonsolida ang pinalayang purok. Sa pakikibaka, lumalaki ang ating hukbo. Habang

mas umuunlad ang ating mga gerilya at mas lumalaki ang ating lokal na mga yunit, mas nakita natin na kakayaning muling tipunin ang ating mga pwersa. Sa katapusan ng 1948 at panimula ng 1949, naglunsad tayo sa unang pagkakataon ng maliliit na kampanya na nagdulot ng malalaking pinsala sa ating kaaway. Nagsimula nang makadama ang mga imperyalista ng malaking pagkabahala. Ang komisyon sa pagsisiyasat na pinamunuan ni Heneral Revers[8] ay gumawa ng isang may pagkapesimistikong ulat na nagtapos sa pangangailangang humingi ng karagdagang ayuda sa United States. Nasaksihan ng taong 1949 ang maningning na tagumpay ng Rebolusyong Tsino at ang pagsilang ng Republikang Bayan ng Tsina. Ang dakilang istorikong pangyayaring ito, na bumago sa mga pangyayari sa Asya at sa buong daigdig, ay nagdulot ng malaking impluwensya sa digma ng pagpapalaya ng mamamayang Byetnames. Hindi na sakmal ng pagkubkob ng kaaway ang Byetnam, at mula ngayon ay nakakawing na sa sosyalistang bloke sa heograpiya.

Sa panimula ng 1950, upisyal na kinilala ng Republikang Bayan ng Tsina, ng Unyong Sobyet, at ng ibang praternal na mga bayan, ang Demokratikong Republika ng Byetnam. Sa kasunod na taon, nagpasya ang Ikalawang Kongreso ng Partido Komunista ng Indotsina na baguhin ang pangalan ng Partido at itinatag ang Partido ng Manggagawa ng Byetnam. Ang Byetminh at ang Lien Viet ay pinagsanib. Noong 1953, pinagpasyahan ng Partido at ng gubyerno na ipatupad ang repormang

8 Si Heneral Georges Revers, Punong Kumander ng Hukbong French ay ipinadala sa Indotsina noong 1949 para magsiyasat sa kalagayang militar. Ang kanyang kritikal na pagtatasa ay hindi lamang nag-udyok sa mga paghingi ng ayuda sa United States kundi nagrekomenda rin na gamitin ang "alternatibong" Bao Dai na isinusulong noon ng Washington.

agraryo upang mapalaya ang mga produktibong pwersa at magbigay ng higit na mabisang sikad sa pagtatanggol. Nag-ambag ang lahat ng katotohanang ito para mahubog sa ating bentahe ang takbo ng ating pakikibaka.

Sa esensya, minarkahan ng 1950 ang pagbubukas ng isang bagong yugto sa ebolusyon ng ating mahabang pagtatanggol. Noong taglamig, sa kampanya sa prontera, sa unang pagkakataon, nagsimula tayo ng isang relatibong malaking kontra-atake na nagbunga ng pagpapalaya ng mga probinsya ng Cao Bang, Lang Son, at Lao Cai. Kagyat na kasunod, nagsimula tayo ng isang serye ng opensibang operasyon sa larangan sa wawa. Ipinadala ng naitaboy na kaaway si Heneral de Lattre de Tassigny[9] sa Indotsina. Papalaki ang ayudang militar na ibinigay ng United States kasunod ng kasunduang pinirmahan noong 1950. Ang agresibong digmang inilunsad ng mga imperyalistang French ay unti-unting naging isang digmang isinagawa gamit ang "mga dolyar ng United States" at "dugo ng mga French." Isa itong tunay na "maruming digma."

Ang plano ni De Lattre na sinang-ayunan ng Washington ay nagtatakda ng isang matibay na linya ng mga *bunker* sa wawa ng Pulang Ilog para pahintuin ang ating pagsulong, at para muling tipunin ang mga pwersa upang mailunsad ang mababangis na operasyong *mopping-up* at "mapatahimik", anuman ang kabayaran, ang likuran at malikha ang angkop na mga kalagayan para sa isang opensiba na magpapahintulot sa mga pwersang French na muling maagaw ang inisyatiba habang inaatake ang ating pinalayang purok. Noong

9 Isang bayani ng digma ng Malayang French noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, si Marshal Jean de Lattre de Tassigny ay naglingkod bilang punong kumander sa Indotsina mula Disyembre 1950 hanggang Enero 1952 (nang namatay siya dahil sa kanser matapos na umalis sa serbisyo). Kaalinsabay, gumampan din siya bilang Mataas na Komisyoner.

Oktubre 1951, sinakop ng kaaway ang Hoa Binh. Tinugon natin ito ng kagyat na paglulunsad ng kampanyang Hoa Binh. Sa isang panig, napigilan at nagapi natin ang mga pwersa ng kaaway sa "katapat" na larangan; sa kabilang banda, nasamantala natin ang kanilang nakalantad na dispusisyon ng mga pwersa para tuwirang bigwasan ng ating mga dibisyon ang kanilang likuran sa wawa ng Pulang Ilog. Higit pang lumapad ang saklaw ng ating malalaking baseng gerilya na nagpalaya sa may dalawang milyong naninirahan. Napalaya ang Hoa Binh. Napahinto ang plano ni De Lattre.

Noong 1952, naglunsad tayo ng isang kampanya sa hilagang-kanlurang bahagi at napalaya ang napakalawak na mga teritoryo na kasinlayo ng Dien Bien Phu. Sa panimula ng 1953, sinimulan ng mga yunit ng mga boluntir na Byetnames na nakikipagtulungan sa Hukbong Mapagpalaya ng Pathet Lao ang kampanya sa itaas ng Laos na nagbunga sa pagpapalaya ng Samneu.

Sa madaling sabi, ang larawan ng iba't ibang teatro ng operasyon ay ang mga sumusunod:

Ang pangunahing larangan ay iyong nasa Hilagang Byetnam kung saan nagaganap ang karamihan sa malalaking labanan. Sa panimula ng 1953, napalaya na ang halos kabuuan ng bulubunduking rehiyon, masasabing mahigit sa dalawang-katlo ng teritoryo ng Hilagang Byetnam. Sakop pa ng kaaway ang Hanoi at ang wawa ng Pulang Ilog, pero labas sa malalaking kabayanan at sa mahahalagang linya ng komunikasyon, sumasaklaw na ang ating pinalaking mga baseng gerilya – ang ating pinalayang purok – sa mahigit na dalawang-katlo ng mga baryo at lokalidad na nasa likuran ng kaaway. Sa Gitna at Timog Byetnam, matatag pa nating hinahawakan ang malalawak na pinalayang purok habang patuloy na malakas na pinauunlad ang ating mga baseng gerilya sa

mga sonang sakop ng kaaway.

Malaki na ang ipinagbago ng larawan ng mga teatro ng operasyon: unti-unti nang napaliit ang sona ng pananakop ng kaaway, habang ang pangunahing base ng pagtatanggol – ang pinalayang purok ng Hilagang Byetnam – ay patuloy na lumalawak at nakokonsolida sa araw-araw. Palagiang pinananatili ng ating mga pwersa ang inisyatiba sa mga operasyon. Natagpuan ng kaaway ang kanilang sarili sa isang napakamapanganib na daang walang lusutan.

Tuluy-tuloy na nababalaho ang mga imperyalistang French sa kanilang di makatarungang gera ng agresyon. Ang ayudang Amerikano na umaabot sa 15 porsyento ng gastos sa digmang ito noong 1950 at 1951 ay tumaas sa 35 porsyento noong 1952, 45 porsyento noong 1953, at malapit nang umabot sa 80 porsyento noong 1954.[10] Pero nanatiling walang pag-asa ang kalagayan ng Pwersa ng Ekspedisyong French. Noong taglagas ng 1953, sa pagsasamantala sa tigil-putukan sa Korea, nagpakana ang mga imperyalistang French at Amerikano na palakihin ang kanilang mga armadong pwersa sa Indotsina sa pag-aasam na patagalin at palawakin ang labanan.

Pinagpasyahan nila ang planong Navarre na nagpanukalang durugin ang pangunahing bahagi ng ating mga pwersa, sakupin ang buong Byetnam, itransporma ito sa isang kolonya at isang base militar ng Franco-Amerikano, at matagumpay na tapusin ang digma sa loob ng 18 buwan. Sa katotohanan, kagagawan ito ng mga taong "digma hanggang sa wakas" na sina Laniel[11] at Dulles. Upang makamit ang unang yugto

10 Tingnan ang Hammer, Ang Pakikibaka para sa Indotsina (The Struggle for Indochina), pp. 313-314.

11 Si Joseph Laniel ay nahalal na primyer ng France bilang isang independyenteng konserbatibo noong huling bahagi ng Hunyo 1953. Pagkaraan ng isang taon, bumagsak ang kanyang gubyerno sa pa-

ng planong ito, tinipon ni Heneral Navarre[12] sa Hilaga ang mahigit sa kalahati ng buong pwersang makilos sa teatro ng Indotsina, kabilang ang bagong dating na mga reimporsment mula France, naglunsad ng mga atake laban sa ating pinalayang purok, at nagparakayda ng mga tropa sa Dien Bien Phu para gawin itong lundagan sa isang opensiba sa hinaharap.

Nais ng kaaway na ikonsentra ang kanilang mga pwersa. Pinilit nating kumalat sila. Sa pamamagitan ng sunud-sunod na paglulunsad ng malalakas na opensiba sa mga puntong naiwanan nila na relatibong hindi nadedepensahan, naobliga natin silang ikalat ang kanilang mga pwersa sa lahat ng dako upang mailagan ang ating mga bigwas, at sa gayon, nalikha ang paborableng mga kalagayan para sa pag-atake sa Dien Bien Phu, ang pinakamalakas na kampong nakatrensera sa Indotsina at itinuturing na di magagapi ng pangkalahatang istap ng mga Franco-Amerikano. Pinagpasyahan natin na hawakan sa leeg ang kaaway sa Dien Bien Phu. Nakakonsentra roon ang malaking bahagi ng ating mga pwersa. Pinakilos natin ang kabuuang potensyal ng populasyon sa pinalayang purok upang matiyak ang tagumpay ng ating *frontline*. Matapos ang 55 araw at 55 gabi ng labanan, nakamit ng Hukbong Mapagpalaya ng Byetnam ang pinakamalaking tagumpay sa buong digma ng pagpapalaya: nalipol ang buong garison sa Dien Bien Phu. Binago ng dakilang kampanyang ito ang daloy ng digma at mapagpasyang nag-ambag sa tagumpay ng Kumperensyang Geneva.

Noong Hulyo 1954, muling itinatag ng lagdaan sa mga kasunduang Geneva ang kapayapaan sa Indotsina

---

nahon ng mga negosasyon sa Geneva.

12 Pinalitan ni Heneral Henri-Eugene Navarre si Salan bilang punong kumander sa Indotsina noong tagsibol ng 1953.

batay sa paggalang sa soberanya, kasarinlan, pagkakaisa, at integridad ng teritoryo ng Vietnam, Cambodia, at Laos. Kasunod ng mga kasunduang ito, ganap na malaya ngayon ang Hilagang Byetnam na may populasyon ng 16 milyong mamamayan. Ginantimpalaan ng tagumpay na ito ang halos isang siglo ng pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya, at laluna ang siyam na mahahaba at mahihirap na taon ng digma ng pagtatanggol na inilunsad ng sambayanang Byetnames. Isa itong napakalaking pagkatalo para sa mga imperyalistang French at Amerikano, gayundin sa kanilang mga alipures. Pero sa kasalukuyan, nabubuhay ang kalahati ng ating bayan sa ilalim ng pamatok ng imperyalistang Amerikano at mga awtoridad ni Ngo Dinh Diem. Hindi pa tapos ang pakikibaka ng ating mga mamamayan para sa pambansang pagpapalaya; nagpapatuloy ito sa pamamagitan ng mapayapang pamamaraan.

## *III. Ang mga Saligang Usapin sa Ating Digma ng Pagpapalaya*

Ang digma ng pagpapalaya ng mamamayang Byetnames ay isang makatarungang digma, naglalayon na mabawi ang kasarinlan at pagkakaisa ng bayan, mabigyan ng lupa ang ating mga magsasaka at garantiyahan sa kanila ang karapatan dito, at ipagtanggol ang mga tagumpay ng rebolusyong Agosto. Iyon ang dahilan kung bakit una sa lahat ito ay isang *digmang bayan.* Ang turuan, pakilusin, organisahin, at armasan ang buong sambayanan para makibahagi sila sa pagtatanggol ay isang napakahalagang usapin.

Ang kaaway ng bansang Byetnames ay ang agresibong imperyalismo na kailangang pabagsakin. Pero dahil sa matagal nang nakipagkaisa ang kaaway sa pyudal na

mga panginoong maylupa, tiyak na hindi maihihiwalay ang pakikibakang anti-imperyalista mula sa antipyudal na pagkilos. Sa kabilang banda, sa isang atrasadong bayang kolonyal tulad ng sa atin kung saan ang mga magsasaka ang bumubuo sa mayorya ng populasyon, ang isang digmang bayan sa esensya, ay *isang digmang magsasaka sa ilalim ng pamumuno ng uring manggagawa.* Dahil sa katotohanang ito, ang isang pangkalahatang mobilisasyon ng buong mamamayan ay ang mismong mobilisasyon ng masa sa kanayunan. Ang suliranin sa lupa ay may mapagpasyang kahalagahan. Sa isang malalim na pagsusuri, ang digma ng pagpapalaya ng mamamayang Byetnames sa esensya, ay isang pambansa-demokratikong rebolusyong bayan na isinagawa sa ilalim ng sandatahang pwersa at mayroong dalawang pundamental na tungkulin: ang pagpapabagsak sa imperyalismo at ang paggapi sa pyudal na uring panginoong maylupa, kung saan ang anti-imperyalistang pakikibaka ang pangunahing tungkulin.

Isang atrasadong bayang kolonyal na kababangon pa lamang para iproklama ang kanyang kasarinlan at itatag ang kapangyarihang bayan, kamakailan lamang nagkaroon ang Byetnam ng isang sandatahang lakas; armado ang mga pwersang ito ng mahihinang armas at walang karanasan sa labanan. Ang kanyang kaaway, sa kabilang banda, ay isang imperyalistang kapangyarihan na nakapagpanatili ng may isang kalakihang potensyal sa ekonomya at sa militar kahit na sinakop kamakailan ng mga German at nakinabang, higit pa, sa aktibong suporta ng United States. Kitang-kita sa balanse ng pwersa ang ating mga kahinaan laban sa kapangyarihan ng kaaway. Kung gayon, ang digma ng pagpapalaya ng mamamayang Byetnames ay kinakailangang maging isang mahirap at matagalang digma upang matagumpay na malikha ang

mga kalagayan para magwagi. Lahat ng kaisipang bunga ng pagkainip at paghahangad ng madaliang tagumpay ay malalaking kamalian lamang. Kailangang mahigpit na maunawaan ang estratehiya ng matagalang pagtatanggol, at pataasin ang kapasyahang umasa sa sarili upang mapanatili at unti-unting madagdagan ang ating mga pwersa habang inuuk-ok at papasulong na dinudurog iyong sa kaaway; kailangang magtipon ng libu-libong maliliit na tagumpay para maibaling ang mga ito sa isang malaking tagumpay, sa gayon unti-unting binabago ang balanse ng pwersa, itinatransporma ang ating mga kahinaan tungo sa kalakasan at tinatamo ang ultimong tagumpay.

Sa maaga pang yugto, naunawaan ng Partido ang mga kalikasan ng digmang ito: isang digmang bayan at isang matagalang digma, at sa pamamagitan ng pagsisimula sa mga batayang ito kaya nalutas ng Partido, sa buong panahon ng mga labanan at sa partikular na mahihirap na kalagayan, ang lahat ng usapin sa pagtatanggol. Ang matalinong pamumunong ito ng Partido ang naghatid sa atin sa tagumpay.

Ang ating estratehiya, katulad ng naidiin na, ay ang maglunsad ng matagalang pakikipaglaban. Kailangan sa isang digma na may ganitong pangkalahatang kalikasan ang ilang yugto; sa prinsipyo, nagsisimula sa isang yugto ng tunggalian, tumutungo ito sa isang panahon ng pagkakapatas bago umabot sa isang pangkalahatang kontra-opensiba. Sa totoo, ang pamamaraan kung paano ito isinasagawa ay maaaring maging higit na mapanlikha at higit na kumplikado, ayon sa partikular na mga kalagayang kinapapalooban ng magkabilang panig sa daloy ng mga operasyon. Tanging isang matagalang digma ang magpapahintulot sa atin na gamitin nang lubos ang ating mahahalagang bentaheng pampulitika,

pangibabawan ang ating kakulangan sa materyal, at itransporma ang ating kahinaan tungo sa kalakasan. Ang mapanatili at mapalaki ang ating mga pwersa ay ang prinsipyong pinanghawakan natin, sapat na sa atin ang umatake kapag tiyak ang tagumpay, tumangging lumaban kapag malamang na magtamo ng mga pinsala o sumabak sa mga marisgong aksyon. Inilapat natin ang islogang: buuin ang ating lakas sa aktwal na daloy ng pakikipaglaban.

Kailangang ganap na iangkop ang mga anyo ng labanan, ibig sabihin, ang itaas nang lubos ang diwang palaban at sumalig sa kabayanihan ng ating mga tropa para mapangibabawan ang materyal na superyoridad ng kaaway. Sa pangunahin, laluna sa umpisa ng digmaan, kinailangang gamitin natin ang pakikidigmang gerilya. Sa teatro ng operasyong Byetnames, nagdulot ang pamamaraang ito ng malalaking tagumpay: maaaring gamitin ito sa mga kabundukan, gayundin sa wawa, maaaring ilunsad ito nang may mahusay o mahihinang kagamitan at kahit na walang armas, at sa huli ay nagawa nitong armasan ang ating sarili sa kapinsalaan ng kaaway. Saanman dumating ang Pwersa ng Ekspedisyon, lumalahok ang buong populasyon sa pakikipaglaban; ang bawat komuna ay may sariling kutang baryo, ang bawat distrito ay may kanya-kanyang tropang teritoryal na nakikipaglaban sa ilalim ng kumand ng mga sangay ng Partido sa lokalidad at ng gubyerno ng mamamayan, kakawing ng mga pwersang regular para pahinain at lipulin ang mga pwersa ng kaaway.

Buhat noon, sa pag-unlad ng ating mga pwersa, nagbago ang pakikidigmang gerilya tungo sa isang pakikidigmang makilos – isang anyo ng pakikidigmang makilos na matingkad na kinatatangian pa rin ng pakikidigmang gerilya – na pagkatapos ay magiging

esensyal na anyo ng mga operasyon sa pangunahing larangan, ang hilagang larangan. Sa prosesong ito ng pag-unlad ng pakikidigmang gerilya at ng pagbibigay-diin sa pakikidigmang makilos, tuluy-tuloy na lumaki ang ating hukbong bayan at nilampasan ang yugto ng mga labanang kinapapalooban ng isang seksyon o kumpanya, tungo sa may kalakihang saklaw na mga kampanyang nilalahukan ng ilang dibisyon. Unti-unting umunlad ang mga kagamitan nito, pangunahin sa pamamagitan ng pag-agaw ng armas mula sa kaaway – ang kagamitang-militar ng mga imperyalistang French at Amerikano.

Mula sa punto de bistang militar, *pinatunayan ng digma ng pagpapalaya ng mamamayang Byetnames na maaaring pagsanibin ng isang hukbong bayan na di sapat ang mga kagamitan, pero isang hukbo na nakikipaglaban para sa isang makatarungang adhikain, sa angkop na estratehiya at mga taktika, ang mga kalagayang kinakailangan para lupigin ang isang modernong hukbo ng agresibong imperyalismo*.

Kaugnay ng pangangasiwa ng isang ekonomyang pandigma sa loob ng balangkas ng isang atrasadong bayang agrikultural na nagsusulong ng isang matagalang pagtatanggol tulad ng Byetnam, lumitaw ang usapin ng mga likurang linya sa anyo ng pagtatayo ng mga base ng pagtatanggol sa kanayunan. Ang pagtataas at pagtatanggol ng produksyon, at ang pagpapaunlad ng agrikultura ay mga usaping may malaking kahalagahan para tustusan ang larangan at para rin tuluy-tuloy na mapahusay ang kalagayan sa pamumuhay ng mamamayan. Hindi maisasantabi ang usapin ng pagmamanupaktura ng mga armas.

Sa pagtatayo ng mga base sa kanayunan at sa pagpapalakas ng mga likurang linya para bigyang-tulak ang pagtatanggol, gumampan ng isang mapagpasyang papel ang patakarang agraryo ng Partido. Dito nakasalalay

ang antipyudal na tungkulin ng rebolusyon. Sa isang kolonya kung saan isang pambansang usapin ang mismong usaping magsasaka, mangyayari lamang ang konsolidasyon ng mga pwersa ng pagtatanggol sa pamamagitan ng paglutas sa suliraning agraryo.

Ibinagsak ng rebolusyong Agosto ang pyudal na estado. Ang pagpapababa ng upa sa lupa at tantos ng usura na isinabatas ng kapangyarihang bayan ay nagbigay sa mga magsasaka ng kanilang unang materyal na mga pakinabang. Kinumpiska at ipinamahagi ang mga lupang monopolyado ng mga imperyalista at taksil. Mas pantay-pantay na ipinamahagi ang mga lupang komunal at palayan. Mula 1953, dahil itinuturing na kailangang itaguyod ang pagpapatupad ng mga tungkuling antipyudal, pinagpasyahan ng Partido na kamtin ang repormang agraryo kahit na sa daloy ng digma ng pagtatanggol. Sa kabila ng mga pagkakamali na dumungis sa pagpapatupad nito, wastong linya ito na ginantimpalaan ng tagumpay; nagbunga ito ng tunay na materyal na mga pakinabang para sa mga magsasaka at nagbigay sa hukbo at sa mamamayan ng isang bagong simoy ng kasiglahan sa digma ng pagtatanggol.

Salamat sa makatarungang patakarang agraryong ito, umunlad sa pangkalahatan ang pamumuhay ng sambayanan, sa pinakamahihirap na kalagayan ng digma ng pagtatanggol, hindi lamang sa napakalawak na mga pinalayang purok ng Hilaga, kundi maging sa mga baseng gerilya sa Timog Byetnam.

*Ang digma para sa pagpapalaya ng mamamayang Byetnames ay nagluwal sa kahalagahan ng pagtatayo ng mga base ng pagtatanggol sa kanayunan at ng mahigpit at di masisirang relasyon sa pagitan ng rebolusyong anti-imperyalista at ng rebolusyong antipyudal.*

Mula sa punto de bistang pampulitika, ang usapin ng

pagkakaisa sa hanay ng mamamayan at ang mobilisasyon ng lahat ng lakas sa digma ng pagtatanggol ay may pinakamalaking kahalagahan. Kaalinsabay, isang usapin din ito ng Pambansang Nagkakaisang Prente laban sa mga imperyalista at kanilang mga alipures, ang mga traydor na Byetnames.

Sa Byetnam, nakamit ng ating Partido ang isang malaking tagumpay sa patakaran nito ng pagtatatag ng isang Prente. Kasing-aga noong mahihirap na araw ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, binuo nito ang Liga para sa Kasarinlan ng Byetnam. Noon at sa unang mga taon ng digma ng pagtatanggol, ipinagpaliban nito ang paglalapat ng mga islogan nito hinggil sa rebolusyong agraryo, nilimitahan ang programa nito sa pagpapababa ng upa sa lupa at tantos ng interes na nagpahintulot sa atin na nyutralisahin ang bahagi ng uring panginoong maylupa at kabigin sa ating panig ang pinakamakabayan sa kanila.

Mula sa unang mga araw ng rebolusyong Agosto, nanyutralisa ng patakaran ng malapad na prente na pinagtibay ng Partido ang mabubuway na elemento sa hanay ng uring panginoong maylupa at nalimitahan ang mapanabotaheng mga pagkilos ng mga kapanalig ng Vietnam Quoc Dan Dang.

Pagkatapos noon, sa daloy ng pag-unlad ng digma ng pagtatanggol, nang naging isang kagyat na pangangailangan ang repormang agraryo, ibinuhos ng Partido ang sarili sa paggawa ng pagkakaiba sa loob mismo ng uring panginoong maylupa sa pamamagitan ng pagtatakda sa linyang pampulitika nito ng iba't ibang pakikitungo sa bawat tipo ng panginoong maylupa ayon sa pampulitikang paninindigan nila hinggil sa prinsipyo ng pagbuwag sa sistema ng pyudal na pangangamkam ng lupa.

Ang patakaran ng pagkakaisa sa hanay ng mga nasyunalidad na pinagtibay ng Pambansang Nagkakaisang Prente ay nagkamit din ng malalaking tagumpay, at nagtamo ng magagandang resulta ang programa ng pagkakaisa sa iba't ibang sirkulong pangrelihiyon.

Ang Pambansang Nagkakaisang Prente ay magiging isang napakalawak na asembleya ng lahat ng pwersang may kakayahang magkaisa, magnunyutralisa sa lahat ng maaaring manyutralisa, manghahati sa lahat ng maaaring hatiin upang maituon ang dulo ng sibat sa pangunahing kaaway ng rebolusyon, ang mananalakay na imperyalismo. Itatatag ito sa batayan ng isang alyansa sa pagitan ng manggagawa't magsasaka at ipaiilalim sa pamumuno ng uring manggagawa. Sa Byetnam, ang usapin ng isang alyansa sa pagitan ng manggagawa't magsasaka ay pinatibay ng isang maningning na kasaysayan at matatatag na tradisyon, tanging ang partido ng uring manggagawa ang pampulitikang partido na puspusang lumaban sa lahat ng kalagayan, para sa pambansang kasarinlan, at ang naunang nagsulong ng islogang "lupa para sa mga nagbubungkal" at matatag na nakibaka para sa katuparan nito. Gayunman, sa unang mga taon ng pagtatanggol, ilang pagmamaliit sa kahalagahan ng usaping magsasaka ang humadlang sa pagbibigay natin ng lahat ng pansing kinakailangan sa alyansang manggagawa't magsasaka. Iwinasto na kalaunan ang kamaliang ito, laluna mula sa sandaling nagpasya ang Partido, sa pamamagitan ng pagpapatupad ng repormang agraryo, na gawing tunay na mga panginoon ng kanayunan ang mga magsasaka. Sa kasalukuyan, matapos ang tagumpay ng pagtatanggol at ng repormang agraryo, nang naibalik na ng Partido ang kasarinlan sa kalahati ng bayan at namahagi na ng lupa sa mga magsasaka, ang mga batayan ng alyansa

ng manggagawa't magsasaka ay patuloy na lalakas sa araw-araw.

*Pinatutunayan ng digma ng pagpapalaya ng mamamayan ng Byetnam na sa harap ng isang makapangyarihan at malupit na kaaway, makakamit lamang ang tagumpay sa pamamagitan ng pagkakaisa ng buong sambayanan sa kandungan ng isang matatag at malapad na pambansang nagkakaisang prente na nakabatay sa alyansang manggagawa't magsasaka.*

### *IV. Ang mga Salik ng Tagumpay*

Ang digma ng pagpapalaya ng mamamayang Byetnames ay nagkamit ng malalaking tagumpay. Sa Hilagang Byetnam na ganap nang malaya, napabagsak ang mga imperyalistang kaaway, napawi na bilang isang uri ang panginoong maylupa, at sumusulong ang mamamayan nang may matatag na hakbang tungo sa landas ng pagtatayo ng sosyalismo upang gawing isang matibay na base ng pagkilos ang Hilaga para sa reunipikasyon ng bayan.

Ang digma ng pagpapalaya ng mamamayang Byetnames ay matagumpay dahil isa itong makatarungang digma, inilunsad para sa kasarinlan at reunipikasyon ng bayan, ayon sa lehitimong mga interes ng bansa at ng mamamayan at dahil sa katotohanang ito ay nagtagumpay sa pamumuno sa buong sambayanan na masiglang lumahok sa pagtatanggol at sumang-ayon na gawin ang lahat ng sakripisyo para sa tagumpay nito.

Ang digma ng pagpapalaya ng mamamayang Byetnames ay nagkamit ng dakilang tagumpay na ito dahil mayroon tayong isang rebolusyonaryong armadong pwersa ng mamamayan, ang magiting na *Hukbong Bayan ng Byetnam.* Itinatag ayon sa linyang pampulitika ng Partido, pinasigla ang hukbong ito ng isang walang-

tinag na diwang palaban, at kinasanayan ang isang estilo ng masikhay na gawaing pampulitika. Pinagtibay nito ang mga taktika at estratehiya ng isang digmang bayan. Umunlad ito mula sa wala sa pamamagitan ng pagsasanib ng pinakamahuhusay na elemento sa hanay ng mga *Komunista ng Indotsina na ngayon ay ang Partido ng Manggagawa ng Byetnam.* Sa tanglaw ng mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo, ang Partidong ito ang siyang gumawa ng pagsusuri ng kalagayan sa lipunan at ng balanse ng pwersa sa pagitan ng kaaway at ng ating sarili upang maitakda ang mga saligang tungkulin ng pambansa-demokratikong rebolusyong bayan, mapagtibay ang plano para sa armadong pakikibaka, at mapagpasyahan ang prinsipyong gumagabay: ang matagalang pagtatanggol at pag-asa sa sarili. Ang Partido ang nakakita sa wastong solusyon sa mga usaping umuusbong mula sa pagtatayo at pamumuno sa isang hukbong bayan, sa kapangyarihang bayan, at sa isang pambansang nagkakaisang prente. Pinaalab din nito sa mamamayan at sa hukbo ang isang lubos na rebolusyonaryong diwa na nagkintal sa buong sambayanan ng kapasyahan na pangibabawan ang lahat ng kahirapan, batahin ang lahat ng kagipitan, ang diwa ng matagalang pagtatanggol, ng pagtatanggol hanggang sa wakas. Ang ating Partido, sa ilalim ng pamumuno ni Presidente Ho Chi Minh, ay ang karapat-dapat na Partido ng uring manggagawa at ng bansa. Si Presidente Ho Chi Minh, ang pinuno ng Partido at ng bansa, ay ang simbolo ng ganitong gahiganteng pagbabangon ng mamamayang Byetnames.

Kung nagtapos ang digma ng pagpapalaya ng mamamayang Byetnames sa isang maningning na tagumpay, ito ay dahil hindi tayo nakipaglaban nang nag-iisa, kundi nang may *suporta ng progresibong mga*

*mamamayan sa buong daigdig, at higit laluna ng mga mamamayan ng praternal na mga bayan, sa pangunguna ng Unyong Sobyet.* Hindi maihihiwalay ang tagumpay ng mamamayang Byetnames mula sa suportang ito, hindi ito maihihiwalay mula sa maniningning na tagumpay ng mga sosyalistang bayan at ng kilusan para sa pambansang pagpapalaya; hindi rin ito maihihiwalay mula sa alinman sa mga tagumpay ng Pulang Hukbong Sobyet sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, o mula roon sa mga mamamayang Tsino sa nakaraang ilang taon. Hindi ito maihihiwalay mula sa simpatya at suporta ng progresibong mga mamamayan sa buong daigdig, kabilang na ang mamamayang French sa ilalim ng pamumuno ng kanilang Partido Komunista, at ang mga mamamayan ng Asya at Aprika.

Ang tagumpay ng mamamayang Byetnames ay iyong sa isang maliit at mahinang bansa, walang regular na hukbo, na nagbangon upang harapin ang kaaway sa isang armadong pakikibaka laban sa agresyon ng isang imperyalistang bayan na may isang modernong hukbo at nakikinabang sa suporta ng mga imperyalistang Amerikano. Itinatag at pinanatili ng kolonyal na bayang ito ang isang sistema ng demokrasyang bayan na magbubukas dito ng landas tungo sa sosyalismo. Isa ito sa dakilang mga pangyayari sa kasaysayan ng kilusan sa pambansang pagpapalaya at ng proletaryong kilusang rebolusyonaryo, sa bagong kalagayang internasyunal na iniluwal ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sa panahon ng transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo, sa panahon ng pagguho ng imperyalismo. Ang digma ng pagpapalaya ng mamamayang Byetnames ay nag-ambag upang mailinaw ang bagong istorikong katotohanang ito: sa kasalukuyang internasyunal na kalagayan, ang isang mahinang sambayanan na nagbabangon upang

puspusang makipaglaban para sa kanyang kalayaan ay tiyak na magwawagi laban sa lahat ng kaaway at magkakamit ng tagumpay.

Ang dakilang katotohanang ito ay tumatanglaw at nagpapasigla sa mamamayang Byetnames sa landas ng pakikibaka para sa kapayapaan, sosyalismo at sa reunipikasyon ng bayan. Ang landas na ito ay tiyak na magdadala rito tungo sa mga bagong tagumpay.

# DIGMANG BAYAN, HUKBONG BAYAN[1]

Hanggang ngayon, hindi pa nalalampasan ng burges na mga estratehista ang kanilang pagkabigla sa resulta ng gera sa Indotsina. Paanong nagawa ng bansang Byetnames na talunin ang isang imperyalistang kapangyarihan tulad ng France na itinaguyod ng United States? Sinisikap nilang ipaliwanag ang kahanga-hangang pangyayaring ito sa pamamagitan ng kawastuan ng estratehiya at mga taktika, sa pamamagitan ng mga anyo ng paglaban at ng kagitingan ng Hukbong Bayan ng Byetnam. Natural na nag-ambag ang lahat ng salik sa masayang resulta ng pagtatanggol. Pero kung inihapag nang ganito ang katanungan: "Bakit nagawang magtagumpay ng mga mamamayang Byetnames?" Ang eksakto at buong kasagutan ay: "Nagtagumpay ang mamamayang Byetnames dahil ang kanilang digma ng pagpapalaya ay isang digmang bayan."

Nang lumaganap ang digma ng pagtatanggol sa buong bayan, idiniin ng Partido Komunista ng Indotsina sa mga tagubilin nito na dapat maging gawain ng buong sambayanan ang ating digma ng pagtatanggol. Doon nakasalalay ang susi sa tagumpay.

Isang digmang bayan ang ating digma ng pagtatanggol dahil ang pampulitikang mga layunin nito ay ang durugin ang imperyalistang kapangyarihan upang

1 Ito ay isang isinaayos na pagpapaigsi sa bantog na sanaysay na "Digmang Bayan, Hukbong Bayan," na inilathala sa koleksyon na may ganoon ding pamagat (Hanoi, Foreign Languages Publishing House, 1961), pp. 41a-64. Isinulat ang artikulong ito noong Disyembre 1959; orihinal itong inilathala sa okasyon ng ika-15 anibersaryo ng pagkakatatag ng Hukbong Bayan ng Byetnam.

mabawi ang pambansang kasarinlan, maibagsak ang pyudal na uring panginoong maylupa para mabigyan ng lupa ang mga magsasaka, sa ibang salita, radikal na malutas ang dalawang pundamental na kontradiksyon ng lipunang Byetnames – ang kontradiksyon sa pagitan ng bansa at ng imperyalismo sa isang panig, at ang kontradiksyon sa pagitan ng mamamayan, laluna sa pagitan ng mga magsasaka at ng pyudal na uring panginoong maylupa, sa kabilang banda – at ilatag ang sosyalistang landas para sa rebolusyong Byetnames.

Pinanghahawakan nang mahigpit ang estratehiya at mga taktika ng pambansa-demokratikong rebolusyon, binigyang-diin ng Partido sa mamamayan ang mga layunin ng pakikibaka: kasarinlan at demokrasya. Gayunman, hindi sapat na magkaroon ng mga layunin na tugmang-tugma sa pundamental na mga mithiin ng mamamayan. Kinakailangan ding ang lahat ay bigyang-laya para maimulat ang masa ng sambayanan, maturuan at mahimok sila, maorganisa sila sa pakikipaglaban para sa pambansang pagpapalaya. Lubos na inilaan ng Partido ang kanyang sarili sa gawaing ito, sa muling pagtitipon ng lahat ng makabayang pwersa, at sa pagpapalapad at pagpapalakas ng isang pambansang nagkakaisang prente, ang Byetminh at kalaunan, ang Lien Viet na isang kahanga-hangang modelo ng pagkakaisa ng iba't ibang saray ng mamamayan sa anti-imperyalistang pakikibaka sa isang malakolonyal na bayan. Sa katunayan, pinagkaisa ng Prenteng ito ang lahat ng makabayang pwersa ng lahat ng panlipunang uri at saray, kahit progresibong panginoong maylupa; ang lahat ng nasyunalidad sa bayan, mayorya gayundin ang minorya; ang mga makabayang naniniwala sa bawat relihiyon. "Pagkakaisa, ang dakilang pagkakaisa, para sa tagumpay, ang dakilang tagumpay"; naging katotohanan ang islogang ito na ipinanawagan

ni Presidente Ho Chi Minh, isang dakilang katotohanan sa panahon ng matagal at mahirap na pagtatanggol.

Naglunsad tayo ng isang digmang bayan at iyon ay sa balangkas ng isang bayang matagal nang naging kolonya. Kung gayon, nangunguna ang kahalagahan ng pambansang salik. Kinailangang tipunin ang lahat ng pwersa na malamang na magpabagsak sa mga imperyalista at kanilang mga tau-tauhan. Sa kabilang banda, sinimulan ito sa isang atrasadong bayang agrikultural kung saan ang mga magsasaka, na kumakatawan sa malaking mayorya ng populasyon, ang bumubuo ng pangunahing pwersa ng rebolusyon at ng digma ng pagtatanggol. Kung gayon, ang relasyon sa pagitan ng pambansang usapin at ng usaping magsasaka ay dapat malinaw na maitakda, nang may unti-unting resolusyon sa usaping agraryo upang mapakilos ang malawak na masang magsasaka, isa sa mahahalaga at mapagpasyang salik ng tagumpay. Laging nagmamalasakit sa interes ng uring magsasaka, sinimulan ng Partido ang pagtataguyod sa pagpapababa ng upa sa lupa at interes. Pagkaraan, nang ipinahintulot na ng katatagan ng kalagayan, isinagawa ng Partido nang may matibay na paninindigan ang pagpapakilos sa masa para sa reporma sa lupa upang mabigyan ng lupa ang mga nagbubungkal, at sa ganoon ay mapanatili at mapalakas ang pagtatanggol.

Sa panahon ng gera, lumitaw ang iba't ibang maling tendensya. Alinman sa itinuon lamang natin ang ating pansin sa organisasyon at pagyabong ng armadong pwersa habang pinababayaan ang pagpapakilos at pag-oorganisa ng malalaking saray ng mamamayan; o pinakilos ang mamamayan para sa digma nang hindi binibigyan ng masusing pansin ang kanilang kagyat na pang-araw-araw na interes; o inisip natin na maibigay ang kagyat na interes ng mamamayan sa pangkabuuan

nang hindi binibigyan ng kaukulang pansin iyong sa mga magsasaka. Matatag na nilabanan ng Partido ang lahat ng tunguhing ito. Para pamunuan ang pagtatanggol hanggang sa tagumpay, kailangang bigyang pansin natin ang pagpapalakas sa hukbo, habang pinag-aaralan ang pagpapakilos at pagtuturo sa mamamayan, pinalalapad at kinokonsolida ang Pambansang Nagkakaisang Prente. Kinailangan nating pakilusin ang masa para sa pagtatanggol habang nagsisikap na matugunan ang kanilang kagyat na interes sa pagpapahusay ng kanilang mga kalagayan sa pamumuhay, laluna ang sa uring magsasaka. Kailangang-kailangan ang isang napakalapad na pambansang nagkakaisang prente, sa batayan ng alyansa ng manggagawa't magsasaka at sa ilalim ng pamumuno ng Partido.

Ang mga pangangailangan ng digmang bayan ay humingi ng pagpapatibay ng angkop na estratehiya at mga taktika sa batayan ng mga katangian ng kaaway at ng ating sarili, ng kongkretong mga kundisyon sa mga larangan ng labanan at balanse ng pwersa na hinaharap ng isa't isa: sa madaling sabi, ang estratehiya at mga taktika ng isang digmang bayan, sa isang kolonyal na bayang atrasado sa ekonomya.

Una sa lahat, ang estratehiyang ito ay dapat *estratehiya ng isang matagalang digma.* Hindi ito nangangahulugan na lahat ng rebolusyonaryong digma, lahat ng digmang bayan ay dapat na maging mga matagalang digma. Kung sa umpisa ay paborable sa mga mamamayan ang mga kalagayan at bumaling ang balanse ng pwersa pabor sa rebolusyon, maaaring kagyat na magtapos sa tagumpay ang rebolusyonaryong digma. Pero nag-umpisa ang digma sa pagpapalaya ng Byetnam sa medyo kaibang mga kalagayan: kailangang harapin natin ang isang di-hamak na mas malakas na kaaaway. Kitang-kita na

inalis sa atin ng balanse ng pwersang ito ang posibilidad na magbigay ng mapagpasyang mga labanan mula sa pagbubukas ng digmaan at ang pagpigil sa agresyon mula sa unang mga operasyon ng pagdaong ng kaaway sa ating lupain. Sa madaling sabi, imposible para sa atin ang mabilis na gapiin ang kaaway.

Sa pamamagitan lamang ng isang mahaba at mahirap na pagtatanggol natin unti-unting mapahihina ang mga pwersa ng kaaway habang pinalalakas ang sa atin, papaunlad na ibinabaling ang balanse ng pwersa pabor sa ating panig at magtatagumpay sa wakas. Wala tayong iba pang paraan.

Ang estratehiya at ang islogang ito ng matagalang pagtatanggol ay pinagpasyahan ng Partido Komunista ng Indotsina mula pa sa mga unang araw ng digma ng pagpapalaya. Dahil sa diwang ito kaya matapos ang maiigting na labanan sa kalsada ng malalaking syudad, nagsagawa ng estratehikong pag-atras ang Hukbong Mapagpalaya ng Byetnam, sa sarili nitong inisyatiba, para mapanatili ang mga base at maipreserba ang mga pwersa nito.

Dapat kabilang sa matagalang rebolusyonaryong digma ang ilang magkakaibang yugto: ang yugto ng paglalabanan, ang yugto ng pagkakapatas, at ang yugto ng kontra-opensiba. Natural, higit na kumplikado ang aktwal na pakikipaglaban. Kinailangan ang maraming taon ng paparaming maigting at pangkalahatang labanang gerilya para makamit ang pagkakapatas ng mga pwersa at paunlarin ang kakayahan ng ating digma. Nang pinahintulutan na ng mga pagpapanagpo ng mga kalagayan sa sariling bayan at sa ibayong-dagat, lumipat tayo sa kontra-opensiba una sa pamamagitan ng isang serye ng mga operasyong lokal, pagkaraan ay ng iba pa sa isang mas malaking saklaw na tutungo sa mapagpasyang

tagumpay sa Dien Bien Phu.

Ang paglalapat ng estratehiyang ito ng matagalang pagtatanggol ay nangailangan ng isang buong sistema ng edukasyon, isang buong pang-ideolohiyang pakikibaka sa hanay ng mamamayan at mga kasapi ng Partido, gahiganteng pagpupunyagi ng organisasyon kapwa sa larangang militar at ekonomya, kahanga-hangang mga pagpapakasakit at kagitingan mula sa hukbo gayundin sa mamamayan, at sa larangan gayundin sa likuran. Minsan, lumilitaw ang mga maling tunguhin, nagtatangka ng alinman sa paglampas sa mga yugto para mas maagang matapos ang digma, o sa pagtatapon ng mahahalagang pwersa sa adbenturismong militar. Itinuwid ng Partido ang mga ito sa pamamagitan ng masikhay na tunggalian at nagpunyagi sa linyang itinakda nito. Sa mga oras ng kahirapan, ilang pag-aatubili ang lumitaw, hinarap ng Partido ang mga ito nang may kasiglahan at nang may kapasyahan sa pakikibaka at pananalig sa ganap na tagumpay.

Ang matagalang digmang bayan sa Byetnam ay nangailangan din ng angkop na mga anyo ng pakikipaglaban: angkop sa mga rebolusyonaryong kalikasan ng digma gayundin sa balanse ng pwersa na nagpakita noong panahong iyon sa labis na superyoridad ng kaaway laban sa napakahina pang mga baseng materyal at teknikal ng Hukbong Bayan. *Ang pinagtibay na anyo ng pakikipaglaban ay ang pakikidigmang gerilya.* Maaaring sabihin na ang digma ng pagpapalaya ng mamamayang Byetnamese ay isang mahaba at napakalawak na digmang gerilya na nagsimula sa simple tungo sa kumplikado na naging pakikidigmang makilos sa mga huling taon ng pagtatanggol.

Ang digmang gerilya ay ang digma ng malawak na masa ng sambayanan ng isang bayang atrasado sa

ekonomya na tumitindig laban sa isang malakas na nasasandatahan at may-kasanayang hukbo ng agresyon. Malakas ba ang kaaway? Iwasan siya. Mahina ba siya? Salakayin siya. Sa kanyang modernong mga kasangkapang pandigma, ipinanlalaban ang isang walang-hanggang kagitingan para makapanaig alinman sa pamamagitan ng panghaharas o sa pagsasanib ng mga operasyong militar sa mga aksyong pampulitika at pang-ekonomya; walang pirming linya ng paghihiwalay, nandoon ang larangan saanman makita ang kaaway.

Ang pagkokonsentra ng mga pwersa para makamit ang nakalalamang na superyoridad sa kaaway kung siya ay sapat na nakalantad para durugin ang kanyang lakas-tauhan; inisyatiba, pleksibilidad, bilis, sorpresa, biglaang pag-atake at pag-atras. Hanggat nananatiling hindi mabuti ang estratehikong balanse ng pwersa, matatag na tipunin ang mga pwersa para magkaroon ng absolutong superyoridad sa labanan sa isang tiyak na lugar, at sa isang tiyak na panahon. Unti-unting ubusin ang mga pwersa ng kaaway sa pamamagitan ng maliliit na tagumpay at kaalinsabay na panatilihin at palakihin ang sa atin. Sa kongkretong mga kalagayang ito, pinatutunayan na absolutong kinakailangan na hindi maiwaglit ang pangunahing layunin ng pakikipaglaban, iyon ay ang pagdurog sa lakas tauhan ng kaaway. Kung gayon, kailangang iwasan ang mga pinsala kahit na pagkawala ng lugar ang maging kabayaran. At iyon ay para sa layuning mabawi, kalaunan, ang sinakop na mga teritoryo at ganap na mapalaya ang bayan.

Sa digma ng pagpapalaya sa Byetnam, lumaganap ang mga kilos gerilya sa lahat ng rehiyon na pansamantalang hawak ng kaaway. Isang sundalo ang bawat naninirahan, isang tanggulan ang bawat baryo, isang istap ang bawat selula ng Partido at bawat pamunuan ng baryo.

Ang mamamayan sa kabuuan ay lumahok sa armadong pakikibaka, lumalaban sang-ayon sa mga prinsipyo ng pakikidigmang gerilya, sa maliliit na grupo, ngunit laging alinsunod sa iisa at kaparehong linya, at katulad na mga tagubilin, iyong sa Komite Sentral ng Partido at ng gubyerno.

Kakaiba sa maraming iba pang bayan na naglunsad ng mga rebolusyonaryong digma, ang Byetnam sa mga unang taon ng pakikibaka nito ay hindi sumabak at hindi maaaring sumabak sa maiigting na tuwirang labanan. Kailangang masapatan ito sa pakikidigmang gerilya. Sa kabayaran ng libu-libong kahirapan at di mabilang na pagpapakasakit, papasulong na umunlad ang pakikidigmang gerilyang ito tungo sa isang anyo ng pakikidigmang makilos na lumalaki ang saklaw sa araw-araw. Habang pinananatili ang ilang tiyak na katangian ng pakikidigmang gerilya, kinapalooban ito ng mga kampanyang regular na may paparaming atake sa mga pinatibay na posisyon. Nagsisimula sa maliliit na operasyon na may laking platun o kumpanya para lipulin ang ilang katao o isang grupo ng mga sundalo ng kaaway, tumungo ang ating hukbo, kalaunan, sa higit na mahahalagang labanan gamit ang isang batalyon o rehimyento para pira-pirasong durugin ang isa o ilang kumpanya ng kaaway, at sa huli, mas malalaking kampanya gamit ang maraming rehimyento, kasunod ay ang maraming dibisyon, upang magwakas sa Dien Bien Phu kung saan nawalan ang Pwersa ng Ekspedisyong French ng 16,000 katao ng piling mga yunit nito. Ang proseso ng pag-unlad na ito ang nagpahintulot sa ating hukbo na sumulong nang matatag sa landas ng tagumpay.

Digmang bayan, matagalang digma, pakikidigmang gerilya na unti-unting umunlad sa pakikidigmang

makilos, ganoon ang pinakamahahalagang aral ng digma ng pagpapalaya sa Byetnam. Sa pagsunod sa linyang ito, napamunuan ng Partido ang pagtatanggol tungo sa tagumpay. Matapos ang 3,000 araw ng pakikipaglaban, mga kahirapan at pagpapakasakit, ginapi ng ating mamamayan ang mga imperyalistang French at manghihimasok na Amerikano. Sa kasalukuyan, sa pinalayang kalahati ng ating bayan, 16,000,000 ng ating kababayan, sa pamamagitan ng kanilang mapanlikhang paggawa, ang humihilom sa kakila-kilabot na mga sugat ng digma, nagbubuong muli ng bayan at nagtatayo ng sosyalismo. Samantala, nagpapatuloy ang pakikibaka para makamit ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa buong bayan at para muling mapag-isa ang Inang Bayan sa batayan ng kasarinlan at demokrasya.

Matapos ng salaysay na ito sa pangunahing mga linya ng digma ng pagpapalaya na inilunsad ng sambayanang Byetnames laban sa mga imperyalistang French at Amerikano, magsasalita ako tungkol sa Hukbong Mapagpalaya ng Byetnam.

Sa pagiging armadong pwersa ng mamamayang Byetnames, ito ay isinilang at lumaki sa mga apoy ng digma ng pambansang pagpapalaya. Ang binhi nito ay ang mga yunit pananggol-sa-sarili na nilikha ng mga sobyet ng Nghe An, na nakapagpanatili sa kapangyarihan sa loob ng ilang buwan sa panahon ng rebolusyonaryong daluyong ng mga taong 1930-1931. Ngunit positibong kinilala lamang ang pagtatayo ng rebolusyonaryong armadong pwersa sa pagsisimula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig nang pagtuunan natin ng pansin ang paghahanda para sa isang armadong insureksyon. Lumitaw ang ating mga pormasyong militar at paramilitar sa pag-aalsa sa Bac Son at sa mga rebolusyonaryong base sa rehiyon ng Cao Bang.

Kasunod ng pagtatayo ng unang platun ng Pambansang Kaligtasan, itinayo ang isa pang lakas-platung yunit: ang Yunit Pampropaganda ng Hukbong Mapagpalaya ng Byetnam. Kaalinsabay, limitado lamang sa iilang distrito ng mga probinsya ng Cao Bang, Bac Can at Lang Son sa kagubatan ng Hilaga ang ating mga base ng digma na inorganisa noong panahon ng ating iligalidad. Para sa rebolusyonaryong mga armadong pwersa, binubuo pa sila ng mga yunit pananggol-sa-sarili ng mamamayan at ng ilang mga grupo at platun na ganap nang nakahiwalay sa gawaing produksyon. Mabilis na lumaki ang kanilang bilang, at mayroon nang libu-libong gerilya sa panimula ng 1945, sa panahon ng *coup de force* ng mga Hapones laban sa mga kolonyalistang French. Matapos maitatag ang kapangyarihang bayan sa mga rehiyon ng kanayunan ng anim na probinsya ng Viet Bac na itinatag bilang isang pinalayang purok, nagsanib ang umiiral na armadong mga organisasyon para maitayo ang Hukbong Mapagpalaya ng Byetnam.

Sa panahon ng insureksyong Agosto, kaagapay ng mga mamamayan at mga yunit pananggol-sa-sarili, lumahok ang Hukbong Mapagpalaya sa pag-agaw ng kapangyarihan. Sa pamamagitan ng pagsasanib sa mga pwersang paramilitar na muling grinupo sa daloy ng maringal na mga araw ng Agosto, nakita ang mabilis na paglaki ng lakas nito. Nang may magkakaiba-ibang kagamitang pandigma na inagaw mula sa mga Hapones at sa kanilang mga tropa sa Bao An[2] – ang mga riple lamang ay binubuo ng 16 na iba't ibang tipo kabilang na ang lumang mga disenyong French at kahit na mga riple ng mga Tsaristang pwersa na nakuha ng mga Hapones – kagyat na kakaharapin ng bata pa at hindi

2 Mga lokal na yunit milisya ng mga Byetnames na itinatag sa ilalim ng pagtangkilik ng papet na gubyerno ng mga Hapones.

sapat na nasasandatahang hukbo ang agresyon ng Pwersa ng Ekspedisyong French na may modernong mga armas. Hiningi ng ganoong kalumang kasangkapan sa Hukbong Byetnames at sa mamamayan ng ganap na pagpapakasakit at lampas-taong kagitingan.

Kapag umatake ang kaaway sa mga rehiyon kung saan nakaistasyon ang ating mga pwersa, lalaban ang hukbo. Kapag naghahalughog siya sa malalawak na lugar na walang regular na mga pormasyon, pahihintuin ng mamamayan ang kanyang pagsulong gamit ang krudong mga sandata: kahoy, sibat, *scimitar*, itak, pana, de pulburang baril. Mula sa unang mga araw, mayroong lumitaw na tatlong tipo ng armadong pwersa: mga organisayong paramilitar o mga yunit gerilya, mga tropang rehiyunal, at mga regular na yunit. Ang mga pormasyong ito, sa larangan ng organisasyon, ay ang pagpapahayag ng pangkalahatang mobilisasyon ng mga mamamayang nag-armas. Mahigpit na nagtulungan sila sa isa't isa para lipulin ang kaaway.

Dumagsa ang mga magsasaka, manggagawa at intelektwal sa hanay ng armadong lakas ng rebolusyon. Mula sa umpisa, naging mga opisyal ang mga nangungunang kadre ng Partido at ng makinarya ng estado. Ang pinakamahirap na lutasin ay ang suliranin ng kasangkapan. Sa buong Byetnam, walang pagawaang gumagawa ng materyales pandigma. Sa loob ng halos isang siglo, mahigpit na ipinagbawal ng kolonyal na mga administrasyon ang pag-iingat at paggamit ng armas. Imposible ang pag-aangkat, dahil salungat ang mga karatig-bayan sa Demokratikong Republika ng Byetnam. Walang ibang panggagalingan ng armas kundi ang larangan ng labanan: kunin ang mga materyales pandigma mula sa kaaway at itutok ito sa kanya. Habang isinasagawa ang agresyon, ginampanan ng Pwersa ng

Ekspedisyong French ang isa pang tungkulin: nang di sinasadya, ito ang naging tagasuplay ng armas na French, o United States pa nga, sa Hukbong Bayan ng Byetnam. Sa kabila ng kanilang napakalaking pagsisikap, ang krudong mga pagawaan ng armas na itinayo kalaunan ay hindi nakakayanang tugunan ang lahat ng pangangailangan natin. Nagmula ang malaking bahagi ng ating mga materyales pandigma mula sa mga nakumpiska sa digma.

Tulad ng naidiin ko na, naisasabak lamang ng Hukbong Bayan ng Byetnam noong una ang maliliit na yunit tulad ng mga platun at kumpanya. Kumikilos nang hiwalay ang mga regular para maitaguyod ang pagpapalawak ng mga kilos gerilya habang pinananatili ang mga batalyong makilos para sa mas mahahalagang aksyon. Matapos ang bawat matagumpay na labanan, markado ang isang bagong hakbang pasulong ng armadong pwersa ng mamamayan.

Pinanday sa labanan at pinasigla ng mga tagumpay, nilikha ng mga pormasyong gerilya ang mga kalagayan para sa paglaki ng mga tropang rehiyunal. At sa kanilang panig, itinaguyod ng mga tropang rehiyunal ang pag-unlad ng mga pwersang regular. Sa loob ng siyam na taong sunud-sunod, sa pagtahak sa landas na ito ng kagitingan na batbat ng kahirapan, lumaki ang ating Hukbong Bayan na determinadong magtagumpay anuman ang maging kabayaran. Naging isang hukbo ito ng may daan-daang libong tauhan, matagumpay na nagsasanib sa mga rehimyento at dibisyon at papatungo sa isang papasulong na istandardisasyon ng organisasyon at kagamitan. Ang pwersang ito, na laging pataas ang kamulatang pampulitika, at mahusay ang pagsasanay militar, ay nagtagumpay sa paglaban at paggapi sa 500,000 tauhan ng Pwersa ng Ekspedisyong French na

inarmasan at tinustusan ng United States.

Ang hukbong Byetnames ay tunay na isang pambansang hukbo. Sa pakikibaka laban sa imperyalismo at mga taksil na naglilingkod rito, nakipaglaban ito para sa pambansang kasarinlan at sa pagkakaisa ng bayan. Kabilang sa hanay nito ang pinakamahuhusay na anak ng Byetnam, ang pinakamatatapat na makabayan mula sa lahat ng rebolusyonaryong uri, mula sa lahat ng nasyunalidad – ang mamamayang mayorya gayundin ang minorya. Kinakatawan nito ang di mapipigilang pagkapukaw ng pambansang konsyensya, ang pagkakaisa ng buong sambayanang Byetnames sa pakikibaka laban sa imperyalistang agresyon para iligtas ang bayan.

Ang ating hukbo ay *isang demokratikong hukbo* dahil ipinaglalaban nito ang demokratikong mga interes ng mamamayan at ipinagtatanggol ang demokratikong kapangyarihang bayan. Lipos ng mga prinsipyo ng demokrasya sa panloob na buhay pampulitika nito, nagpapailalim ito sa isang mahigpit na disiplina, na malayang sinang-ayunan.

Ang ating hukbo ay *isang hukbong bayan* dahil ipinagtatanggol nito ang pundamental na mga interes ng mamamayan, nangunguna na ang mga anakpawis, ang mga manggagawa't magsasaka. Kaugnay ng panlipunang komposisyon, binubuo ito ng isang malaking mayorya ng piling mandirigma na nagmula sa mga magsasaka at manggagawa, at mga intelektwal na matapat sa adhikain ng rebolusyon.

Ito *ang tunay na hukbo ng mamamayan, ng mga anakpawis, ang hukbo ng mga manggagawa't magsasaka, pinamumunuan ng Partido ng uring manggagawa.* Sa buong digma ng pambansang pagpapalaya, ang mga layunin ng pakikibaka nito ay ang siya mismong sinunod ng Partido at mamamayan: kasarinlan ng bansa, at lupa

para sa mga nagbubungkal. Mula nang manumbalik ang kapayapaan, bilang isang kasangkapan ng diktadura ng proletaryado ang misyon nito ay ang ipagtanggol ang sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon ng Hilaga, itaguyod ang pampulitikang pakikibaka para sa mapayapang reunipikasyon ng bayan at mag-ambag sa pagpapalakas ng kapayapaan sa Indotsina at Timog-silangang Asya.

Sa una sa sampung-puntong Panata sa Karangalan, ang mandirigma ng Hukbong Bayan ng Byetnam ay sumusumpang:

"Ialay ang sarili nang walang pag-aatubili para sa Inang Bayan, lumaban para sa adhikain ng pambansang kasarinlan, demokrasya at sosyalismo, sa ilalim ng pamumuno ng Partido ng Manggagawa ng Byetnam at ng gubyerno ng Demokratikong Republika, itayo ang isang mapayapa, reunipikado, nagsasarili, demokratiko at masaganang Byetnam at umambag sa pagpapalakas ng kapayapaan sa Timog-silangang Asya at sa buong daigdig."

Ito eksakto ang dahilan kung bakit ang Hukbong Bayan ng Byetnam ay isang tunay na anak ng sambayanan. Ang mamamayan, bilang kabayaran ay nagbibigay rito ng buung-buong pagmamahal at pagtataguyod. Dito nakasalalay ang pinagmumulan ng walang-pagkaubos na lakas nito.

Ang Hukbong Bayan ng Byetnam ay nilikha ng Partido na walang tigil na nagsasanay at nagtuturo rito. Noon at maging sa hinaharap, ito ay nasa ilalim ng *pamumuno ng Partido* na siyang tanging bumuo rito bilang isang rebolusyonaryong hukbo, isang tunay na hukbong bayan. Mula sa pagkakabuo at sa daloy ng pag-unlad nito, ang pamumunong ito sa pamamagitan ng Partido ay nagawang kongkreto sa antas ng organisasyon. Laging

may mga komisar pampulitika ang hukbo. Sa mga yunit, ang mga pinunong militar at pampulitika ay humahawak ng kanilang mga responsibilidad sa ilalim ng pamumuno ng mga komite ng Partido sa kaukulang antas.

Ang Hukbong Bayan ay ang instrumento ng Partido at ng rebolusyonaryong estado para makamit, sa armadong anyo, ang mga tungkulin ng rebolusyon. Ang malalim na pagsapol sa mga layunin ng Partido, ang walang-hanggang katapatan sa adhikain ng bansa at ng uring manggagawa, at isang diwa ng lubos na pagpapakasakit ay mga pundamental na usapin para sa hukbo at mga usapin ng prinsipyo. Kung gayon, ang gawaing pampulitika sa hanay nito ay may nangungunang kahalagahan. *Ito ang kaluluwa ng hukbo.* Sa pagkikintal ng Marxista-Leninistang ideolohiya sa hukbo, layunin nito na itaas ang pampulitikang kamulatan at pang-ideolohiyang antas ng Hukbo, na palakasin ang makauring paninindigan ng mga kadre at tauhan nito. Sa panahon ng digma ng pagtatanggol, ang gawaing ito ay lumipos sa hukbo sa patakaran ng matagalang pagtatanggol at ng mahalagang pangangailangan para sa mamamayan at sa hukbo na sumalig sa kanilang sariling lakas para mapangibabawan ang mga kahirapan. Ikinintal nito sa hukbo ang malalim na katuturan ng pagpapakilos ng masa para makamit ang pagpapababa ng upa sa lupa at repormang agraryo, na nagkaroon ng mapagpasyang epekto sa moral ng mga tropa. Sa pinasok na bagong yugto mula nang manumbalik ang kapayapaan, nakasentro ang gawaing pampulitika sa linya ng rebolusyong sosyalista sa Hilaga at sa pakikibaka para sa reunipikasyon ng bayan.

Pero hindi pa iyan ang lahat. Ang gawaing pampulitika ay may kaugnayan sa wastong pagpapatupad ng hukbo sa mga programa ng Partido at ng gubyerno, at sa pagbubuo ng mahuhusay na relasyon sa masa at sa pagitan ng

mga upisyal at tauhan. Naglalayon itong panatilihin at palakasin ang pagiging palaban, pagsasanib ng tunay na pagkamakabayan sa proletaryong internasyunalismo, pagpapaunlad ng rebolusyonaryong kagitingan at ng dakilang tradisyon ng ating hukbo na masusuma sa islogang: "Handang lumaban, determinadong magtagumpay." Ang gawaing pampulitika ay ang gawaing propaganda at edukasyon sa hanay ng masa; higit pa, ito ay ang gawaing pang-organisasyon ng Partido sa hukbo. Tuluy-tuloy nating binigyan ng partikular na pansin ang pagpapalakas ng mga organisasyon ng Partido sa mga yunit. Mula sa 35 hanggang 40 porsyento ng mga opisyal at tauhan ang sumali rito; sa hanay ng mga upisyal, lumalampas pa sa ito sa 90 porsyento.

Ang Hukbong Bayan ng Byetnam ay laging interesado sa pagbubuo at pagpapanatili ng *mahuhusay na relasyon sa pagitan ng mga upisyal at tauhan gayundin sa pagitan ng mga upisyal mismo.* Nagmula sa mga saray ng anakpawis, pinaglilingkuran din ng mga upisyal at tauhan ang interes ng sambayanan at buung-buong inilalaan ang kanilang sarili sa adhikain ng bansa at ng uring manggagawa. Natural, ang bawat isa sa kanila ay may partikular na mga responsibilidad na nakatalaga sa kanya. Ngunit ang mga relasyon ng pagiging kasama ay nakabatay sa pampulitikang pagkakapantay-pantay at makauring pagkakapatiran na nabuo sa pagitan nila. Mahal ng upisyal ang kanyang tauhan; hindi lang dapat niyang gabayan sila sa kanilang mga gawain at pag-aaral kundi maging interesado sa kanilang buhay at isaalang-alang ang kanilang mga naisin at inisyatiba. Para sa sundalo, dapat niyang igalang ang kanyang mga nakatataas at wastong gampanan ang kanilang mga atas. Dapat na maging isang mabuting halimbawa ang *upisyal* ng Hukbong Bayan mula sa lahat ng punto de bista: ipakita

ang sarili niya bilang determinado, matapang, tumitiyak sa disiplina at panloob na demokrasya, ang malaman kung paano makamit ang isang ganap na pagkakaisa sa hanay ng kanyang tauhan. Kailangang kumilos siya na tulad ng isang pinuno, isang lider, kaugnay ng masa sa kanyang yunit. Ang batayan ng mga relasyong ito sa pagitan ng mga tauhan ng hukbo at mga upisyal, katulad ng sa hanay ng mga upisyal at niyong sa hanay ng mga kawal, ay ang pagkakaisa sa paglaban, at mutwal na pagmamahalan ng mga magkakapatid-sa-armas, pagmamahal na magkaalinsabay na wagas at dakila, subok at pinanday sa labanan, sa pakikibaka para sa pagtatanggol ng Inang Bayan at ng mamamayan.

Ipinatutupad ng Hukbong Bayan ng Byetnam ang isang mahigpit na disiplina, kasanib ng isang malapad na demokrasyang panloob. Ang ikalawang punto sa Sumpa ng Karangalan nito ay humihingi: "Dapat na masikhay na ipatupad ng mandirigma ang mga atas ng kanyang mga nakatataas at ibuhos ang kanyang katawan at kaluluwa sa mabilis at mahigpit na pagtupad sa mga tungkuling ipinagkatiwala sa kanya." Masasabi ba natin na hindi nangangailangan ng napakahigpit na disiplina ang pakikidigmang gerilya? Syempre hindi. Totoo na hinihingi nito sa kumander at lider na bigyan ang bawat yunit at bawat rehiyon ng isang tiyak na puwang ng inisyatiba upang maisagawa ang lahat ng positibong aksyon na nakikita nitong tamang-tama. Pero ang sentralisadong pamumuno at unipikadong kumand sa isang antas ay napatunayang kinakailangan. Ang sinumang nagsasalita tungkol sa hukbo ay nagsasalita tungkol sa mahigpit na disiplina.

Ang ganoong disiplina ay hindi bumabangga sa demokrasyang panloob ng ating mga tropa. Sa mga selula, sa mga komiteng tagapagpaganap ng Partido

sa iba't ibang antas, gayundin sa mga pangkalahatang pulong ng mga panlabang yunit, isang panuntunan ang paglalapat ng mga prinsipyo ng demokratikong sentralismo. Pinatunayan ng katotohanan na habang higit na iginagalang ang demokrasya sa loob ng mga yunit, ang pagkakaisa ay higit na mapalalakas, maitataas ang disiplina at maipatutupad ang mga atas. Sa gayon, higit na mapalalakas ang pagiging palaban ng hukbo.

Ang panunumbalik ng kapayapaan ay lumikha ng isang bagong kalagayan sa Byetnam. Ganap nang malaya ang Hilaga, ngunit ang Timog ay nasa ilalim pa ng pamatok ng mga imperyalistang Amerikano at ng pangkating Ngo Dinh Diem, ang kanilang alipures. Nakapasok na ang Hilagang Byetnam sa yugto ng sosyalismo habang nagpapatuloy ang pakikibaka para lumaya ang Timog Byetnam mula sa mga tanikalang kolonyal at pyudal. Para mapangalagaan ang kapayapaan at ang sosyalistang konstruksyon, para maging isang malakas na tanggulan ang Hilaga tungo sa mapayapang reunipikasyon ng bayan, hindi dapat kaligtaan ang usapin ng mga pwersa ng pambansang depensa. Dapat harapin ng Hukbong Bayan ang mapandigmang mga layunin ng mga imperyalistang Amerikano at ng kanilang mga alipures at hakbang-hakbang na maging isang regular at modernong hukbo.

Una sa lahat, mahalagang bigyang-diin na, sa proseso ng transpormasyon nito tungo sa isang regular at modernong hukbo, ang ating hukbo ay laging nananatiling isang rebolusyonaryong hukbo, isang hukbong bayan. Iyon ang pundamental na katangian kaya't ang regular at modernong hukbo ng mamamayan sa Hilaga ay radikal na kaiba mula sa hukbo ni Ngo Dinh Diem, isang regular at modernong hukbo rin, pero kontra-rebolusyonaryo, kontra-masa, at nasa kamay

ng mga kaaway ng mamamayan. Dapat tiyakin ng Hukbong Bayan ang pagpapalakas ng pamumuno ng Partido at gawaing pampulitika. Dapat nitong higit na gampanan ang pagkokonsolida ng pagkakaisa sa pagitan ng mga upisyal at kawal, sa pagitan ng mga sundalo at ng mamamayan, para itaas ang diwa ng mulat na disiplina, habang pinananatili ang panloob na demokrasya. Gumagawa ng mga hakbangin para makamit iyon, ang Partido sa nakaraang mga taon, ay nagbigay ng mahalagang panahon sa mga aktibidad ng mga organisasyon nito gayundin sa pampulitikang gawain ng hukbo. Ang mga upisyal, mga nakabababang upisyal at sundalo, lahat sila ay kumuha ng mga kursong pampulitika para mapaunlad ang kanilang pagkaunawa sa mga tungkulin ng rebolusyong sosyalista at ng pakikibaka para sa pambansang reunipikasyon, makonsolida ang kanilang makauring paninindigan at mapalakas ang Marxista-Leninistang ideolohiya. Isa itong partikular na mahalagang usapin, laluna dahil sa lumaki ang Hukbong Bayan sa isang bayang agrikultural, at nasa hanay nito ang isang malaking mayorya ng magsasakang anakpawis at petiburgesyang lunsod. Dumaan na ang ating mga mandirigma sa isang mapagpasyang edukasyong pampulitika at napanday sa pakikibaka ang kanilang moral. Gayunman, kinakailangan pa rin ang pakikibaka laban sa mga impluwensya ng burges at petiburges na ideolohiya. Salamat sa pagpapalakas ng gawaing pang-ideolohiya, naging isang mabisang instrumento ang hukbo na naglilingkod sa diktadura ng proletaryado at nananatiling ganap na matapat sa adhikain ng rebolusyong sosyalista at pambansang reunipikasyon. Ang nakamit na bagong mga pagsulong nito sa planong pampulitika ay nakatagpo ng kanilang ganap na pagpapahayag sa kilusan "nang may gahiganteng

mga hakbang, lampasan natin ang mga pamantayan ng programa," isang malapad na kilusang masa na umuunlad sa hanay ng mga manggagawa sa Hilagang Byetnam.

Mahalagang ipagpatuloy nang aktibo at matatag, sa batayan ng palagiang pagpapataas ng pampulitikang kamulatan, ang papasulong na transpormasyon ng Hukbong Bayan tungo sa isang regular at modernong hukbo. Salamat sa nakamit na mga pag-unlad noong mga huling taon ng digma ng pagtatanggol, ang ating hukbo na binubuo ng *infantrymen* lamang, ay isang hukbo na ngayon na *binubuo ng iba't ibang sangay*. Kung mahalaga ang usapin ng pagpapaunlad ng kagamitan at teknik, higit na mahalaga iyong sa mga kadre at mga sundalo na may kakayahang gamitin ang mga ito. Lagi nang nagmamalasakit ang ating hukbo sa pagsasanay ng mga upisyal at nakabababang upisyal na nagmula sa mga manggagawa't magsasaka o sa rebolusyonaryong intelektwal na subok na sa labanan. Nakatutulong ito para palakihin ang kanilang kakayahan sa kultura at sa teknika para maging mahusay na mga upisyal at nakabababang upisyal ng isang regular at modernong hukbo.

Para itaas ang lakas panlaban ng hukbo, para magkaroon ng malakas na sentralisasyon ng kumand at mahigpit na kooperasyon sa pagitan ng iba't ibang sangay, hindi maaaring hindi ipatupad ang *mga regulasyong nababagay sa isang hukbong regular*. Hindi ito dahil sa walang nagawa sa larangang ito sa mga taon ng digma ng pagtatanggol, isa itong usapin ng pagsasaperpekto ng umiiral na mga regulasyon. Ang pangunahing bagay ay ang huwag makalimot sa prinsipyo na ang anumang bagong regulasyon ay dapat humango ng inspirasyon mula sa regular na katangian ng hukbo at sa absolutong

pangangailangang mapanatili ang liderato ng Partido. Kasama ng mga pangkalahatang regulasyon, pinagtibay na ang katayuan ng mga opisyal; isang wastong sistema ng pasahod ang ipinalit sa dating sistema ng alawans na materyal na panustos; nairegularisa ang usapin ng mga gantimpala at mga parangal. Nagresulta ang lahat ng hakbang na ito sa pagpapalakas ng disiplina at pagkakaisa sa loob ng hukbo, at sa pandama sa responsibilidad sa hanay ng mga upisyal at nakabababang upisyal, gayundin sa mga sundalo.

Ang pagsasanay militar at edukasyong pampulitika ay susing mga tungkulin sa pagtatayo ng hukbo sa panahon ng kapayapaan. Ang usapin ng mga regulasyon sa pakikipaglaban at ng mga taktikal na konsepto at angkop na mga taktikal na prinsipyo ay nagkaroon ng isang partikular na kahalagahan. Ang usapin ay tipunin ang nakaraang mga karanasan at suriin nang mahusay ang kongkretong mga kalagayan ng ating hukbo sa organisasyon at kasangkapan, isaalang-alang ang ating istrukturang pang-ekonomya, ang kalupaan ng ating bayan – lupain ng mga bundok at kagubatan, ng mga kapatagan at kaparangan. Ang usapin ay unawain nang mahusay ang modernong syensyang militar ng mga hukbo ng mga kapatid na bayan. Kailangang-kailangan ang walang tigil na mga pagsisikap sa pagsasanay ng mga tropa at pagpapaunlad ng mga kadre.

Sa maraming taon, nakabatay ang Hukbong Mapagpalaya ng Byetnam sa boluntaryong serbisyo: boluntaryong sumapi ang lahat ng upisyal at tauhan nang walang takdang panahon. Lumobo ang hanay nito dahil sa napakarami ng kabataan na laging handang tumugon sa panawagan ng Inang Bayan. Mula nang manumbalik ang kapayapaan, nangailangang palitan ang boluntaryong serbisyo ng *obligadong serbisyong militar.* Nakatanggap

ng mainit na pagtugon ng populasyon ang pagpapalit na ito. Isang malaking bilang ng mga boluntir, matapos ang demobilisasyon, ang bumalik sa mga bukid at pagawaan; nagtatrabaho ang iba sa mga yunit na nakatalaga sa gawaing produksyon, kaya nakapagbibigay ng aktibong ambag sa pagtatayo ng sosyalismo. Ipinatupad ang obligadong pagsusundalo sa batayan ng pagpapalakas at pagpapaunlad ng mga organisasyong pananggol-sa-sarili sa mga komuna, pagawaan, at paaralan. Ang mga kasapi ng mga organisasyong paramilitar na ito ay hindi lamang nakahanda para sumapi sa regular na hukbo, kung saan bumubuo sila ng isang partikular na mahalagang reserba, kundi maging sa pagtiyak ng seguridad at depensa ng kanilang mga lokalidad.

Ang Hukbong Bayan ay mahigpit na nakakawing sa digma para sa pambansang pagpapalaya, sa apoy kung saan ito isinilang at lumaki. Sa kasalukuyan, hindi dapat ihiwalay ang pag-unlad nito mula sa pagtatayo ng sosyalismo sa Hilaga, o mula sa pakikibaka ng mamamayan para sa isang reunipikado, nagsasarili at demokratikong Byetnam. Nagtitiwala sa pagmamahal at pagtataguyod ng mamamayan, sa mga panahong ito ng kapayapaan tulad ng sa panahon ng digma, makakamit ng Hukbong Bayan ang mga tungkulin nito: ang ipagtanggol ang kapayapaan at ang Inang Bayan.

# DIEN BIEN PHU[1]

## I. ANG SITWASYONG MILITAR NOONG TAG-INIT NG 1953

Ang taglamig ng 1950 ay kinakitaan ng isang pagbabago sa sitwasyong militar sa Byetnam. Matapos ang kanilang malaking tagumpay sa kampanya sa hangganan, naglunsad ang ating mga pwersa ng isang serye ng mahahalagang kampanya: kampanya sa midland, kampanya sa Kalye Blg. 18 at kampanya sa Ha Nam-Nam Dinh-Ninh Binh noong 1951; ang kampanya sa Hoa Binh noong taglamig ng 1951 at tagsibol ng 1952; ang kampanya sa hilagang-kanluran noong taglamig ng 1952.

Sa matatagumpay na kampanyang ito, nabalda natin ang daan-daang libong tropa ng kaaway at pinalaya ang napakalalawak na lugar sa bulubunduking rehiyon ng Hilagang Byetnam. Magkakasunod na pinalaya ang mahahalagang probinsya sa hangganang Byetnam-Tsina – Cao Bang, Lang Son, Lao Cai – ang probinsya ng Hoa Binh sa kalsadang nagdurugtong sa Viet Bac at Ikaapat na Sona, ang malaking bahagi ng rehiyon sa hilagang-kanlurang rehiyon mula Pulang Ilog hanggang sa hangganang Byetnam-Laos. Napakalaki ng inilawak ng ating likuran. Sa bulubunduking mga rehiyon ng hilaga, ang okupado lamang ng kaaway ay ang probinsya ng Hai Ninh sa hilagang-silangan, at ang bayan ng Lai

1 Ang kabanatang ito ay tinipon mula sa pamphlet na "Dienbienphu" na inilimbag sa koleksyong Digmang Bayan, Hukbong Bayan (Hanoi, Foreign Languages Publishing House, 1961), pp. 153-217. Muling inayos ang pagkakasunud-sunod ng mga sub-kabanata dahil sa pagsasanib ng materyal mula sa apendiks ng orihinal na edisyon ng pangunahing teksto.Ang teksto sa kabuuan ay isinaayos at pinaikli.

Chau at ang pinatibay na kampo ng Na San sa hilagang-kanluran.

Habang nagtamo ng sunud-sunod na tagumpay sa pangunahing larangan ang pangunahing pwersa natin, matatag na umunlad ang pakikidigmang gerilya sa lahat ng purok sa likuran ng linya ng kaaway sa Hilagang Byetnam. Laluna noong kampanya sa Hoa Binh, malalim na napasok ng pangunahing pwersa natin ang likuran ng kaaway sa magkabilang pampang ng Pulang Ilog, ikinumbina ang kanilang pagkilos sa lokal na armado at mala-armadong mga pwersa, pinalawak ang mga base at sonang gerilya at pinalaya ang milyun-milyong kababayan natin. Ang mga sona na pansamantalang okupado ng kaaway ay nalimita sa sangkatlo ng lupain at mga baryo na malapit sa mga linya ng komunikasyon at mahahalagang syudad.

Sa iba pang larangan, sa likuran ng kaaway sa Binh-Tri-Thien,[2] sa timog ng Gitnang Byetnam, at sa Nam Bo, nagaganap at umuunlad ang pakikidigmang gerilya, na nagdudulot ng malalaking pinsala sa kaaway.

Noong tag-init ng 1953, ang mga pwersa ng Pathet Lao,[3] kasama ang mga boluntir na mamamayang Byetnames, ay nagsagawa ng isang biglaang pag-atake sa bayan ng Samneu. Nalipol ang kalakhan ng garison; napalaya ang bayan ng Samneu at napakalalawak na sona sa itaas na bahagi ng Laos, na lumikha sa gayon ng isang bagong panganib para sa kaaway.

Sa buong Hilagang Byetnam, napag-aralan natin na mula noong taglamig ng 1950, laging hawak ng mga pwersa natin ang inisyatiba sa mga operasyon, na lalong nagtulak sa kaaway sa depensiba. Para masagip ang

2 Mga probinsya sa Gitnang Byetnam. Ang buong pangalan ng mga ito ay Quang Binh, Quang Tri, Thua Thien.

3 Kilusan ng Malayang Lao.

sitwasyong ito, naglabas ang kaaway ng isang mahigpit na apela sa mga imperyalistang Amerikano na lalong lumaki ang panghihimasok sa digmang agresyon sa Indotsina. Sa loob ng panahong ito, ilang beses na pinalitan ng gubyernong French ang mga kumander ng Pwersa ng Ekspedisyong French. Matapos ang kampanya sa hangganan, ipinadala nito sa Indotsina ang bantog na si Heneral de Lattre de Tassigny. Gaya ng batid na, nagsikap si De Tassigny na ikonsentra ang kanyang mga tropa, patibayin ang kanyang linya ng depensa at maglunsad ng isang pag-atake sa direksyon ng Hoa Binh para agawin ang inisyatiba sa mga operasyon, pero nagapi siya sa huli. Ang humalili sa kanya na si Heneral Salan[4], sa kanyang panahon, ay naging isang inutil na saksi sa matitinding pagkatalo ng Pwersa ng Ekspedisyon sa mga larangan sa hilagang-kanluran at itaas na bahagi ng Laos.

Nasa ganitong kritikal na sitwasyon nang sinamantala ng mga imperyalistang US ang tigil-putukan sa Korea para mas patindihin ang kanilang panghihimasok sa Indotsina. Ipinahayag ng "planong Navarre" ang bagong pakanang Franco-Amerikano para patagalin at pasaklawin ang digmang agresyon sa bayan natin.

## II. ANG BAGONG PAKANA NG KAAWAY: ANG "PLANONG NAVARRE"

Noong kalagitnaan ng 1953, sa pahintulot ng Washington, itinalaga ng gubyernong French si Heneral Navarre[5] bilang punong kumander ng Pwersa ng

4 Ang Punong Kumander sa Indotsina noong 1952-1953. Kalaunan, naglunsad ito ng nabigong kudeta laban sa gubyernong French sa Paris noong Abril 1961. Pakanang Franco-Amerikano para patagalin at pasaklawin ang digmang agresyon.

5 Si Heneral Henri-Eugene Navarre ang pumalit kay Salan bilang punong kumander sa Indotsina noong tagsibol ng 1953. Ang "pla-

Ekspedisyong French sa Indotsina.

Tinaya nina Navarre at mga heneral na French at Amerikano na ang mas kritikal na sitwasyon ng Pwersa ng Ekspedisyong French ay dahil sa labis na pagkakakalat ng mga pwersang French sa libu-libong detatsment at garison na kalat-kalat sa lahat ng larangan para umangkop sa ating pakikidigmang gerilya; bilang resulta, wala silang malakas na pwersang makilos para harapin ang mga atake ng ating pangunahing pwersa. Noong panahong iyon, patuloy na lumalaki ang mga pwersa natin, araw-araw na nadaragdagan ang ating mga pwersang makilos, lumawak nang lumawak ang saklaw ng ating mga kampanya.

Sa pagbabatay ng kanilang mga plano sa pagtayang ito, sina Navarre at mga heneral na French at Amerikano ay nagbalangkas ng isang plano para maisalba ang kalagayan, umaasang mababaligtad ang sitwasyon at maipagwawagi, sa maikling panahon, ang isang mapagpasyang estratehikong tagumpay.

Nakini-kinita ng planong Navarre ang pag-oorganisa sa isang napakalakas na estratehikong pwersang makilos, na may kakayahang durugin ang lahat ng opensiba natin at lipulin ang pangunahing bahagi ng mga pwersa natin kalaunan. Para sa layuning ito, ipinag-utos ni Navarre ang muling pagtitipon sa kanyang mga piling yunit na Europeano at Aprikano, na huhugutin mula sa ilang himpilan. Kaalinsabay, mabilis na itinalaga sa larangan ng Indotsina ang mga bagong yunit mula sa France, Kanlurang Germany, Hilagang Aprika at Korea.

Sa pagpapatupad sa planong ito, naharap ang kaaway

---

nong Navarre" ay nangailangan ng reimporsment mula sa France at ng pagpapalaki ng papet na hukbo para gapiin ang komunistang mga pwersa sa pagtatapos ng 1955. Batay sa planong ito, dinagdagan ng US ang ayuda nito.

sa isang malaking kontradiksyon, isang seryosong problema: kung pananatilihin nilang nakakalat ang kanilang mga pwersa para sumaklaw ng teritoryo, magiging imposible para sa kanila ang mag-organisa ng isang malakas na pwersang makilos; pero kung babawasan nila ang kanilang pwersa ng pananakop para muli silang tipunin, sasamantalahin ng mga gerilya natin ang panibagong kahinaan ng kanilang pusisyon para pasiglahin ang pagkilos ng mga ito, malalagay sa panganib o malilipol ang kanilang mga detatsment at garison, babagsak ang papet na mga awtoridad at liliit ang mga sonang okupado. Nagsikap si Navarre na pangibabawan ang problema sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa papet na mga pwersa sa isang malakihang saklaw para palitan ang mga tropang Europeano at Aprikano na inilipat sa mga lugar na muling pagtitipunan. Sa katunayan, hindi na bago ang mapanlinlang na planong ito at ginamit na ni De Tassigny. Naharap sa panibagong mapanganib na sitwasyon, nagpasya sina Navarre at ang mga heneral na French at Amerikano na kagyat na mag-organisa ng bagong 54 batalyon ng papet na tropa at doblehin ang bilang nito sa susunod na taon. Kalaunan, kinailangang tanggapin ng kaaway na hindi nakatulong ang paraang ito, dahil ang paglaki ng papet na mga pwersa, sa katunayan, ay kumakatawan lamang sa kantitatibong paglaki sa kapinsalaan ng kalidad ng mga yunit.

Gamit ang kanilang malalaking pwersang makilos, ang mga imperyalistang Franco-Amerikano ay nagbalangkas ng isang may kapangahasang plano na naglalayong lipulin ang ating pangunahing pwersa at tapusin ang digmaan sa loob ng 18 buwan.

Sa isang banda, nagpasya silang ikonsentra ang kanilang mga pwersa sa wawa ng Pulang Ilog noong taglagas at taglamig ng 1953 para simulan ang mababangis

na operasyong *mopping-up* upang durugin ang mga baseng gerilya natin; sa kabilang banda, binalak nilang maglunsad ng mga pag-atake sa ating pinalayang purok para akitin at ubusin ang pangunahing mga pwersa natin. Kaalinsabay, balak din nilang magbuo ng bagong mga batalyon ng papet na sundalo at muling tipunin ang bagong mga yunit.

Pagkalipas ng taglamig, ibig sabihin, matapos ang panahon ng malalaking operasyon sa Hilagang Byetnam, sa pagsisimula ng 1954, sinasamantala nila ang katotohanan na nagpapahinga sa panahong ito ang hukbo natin, maililipat nila sa Timog ang malaking bahagi ng kanilang mga pwersang makilos. Sa yugtong ito, paborable sa kanilang mga aktibidad ang klima sa Timog. Layon nilang magsimula ng malalaking operasyon para sakupin ang lahat ng pinalayang purok natin, partikular ang Ikalima at Ikasiyam na mga purok. Ang pagsakop sa lahat ng rehiyong ito, para sa kanila, ay magiging katumbas ng pag-aalis sa pinakamalalaking panganib na kaharap nila. Dahil sa siglang ibibigay ng mga tagumpay na ito, magrerekluta sila ng bagong mga papet na yunit habang ipinagpapatuloy ang muling pagtitipon sa kanilang mga pwersang makilos para ihanda ang isang mapagpasyang opensiba sa larangan sa Hilaga.

Kung magtatagumpay ang plano, sa taglagas at taglamig ng 1954, ibabalik nila sa Hilagang Byetnam ang kanilang labis na pinalaking mga pwersa, na lipos pa ng kasiglahang likha ng kanilang mga tagumpay kamakailan lamang. Sa paglulunsad ng isang mayor na opensiba laban sa mga base natin, masasakop sana nila ang bagong mga teritoryo, malilipol ang bulto ng ating pangunahing pwersa para tapusin ang digmang agresyon, at permanente sanang maitatransporma ang buong Byetnam tungo sa isang kolonya at isang base

militar na Franco-Amerikano.

Alinsunod sa planong ito, ikinonsentra ng kaaway ang kanilang pwersa noong tag-init ng 1953. Sa pagsisimula ng taglagas, umabot ang mga pwersang makilos ng kaaway sa kabuuang 84 batalyon sa buong Indotsina.

Para isagawa ang unang yugto ng planong Navarre, ikinonsentra ng kaaway sa wawa ng Pulang Ilog ang mahigit 50 porsyento ng kanilang mga pwersang makilos at nagpahayag na tutungo na sila sa opensiba para mabawi ang inisyatiba sa mga operasyon. Maraming batalyon ang naglunsad ng mababangis na operasyong *mopping-up* sa wawa para makonsolida ang likuran. Maraming yunit ng *paratroop* ang lumusob sa Lang Son, at ipinahayag noon na nagtamo tayo ng malalaking pinsala, bagamat sa katunayan, napakaliliit ng ating pinsala. Naglunsad sila ng isang malaking pag-atake sa Nho Quan at sa rehiyon sa hangganan ng mga probinsya ng Ninh Binh at Thanh Hoa at nagpahayag na napipinto na ang pagsakop sa mga probinsyang ito. Pero kinailangang umatras ang kanilang mga tropa nang may malalaking pinsala.

Sa hilagang-kanluran, umatras ang kaaway mula sa Na San patungo sa wawa. Dati, itinuturing nilang "ikalawang Verdun" ang Na San, humahadlang sa landas ng patimog na pagsulong ng komunismo, pero nang kinailangan nilang lumikas mula rito para umiwas sa pagkadurog, ipinahayag nilang wala nang anumang halaga sa usaping militar ang Na San. Bago sila lumikas, tiniyak nilang ang kanilang mga tau-tauhan ay nag-organisa ng mga bandidong pangkat sa malawak-lawak na erya sa bandang hilaga ng lokalidad na ito.

Noong Nobyembre 20, 1953, nagparakayda ang marami-raming pwersang *paratroop* ng kaaway sa lambak ng Dien Bien Phu. Balak nilang patibayin ang Dien Bien Phu, at pagkatapos ay magtungo sa Tuan Giao at Son

La, muling sakupin ang Na San at idugtong ito sa Lai Chau. Sa gayon, magiging isang kuta ang Dien Bien Phu na magbabanta sa plangka ng hilagang-kanlurang base natin. Ang bagong nakatrenserang pusisyong ito ay magtutulak sa atin na ikalat ang mga tropa natin sa pagitan ng wawa at mga bundok at pangangalagaan ang itaas na bahagi ng Laos. Ito ang magiging lundagan ng kanilang susunod na malaking opensiba, isang kolum ang tutulak mula sa patag, ang isa pa mula sa Dien Bien Phu tungo sa wawa. Kaya, ang Dien Bien Phu ay unti-unting naging isang susing pusisyon sa planong Navarre.

Maliwanag na sa panahong ito ng taglagas-taglamig, may iisang layunin ang lahat ng aktibidad ng kaaway: ang muling tipunin ang mga pwersa, palakasin ang likuran, pagurin at pakalatin ang mga pwersa natin, ihanda ang mga kalagayan para sa kanilang susunod na malalaking pag-atake. Inakala nila na nagtagumpay na ang unang yugto ng kanilang plano nang simulan natin ang ating kampanya ng taglagas-taglamig.

## III. ANG ATING PLANO NOONG TAGLAMIG NG 1953 – TAGSIBOL NG 1954 AT ANG EBOLUSYON NG SITWASYONG MILITAR SA IBA'T IBANG LARANGAN

Pagkatapos ng tigil-putukan sa Korea, inasahan natin na palalakihin ng bagong pakanang pandigmang Franco-Amerikano ang kanilang mga pwersa at pasasaklawin ang digmang agresyon sa Indotsina. Sa maagang bahagi ng tag-init ng 1953, lumala ang kanilang sitwasyong militar. Sinasamantala ang seryosong mga problema na

kinaharap ng Pwersa ng Ekspedisyong French matapos ang magkakasunod na pagkatalo nito mula noong 1950, mas hayagan at mas aktibong nanghimasok ang mga imperyalistang Amerikano sa digmaan sa Indotsina.

Sa ating panig, ang hukbo at mamamayan ay nalipos ng kasiglahan mula sa matagumpay na malaking kampanya; umuunlad ang pakikidigmang gerilya sa lahat ng rehiyong nasa kontrol ng kaaway. Nakapagtipon ang ating hukbo ng mas maraming karanasan sa pakikipaglaban, at ang antas ng taktika at teknika nito ay tumaas sa pamamagitan ng paglalagom sa karanasan ng kampanyang militar at mga kurso sa pagsasanay. Higit pa, lumitaw ang isang bagong salik: ito ang patakaran ng sistematikong pagpapababa ng upa sa lupa at ang pagpapatupad ng reporma sa lupa na pinagpasyahan ng Partido at ng gubyerno. Matapos ang pampulitikang kurso hinggil sa pagpapakilos sa masang magsasaka, mas malinaw na nakita ng ating mga kadre at mandirigma kung ano ang layunin ng ating pakikibaka: pambansang kasarinlan at lupa para sa mga nagbubungkal. Kaya, tumaas nang husto ang kanilang kakayahang lumaban. Higit kailanman, nalipos ng kasiglahan ang ating hukbo, handang magtungo sa larangan para lipulin ang kaaway.

Determinado tayong durugin ang planong Navarre at hadlangan ang bagong pakana ng imperyalistang Franco-Amerikano. Pero paano gagawin iyon? Naharap sa panibagong mga problema, kinailangang suriin ang sitwasyon para matukoy ang wastong linya ng pagkilos na titiyak sa tagumpay.

Ang kongkretong problema ay: ikinokonsentra ng kaaway ang mga pwersa sa wawa ng Pulang Ilog at naglulunsad ng mga pag-atake sa ating mga pinalayang purok. Ngayon, dapat ba nating ikonsentra ang ating

mga pwersa para harapin ang kaaway o pakilusin ang mga ito para umatake sa iba pang direksyon? Mahirap ang problema. Sa pagkokonsentra ng ating mga pwersa para harapin ang kaaway sa wawa maipagtatanggol natin ang ating pinalayang purok: pero malakas pa ang kaaway rito, at maaaring madali tayong maubos. Sa kabilang banda, sa pag-atake sa iba pang direksyon gamit ang ating pangunahing pwersa, masasamantala natin ang mahihinang bahagi ng kaaway para malipol ang bulto ng kanilang pwersa; pero, sa ganoon, malalagay sa panganib ang ating pinalayang purok.

Matapos ang isang masusing pag-aaral sa sitwasyon, inilabas ng Komite Sentral ng Partido ang sumusunod na islogan para biguin ang planong Navarre: "Dinamismo, inisyatiba, pagiging makilos at bilis ng pagpapasya sa harap ng bagong mga sitwasyon." Hawak-hawak ang inisyatiba, dapat nating ikonsentra ang ating mga pwersa sa pag-atake sa estratehikong mga punto na relatibong mahina. Kung magtatagumpay tayo sa paghawak sa inisyatiba, magkakamit tayo ng maraming tagumpay at maitutulak ang kaaway na ikalat ang pwersa niya, at sa wakas, mabibigo ang kanilang plano na pagbantaan ang ating pinalayang purok. Sa kabilang banda, kung maitutulak tayo sa depensibo, hindi lamang hindi natin malilipol ang maraming pwersa ng kaaway, kundi maging ang sarili nating pwersa ay madaling mapipinsalaan, at sa huli, magiging mahirap para sa atin na biguin ang banta ng kaaway.

Sa lahat ng larangan, ang ating plano para sa taglamig-tagsibol ang pagpapahayag sa estratehikong ideyang ito. Noong Oktubre 1953, daan-daang libong tao ang pinakilos para pabilisin ang mga paghahanda. Noong kalagitnaan ng Nobyembre, nagtungo sa larangan ang ating mga pangunahing pwersa. Nagsimula ang

kampanyang taglamig-tagsibol.

## ANG PAGPAPALAYA SA LAI CHAU

Noong Disyembre 10, 1953, sinimulan natin ang pag-atake sa larangan ng Lai Chau. Nauna na nating nalipol o napwersang sumuko ang libu-libong bandido sa mga rehiyon ng Muong La at Thuan Chau. Noong gabi ring iyon, nalipol natin ang detatsment ng Paham, halos 20 milya mula sa Lai Chau. Batid na naroroon ang ating mga pangunahing pwersa, takot na takot ang kaaway at nag-utos sa garison na umatras mula sa Lai Chau at magtipon sa Dien Bien Phu sa pamamagitan ng mga landas sa kabundukan.

Inatasan ang tropa natin na sumulong para palayain ang Lai Chau, habang isang kolum ang umatake pakanluran, hinaharangan ang pag-atras ng kaaway para kubkubin at lipulin siya.

Noong Disyembre 12, napalaya ang Lai Chau.

Noong Disyembre 13, nalipol natin sa Muong Pon ang umaatras na kaaway. Matapos ang sampung araw at sampung gabi ng labanan, pagtugis at pagkubkob sa bulubunduking rehiyon, pinalaya natin ang natitirang bahagi ng sonang sakop ng kaaway sa probinsya ng Lai Chau. Nalagasan ang kaaway ng 24 kumpanya.

Ito ang unang malaking tagumpay ng ating kampanyang taglamig-tagsibol. Pinalakas nito ang pananalig ng ating hukbo at mamamayan. Higit pa, itinulak nito ang kaaway na magpadala ng reimporsment sa Dien Bien Phu. Ito ang unang pagkabigo ng planong Navarre na muling magtipon. Sinimulan ng tropa nating kubkubin ang pinatibay na nakatrenserang kampo ng Dien Bien Phu.

## ANG PAGPAPALAYA SA THAKHEK AT ILANG REHIYON SA GITNANG LAOS

Kasabay ng mga paghahanda sa pag-atake sa Lai Chau, inatasan ang mga boluntir ng mamamayang Byetnames na makipagtulungan sa mga tropa ng Pathet Lao para maglunsad ng isang opensiba sa larangan ng gitnang Laos, kung saan relatibong mahina ang kaaway. Sa pagsisimula ng Disyembre, napag-alaman ng kaaway ang pagkilos natin at mabilis na nagpadala ng reimporsment sa sektor na ito. Noong Disyembre 22, nilusob ng mga yunit na Byetnames at Lao ang detatsment sa Banaphao, isang matibay na nakatrenserang pusisyon na kumokontrol sa prontera. Ang ibang yunit ay bumigwas nang malalim sa likuran ng kaaway. Matapos ang isang serye ng mga tagumpay, napakabilis na sumugod ang mga yunit na Byetnames at Lao sa Thakhek, kaaalinsabay na tinugis ang kaaway sa pagtalilis niya sa kahabaan ng Kalye Blg. 9.

Nataranta, umatras ang kaaway mula Thakhek tungo sa Seno, isang base militar malapit sa Savannakhet, at sa proseso ay nalagasan ng tatlong batalyon ng *infantry* at isang yunit sa artilerya. Noong Disyembre 27, pinasok ng mga yunit ng Pathet Lao at ng mga boluntir ng mamamayang Byetnames ang Thakhek at narating ang pampang ng Mekong. Umabot sa Kalye Blg. 9 ang mga pinalayang purok.

Ito ang ikalawang pinakamahalagang tagumpay sa kampanyang taglamig-tagsibol. Para napapanahong harapin ang ating pagkilos, kinailangang humugot ang kaaway ng mga pwersang makilos mula sa wawa ng Pulang Ilog at mula sa Timog, para ipadala ang mga iyon sa Seno. Para hadlangan ang sumusulong na mga yunit na Byetnames at Lao na makarating sa ibabang bahagi ng Laos, pinatatag ng kaaway ang baseng ito. Napilitan

si Navarre na ikalat ang kanyang mga pwersa sa ilang lugar.

## ANG PAGPAPALAYA NG BULUBUNDUKIN NG BOLOVENS AT NG BAYAN NG ATTOPEU

Kasabay ng pag-atake sa larangan sa gitnang Laos, isang yunit ng pwersang Lao at Byetnames ang tumawid sa mapanganib na mga bulubunduking rehiyon at nagtungo sa ibabang bahagi ng Laos, kung saan nakipagsanib ito sa lokal na mga armadong pwersa.

Noong Disyembre 30 at 31, ginapi ng mga yunit na Lao at Byetnames ang isang batalyon ng kaaway sa rehiyon ng Attopeu at pinalaya ang bayang ito. Sinasamantala ang kanilang tagumpay, dumiretso sila sa Saravane at pinalaya ang buong Bulubundukin ng Bolovens na nasa timog ng Kalye Blg. 9. Kinailangang magpadala ang kaaway ng reimporsment sa Pakse.

## ANG PAGPAPALAYA NG KONTUM AT NG HILAGA NG KANLURANG BULUBUNDUKIN NG GITNANG BYETNAM

Sa kabila ng mga pagkatalo sa iba't ibang lugar, nanatiling suhetibo ang kaaway sa mga pagtantya. Dahil madaling nasakop ang Dien Bien Phu, inakala ng kaaway na hindi natin kayang atakihin ito. Ayon sa kanila, masyadong matibay ang kampong nakatrentsera para sa ating mga tropa. Higit pa, inakala nila na ang kalayuan nito mula sa ating likuran ay lumikha ng di mapangibabawang mga hadlang para sa atin sa usapin ng suplay ng pagkain. Inakala nila na nagkasya na lamang tayo sa pag-atake sa iba pang lugar dahil hindi natin alam kung paano haharapin ang Dien Bien Phu; inakala

nila na di magtatagal, maoobliga tayo na lisanin ang hilagang kanluran dahil mahirap ang suplay; pagkatapos, makakakita sila ng paraan para wasakin ang isang bahagi ng ating mga pangunahing pwersa at maitutuloy ang pagpapatupad sa kanilang plano: ang pagsakop sa Tuan Giao at Son La at ang pagbalik sa Na San.

Ito rin ang suhetibong pagtantya na nagtulak sa kanila na ilunsad ang operasyong Atlanta laban sa timog ng Phu Yen sa Ikalimang Sona. Ang mahusay na pinaghandaang pag-atakeng ito ang unang hakbang sa pagsakop sa buong pinalayang purok natin sa timog ng Gitnang Byetnam, gaya ng tinatanaw ng planong Navarre.

Ang estratehikong prinsipyo natin ay: "Dinamismo, inisyatiba." Nakatanggap ang mga tropa natin sa Ikalimang Sona ng atas na mag-iwan lamang ng maliit na bahagi ng kanilang mga pwersa para harapin ang kaaway, habang ang karamihan ay magpapatuloy sa kanilang muling pagtitipon at tutungo sa opensiba sa hilaga ng Kanlurang Bulubundukin. Sinimulan natin ang kampanya noong Enero 26. Sa sumunod na araw, nakuha natin ang subsektor ng Mandel, ang pinakamalakas na subsektor ng kaaway. Nakuha ang detatsment sa Dak To, at pinalaya natin ang buong hilagang bahagi ng probinsya ng Kontum. Noong Pebrero 17, pinalaya natin ang bayan ng Kontum, nilipol ang kaaway sa buong hilagang bahagi ng Kanlurang Bulubundukin, at umabante hanggang sa Kalye Blg. 19. Samantala, inatake natin ang Pleiku. Nalito ang kaaway at kinailangang ihinto ang opensiba sa kapatagan sa baybay-dagat ng Ikalimang Sona at iatras ang maraming yunit mula sa gitnang Laos at sa tatlong probinsya ng Byetnam na Quang Binh, Quang Tri at Thua Thien para palakasin ang Kanlurang Bulubundukin.

Ito ay isa pang tagumpay ng pwersa natin sa kampanyang taglamig-tagsibol. Muli nitong pinatunayan

ang kawastuan ng gabay na prinsipyo ng Komite Sentral. Malinaw na malinaw na naitulak sa depensiba ang kaaway. Kinailangang pakilusin nito ang mga pwersa mula sa wawa ng Pulang Ilog para magreimpors sa gitnang Laos at pagkatapos, mula sa gitnang Laos ay magreimpors sa Kanlurang Bulubundukin. Ikinonsentra nito ang pwersa para magsagawa ng isang mabilisang opensiba laban sa Ikalimang Sona natin pero kinailangang itigil ang pagkilos nila para protektahan ang sarili mula sa mga bigwas natin.

Matagumpay na naisagawa ang opensiba natin sa Kanlurang Bulubundukin nang hanggang Hunyo 1954 at nagkamit ng marami pang tagumpay, partikular ang matunog na tagumpay sa An Khe kung saan dinurog natin ang Makilos na Rehimyento Blg. 100 na kababalik lamang mula Korea, kaya't napalaya ang An Khe. Sa labanang ito, nakasamsam ang mga tropa natin ng malaking bilang ng sasakyan at maraming bala.

## ANG PAGPAPALAYA NG PHONG SALY AT NG LUNAS NG ILOG NAM OU, ANG PAGSULONG TUNGO SA LUANG PRABANG

Nakubkob ang Dien Bien Phu matapos ang pagkagapi sa Lai Chau. Tinangka ng Mataas na Kumand ng French na pagsanibin ang nakatrenserang kampo sa Dien Bien Phu at ang itaas na bahagi ng Laos sa pamamagitan ng pagdaragdag ng kanilang pwersang panakop sa kahabaan ng lunas ng Ilog Nam Ou hanggang sa Muong Khoua, na naglalayong makapagtatag ng ugnayan sa Dien Bien Phu.

Para iligaw sila, malipol ang mas marami pang pwersa nila, mas lalong pahinain at itulak sila na patuloy na ikalat ang mga tropa para malikha ang paborableng mga

kalagayan para sa paghahanda natin sa Dien Bien Phu, inatasan ang ating mga yunit na sumanib sa mga pwersa ng Pathet Lao para maglunsad ng opensiba sa lunas ng Ilog Nam Ou.

Noong Enero 26, inatake ng mga pwersang Byetnames at Lao ang Muong Khoua kung saan dinurog nila ang isang rehimyentong Europeano; pagkatapos, sinasamantala ang tagumpay, nilipol nila ang kaaway sa lunas ng Ilog Nam Ou at umabot sa lugar na kaya nang bigwasan ang Luang Prabang, habang ang isang kolum ay nagpahilaga at pinalaya ang Phong Saly.

Bago ang ating malakas na opensiba, kinailangang humugot ang kaaway ng mga yunit na makilos mula sa wawa ng Pulang Ilog para ipadala ang mga ito sa itaas na bahagi ng Laos. Samakatwid, napilitan si Navarre na lalong ikalat ang kanyang pwersa.

## ANG ATING MGA TAGUMPAY SA LIKURAN NG KAAWAY SA WAWA NG PULANG ILOG, SA TATLONG PROBINSYA NG QUANG BINH, QUANG TRI, THUA THIEN, AT SA NAM BO

Habang naghihirap ang kaaway sa lahat ng larangan, epektibong sinamantala ng ating lokal na armadong pwersa, milisyang bayan at gerilya ang sitwasyon sa likuran ng kaaway at malakas na nakipagkumbina sa aktibidad sa larangan.

Sa wawa ng Pulang Ilog, nadurog ang isang serye ng pinatibay na mga kampo ng kaaway, at malubhang nanganib ang Kalye Blg. 5, na minsa’y hindi madaanan sa loob ng ilang linggo. Sa dalawang malaking pag-atake sa mga paliparan ng Cat Bi (Marso 7, 1954) at Gia Lam (Marso 8, 1954), winasak ng mga mandirigma natin ang 78 na eroplano ng kaaway.

Sa Binh-Tri-Thien, at sa pinakatimog na bahagi ng Gitnang Byetnam, puspusan ang pagkilos ng ating mga mandirigma; pinalawak nila ang mga baseng gerilya, pinaigting ang gawaing propaganda laban sa kaaway at nagtamo ng maraming tagumpay.

Sa Nam Bo, sa buong panahon ng taglamig-tagsibol, lalong isinulong ng ating mga mandirigma ang pinagsanib na pagkilos at nagkamit ng napakalalaking tagumpay: mahigit 100 detatsment at postehan ng kaaway ang nadurog o nilisan, maraming lokalidad ang napalaya at umabot sa ilang libo ang bilang ng sundalo na tumawid sa ating panig.

Ipinakita ng pag-igting ng mga labanan hanggang Marso 1954 na, sa malaking bahagi, gumuho na ang planong Navarre. Sa esensya, nabigo ang plano ng kaaway na magkonsentra. Sa panahong ito, hindi na nakakonsentra ang pwersang makilos ng kaaway sa wawa ng Pulang Ilog; nakakalat na ito sa maraming lugar: sa Luang Prabang at Muong Sai sa itaas na bahagi ng Laos, sa Seno sa gitnang Laos, sa timog ng Kanlurang Bulubundukin sa Ikalimang Sona, at nakapako ang malaking pwersa sa Dien Bien Phu. Sa wawa ng Pulang Ilog, aabot lamang sa 20 rehimyento ang natira sa kanilang pwersang makilos, pero malaking bahagi ng pwersang ito ang hindi na makilos at kinailangang ikalat para protektahan ang mga linya ng komunikasyon, laluna ang Kalye Blg. 5.

Umigting ang sitwasyon ng labanan nang taliwas sa kagustuhan ng kaaway.

Binalak ni Navarre na ikonsentra ang kanyang mga pwersa sa wawa ng Pulang Ilog para mabawi ang inisyatiba, pero itinulak natin siya na ikalat sa lahat ng dako ang kanyang mga pwersa at gumawa ng pasibong mga hakbang para protektahan ang sarili.

Binalak niyang lipulin ang isang bahagi ng ating mga pangunahing pwersa, pero hindi ang mga pangunahing pwersa natin kundi ang sa kanya ang nagtamo ng malalaking pinsala. Binalak niyang atakihin ang pinalayang purok natin, pero sa halip, ang likuran niya ang matindi nating inatake. Sa gayon, inilagay natin sa panganib ang kanyang buong sistema ng disposisyon ng mga pwersa.

Gayunman, ayaw kilalanin ng mga heneral na Franco-Amerikano ang kalunus-lunos na katotohanang ito. Inisip pa rin nilang nagrurok na ang aktibidad natin noong taglamig ng 1953-tagsibol ng 1954, na nagsisimula na tayong umatras, na kulang tayo ng lakas upang ipagpatuloy ang ating pagkilos at paparating na ang kanilang paborableng pagkakataon.

Bilang resulta, para mabawi ang inisyatiba, noong Marso 12, ipinagpatuloy ng kaaway ang planong Atlanta na naantala at sinimulan ang pag-atake sa pamamagitan ng pagdaong sa Quy Nhon.

Kahit isang saglit hindi sila naniwala na sa susunod na araw, Marso 13, 1954, maglulunsad tayo ng isang malakihang saklaw na pag-atake sa nakatrenserang kampo sa Dien Bien Phu. Sa ganoon, nagsimula ang makasaysayang kampanyang Dien Bien Phu.

## IV. ANG MAKASAYSAYANG KAMPANYANG DIEN BIEN PHU

Ang Dien Bien Phu ay isang malawak na kapatagan na humigit-kumulang 11 milya ang haba at tatlo hanggang limang milya ang lapad sa bulubunduking lugar sa hilagang-kanluran. Ito ang pinakamalaki at pinakamayaman sa apat na kapatagan sa maburol na rehiyong ito na malapit sa hangganan ng Byetnam-

Laos. Matatagpuan ito sa sugpungan ng mahahalagang lansangan, bumabagtas sa hilagang silangan patungo sa Lai Chau; sa silangan at timog-silangan patungo sa Tuan Giao, Son La, Na San; sa kanluran patungong Luang Prabang; at sa timog patungo sa Samneu. Sa teatro ng mga operasyon sa Bac Bo at mataas na bahagi ng Laos, ang Dien Bien Phu ay isang estratehikong pusisyon na may pangunahing kahalagahan, na kayang maging napakahusay na base ng *infantry* at mga eroplano.

Sa simula, mayroon lamang sampung batalyon ng kaaway sa Dien Bien Phu, pero unti-unti itong dinagdagan para makaangkop sa opensiba natin. Nang maglunsad tayo ng atake, ang kabuuan ng kaaway ay 17 batalyon at 10 kumpanya, binubuo sa pangunahin ng mga Europeano at Aprikano at mga yunit ng *paratroop* na may mataas na kasanayan. Higit pa, ang kampo ay may tatlong batalyon ng artilerya, isang batalyon ng *sapper*[6], isang kumpanyang *armored*, isang yunit ng transport na may 200 trak at isang permanenteng iskwadron ng 12 eroplano: sa kabuuan, 16,200 katao.

Nakatalaga sa tatlong subsektor ang mga pwersa, na kailangang suportahan ang isa't isa at bumubuo sa 49 na matitibay na pwesto. Ang bawat isa ay may awtonomya sa pagdedepensa; ang ilan ay nakagrupo sa "lambat ng mga sentro ng depensa" na may mga pwersang makilos at artilerya at napalilibutan ng mga trensera at alambreng-tinik na daan-daang piye ang kapal. Ang bawat subsektor ay binubuo ng ilang napakatitibay na sentro ng depensa.

Pero ang pinakamahalaga ay ang gitnang subsektor na nasa kalagitnaan ng baryo ng Muong Thanh, ang

---

6 Mga sundalong nakatalaga sa paghuhukay ng mga trentsera, tunnel atbp. papalapit sa o para pahinain ang mga pusisyon ng kaaway.

pangunahing baryo ng Dien Bien Phu. Dalawang-katlo ng pwersa ng garison ang nakakonsentra rito. Mayroon itong ilang magkakaugnay na sentro ng depensa na nagtatanggol sa *command post*, sa mga base ng artilerya at panustos, at kaalinsabay, sa paliparan. Sa silangan, ang mga burol na mahusay ang kinatatayuan ang nagsisilbing pinakamahalagang sistema ng depensa ng subsektor. Ang Dien Bien Phu ay itinuturing ng kaaway na isang muog na hindi magagapi at hindi mapapasok.

Sa katunayan, talagang mayroong malalakas na pwersa ang gitnang subsektor, at hindi madaling atakihin ang mga burol sa silangan. Bukod rito, mabibigo ng mga pwersa ng artilerya at *armoured* ang bawat pagtatangkang lumusob mula sa kapatagan, pinahihintulutan ng isang sistema ng alambreng-tinik at mga trensera ang kaaway na durugin at biguin ang anumang pag-atake, at ang mga pwersang makilos, na binubuo ng bata-batalyong *paratroop*, kakumbina sa pagkilos ng mga sentro ng depensa ay magagawang magkontra-atake, at durugin ang anumang opensiba. Ang subsektor sa hilaga ay binubuo ng mga sentro ng depensa ng Him Lam, Doc Lap at Ban Keo. Ang napakatatatag na mga pusisyon ng Him Lam at Doc Lap ay itinalaga para pigilin ang lahat ng pag-atake ng ating mga tropa mula sa Tuan Giao at Lai Chau.

Para sa subsektor sa katimugan, na kilala rin bilang subsektor ng Hong Cum, ang layunin nito ay ang wasakin ang anumang opensiba na magmumula sa timog at protektahan ang linya ng komunikasyon sa itaas na bahagi ng Laos.

Ang artilerya nila ay nahahati sa dalawang base: isa sa Muong Thanh, ang isa pa sa Hong Cum, inayos sa isang paraan na magsusuportahan ang dalawa at para suportahan ang lahat ng nakapalibot na matitibay na

pwesto.

May dalawang paliparan sa Dien Bien Phu: maliban sa pangunahing paliparan sa Muong Thanh, may reserbang paliparan sa Hong Cum; nakaugnay sila sa Hanoi at Haiphong sa mga eroplanong pangkargamento na nagtitiyak sa 70 hanggang 80 biyahe ng suplay araw-araw.

Laging lumilipad sa ibabaw ng buong rehiyon ang mga eroplanong pangmanman at panlaban ng permanenteng iskwadron. Tungkulin ng mga eroplano mula sa mga paliparan ng Gia Lam at Cat Bi na paulanan ng bala at bombahin ang ating hukbo. Iginiit ni Navarre na dahil sa ganoon kalalakas na pwersa at napakatibay na sistema ng depensa, ang Dien Bien Phu ay "isang muog na di mapapasok…." Ganito rin ang palagay ng Amerikanong Heneral na si O'Daniel[7] na bumisita sa base. Mula sa suhetibong pananaw na ito, nabuo ang kongklusyon ng kaaway na maliit ang pag-asa ng ating hukbo sa pag-atake sa Dien Bien Phu. Itinuring pa nga nilang isang magandang pagkakataon ang pag-atake natin para gapiin tayo.

Sa bahagi natin, matapos ang pagpapalaya sa Lai Chau, nasa adyenda na ang paglusob sa Dien Bien Phu. Kinilala natin na ang base, gaano man kahusay ang pagkakadepensa rito, ay may mahihinang lugar din. Sa pag-atake rito, naharap tayo sa mga kahirapan tulad ng estratehiya, mga taktika, at suplay, pero mapangingibabawan ang mga kahirapang ito. Matapos

7 Lt. Gen. John ("Iron Mike") O'Daniel ay isa lamang sa maraming mataas na opisyal militar na Amerikano at French na nagsiyasat sa Dien Bien Phu sa loob ng apat na buwan na hawak ng French ang kuta bago ang pangunahing mga atake ng Vietminh. Lubos na nagkakaisa ang kanilang pasya na mahusay ang pusisyon nito. (Tingnan, Bernard Fall, *Ang Kalyeng Walang Ligaya* [Street Without Joy], p.318.)

masuri ang sitwasyon, at mapagtimbang-timbang ang mga bentahe at disbentahe, nagpasya tayong atakihin ang Dien Bien Phu ayon sa pamamaraan na: huwag makipagsapalaran. Ang taktika natin ay salakayin ang bawat sentro ng depensa ng kaaway, ang bawat bahagi ng nakatrenserang kampo, sa gayon, nililikha ang kundisyon para sa paglulunsad ng isang pangkalahatang opensiba upang lipulin ang buong kampo.

Tatlong buwan na ang lumipas mula nang sakupin ng mga *paratroop* ng kaaway ang Dien Bien Phu hanggang sa paglulunsad ng ating kampanya. Sa loob ng panahong iyon, ginawa ng kaaway ang lahat ng makakaya nito para konsolidahin ang kanilang sistema ng depensa, tipunin ang mga reimporsment, hukayin ang bagong mga trensera, at patatagin ang kanilang pagkakatrensera.

Sa bahagi natin, aktibong naghanda ang hukbo at mamamayan para sa opensiba, ipinatutupad ang mga atas ng Komite Sentral ng Partido at ng gubyerno; tinipon ng hukbo at mamamayan ang lahat ng lakas nila para tiyakin ang tagumpay ng kampanya ng taglamig-tagsibol, kung saan ang Dien Bien Phu ang susi. Nagtagumpay ang ating hukbo sa pagpapalaya sa mga rehiyon sa paligid, inihihiwalay ang Dien Bien Phu, inoobliga ang kaaway na ikalat ang pwersa at sa ganoon pinaliliit ang ang kakayahan na magpadala ng reimporsment sa larangan ng labanan. Gumawa tayo ng mga kalsada, naghawan ng mga landas para hakutin ang mga artilerya, gumawa ng mga lalagyan (*casemate*) ng artilerya, inihanda ang kalupaan para sa opensiba at pagkubkob; sa madaling sabi, binago ang anyo ng tereyn ng larangan ng labanan para lutasin ang mga problemang taktikal. Napangibabawan natin ang napakalalaking kahirapan. Nanawagan tayo sa ating mga kababayan sa lokalidad para magsuplay ng pagkain, maglatag ng linya ng

panustos na daan-daang milya ang haba mula sa Thanh Hoa o Phu Tho hanggang sa hilagang-kanluran, tinatawid ang napakamapanganib na mga lugar at napakatataas na burol. Ginamit natin ang lahat ng paraan para maghatid ng pagkain at mga bala patungo sa larangan. Walang patid na nagtungo sa larangan ang ating mga tropa at manggagawang boluntir at aktibong lumahok sa mga paghahanda habang pinauulanan ng mga bomba at bala ng mga eroplano ng kaaway.

Noong unang linggo ng Marso, nakumpleto ang mga paghahanda: may matitibay nang lalagyan ang artilerya, naitatag na ang mga base ng operasyon, sapat na ang dami ng pagkain at bala. Matapos mapag-aralan ang layunin at kabuluhan ng kampanya, ang lahat ng upisyal at mandirigma ay nalipos ng napakatibay na determinasyon na lipulin ang kaaway, dahil nakumbinsi sila na tanging ang pagdurog sa nakatrenserang kampo ng Dien Bien Phu ang magdudulot ng ganap na pagkabigo sa planong Navarre.

Noong Marso 13, 1954, natanggap ng mga tropa natin ang atas na ilunsad ang opensiba laban sa Dien Bien Phu.

Isinagawa ang kampanya sa tatlong yugto: sa unang yugto, dinurog natin ang subsektor sa hilaga; sa ikalawa, ang pinakamahaba at pinakamapait, inagaw natin ang mga bundok sa silangan ng gitnang subsektor at hinigpitan ang ating pagkubkob; sa ikatlo, inilunsad natin ang pangkalahatang opensiba at nilipol ang kaaway.

## ANG UNANG YUGTO: ANG PAGDUROG SA SUBSEKTOR SA HILAGA

Nagsimula ang yugtong ito noong Marso 13 at nagtapos noong Marso 17. Noong gabi ng Marso 13,

nilipol natin ang napakatibay na sentro ng depensa sa Him Lam na nakatanaw sa daan mula Tuan Giao patungong Dien Bien Phu. Napakaigting ng labanan, ikinonsentra ng artilerya ng kaaway ang panganganyon nito at pinaulanan ng laksa-laksang bala ng kanyon ang umaalon nating pag-atake. Naagaw ng ating mga tropa ang pusisyon noong gabing iyon. Ang unang tagumpay na ito ay nagdulot ng napakalalim na epekto sa pag-unlad ng buong kampanya.

Noong gabi ng Marso 14, tinipon natin ang ating mga pwersa para salakayin ang sentro ng depensa ng Doc Lap, ang ikalawang matatag na sentro ng depensa sa subsektor ng hilaga na nakatanaw sa daan mula Lai Chau patungong Dien Bien Phu. Umabot ng bukang-liwayway ang labanan. Ginamit ng kaaway ang lahat ng paraan para maitaboy ang pwersa natin, nagpaputok ng laksa-laksang bala ng kanyon at ipinadala ang kanilang pwersang makilos na protektado ng mga tangke mula Muong Thanh, para suportahan ang kanilang pusisyon. Magiting na nakipaglaban ang mga tropa natin, inagaw ang matibay na pusisyon at itinaboy ang reimporsment ng kaaway.

Ang ikatlo at huling sentro ng depensa ng subsektor sa hilaga, ang detatsment ng Ban Keo, ay naihiwalay at nabantaan natin. Isa itong pusisyon na hindi gaanong matibay, na tinatauhan ng garison na pangunahing binubuo ng papet na mga sundalo. Noong Marso 17, iniwan ng buong garison ang mga pusisyon nito at sumuko. Matapos ang pagkagapi ng subsektor ng hilaga, ang gitnang sektor na ngayo'y lantad na ang mga plangka sa silangan at hilaga, ay nanganganib na.

Sa labanan sa unang yugto, ang kawastuan ng ating taktikal na mga desisyon, ang mahusay na organisasyon ng ating depensa at mga aksyong kontra-

eroplano, ay nagpahina sa kahusayan ng artilerya at hukbong panghimpapawid ng kaaway. Liban dito, ang napakaasintadong panganganyon natin ay nagdulot ng malalaking pinsala sa kaaway. Nanganib na ang pangunahing paliparan. Sumuong sa aksyon ang ating mga bateryang kontra-eroplano sa unang pagkakataon at pinabagsak ang mga eroplano ng kaaway. Pero higit sa lahat, dahil sa kanilang magiting na diwa, sa mataas na diwa ng pagpapakasakit at sa kanilang kapasyahang magwagi, kaya napabantog ang ating mga tropa sa panahon ng mga labanang ito.

Ang malaki at matunog na tagumpay na tumapos sa unang yugto ng mga operasyon ay pumukaw sa ating hukbo at mamamayan at nagbigay sa bawat isa ng pananalig sa ganap ng tagumpay.

Para sa kaaway, sa kabila ng kanilang malalaking pinsala, may tiwala pa rin sila sa kakayahang magtanggol ng gitnang subsektor, sa lakas ng kanilang artilerya at pwersang panghimpapawid. Inaasahan pa nga nila na magtatamo tayo ng malalaking pinsala at mapipilitang bitiwan ang opensiba; at laluna, kung magtatagal ang kampanya, mapuputol ang ating linya ng panustos at ang malilikhang malalaking kahirapan sa lohistika ay magtutulak sa atin na umatras.

## ANG IKALAWANG YUGTO: ANG PAGSAKOP SA MGA BUROL SA SILANGAN AT ANG PAGKUBKOB SA GITNANG SUBSEKTOR

Ang ikalawang yugto ang pinakamahalaga sa kampanya. Kinailangan nating harapin ang gitnang subsektor, sa gitna ng kapatagan ng Muong Thanh, at lumitaw ang bagong mga kahirapan sa pagsasagawa ng operasyon. Kinailangang aktibong kumilos ang

mga tropa natin para makumpleto ang mga operasyon; kinailangan nilang maghukay ng isang napakalawak na lambat ng mga trensera, mula sa kalapit na mga burol patungo sa kapatagan, para makubkob ang gitnang subsektor at maihiwalay ito sa sektor sa timog. Ang ganitong pag-abante ng mga hanay natin na kumubkob sa pusisyon ng kaaway ay ginawa kapalit ng matitinding labanan. Gamit ang lahat ng paraan, sinikap ng kaaway na guluhin ang ating paghahanda sa pamamagitan ng pagpapaputok ng kanilang hukbong panghimpapawid at artilerya. Gayunpaman, nang may di mapipigilang lakas, ang tropa natin ay nakalapit nang nakalapit sa kanilang pusisyon sa gitna ng walang-puknat na labanan.

Noong gabi ng Marso 30, nagsimula ang ikalawang yugto. Matagalang naglunsad tayo ng malakihang saklaw na pag-atake para agawin ang mga burol sa silangan at ang ilang matitibay na pusisyon sa kanluran para higpitan ang ating pagkubkob, at para hadlangan at putulin ang suplay sa garison. Noong gabing ito ng Marso 30, ikinonsentra natin ang mahahalagang pwersa para sa sabayang pag-atake sa limang pinatibay na mga burol sa silangan. Sa gabi ring ito, nagtagumpay tayong agawin ang mga Burol ng E-1, D-1 at C-1 pero hindi natin nakuha ang Burol ng A-1, ang pinakamahalaga sa lahat. Ang mga linya sa depensa na binubuo ng mga burol na ito ang susi sa sistema sa depensa ng sentral na subsektor: ang pagkawala nito ay magbubunga ng pagbagsak ng Dien Bien Phu. Kung kaya, pinakamatindi ang labanan dito. Laluna sa Burol ng A-1, ang huling burol na nagtatanggol sa *command post*, tumagal hanggang Abril 4 ang labanan. Ang bawat pulgada ng lupa ay mainit na pinaglabanan. Sa wakas, nakuha natin ang kalahati ng pusisyon, habang ang kaaway, na matatag na nakapwesto sa mga *casemate* at trensera, ay patuloy na lumalaban sa kabilang bahagi.

Habang nagaganap ang labanang ito, dumating sa garison ang mga reimporsment na *paratroop*.

Noong Abril 9, naglunsad ng kontra-atake ang kaaway para bawiin ang Burol ng C-1. Tumagal ng apat na araw at gabi ang labanan, at ang pusisyon ay naokupa ng kaaway ang kalahati at sa atin ang kalahati.

Samantalang walang pagbabago sa sitwasyon sa silangan, humigpit nang humigpit ang pagkubkob natin sa hilaga at sa kanluran. Nagkadikit nang nagkadikit ang mga linya ng magkabilang panig; sa ilang lugar, sampu hanggang labinlimang yarda lamang ang pagitan mula sa isa't isa. Mula sa naagaw na mga pusisyon tungo sa mga larangan ng labanan sa pahilaga at pakanluran, walang puknat na binayo ng putok ng artilerya at mortar natin ang kaaway. Araw at gabi, nagpatuloy ang labanan. Pinagod natin ang kaaway sa pamamagitan ng pagharas sa kanila, tuluy-tuloy ang pagpapaputok sa kanilang linya, at kaalinsabay, sinikap na paisa-isang kunin ang kanilang matitibay na pusisyon gamit ang taktika ng pinagsanib na pakutkot na pag-abante at malakihang saklaw na pag-atake.

Noong kalagitnaan ng Abril, matapos ang pagdurog sa ilang pusisyon ng kaaway sa hilaga at kanluran, naabot ng ating linya ang paliparan, at pagkaraan, pinutol ito mula kanluran hanggang silangan. Mas lalong humigpit ang ating pagkubkob; lalo pang tumindi ang labanan. Nagsagawa ang kaaway ng ilang matinding kontra-atake na sinuportahan ng mga tangke at eroplano na naglayong paatrasin tayo at mapwersa tayong luwagan ang ating pagkubkob. Noong Abril 24, inilunsad ang pinakamatinding kontra-atake sa layuning itaboy tayo mula sa paliparan: matapos makapagdulot ng malalaking pinsala sa kaaway, patuloy tayong nakapangibabaw at nanatili sa kontrol natin ang paliparan.

Ang teritoryong sakop ng kaaway ay lumiit sa araw-araw, at nakulong sila sa isang lugar na isang milya kwadrado lamang ang laki. Nanganib ito sa matitinding pagpapaputok natin. Mas naging kritikal ang problema ng kaaway sa suplay. Matagal nang hindi nagagamit ang paliparan; ipinaparakyut ang lahat ng suplay. Pero dahil napakakipot ng sona ng kaaway, at natatakot ang mga piloto nila sa ating kontra-eroplanong pamutok kaya't hindi mangahas na lumipad nang mababa, kaunti lamang sa mga parakyut na may kargang pagkain at bala ang napupunta sa mga pusisyon ng kaaway, at sa lugar natin bumagsak ang karamihan; kaya, ang mga balang ipinarakyut ng kaaway ang ipinaulan natin sa nakatrenserang kampo.

Sa buong ikalawang yugto, napakatindi ng sitwasyon. Nagpadala ang mga manghihimasok na Amerikano ng mas maraming eroplanong pambomba at pantransport para suportahan ang base ng Dien Bien Phu. Abalang-abala ang mga eroplanong pambomba ng kaaway; walang habas nilang binomba ang mga pusisyon natin, naghulog ng mga bombang *napalm* para sunugin ang mga halaman sa mga burol na nakapalibot sa Dien Bien Phu at binomba ang mga lugar na inaakala nilang mga base ng artilerya natin. Sa pagnanais na putulin ang ating linya ng suplay, araw-gabi ay kinanyon nila ang mga ito, naghulog ng mga *blockbuster*[8] sa mga kalsada, pinaulanan ang mga kalsada ng mga bombang *delayed-action* at "*butterfly*"[9]. Hindi nakamit ng desperadong mga pagtatangkang ito ang nais na resulta. Hindi nila mapigilan ang pagdaloy ng

8 Mga bombang may bigat na apat hanggang walong tonelada na ginagamit sa malakihang pangwawasak.

9 Maliit na bombang parang isang granada na ihinuhulog mula sa ere pero ang pagbagsak ay inaalalayan ng mga pakpak. Dahan-dahan itong lalapag at sasabog lamang kapag natapakan at nagalaw nang bigla.

daan-daang libong manggagawang boluntir, kabayong panghakot at mga sasakyang pantransport sa pagdadala ng pagkain at bala sa larangan. Hindi nila tayo napigilan sa pagsasagawa ng ating planong pagkubkob, ang kundisyon sa kanilang pagkadurog.

Malinaw na nakita ng mga heneral na French at Amerikano ang panganib na madurog ang nakatrenserang kampo ng Dien Bien Phu.

Sa sandaling iyon, inisip ng Mataas na Kumand ng Pwersa ng Ekspedisyong French na tipunin ang natitirang pwersa para atakihin ang ating likuran, sa direksyon ng base sa Viet Bac, para putulin ang ating linya ng suplay at itulak tayong umatras dahil sa kakulangan ng pagkain at bala. Pero hindi nito naisagawa ang planong ito. Higit pa, nangamba itong magdudulot ng higit na malalang pinsala ang ganitong napakahangal na plano. Sa isa pang pagkakataon, hinangad nitong muling tipunin ang garison ng Dien Bien Phu sa ilang kolum na magsisikap bumutas sa ating pagkubkob at magbukas ng daan patungo sa mataas na bahagi ng Laos anuman ang maging kabayaran. Sa kahulihan, binitiwan ang planong ito at ipinagpatuloy ang pagtatanggol sa mga pusisyon nito.

## ANG IKATLONG YUGTO: PAGLIPOL SA KAAWAY

Noong Mayo 1 nagsimula ang ikatlong yugto. Mula Mayo 1 hanggang Mayo 6, pagkatapos ng magkakasunod na pag-atake, nasakop natin ang Burol ng C-1, Burol ng A-1, na susi sa huling sistema ng depensa ng gitnang subsektor, at ilan pang pinatibay na pusisyon sa paanan ng mga burol sa silangan hanggang sa Ilog Nam Gion at sa huli, ang ilang lugar sa kanluran.

Naitaboy ang kaaway sa isang milya kwadradong

lugar at nalantad sa ating pagpapaputok. Walang pinatibay na burol na magkakanlong sa kanila. Naging napakalubha ng problema sa suplay. Kritikal ang kanilang sitwasyon: dumating na ang huling oras ng nakatrenserang kampo.

Noong hapon ng Mayo 7, mula silangan at kanluran, naglunsad tayo ng isang malaking pinagkumbinang pag-atake sa punong himpilan sa Muong Thanh. Sa ilang pusisyon, nagtaas ng puting bandila ang kaaway at sumuko. Pagdating ng 5:30 ng hapon, nakuha natin ang punong himpilan: nadakip si Heneral de Castries[10] at ang kanyang istap.

Sumuko ang nalalabing pwersa ng Dien Bien Phu. Ang mga bihag ng digma ay mahusay na pinakitunguhan ng mga tropa natin.

Ang istrimer ng "Determinadong lumaban at magtagumpay" ng ating hukbo ay matayog na wumagayway sa lambak ng Dien Bien Phu. Sa gabi ring ito, sinalakay natin ang subsektor sa timog. Nadakip ang buong garison ng mahigit 2,000 katao.

Nagwakas ang makasaysayang kampanyang Dien Bien Phu sa ating ganap na tagumpay. Lumaban ang ating tropa nang may walang katulad na kagitingan sa loob ng 55 araw at 55 gabi.

Sa panahong iyon, napakaaktibo ng mga tropa natin sa lahat ng teatro ng operasyon na koordinado sa pangunahing larangan.

Sa likuran ng kaaway sa wawa ng Pulang Ilog, sunud-sunod nilang dinurog ang malaking bilang ng pusisyon at malubhang binantaan ang Kalye Blg. 5.

---

10 Ang kumander ng kuta ng Dien Bien Phu. Marahil hindi siya nababagay sa gawain dahil nakasalalay ang reputasyong militar niya sa kanyang nagawa sa armoured cavalry bilang kumander ng isang pwersang makilos sa wawa ng Pulang Ilog.

Sa Ikalimang Sona, sinalakay nila ang Kalye Blg. 19, nilipol ang Makilos na Rehimyento Blg. 100, pinalaya ang An Khe, pinasok ang kaloob-looban ng rehiyon ng Cheo Reo at binantaan ang Pleiku at Ban Me Thuot.

Napakaaktibo rin ng mga tropa natin sa rehiyon ng Hue at sa Nam Bo.

Sa gitnang Laos, pinaigting ng mga yunit na Byetnames at Lao ang kanilang pagkilos sa Kalye Blg. 9 at sumulong patimog. Nagkamit ng mga tagumpay ang ating mga tropa sa lahat ng larangan.

Ganoon ang pangkalahatang balangkas ng sitwasyong militar noong taglamig ng 1953 at tagsibol ng 1954.

Sa lahat ng larangan, binalda natin ang 112,000 tropa ng kaaway at pinabagsak o winasak sa paliparan ang 177 eroplano.

Sa Dien Bien Phu, binalda natin ang 16,200 tropa ng kaaway kabilang ang buong istap ng nakatrenserang kampo, 1 heneral, 16 na koronel, 1,749 na upisyal at nakabababang mga upisyal, napabagsak o nawasak ang 62 eroplano na iba't iba ang tipo, at nasamsam ang lahat ng armamento, bala at kagamitan ng kaaway, gayundin ang mahigit 30,000 parakyut.

Ang malalaking tagumpay na ito ng Hukbong Bayan ng Byetnam at ng mamamayan sa kabuuan, sa Dien Bien Phu at sa iba pang larangan ang dumurog sa planong Navarre, at humadlang sa mga pagtatangka ng imperyalistang Franco-Amerikano na patagalin at pasaklawin ang digmaan. Pinalaya ng malalaking tagumpay na ito ang Hilaga ng Byetnam, nag-ambag sa tagumpay ng Kumperensyang Geneva at sa panunumbalik ng kapayapaan sa Indotsina na nakabatay sa paggalang sa soberanya, kasarinlan, pambansang pagkakaisa at integridad ng teritoryo ng Byetnam at ng dalawang mapagkaibigang bayan, ang Cambodia at Laos.

Ito ang maniningning na pahina ng ating kasaysayan, ng ating Hukbong Bayan at ng ating mamamayan. Inilalarawan nito ang matingkad na tagumpay ng ating Partido sa pamumuno sa kilusan ng pambansang pagpapalaya laban sa mga imperyalistang French at manghihimasok na Amerikano.

## ESTRATEHIKONG DIREKSYON

Ang estratehikong direksyon ng kampanyang Dien Bien Phu at kampanyang taglamig ng 1953-tagsibol ng 1954 sa kabuuan *ay isang larawan ng tagumpay ng rebolusyonaryong linyang militar ng Marxismo-Leninismo na inilapat sa aktwal na mga kalagayan ng rebolusyonaryong digma sa Byetnam.*

*Ang estratehiya ng kaaway sa planong Navarre* ay nakatuon sa paglutas sa malalaking kahirapan sa digmang agresyon, sa pagtatangkang isalba ang kanilang sitwasyon at magkamit ng isang mapagpasyang tagumpay.

Ang estratehiya natin, na inilapat sa kampanyang taglamig-tagsibol, ay ang estratehiya ng digmang bayan at ng isang rebolusyonaryong hukbo. Nagsisimula sa isang masusing pagsusuri sa mga kontradiksyon ng kaaway, at lubusang pinauunlad ang opensibang diwa ng ating hukbo na mahina pa sa kagamitan pero lubhang magiting, nilayon nitong ikonsentra ang mga pwersa natin sa relatibong lantad na mga sektor ng kaaway, lipulin ang kanilang lakas-tauhan at palayain ang isang bahagi ng teritoryo, itulak silang ikalat ang kanilang pwersa, at likhain sa gayon ang paborableng mga kalagayan para sa isang mapagpasyang tagumpay.

Ang digmang inilunsad ng mga imperyalistang Franco-Amerikano ay isang di makatarungang digmang agresyon. Walang ibang layunin ang kolonyal na digmang

ito kundi ang sakupin at pagharian ang ating bayan. Ang agresibong kalikasan at layunin ng digma ang nagtulak sa kaaway na ikalat ang kanyang mga pwersa para okupahin ang nasakop na mga lokalidad. Para sa Pwersa ng Ekspedisyong French, ang paglulunsad ng digma ay isang tuluy-tuloy na dispersal ng mga pwersa. Hinati-hati ang mga dibisyon ng kaaway sa mga rehimyento, pagkatapos sa mga batalyon, kumpanya, at platun, na itatalaga sa libu-libong lugar at himpilan sa iba't ibang larangan ng labanan sa teatro ng operasyon sa Indotsina. Natagpuan ng kaaway ang sarili na nakaharap sa isang *kontradiksyon*: kung hindi niya ikakalat ang kanyang mga pwersa, imposible para sa kanya na okupahin ang nasakop na teritoryo; sa pagpapakalat ng kanyang mga pwersa, inilalagay niya ang kanyang sarili sa alanganin. Magiging madaling target ng mga tropa natin ang kalat-kalat na tropa niya; lalu't lalong mababawasan ang kanyang pwersang makilos; at higit na lalala ang kakulangan ng tropa. Sa kabilang banda, kung ikokonsentra niya ang kanyang mga pwersa para lisanin ang depensibong pusisyon at tapatan tayo nang may higit na inisyatiba, hihina ang mga pwersang panakop at magiging mahirap para sa kanya na hawakan ang nasakop na teritoryo. Ngayon, kung iiwanan ng kaaway ang nasakop na teritoryo, magagapi ang mismong layunin ng digma ng muling pananakop.

Sa buong panahon ng digma ng pagtatanggol, habang nagiging mas kalat-kalat ang mga pwersa ng kaaway, *ang estratehikong linya natin ay ang palaganapin ang pakikidigmang gerilya sa lahat ng dako*. At sa bawat teatro ng mga operasyon, pinili natin ang mga pusisyon kung saan relatibong mahina ang kaaway para ikonsentra roon ang ating mga pwersa at lipulin ang kanilang lakas-tauhan. Bilang resulta, habang mas lumalaban tayo, lalo

tayong lumalakas; lumalaki ang ating pwersa sa paglipas ng bawat araw. *At kaagapay ng proseso ng pagkakalat ng pwersa ng kaaway, walang tigil na pinasinsin at pinalaganap ng ating rebolusyonaryong hukbong bayan ang gerilyang pagkilos, habang hindi tumitigil sa pagsasakatuparan sa gawain ng pagkokonsentra at pagbubuo ng regular na mga yunit. Sa labanan, sa daloy ng pagbubuo ng ating pwersa, unti-unti tayong umangat mula sa nagsasariling mga kumpanya na kumikilos nang hiwa-hiwalay, tungo sa mga batalyong makilos at pagkatapos, mula sa mga batalyon tungo sa mga rehimyento at dibisyon.* Ang unang paglabas ng ating mga dibisyon sa mga labanan sa hangganang rehiyon ng Byetnam-Tsina ay naghudyat ng ating unang malaking tagumpay, na nagtulak sa kaaway sa isang masamang sitwasyon.

Matapos ang kampanya sa hangganan, itinalaga sa Byetnam si Heneral de Lattre de Tassigny para isalba ang sitwasyon. Nakita na ni De Tassigny ang problema. Batid niya ang masyadong pagkakakalat ng mga pwersang French at ang panganib na nagmumula sa ating pakikidigmang gerilya. Kaya, masigasig niyang muling tinipon ang kanyang mga pwersa at naglunsad ng lubusang malupit at mabangis na mga operasyong *mopping-up* para "patahimikin" ang mga lugar na nasa likuran ng mga linya ng kaaway sa wawa ng Pulang Ilog. Pero kagyat niyang natagpuan ang kanyang sarili na nakaharap sa kontradiksyon ding iyon na walang kalutasan. Sa pagkokonsentra ng kanyang pwersa, nakita niyang imposibleng mapalawak ang nasakop na teritoryo. Sa kahulihan, nagkasya na lamang si De Tassigny sa pagpapakalat ng pwersa niya para mailunsad ang bantog na opensiba sa Hoa Binh. Hindi nagtagal ang mga resulta. Habang nagtamo ng malalaking pinsala sa Hoa Binh ang kanyang mga piling tropa, ang mga baseng gerilya natin sa wawa ay muling naisaayos at napakalaki

ng inilawak.

Noong 1953, nang binabalangkas ang planong Navarre, natagpuan din ng mga imperyalistang French ang mga sarili na kaharap ang kaparehong problema: ang kakulangan ng mga pwersa para bawiin ang inisyatiba, para atakihin at lipulin ang ating mga pangunahing pwersa. Itinalaga nila sa sarili ang tungkulin na muling palakihin ang kanilang mga panlabang pwersa anuman ang kapalit, at sa katunayan, nagkonsentra sila ng malaking pwersa sa wawa ng Pulang Ilog. Sa pamamagitan ng mga pwersang ito, hangad nilang pagurin ang ating mga pangunahing pwersa, pwersahin tayong ikalat ang ating hukbo sa pagitan ng wawa at ng mga bulunbunduking rehiyon, nang may pagtanaw sa unti-unting pagpapatupad sa kanilang plano at paghahanda sa isang malaki, mapagpasyang opensiba.

Nakaharap sa ganitong sitwasyon, gumawa ang Komite Sentral ng ating Partido ng isang masusi at malinaw na pagsusuri sa mga pakana ng kaaway at sa mga katangian ng teatro ng mga operasyon. *Ang ganap na pagkaunawa sa mga kontradiksyon at pangkalahatang batas ng digmang agresyon ay nagpakita sa atin ng napakalaking kahinaan ng kaaway na nagmumula sa pagkokonsentra ng kanyang mga pwersa. Laging kumbinsido na ang pagdurog sa lakas-tauhan ng kaaway ang esensyal na bagay, binalangkas ng komite sentral ang plano ng pagkilos nito batay sa syentipikong pagsusuri: ikonsentra ang ating mga pwersa para maglunsad ng opensiba laban sa mahahalagang estratehikong lugar kung saan relatibong mahina ang pwersa ng kaaway para lipulin ang isang bahagi ng kanyang lakas-tauhan; kaalinsabay, itulak siya na ikalat ang kanyang mga pwersa para harapin tayo sa napakamahahalagang lugar na kailangan niyang ipagtanggol anuman ang maging kabayaran. Ang ating mga estratehikong direktiba ay: dinamismo, inisyatiba, pagkamakilos at bilis ng*

*pagpapasya sa harap ng bagong mga sitwasyon.*

Napatunayang wasto at malinaw ang estratehikong direksyon ng Komite Sentral: samantalang nagkokonsentra ng malalaking pwersa ang kaaway sa wawa para bantaan ang ating pinalayang purok, sa halip na iwanan ang pangunahing mga pwersa natin sa wawa o ikalat ang ating pwersa sa pinalayang purok para ipagtanggol ito sa pamamagitan ng isang depensibong pagkilos, tinipon natin muli ang mga pwersa natin at mapangahas na umatake sa direksyon ng hilagang-kanluran. Tunay nga, nagmartsa ang ating mga dibisyon sa hilagang kanluran nang may di mapigilang lakas, dinurog ang libu-libong lokal na bandido sa Son La at Thuan Chau, pinalaya ang Lai Chau, pinira-piraso ang mas malaking bahagi ng kolum ng kaaway na tumalilis mula sa Lai Chau. Kaalinsabay, kinubkob natin ang Dien Bien Phu, kaya napwersa ang kaaway na madaliang magpadala ng pwersa para suportahan ang Dien Bien Phu upang mailigtas ito sa pagkalipol. Maliban sa wawa ng Pulang Ilog, ang Dien Bien Phu ang naging ikalawang punto ng konsentrasyon ng mga pwersa ng kaaway.

Kasabay ng ating opensiba sa hilagang-kanluran, ang magkasanib na pwersa ng Laos-Byetnam ay naglunsad ng ikalawang opensiba sa isang mahalagang direksyon kung saan relatibong nakalantad ang kaaway, ang larangan ng gitnang Laos.

Nalipol ang ilang yunit na makilos ng kaaway, at napalaya ang bayan ng Thakhek. Tumuloy ang magkasanib na pwersa sa direksyon ng Seno, isang mahalagang baseng panghimpapawid ng kaaway sa Savannakhet. Kinailangan ng kaaway na mabilisang magpadala ng mga pwersa mula sa wawa ng Pulang Ilog at mula sa lahat ng iba pang larangan ng labanan para suportahan ang Seno, sa gayon, naging ikatlong punto ito ng konsentrasyon ng

kanyang mga pwersa.

Sa maagang bahagi ng 1954, habang nagkukumahog ang kaaway sa paghahanda para sa opensiba laban sa ating pinalayang purok sa Ikalimang Sona, ang plano natin ay ang mag-iwan lamang ng isang maliit na bahagi ng ating pwersa para protektahan ang ating likuran at ang magkonsentra ng malalaking pwersa para umatake sa Kanlurang Bulubundukin, na isang mahalagang pusisyong estratehiko kung saan relatibong nakalantad ang kaaway. Sinabayan ng matutunog na tagumpay ang pag-abante natin patungo sa Kanlurang Bulubundukin: nilipol ang mahahalagang yunit ng kaaway, pinalaya ang kabayanan at buong probinsya ng Kontum. Nagsagawa ng isang reyd ang ating mga tropa sa Pleiku, na nagtulak sa kaaway na magpadala roon ng mas maraming tropang reimporsment, kaya't ang Pleiku at iba pang base sa Kanlurang Bulubundukin ang naging ikaapat na punto ng konsentrasyon ng mga pwersang French.

Sa panahon ding iyon, para gumawa ng isang panlalansi at nang matiyak ang mga kundisyon para mapabilis ng ating mga tropa ang paghahanda sa Dien Bien Phu, nagsagawa ng isang opensiba sa hilagang Laos ang magkasanib na pwersa ng Laos-Byetnam mula sa Dien Bien Phu. Ilang yunit ng kaaway ang nilipol, at pinalaya ang malawak na lunas ng Nam Ou. Napilitan ang kaaway na mabilis na magpadala ng karagdagang pwersa sa Luang Prabang, na naging ikalimang punto ng konsentrasyon ng mga pwersang French.

Sa unang yugto ng kampanyang taglamig-tagsibol, matapos ang tatlong buwang pagkilos ng ating hukbo, ang kaaway ay nagtamo ng malalaking pinsala sa lahat ng larangan ng labanan. Maraming malalawak na lugar na may estratehikong kahalagahan ang napalaya at nabigo ang planong Navarre na muling tipunin ang mga pwersa.

Ang kaaway, na gumawa ng malalaking pagsisikap na muling tipunin ang may kalakasang mga pwersang makilos sa iisang larangan ng labanan – ang wawa ng Pulang Ilog – ay napilitang baguhin ang kanyang plano sa pamamagitan ng pagkokonsentra ng kanyang mga pwersa sa mas maliliit na bilang sa maraming iba't ibang lugar. Sa madaling sabi, ang planong Navarre na aktibong tipuning muli ang mga pwersa, sa katunayan, ay naging isang sapilitang dispersal sa mismong mga pwersang ito. Ang labis na ipinaghahambog na "pwersang makilos ni Navarre" sa wawa ay lumiit mula sa 40 batalyon tungo sa 20 batalyon. Ito na ang simula ng wakas ng planong Navarre.

Para sa atin, ang unang yugto ng kampanyang taglamig-tagsibol ay isang serye ng mga opensiba na magkakasabay na inilunsad sa iba't ibang mahahalagang sektor kung saan relatibong nakalantad ang kaaway, kung saan nalipol natin ang bahagi ng mga pwersa ng kaaway at napalaya ang nasakop na mga lugar, kasabay na itinutulak ang kaaway na ikalat ang kanyang mga pwersa sa maraming direksyon. Patuloy nating pinanghawakan ang inisyatiba sa mga operasyon at itinulak ang kaaway sa depensiba. Sa panahon ding ito, sa pangunahing larangan ng labanan, nasukol natin ang kaaway sa Dien Bien Phu, kaya't nalikha ang paborableng mga kalagayan para sa ating mga tropa sa iba pang larangan. Sa pambansang teatro ng mga operasyon, nagkaroon ng malawakang-saklaw na koordinasyon sa pagitan ng mga pangunahing larangan ng labanan at ng mga teatro ng operasyon sa likuran ng kaaway. Sa bawat teatro, nagkaroon din ng mahigpit na koordinasyon sa pagitan ng pangunahing larangan ng labanan at ng mga larangan sa likuran ng kaaway. Sa larangan ng labanan sa Indotsina, ang Dien Bien Phu ang naging pinakamatatag

na base ng muling pagtitipon ng mga pwersa ng kaaway at samakatwid, ang pinakamahalagang larangan ng labanan. Dahil matagal nang nakukubkob ang Dien Bien Phu, nagkaroon ng bagong paborableng mga kalagayan para sa lalong pagpapaigting sa gerilyang pagkilos at sa pagkakamit ng malalaking tagumpay sa wawa ng Pulang Ilog, sa katimugang bahagi ng Trung Bo gayundin sa Nam Bo. Kulang ang pwersa ng kaaway para maglunsad ng anumang malakihang-saklaw na mga operasyong *mopping-up*. Sa panahong ito, hindi na nanganganib ang ating mga pinalayang purok. Higit pa, nakakakilos na kahit araw na araw ang mga kababayan natin sa mga pinalayang purok nang hindi nagagambala ng mga eroplano ng kaaway.

Sa daloy rin ng unang yugto ng kampanyang taglamig-tagsibol nakumpleto natin ang paghahanda para sa paglusob sa Dien Bien Phu. Sa panahong ito, ang mga disposisyon ng pinatibay na nakatrenserang kampo ay dumaan din sa malalaking pagbabago. Sa isang banda, dumami ang mga pwersa ng kaaway at lumakas ang kanilang sistema ng depensa; sa kabilang banda, matapos ang sunud-sunod na pagpapalaya sa Lai Chau, Phong Saly at sa lunas ng Ilog Nam Ou, ganap na naihiwalay ang Dien Bien Phu, ilang daang milya mula sa pinakamalalapit na base ng suplay nito, ang Hanoi at ang Plaine des Jarres.

*Mula Marso 13, 1954, nagsimula ang ikalawang yugto ng kampanyang taglamig-tagsibol. Inilunsad natin ang malaking opensiba sa pinatibay na nakatrenserang kampo sa Dien Bien Phu.* Isa itong bagong hakbang sa pag-igting ng labanan. Matibay na pinanghahawakan ang ating estratehikong prinsipyo – dinamismo, inisyatiba, pagkamakilos at bilis ng pagpapasya sa harap ng bagong mga sitwasyon – at hawak nang mahusay ang mga kalagayan para sa

tagumpay, itinuon natin ang ating pangunahing atake sa pinakamalakas na nakatrenserang kampo ng kaaway. Ang tungkulin ng ating regular na pwersa sa pangunahing larangan ng labanan ay hindi na ang kubkubin at paralisahin ang kaaway sa mga baraks nila kundi ang lumipat sa pag-atake at ikonsentra ang mga pwersa sa pagdurog sa pinatibay na nakatrenserang kampo ng Dien Bien Phu. Tungkulin ng ibang larangan ng labanan sa Hilaga, Gitna at Timog Byetnam na patuloy na paigtingin ang pagkilos nang koordinado sa Dien Bien Phu para malipol ang mas maraming lakas-tauhan ng kaaway, ikalat at sukulin ang mga pwersa ng kaaway, hadlangan ang kaaway sa kanyang pagsisikap na suportahan ang Dien Bien Phu. Sa larangan ng labanan sa Dien Bien Phu, nakipaglaban ang ating mga mandirigma nang may pambihirang kagitingan at kasikhayan. Sa lahat ng koordinadong larangan ng labanan, ginawa ng mga tropa natin ang lahat ng makakaya para pangibabawan ang napakalalaking kahirapan. Muli nilang inorganisa ang kanilang pwersa habang nakikipaglaban at ipinatupad ang atas ng koordinasyon nang may kahanga-hangang determinasyon at kabayanihan.

*Ganoon ang esensya ng estratehikong direksyon ng kampanyang Dien Bien Phu at ng kampanyang taglamig-tagsibol sa kabuuan. Humalaw ang direksyong ito ng inspirasyon mula sa mga prinsipyo ng dinamismo, inisyatiba, pagkamakilos at bilis ng pagpapasya sa harap ng bagong mga sitwasyon. Pangunahing layunin nito ang pagdurog sa lakas-tauhan ng kaaway. Lubos nitong sinamantala ang mga kontradiksyon na kinapalooban ng kaaway at lubos na pinaunlad ang diwa ng aktibong opensiba ng rebolusyonaryong hukbo.* Ang wasto, matalino at mapangahas na estratehiyang ito ang nagpahintulot sa atin na pagkaitan ang kaaway ng anumang posibilidad na mabawi ang inisyatiba

at likhain ang paborableng mga kundisyon para makihamok sa isang mapagpasyang labanan sa isang larangan ng labanan na tayo ang pumili at naghanda. *Tiniyak ng estratehikong direksyong ito ang tagumpay ng buong kampanyang taglamig-tagsibol na nagtapos sa dakilang tagumpay ng Dien Bien Phu.*

## ANG DIREKSYON NG MGA OPERASYON SA DIEN BIEN PHU

Naipaliwanag na natin ang esensya ng estratehikong direksyon ng kampanyang taglamig-tagsibol noong 1953-1954. Ang diwa at gabay na mga prinsipyo sa estratehikong direksyong ito ay naghapag ng dalawang usapin na dapat lutasin para sa direksyon ng mga operasyon sa larangan ng labanan sa Dien Bien Phu:

1. *Aatakehin ba o hindi ang Dien Bien Phu?*
2. *Kung aatake tayo, paano ito gagawin?*

Ang pagpaparakayda ng mga tropa ng kaaway sa Dien Bien Phu ay hindi kinakailangang sundan ng isang pag-atake sa pinatibay na kampo. Dahil ang Dien Bien Phu ay isang napakalakas na pinatibay na kampong nakatrensera ang kaaway, hindi tayo maaaring magpasya na atakihin ito nang hindi muna napakaingat na tinitimbang ang mga bentahe at disbentahe. Isang bagong anyo ng depensa ng kaaway ang pinatibay na nakatrenserang kampo na pinaunlad sa harap ng paglago ng lakas at laki ng ating *hukbo*. Sa Hoa Binh at Na San, inilagay ng kaaway ang kanyang mga pwersa sa mga trensera sa pinatibay na mga kampo. Sa kampanyang taglamig-tagsibol, hindi lamang sa Dien Bien Phu lumitaw ang bagong pinatibay na nakatrenserang mga kampo kundi maging sa Seno, Muong Sai at Luang Prabang sa teatro ng operasyon sa Laos at sa Pleiku, sa larangan ng Kanlurang

Bulubundukin.

Dahil sa bagong anyo ng depensa ng kaaway, dapat ba nating atakihin o hindi ang pinatibay na nakatrenserang kampo? Habang malinaw na mas mahina pa rin ang pwersa natin kaysa kaaway, lagi tayong tumatalima sa prinsipyo ng konsentrasyon ng mga pwersa para atakihin ang mga lugar kung saan relatibong mahina ang kaaway para lipulin ang kanyang lakas-tauhan. *Ang plano natin, lagi't lagi na, ay sukulin ang pangunahing mga pwersa ng kaaway sa pinatibay na mga kampo, habang pinipili ang mas paborableng mga direksyon ng ating pag-atake.* Noong tagsibol ng 1952, nang itayo ng kaaway ang pinatibay na mga kampo sa Hoa Binh, bumigwas tayo nang matindi at nagkamit ng maraming tagumpay sa kahabaan ng Ilog Da at sa likuran ng kaaway sa Hilagang Byetnam. Noong tagsibol ng 1953, noong pinatibay ng kaaway ang Na San, hindi natin inatake ang kanyang pusisyon, sa halip, pinaigting natin ang pagkilos sa wawa at naglunsad ng isang opensiba sa kanluran. Sa huling mga buwan ng 1953 at sa pagsisimula ng 1954, noong nagtayo ang kaaway ng pinatibay na mga kampo sa iba't ibang lugar, naglunsad ang mga tropa natin ng maraming matagumpay na opensiba sa mga sektor kung saan relatibong mahina ang kaaway, at kaalinsabay, pinaigting ang pakikidigmang gerilya sa likuran ng linya ng kaaway.

Ang mga taktikang ito ng pag-atake sa mga pusisyon ng kaaway maliban sa pinatibay na nakatrenserang mga kampo ay nagkamit ng maraming tagumpay. Pero hindi lamang ang mga ito ang mga taktika. Maaari rin nating *tuwirang atakihin ang pinatibay na nakatrenserang kampo para lipulin ang lakas-tauhan ng kaaway sa pusod ng kanyang bagong anyo ng depensa*. Tanging kapag nadurog natin ang pinatibay na nakatrenserang kampo, saka tayo makapagbubukas ng isang bagong sitwasyon na

maghahawan ng landas para sa bagong mga tagumpay para sa ating hukbo at mamamayan.

Iyon ang dahilan kung bakit, sa larangan ng labanan sa Dien Bien Phu, naihapag ang usapin kung aatake o hindi, laluna't ang Dien Bien Phu ang pinakamalakas na pinatibay na nakatrenserang kampo sa buong teatro ng digma sa Indotsina, habang ang mga tropa natin, hanggang sa panahong iyon, ay umaatake lamang sa mga kuta na dinidepensahan ng isa o dalawang kumpanya, o ng isang batalyon sa pinakamalaki.

Ang Dien Bien Phu ang pundasyon ng planong Navarre, at pinagpasyahan natin na dapat itong durugin upang mawasak ang imperyalistang pakanang Franco-Amerikano na patagalin at pasaklawin ang digmaan. Gayunpaman, ang kahalagahan ng Dien Bien Phu ay hindi maituturing na isang mapagpasyang salik sa desisyon natin na atakihin ito. Sa relasyon ng mga pwersa noong panahong iyon, madudurog ba natin ang pinatibay na nakatrenserang kampo ng Dien Bien Phu? Matitiyak ba natin ang tagumpay kung aatakihin ito? Ang ating pagpapasya ay dapat nakasalalay sa kundisyong ito lamang.

Isang napakalakas na pinatibay na kampong nakatrensera ang Dien Bien Phu. Pero sa isang banda, itinayo ito sa isang bulubunduking rehiyon, sa kalupaang bentahe para sa atin at lubhang disbentahe sa kaaway. Dagdag pa, isang ganap na nakahiwalay na lugar ang Dien Bien Phu, malayo sa lahat ng base ng kaaway. Ang tanging paraan para masuplayan ang Dien Bien Phu ay mula sa himpapawid. Ang mga sirkunstansyang ito ay madaling mag-aalis sa lahat ng inisyatiba ng kaaway at magtutulak sa kanya sa depensiba kung aatakihin.

Sa bahagi natin, mayroon tayong mga piling yunit ng regular na hukbo na ating maikokonsentra para makamit

ang superyoridad sa lakas. Mapangingibabawan natin ang lahat ng kahirapan sa paglutas sa kinakailangang taktikal na mga usapin; dagdag pa, mayroon tayong napakalawak na likuran, at malulutas, bagamat napakahirap, ang usapin ng pagsusuplay ng pagkain at bala sa larangan. Samakatwid, nasa atin ang mga kundisyon para mapanatili ang inisyatiba sa mga operasyon.

Sa batayan ng pagsusuring ito sa mga kalakasan at kahinaan ng kaaway at ng sarili natin, nalutas ang usapin kung aatakihin o hindi ang Dien Bien Phu. *Nagpasya tayo na lipulin ang buong pwersa ng kaaway sa Dien Bien Phu anuman ang maging kabayaran*, matapos malikha ang paborableng mga kundisyon para sa labanang ito sa pamamagitan ng paglulunsad ng maraming opensiba sa iba't ibang larangan ng labanan at sa pagpapaigting ng mga paghahanda sa larangan ng labanan sa Dien Bien Phu. Ang mahalagang pasyang ito ay isang bagong patunay ng dinamismo, inisyatiba, pagkamakilos at bilis ng pagpapasya sa harap ng bagong mga sitwasyon na ipinamalas ng Komite Sentral ng Partido sa paglulunsad ng digma. Tinanaw ng plano natin ang paglulunsad ng maraming opensiba sa mga lugar kung saan relatibong mahina ang kaaway, sinasamantala ang bawat pagkakataon para durugin ang lakas-tauhan ng kaaway sa pakikidigmang makilos. Pero kailanman maaari at tiyak ang tagumpay, nagpasya tayo na huwag palampasin ang pagkakataon para makapaglunsad ng malalakas na atake sa matitibay na lugar para lipulin ang mas nakakonsentrang mga pwersa ng kaaway. Ang desisyon natin na maglunsad ng isang pag-atake sa pinatibay na kampo sa Dien Bien Phu ay malinaw na naghudyat ng isang bagong hakbang pasulong sa pag-unlad ng kampanyang taglamig-tagsibol, sa talaan ng kasaysayan ng pakikipaglaban ng ating hukbo at sa kasaysayan ng

digma ng pagtatanggol ng ating mamamayan.

Sumumpa tayong lilipulin ang buong pwersa ng kaaway sa Dien Bien Phu, pero kailangan pa nating lutasin ang usaping ito: paano natin ito isasagawa? *Umatake nang mabilis at magtagumpay nang mabilis, o umatake nang tiyak at umabante nang tiyak! Ito ang usapin ng direksyon ng mga operasyon sa kampanya.*

Sa maagang yugto, noong sinimulan na nating kubkubin ang Dien Bien Phu, at ang kaaway, na kapaparakayda lamang sa lugar ay wala pang panahon para kumpletuhin ang kanyang mga pagpapatibay at dagdagan ang kanyang mga pwersa, iniharap na ang usapin ng umatake nang mabilis at magtagumpay nang mabilis. Sa pamamagitan ng pagkokonsentra ng superyor na mga pwersa, maaari tayong sabay-sabay na lumusob, mula sa iba't ibang direksyon tungo sa kaloob-loobang pusisyon ng kaaway, pagputul-putulin ang pinatibay na nakatrenserang kampo sa maraming magkakahiwalay sa bahagi, at pagkatapos ay mabilisang lipulin ang buong lakas-tauhan ng kaaway. Marami ang malilinaw na bentahe kung tayo ay aatake nang mabilis para mabilis na magtagumpay: sa paglulunsad ng isang malaking opensiba na may bagong mga tropa, mapaiikli natin ang tagal ng kampanya at maiiwasan ang pagkagasgas at pagkapagod sa isang mahabang operasyon. Dahil hindi magtatagal ang operasyon, ang pagsusuplay sa larangan ng labanan ay matitiyak nang walang hirap. Gayunpaman, sa patuloy na pagsusuri sa usapin, nakita natin na may isang napakalaki, isang saligang disbentahe ang ganitong mga taktika: kulang ang karanasan ng mga tropa natin sa pagsalakay sa pinatibay na nakatrenserang mga kampo. Kung nais nating magwagi nang mabilis, hindi makatitiyak sa tagumpay. Sa dahilang iyon, sa proseso ng paghahanda, nagpatuloy tayo sa

pagmamanman sa sitwasyon ng kaaway at nagsiyasat at muling nagsiyasat sa mga potensyalidad natin. At dumating tayo sa kongklusyon na hindi tayo makatitiyak sa tagumpay kung aatake tayo nang mabilisan. Dahil dito, *matatag nating pinili ang ikalawang taktika: umatake nang tiyak at sumulong nang tiyak*. Sa pagtangan sa wastong desisyong ito, *mahigpit tayong tumalima sa pundamental na prinsipyong ito sa paglulunsad ng isang rebolusyonaryong digma: umatake para magtagumpay, umatake lamang kung tiyak ang tagumpay, kung hindi, huwag umatake.*

Sa kampanyang Dien Bien Phu, sa pagpapatupad sa mga taktikang ito, hiningi sa atin ang katatagan at isang diwa ng kapasyahan. Dahil nais nating umatake nang tiyak at umabante nang tiyak, mangangailangan ng mas mahabang panahon ang paghahanda at magtatagal ang kampanya. At habang mas tumatagal ang kampanya, lilitaw ang mas maraming bago at malalaking kahirapan. Labis na lalaki ang mga kahirapan sa suplay. Lumalaki ang panganib na mapagod ang tropa natin habang kinokonsolida ng kaaway ang mga depensa at isinasaayos ang kanyang mga pwersa. Higit sa lahat, habang mas tumatagal ang kampanya, mas lumalapit ang tag-ulan na taglay ang lahat nitong panganib para sa mga operasyon na isinasagawa sa mga kabundukan at kagubatan. Bilang resulta, hindi agad na nakumbinsi ang lahat sa kawastuan ng mga taktikang ito. Matiyaga nating tinuruan ang mga tauhan natin, binigyang-diin na may tunay na mga kahirapan pero tungkulin nating pangibabawan ang mga iyon upang lumikha ng mahuhusay na kundisyon para sa malaking tagumpay na hinahangad natin.

Nabuo natin mula sa gumagabay na mga prinsipyong ito ang plano ng progresibong pag-atake, kung saan itinuring ang kampanyang Dien Bien Phu hindi bilang *isang malaking pag-atake sa mga kuta na isasagawa sa maikling*

*panahon, kundi bilang isang malaking kampanya na isasagawa sa loob ng mahaba-habang panahon, sa pamamagitan ng isang serye ng sunud-sunod na pag-atake sa pinatibay na mga pusisyon hanggang sa madurog ang kaaway*. Sa kampanya sa kabuuan, mayroon na tayong superyoridad ng bilang laban sa kaaway. Pero sa bawat pag-atake o sa bawat bugso ng pag-atake, naroroon na ang posilibidad na makakamit natin ang absolutong superyoridad at matitiyak ang tagumpay ng bawat operasyon at kung gayon, ang ganap na tagumpay ng kampanya. Lubos na angkop ang ganoong plano sa taktikal at teknikal na antas ng ating mga tropa, na lumilikha ng mga kundisyon para magkapag-ipon sila ng karanasan sa pakikipaglaban at matiyak ang pagkalipol ng kaaway sa Dien Bien Phu.

Mahigpit tayong tumalima sa gumagabay na mga prinsipyong ito sa buong kampanya. Kinubkob natin ang kaaway at puspusang isinagawa ang mga paghahanda sa loob ng tatlong buwan. At pagkatapos masimulan ang opensiba, puspusang nakipaglaban ang mga tropa natin sa loob ng 55 araw at gabi. Ang maingat na paghahanda at puspusang pakikipaglaban ay naghatid sa ating kampanyang Dien Bien Phu sa matunog na tagumpay.

## ILANG USAPIN SA MGA TAKTIKA

Ang Dien Bien Phu ay isang pinatibay na nakatrenserang kampo na ipinagtanggol ng may kalakasang mga pwersa: 17 batalyon ng *infantry*, tatlong batalyon ng artilerya, hindi pa kabilang ang mga yunit ng inhinyero-tangke, mga yunit panghimpapawid at pantransport, at marami pa, kalakhan sa mga ito ay piling mga elemento ng Pwersa ng Ekspedisyong French sa Indotsina. Ang pinatibay na kampo ay binubuo ng 49 na matitibay na pwesto, nakaorganisa sa pinatibay na mga sentro ng depensa

at nakagrupo sa tatlong sektor na may kakayahang suportahan ang bawat isa. Sa sentro ng gitnang sektor, na epektibong binabantayan ng mga sentro ng depensa na nasa tuktok ng mga burol sa kanluran, naroroon ang mga pwersang makilos, mga pusisyon ng artilerya, at mga yunit ng tangke, gayundin ang punong himpilan ng kaaway. Malapit dito ang paliparan ng Dien Bien Phu. Ang buong napakalawak na sistema ng depensang ito ay nakalatag sa loob ng matitibay na muog at trensera sa ilalim ng lupa.

*Naniwala ang mga opisyal militar na French at Amerikano na hindi mapapasok ang pinatibay na nakatrenserang kampo ng Dien Bien Phu.* Sigurado sila na magiging isang pagpapatiwakal ang maglunsad ng opensiba laban sa Dien Bien Phu, na di maiiwasan ang kabiguan. Kung kaya, noong mga unang linggo ng kampanya, mahigpit ang paniniwala ng Mataas na Kumand ng French na maliit ang posibilidad ng isang opensiba ng ating hukbo laban sa Dien Bien Phu. Hanggang sa huling sandali, hindi inasahan ng kaaway ang opensibang inilunsad ng mga tropa natin.

Labis na minalaki ni Heneral Navarre ang mga depensa ng Dien Bien Phu. Naniwala siya na hindi natin madudurog ang kahit isa sa mga sentro ng depensa. Dahil, hindi tulad ng simpleng matitibay na pwesto sa Na San o Hoa Binh, ang mga sentro ng depensang ito ay bumubuo sa isang mas kumplikado at lalong pinatibay na sistema ng depensa.

Sa isip ni Navarre, lalong hindi posibleng mangyari ang pagwasak sa kabuuan ng pinatibay na nakatrenserang kampo. Sa palagay niya, sapat ang lakas ng kanyang pwersang artilerya at panghimpapawid para durugin ang lahat ng pwersa na manggagaling sa labas bago pa man makapwesto ang mga ito sa lambak at makalapit sa

mga kuta. Hindi niya pinangambahan kahit katiting ang artilerya natin, na akala niya'y mahina at hindi madadala sa bukana ng Dien Bien Phu. Ni hindi rin siya nabahala sa kanyang sariling suplay, dahil hindi malalagay sa panganib ang dalawang paliparan na napalilibutan ng mga sektor ng depensa. Hindi kailanman pumasok sa isip niya na malilipol ng mga tropa natin ang buong pinatibay na kampo.

Maliwanag na pangarap lamang ang mga pagtantya ng kaaway, pero hindi naman ganap na walang batayan ang mga ito. Sa katunayan, maraming matitibay na pwesto sa pinatibay na nakatrenserang kampo ng Dien Bien Phu ang nagdulot sa ating hukbo ng bagong mga problema sa taktika na dapat lutasin bago natin madurog ang kaaway.

*Ang pinatibay na nakatrenserang kampo ay isang sistema ng depensa na tinatauhan ng malalaking pwersa.* Ang mga sentro ng depensa, na mahigpit na nakaugnay sa bawat isa, ay epektibong sinusuportahan ng artilerya, mga yunit ng tangke at eroplano, at madaling masusuportahan ng mga pwersang makilos. Isa itong malakas na punto para sa kaaway at para sa atin, isang kahirapan. *Pinangibabawan natin ang kahirapang ito sa paglalapat ng mga taktika ng papasulong na pag-atake*, sa pamamagitan ng muling pagtitipon ng mga pwersa natin para magkaroon ng isang napakalaking superyoridad sa isang lugar, sa pagsisikap na nyutralisahin hangga't makakaya ang pagpapaputok ng artilerya at ng pwersang makilos ng kaaway, pinakikilos ang lahat para durugin nang paisa-isa ang mga sentro ng depensa, o nang sabay-sabay ang isang grupo ng mga sentro sa isang bugso ng pag-atake. Sa pamamagitan ng pagkokonsentra ng pwersa para makamit ang absolutong superyoridad sa isang lugar, nakatiyak tayo na madudurog ang kaaway, laluna sa mga

unang araw ng kampanya, noong inatake natin ang mga detatsment ng kaaway.

*May napakalakas na artilerya, tangke at pwersang panghimpapawid ang pinatibay na nakatrenserang kampo*. Isa na namang malakas na punto ito para sa kaaway, isang napakalaking kahirapan para sa atin, laluna't napakalimitado ng lakas-pamutok ng artilerya natin at walang pwersang mekanisado o panghimpapawid. *Napangibabawan natin ang kahirapang ito sa pamamagitan ng paghuhukay ng isang buong lambat ng trensera na kumubkob at sumakal sa nakatrenserang kampo*, sa ganoon, nalilikha ang mga kundisyon para makapusisyon at makakilos ang ating mga tropa sa kabila ng pagpapaputok ng kaaway. Naghukay ang mga mandirigma natin ng daan-daang milyang trensera. Pinahintulutan ng kahanga-hangang mga trenserang ito ang pwersa natin na makapusisyon at makakilos sa lantad na kapatagan habang umuulan ng bombang *napalm* at bala ng kanyon ng kaaway. Pero ang bawasan ang epekto ng putok ng kaaway ay hindi sasapat: *kinailangan pa rin nating palakasin ang sarili nating lakas-pamutok*. Binagtas ng mga tropa natin ang kabundukan at hinawan ang mga gubat para makagawa ng mga daan at madala ang bawat artilerya natin sa mga bukana ng Dien Bien Phu. Sa mga lugar na hindi makagawa ng daan, ang pawis at lakas lamang ng ating mga mandirigma ang ginamit sa paghakot ng mga artilerya. Itinayo ang artilerya natin sa pinatibay na mga pusisyon ng panganganyon, na lubos na ikinagulat ng kaaway. Malaki ang papel na ginampanan ng ating magaan na artilerya sa labanan sa Dien Bien Phu.

Habang ninunyutralisa ang mga kalakasan ng kaaway, kailangan din nating samantalahin ang mga kahinaan nito. Nakasalaysay ang pinakamalaki niyang kahinaan sa kanyang suplay, na lubusang nakasalalay sa kanyang

pwersang panghimpapawid. Mula't sapul, ang mga taktika natin ay ang ating panganganyon para mawasak ang mga paliparan at ang ating mga kanyong kontra-eroplano para labanan ang pagtira ng mga eroplano ng kaaway. Kalaunan, sa pag-unlad ng mga bugso ng pag-atake, nagamit ang lahat para mapigilan ang suplay ng kaaway at unti-unti itong tuluyang napahinto.

Ang mga ito ang ilan sa mga usapin sa taktika na nilutas natin sa kampanyang Dien Bien Phu. Nilutas ang mga ito sa batayan ng pagsusuri natin sa mga kalakasan at kahinaan ng kaaway, sa pagsasanib ng teknika sa kagitingan at puspusang paggawa at paglaban ng isang hukbong bayan.

Sa pagsusuma, ang ating plano ng operasyon na nakabatay sa taktikal na mga konsiderasyong ito ay binubuo ng paglalatag ng isang buong sistema ng mga linya ng pag-atake at pagkubkob, na nagpapahintulot sa mga pwersa natin na maglunsad ng sunud-sunod na atake para lipulin ang kaaway. Ang lambat na ito ng di mabilang na mga trensera na may pusisyon sa pagpapaputok at mga *command post* ang kumubkob at sumakal sa kaaway. Patuloy itong pinasulong kasabay ng ating mga tagumpay. Mula sa nakapalibot na mga bundok at gubat, bumaba ito sa lambak. Ang bawat pusisyon ng kaaway, sa sandaling malipol, ay kagyat na nagiging atin. Habang kinukubkob natin ang pinatibay na nakatrenserang kampo ng kaaway, unti-unting nagkahugis ang tunay na pinatibay na kampo na sariling atin, napakamakilos at patuloy na lumalapit, habang patuloy na kumipot ang kampo ng kaaway.

*Sa unang yugto* ng kampanya, mula sa ating katatayong lambat ng mga pusisyon ng pag-atake at pagkubkob, nilipol natin ang mga sentro ng depensa sa Him Lam at Doc Lap at ang buong sektor sa hilaga. Gumawa ng

desperadong mga hakbang ang kaaway para wasakin ang ating mga pusisyon sa pagpapaputok. Nagpaulan ng mga bombang *napalm* ang kanilang mga eroplano sa mga burol sa paligid ng Dien Bien Phu. Ang kanilang artilerya ay nagkonsentra ng napakalakas na putok sa ating mga pusisyon sa pagpapaputok. Pero hindi tayo natinag.

*Sa ikalawang yugto*, ang "linya" ng mga trensera para sa komunikasyon, na may di mabilang na sanga, mula sa ating mga base, ay nakaabot sa lambak at naghiwalay sa gitnang sektor mula sa katimugang sektor. Nagawang makadikit ng ating linya ng artilerya dahil sa maigting at matagumpay na asolt sa tuktok ng mga burol sa silangan. Mula sa naagaw na mga pusisyon, ang ating mga baril na iba't iba ang kalibre ay nakapagtuon ng pwersa sa kaaway. Lubos na nakontrol ng ating pagpapaputok ang mga paliparan.

Mas lalong naging aktibo ang kaaway, nagpadala ng reimporsment para sa kanyang pwersang makilos, naglunsad ng mga kontra-atake at galit na galit na binomba ang ating mga linya sa pagtatangkang maisalba ang sitwasyon. Isa itong desperadong labanang pusisyunal. Maraming tuktok ng burol ang naagaw at saka nabawi nang paulit-ulit. Nasakop ng mga tropa natin ang kalahati ng ilan at sa kaaway ang kalahati. Ang mga taktika natin ay pasukin, iharas at agawin ang bawat pulgada ng lupa mula sa kaaway, wasakin ang kanyang mga paliparan, at pakiputin ang kanyang espasyong maliliparan.

*Ang ikatlong yugto* ay ang pangkalahatang opensiba. Nakulong na ang kaaway sa isang lugar na halos isang milya kwadrado ang laki. Nagtamo ang kanyang mga pwersa ng malalaking pinsala. Sa sandaling ganap na nasakop ng mga tropa natin ang Burol ng A-1, naglaho ang lahat ng pag-asang ipagpatuloy ang pagtatanggol, at lubhang bumaba ang moral ng kaaway. Noong Mayo 7,

naglunsad ang mga tropa natin ng isang opensiba mula sa lahat ng direksyon, sinakop ang punong himpilan ng kaaway at dinakip ang buong istap ng kaaway. Sa gabing iyon, nalipol din ang katimugang sektor.

Nagtapos sa isang dakilang tagumpay ang kampanyang Dien Bien Phu.

## ANG DETERMINASYON NG ATING HUKBO NA LUMABAN AT MAGTAGUMPAY

Ang dakilang tungkulin na iniatang ng Komite Sentral ng Partido at ng gubyerno sa buong hukbo at mamamayan ay: "*Ikonsentra ang mga pwersa, lubos na mapuspos ng determinasyon, aktibong paunlarin ang diwa ng magiting na pakikipaglaban at katatagan para madala ang kampanya sa ganap na tagumpay*." Dahil ang kampanyang Dien Bien Phu, tulad ng binigyang-diin ni Pangulong Ho Chi Minh at ng Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral ng Partido Lao Dong ng Byetnam, ay isang makasaysayang kampanya ng may pambihirang kahalagahan sa sitwasyong militar at pampulitika sa ating bayan at sa ganap na paglago ng ating hukbo, gayundin sa pakikibaka para ipagtanggol ang kapayapaan sa Timog-silangang Asya.

Lumaban ang mga tropa natin para isakatuparan ang dakilang tungkuling ito nang may di matitinag na determinasyon. Ang kapasyahan ng mga mandirigma natin na labanan at gapiin ang kaaway ay isa sa mapagpasyang mga salik na nagdulot ng napakaniningning na tagumpay sa lahat ng larangan ng labanan sa kampanyang Dien Bien Phu at sa kampanyang taglamig-tagsibol sa pangkalahatan.

Sa buong kasaysayan ng armadong pakikibaka ng ating mamamayan, hindi pa kailanman nabigyan ang

hukbo natin ng napakadakila at napakabigat na tungkulin gaya noong taglamig ng 1953-tagsibol ng 1954. May kalakasan ang kaaway na lilipulin. Napakalaki ng ating pwersang isinabak sa labanan. Napakalawak ng teatro ng mga operasyon, at tumagal ng kalahating taon ang mga operasyon. Sa larangan ng labanan sa Dien Bien Phu, tulad ng lahat ng iba pang koordinadong larangan ng labanan, pinangibabawan ng mga mandirigma natin, nang may diwa ng kagitingan at katatagan, ang di mabilang na kahirapan at nilampasan ang maraming malalaking balakid para lipulin ang kaaway at tupdin ang kanilang tungkulin. Pinanday at pinatingkad ng mahahabang taon ng pagtatanggol ang kagitingan at katatagang ito. Laluna noong taglamig ng 1953-tagsibol ng 1954, napakalaki ng itinaas ng rebolusyonaryong kasiglahan ng mga mandirigma natin matapos ang kanilang pag-aaral sa patakaran ng pagpapakilos sa masa para sa reporma sa lupa. Dito, dapat bigyang-diin ang malaking ambag na ginawa ng patakaran sa reporma sa lupa sa mga tagumpay ng kampanyang taglamig-tagsibol, laluna sa larangan ng labanan sa Dien Bien Phu.

Sa larangan ng labanan sa Dien Bien Phu, sa panahon ng paghahanda, binuksan ng ating mga mandirigma ang linya ng suplay mula Tuan Giao hanggang Dien Bien Phu; naglatag sa kabundukan at kagubatan ng mga kalsada na maaaring daanan ng mga trak para mailipat ang artilerya patungo sa pusisyon; gumawa ng mga *casemate* ng artilerya; naghukay ng mga trensera mula sa mga bundok patungo sa lambak; binago ang kalupaan; pinangibabawan ang malalaking balakid; at sa lahat ng paraan, lumikha ng paborableng mga kundisyon para malipol ang kaaway. Alinman sa kahirapan, pagod, o pambobomba at panganganyon ng kaaway ay hindi nakayanig sa kapasyahang bakal ng ating mga

mandirigma.

Mula sa unang putok na nagpasinaya sa opensiba laban sa Dien Bien Phu, at sa buong labanan, nakipaglaban ang mga mandirigma natin nang may pambihirang kagitingan. Sa ilalim ng pagbuhos ng mga bomba mula sa hukbong panghimpapawid ng kaaway, at sa ilalim ng salimbayang pagpapaputok ng kaaway, matapang na sinalakay at inagaw ng mga mandirigma natin ang mga burol ng Him Lam at Doc Lap, binalda ang mga tropa ng kaaway na nakatrensera sa mga burol sa silangan, pinalawak ang mga base natin, pinutol ang mga paliparan, sinalag ang mga kontra-atake at patuloy na pinahigpit ang ating pagkubkob. Sa buong panahong ito, sinunog ng mga bombang *napalm* ng kaaway ang kasukalan sa mga burol na nakapalibot sa Dien Bien Phu, at inararo ng mga bomba at bala ng kaaway ang mga bukirin sa sona ng mga operasyon natin. Pero nagpatuloy sa pagsulong ang mga mandirigma natin para ipatupad ang kanilang mga tungkulin. Nabuwal ang isa, pero maraming iba pa ang mabilis na sumulong tulad ng isang malawak na rumaragasang daluyong na walang pwersa sa mundo ang makapipigil. *Nasaksihan natin ang isang penomenon ng kolektibong kagitingan kung saan ang pinakakahanga-hangang gawa ay ipinatupad ni To Vinh Dien, na ikinalang ang sarili sa ilalim ng gulong ng kanyon para hindi ito dumulas nang paatras; ni Phan Dinh Giot, na pinatahimik ang isang pwestong pamutok ng kaaway gamit ang sariling katawan; ang shock troops na nagtarak ng bandila ng "determinasyong lumaban at magtagumpay" sa burol ng Him Lam, at ang shock troops na dumakip sa punong himpilan ng kaaway.*

Dapat ding banggitin ang diwa ng kagitingan at katatagan ng mga mandirigma sa koordinadong mga larangan ng labanan. Sa Kanlurang Bulubundukin, nakamit ang malalaking tagumpay sa Kontum at An

Khe. Sa wawa ng Pulang Ilog, winasak ng mga tropa natin ang 78 eroplano sa mga paliparan ng Cat Bi at Gia Lam, nilipol ang ilang pinatibay na pusisyon ng kaaway at pinutol ang Kalye Blg. 5, ang pangunahing linya ng suplay ng kaaway. Sa Timog Byetnam, mahigit sanlibong detatsment ng kaaway ang nadurog o nilisan, nawasak ang maraming imbak na bomba at napalubog ang mga barko. Sa mga larangan ng labanan sa dalawa nating kalapit-bayan, ang mga boluntir ng mamamayan natin, kasama ang hukbo at mamamayan ng mapagkaibigang mga bayan, ay lumipol sa mga mananalakay at nagkamit ng maraming malalaking tagumpay.

Hindi pa kailanman nakipaglaban ang hukbo natin nang may ganoong katatagan sa napakahabang panahon gaya noong taglamig ng 1953-tagsibol ng 1954. May mga yunit na lumakad at tumugis sa kaaway nang mahigit 1,800 milya. May iba pang palihim na lumakad nang mahigit 500 milya sa bulubundukin ng Truong Son[11] para lumahok sa sagupaan sa isang malayong larangan ng labanan. Ang mga yunit sa larangan ng labanan sa Dien Bien Phu ay lumipat mula sa wawa tungo sa kabundukan at agad na puspusang sumabak sa gawain, kaalinsabay na nakikipaglaban para pangalagaan ang kanilang ginagawang paghahanda. At pagdating ng labanan, sa mga trensera tumira at lumaban ang mga tropa natin sa loob ng dalawang buwan, matapos gugulin ang tatlong buwan ng paghihirap sa kagubatan. Habang nagaganap ang labanan, ilang yunit ang sumugod sa mga lugar na isa o dalawang daang milya ang layo para maglunsad ng sorpresang mga pag-atake sa kaaway, at pagkatapos ay bumalik para lumahok sa paglipol sa kaaway sa Dien Bien Phu. Sa panahon ng labanan, napatingkad ang diwa

11 Bulubundukin na tumatagos mula hilaga hanggang timog ng Gitnang Byetnam, sa kahabaan ng hangganan ng Byetnam-Laos.

ng pagtutulungan sa pagitan ng iba't ibang yunit at iba't ibang sangay, at mayroong mahigpit na koordinasyon sa pagitan ng iba't ibang larangan ng labanan.

Ang determinasyon ng mga mandirigma natin *na lumaban at magtagumpay gaya ng nabanggit sa itaas ay nagmula sa rebolusyonaryong kalikasan ng ating hukbo at sa matiyagang pagtuturo ng partido. Napatingkad ito sa labanan at sa mga silid-paaralan ng pagpapanibagong-hubog sa ideolohiya. Hindi ito nangangahulugan na, kahit noong nasa rurok ng labanan sa Dien Bien Phu ay walang lumitaw na negatibong mga salik. Ang panatilihin at paunlarin ang ganitong determinasyon na lumaban at magtagumpay ay isang buong proseso ng walang humpay at matiyagang pag-aaral at pakikibaka sa pulitika at sa ideolohiya*, walang kapaguran at matiyagang pagsisikap na gawaing pampulitika sa unahang mga linya ng labanan. Isa itong malaking tagumpay ng mga organisasyon at sangay ng Partido at ng mga kadre nito. Pagkatapos ng isang serye ng matutunog na tagumpay, nakita natin sa ating hanay ang mga palatandaan ng pagmamaliit sa kaaway. Sa pamamagitan ng punahan, napapanahon nating iwinasto ang kaisipang ito. Sa mahabang panahon ng paghahanda, laluna pagkatapos ng ikalawang yugto ng kampanya, nang kapwa maigting ang pag-atake at pagdepensa, lumitaw muli ang negatibong mga kaisipang makaKanan sa kapinsalaan ng pagpapatupad sa tungkulin. Alinsunod sa mga tagubilin ng Kawanihang Pampulitika, binuksan natin sa pusod ng larangan ng labanan ang isang masinsin at malaganap na pakikibaka laban sa *makaKanang pagkapasibo*, at para sa pagtataas ng rebolusyonaryong kasiglahan at ng diwa ng mahigpit na disiplina, na tinatanaw ang pagtitiyak sa ganap na tagumpay ng kampanya. Lubos na matagumpay ang pakikibakang pang-ideolohiyang ito. Isa ito sa pinakamalalaking

tagumpay ng gawaing pampulitika sa kasaysayan ng ating hukbo. Inihatid nito sa ganap na tagumpay ang kampanyang Dien Bien Phu.

Ang determinasyong lumaban at magtagumpay ng ating hukbo sa Dien Bien Phu at sa iba pang koordinadong larangan ng labanan ay isang malinaw na matingkad na pagpapakita ng walang hanggang katapatan ng ating Hukbong Bayan sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan at sa Partido. Isa itong kolektibong pagpapakita ng proletaryong ideolohiya, ng makauring paninindigan ng mga upisyal at tauhan at mga kasapi ng Partido sa hukbo. Pinanatili nito ang tradisyon ng magiting na pakikipaglaban, katatagan at determinasyon ng Hukbong Bayan ng Byetnam sa pagpapatupad sa tungkulin. Ginawa nitong isang mandirigmang bakal ang sundalo ng Hukbong Bayan. Ang Dien Bien Phu ay magiging walang-hanggang simbolo ng mga tradisyon ng pakikipaglaban at pagkakamit ng tagumpay ng ating hukbo at mamamayan. Ang bandilang militar natin ay ang bandila ng "Determinasyong magtagumpay."

## ANG KATAPATAN NG MAMAMAYAN SA PAGLILINGKOD SA LARANGAN

Nagpasya ang Komite Sentral ng Partido at ang gubyerno na dapat ikonsentra ng buong sambayanan at ng Partido ang lahat ng pwersa nila sa paglilingkod sa larangan para matiyak ang tagumpay ng kampanyang Dien Bien Phu. Sa kampanyang ito, at sa kalahatan, sa buong kampanyang taglamig-tagsibol, tinugunan ng ating buong sambayanan – mga manggagawa, magsasaka, kabataan, intelektwal – ng bawat makabayang Byetnames ang panawagan para sa pambansang pagpapalaya at ginawa ang lahat ng kanilang makakaya para kamtin ang

islogan na "Ang lahat para sa larangan, ang lahat para sa tagumpay" nang may marubdob at wala pang katulad na sigla, kapalit ng lampas-taong mga pagsisikap.

Sa loob ng mahahabang taon ng digma ng pagtatanggol, hindi pa kailanman nakagawa ng ganoon kalaking ambag ang ating mamamayan gaya noong taglamig ng 1953-tagsibol ng 1954, sa pagsusuplay sa hukbo para sa paglaban sa kaaway. Sa pangunahing larangan ng Dien Bien Phu, kinailangang tiyakin ng ating mamamayan ang suplay ng pagkain at bala sa isang malaking hukbo, na kumikilos ng tatlo hanggang apat na daang milya ang layo mula sa likuran, at sa ilalim ng napakahihirap na kalagayan. Sira-sira ang mga daan, hindi sapat ang mga sasakyang pantransport, at walang tigil na inaatake ng kaaway ang mga linya ng suplay. Dagdag pa, nariyan ang panganib ng malalakas na pag-ulan na nakalilikha ng mas maraming balakid kaysa pambobomba.

Sa larangan ng Dien Bien Phu, ang suplay ng pagkain at bala ay isang salik na kasinghalaga ng usapin ng taktika; laging nagbibigay ng mga problema ang lohistika na kasinghigpit ng ibinibigay ng armadong pakikibaka. Ang mga ito mismo ang mga kahirapan na inakala ng kaaway na hindi natin malalampasan. Hindi kailanman mauunawaan ng mga imperyalista at taksil ang lakas ng isang bansa, ng isang sambayanan. Napakalaki ng lakas na ito. Makapangingibabaw ito sa anumang kahirapan, makagagapi sa sinumang kaaway.

Ang mamamayang Byetnames, sa ilalim ng tuwirang pamumuno ng mga komite sa suplay ng larangan ay nagpatunay sa dakilang kagitingan at katatagan sa paglilingkod sa larangan.

Matapang na tinawid ng mga komboy ng trak ang mga ilog, bundok at gubat; nagpalipas ng puu-puong gabing walang tulog ang mga drayber, nang walang pag-

aalintana sa mga kahirapan at panganib, para maghatid ng pagkain at bala sa larangan, para malipol ng hukbo ang kaaway.

Libu-libong bisikleta mula sa bayan-bayan ang naghatid rin ng pagkain at bala sa larangan.

Tinawid ng daan-daang *sampan* na iba-iba ang sukat, ng daan-daan libong balsang kawayan ang matutuling agos at lagaslas para maghatid ng suplay sa larangan.

Maraming komboy ng mga kabayong panghakot mula sa Bulubundukin ng Meo o ng mga probinsya ang nagtungo sa larangan.

Araw-gabi, daan-daang libong kargador at mga batang boluntir ang tumawid sa mga paso ng bundok at sa mga ilog, sa kabila ng mga eroplano ng kaaway at bombang *delayed-action*. Malapit sa linya ng labanan, kinailangang isagawa ang mga gawain ng pagsusuplay nang walang patid at sa lalong madaling panahon. Ang mga gawain sa pagluluto, medikal, transport, at iba pa, ay ginagawa mismo sa mga trensera, sa ilalim ng pambobomba at salimbayang pamamaril ng kaaway.

Ganoon ang sitwasyon sa Dien Bien Phu, pero sa koordinadong mga larangan ng labanan, aktibo rin ang malalaking pwersang armado laluna sa Kanlurang Bulubundukin at sa iba pang malalayong teatro ng operasyon. Sa mga larangang ito, gaya sa Dien Bien Phu, ginampanan ng ating mamamayan ang kanilang mga tungkulin. Kahanga-hanga nilang nilutas ang mga problema sa suplay para tulutan ang hukbo na gapiin ang kaaway, para laging magtamo ng bagong mga tagumpay.

Hindi pa kailanman nagtungo sa larangan ang ganito karaming Byetnames. Hindi pa kailanman naglakbay ang napakaraming kay babatang Byetnames nang ganoon kalayo at naging pamilyar sa ganoon

karaming malalayong rehiyon ng kanilang bayan. Mula sa kapatagan hanggang sa kabundukan, sa mga kalsada at landas, sa mga ilog at sapa, sa lahat ng dako, naroon ang iisang kasiglahan: ipinadala ng likuran ang mga mamamayan at yaman nito sa larangan para lipulin ang kaaway, at kasama ng hukbo ay palayain ang bayan.

Dinala ng likuran (*rear*) sa mandirigma sa larangan ang kapasyahan nitong lipulin ang kaaway, ang matibay na pagkakaisa nito sa pagtatanggol at ang rebolusyonaryong sigla ng reporma sa lupa. Araw-araw, libu-libong sulat at telegrama mula sa buong bayan ang dumarating sa larangan ng Dien Bien Phu. Hindi pa kailanman naging ganito kasabik ang Byetnam para sa mga anak niyang nakikipaglaban, hindi pa kailanman naging ganito kalapit ang ugnayan ng likuran at larangan gaya rito sa kampanyang taglamig-tagsibol.

*Tunay nga, ang matatag na likuran ang laging mapagpasyang salik para magtagumpay sa isang rebolusyonaryong digma.* Sa kampanyang Dien Bien Phu at sa pangkalahatan, sa buong kampanyang taglamig-tagsibol, gumawa ang mamamayan natin ng isang napakahalagang ambag sa tagumpay ng bansa.

Hindi natin malilimutan ang simpatya at taos-pusong suporta ng kapatid na mga mamamayan, ng progresibong mga mamamayan sa buong daigdig, kabilang ang mamamayang French. Araw-araw, mula sa lahat ng sulok ng mundo, mula sa Unyong Sobyet, Tsina, Hilagang Korea at sa Demokratikong Republika ng Germany, Algeria, India, Burma, Indonesia at iba pang mga bayan, nakararating sa larangan ang mga balita sa pamamagitan ng radyo, hatid ang mga pahayag ng walang hanggang suporta ng progresibong sangkatauhan para sa makatarungang pakikibaka ng mamamayan at hukbong Byetnames. Isa itong napakalaking pampasigla sa mga

mandirigma ng Hukbong Bayan ng Byetnam sa Dien Bien Phu, gayundin sa lahat ng iba pang larangan.